

KAWÍNG

TOMO 6 BILANG 1 * HULYO 2022



ISSN 2546-1079 (Online)

ISSN 2546-1060 (Print)

KAWÍNG

TOMO 6 BILANG 1 * HULYO 2022



Ang *Kawíng* ay refereed/peer-reviewed at open access na journal sa Filipino ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Inililimbag ito nang dalawang beses isang taon (tuwing Hulyo at Disyembre). Pangunahing layunin ng journal na maitaguyod ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan at maipalaganap ang mga bagong likhang panitikan ng mga manunulat sa wikang Filipino. Tumatanggap ito ng mga artikulo/papel/saliksik at rebyu sa wikang Filipino. Maaari ring magpasa rito ng sanaysay, tula, maikling kwento, dagli, creative nonfiction at iba pang akdang pampanitikan o saling akda sa wikang Filipino.

Karapatang-ari ng PSLLF at ng mga may-akda.

Inilathala ng PSLLF sa Maynila, Pilipinas.

www.pslf.org

LUPON NG MGA EDITOR

Punong Editor

Aurora E. Batnag

Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)

Mga Kawaksing Editor

David Michael M. San Juan

De La Salle University-Manila

Jayson D. Petras

University of the Philippines

Jonathan Vergara Geronimo

University of Santo Tomas

Tagapamahalang Editor

Ma. Anna Villanueva

De La Salle University-Manila

LUPON NG MGA KONSULTANT

E. San Juan, Jr.

University of Connecticut, USA

Ester T. Rada

San Beda University-Manila

Fanny A. Garcia

De La Salle University-Manila

Francis A. Gealogo

Ateneo de Manila University

German V. Gervacio

Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

Isaac Donoso Jiménez

University of Alicante, Spain

Janet Hope C. Tauro-Batuigas

Ministry of Social Development, New Zealand

Joel Costa Malabanan

Philippine Normal University-Manila

Joi Barrios-Leblanc

University of California-Berkeley, California, USA

Leslie Anne Liwanag

Central Luzon State University

Leticia C. Pagkalinawan

University of Hawaii in Manoa

Melania Lagahit-Flores

University of the Philippines-Diliman

Pacifico Eric E. Calderon

St. Luke's Medical Center College of Medicine-William H. Quasha Memorial

Ramon G. Guillermo

University of the Philippines-Diliman

Raquel Sison-Buban

De La Salle University-Manila

Rommel B. Rodriguez

University of the Philippines-Diliman

Kawing
Tomo 6 Bilang 1
Hulyo 2022

Mga Nilalaman

MULA SA PUNONG EDITOR ----- vii-viii
Aurora E. Batnag

MGA ARTIKULO

Gandang Pangkalawakan: Pagsisiyasat sa Mga Karanasan ng Mga Kontesera sa Kalakhang Maynila (*Gandang Pangkalawakan: Examining the Experiences of Konteseras/Gay Pageant Contestants in Metro Manila*) ----- 1-26
Luna C. Salanio

Sertipikasyon ng mga Tagasalin sa Canada at Australia: Batayan ng Mungkahing Modelo para sa Pilipinas (*Certification of Translators in Canada and Australia: Basis for a Proposed Model for the Philippines*) ----- 27-52
Ian Mark P. Nibalvos

Hanapin Ang Hiwaga: Labintatlong Alegorikal na Interpretasyon sa Netflix *Animated Series* na Trese (*Seek The Mystery: Thirteen Allegorical Interpretations in the Netflix Animated Series Trese*) ----- 53-88
Axle Christien J. Tugano at Joanna Frances Isabelle R. Sajor

Pagtatampok sa Danas ng Kamuwangan sa Cinemalaya: Isang Panimulang Pagtatangka sa Paglalarawan ng Filipino Coming-of-Age Cinema (*Featuring the Experience of Understanding in Cinemalaya: A Preliminary Attempt to Define the Filipino Coming-of-Age Cinema*) ----- 89-106
Christopher Bryan A. Concha

Mga Aral Mula sa Cuba at United Kingdom: Tungo sa Pagkakaroon ng Libreng Komprehensibong Serbisyon Pangkalusugan sa Pilipinas (*Learning from Cuba and the United Kingdom: Towards Building a Universal National Health Services/NHS for the Philippines*) ----- 107-130
David Michael M. San Juan

MGA DAGLI

Krusada ----- 131-134

Arnold M. Valledor

Tollgate ----- 135-137

Joseph Ryann Jalagat

SALIN NG PANITIKANG EPISTOLARYO

Mga Liham sa Batang Makata (Unang Kabanata) ----- 138-141

Rainer Maria Rilke (orihinal); **Stephen Mitchell** (salin sa Ingles); **MJ Rafal** (salin sa Filipino)

SALIN NG KWENTONG PAMBATA

Ang Pagsagip ng Mga Halimaw: Kwentong Pambata Para sa Mga Nakatatandang Mambabasa ----- 142-149

Raymond G. Falgui (orihinal); **Marlon L. Miguel** (salin sa Filipino)

SALIN NG TULA

Sa Mga Susunod na Ipapanganak ----- 150-153

Bertolt Brecht (orihinal); **John Willett**, **Ralph Manheim**, at **Erich Fried** (salin sa Ingles); **Raquel E. Sison-Buban** (salin sa Filipino)

~~~

## MULA SA PUNONG EDITOR

Inspirado ng susing salitang “futuristic” ang pabalat ng isyung ito ng **Kawing** na nilikha sa pamamagitan ng <https://dream.ai/create>. Ang susing salitang ito ay batay sa tema ng mga akdang salin sa isyung ito na pawang kaugnay ng mga tinig sa hinaharap – mga bata at kabataan na magmamana ng daigdig na ito. May banaag ng liwanag at luntian sa larawan – sumasalamin sa pag-asa nating lahat na makakaraos ang sangkatauhan sa mga krisis na dinaranas ngayon (mula implasyon at gera, hanggang sa patuloy na pananalasa ng pandemya). Inspirado ng ganitong pag-asa, patuloy ang ating komitment sa paglalathala ng mga saliksik at akda na makatutulong sa pagsulong ng kaalamang tanglaw ng sangkatauhan.

Sa artikulong **Gandang Pangkalawakan: Pagsisiyasat sa Mga Karanasan ng Mga Kontesera sa Kalakhang Maynila** (*Gandang Pangkalawakan: Examining the Experiences of Konteseras/Gay Pageant Contestants in Metro Manila*) ni **Luna C. Salanio** mababasa ang makulay na karanasan ng isang subsektor sa komunidad ng LGBTIQ+. Ang papel na **Sertipikasyon ng mga Tagasalin sa Canada at Australia: Batayan ng Mungkahing Modelo para sa Pilipinas** (*Certification of Translators in Canada and Australia: Basis for a Proposed Model for the Philippines*) ni **Ian Mark P. Nibalvos** ay naghahapag ng mga praktikal na suhestyon sa propesyonalisasyon ng pagsasalin sa Pilipinas. Ang mga artikulong **Hanapin Ang Hiwaga: Labintatlong Alegorikal na Interpretasyon sa Netflix Animated Series na Trese** (*Seek The Mystery: Thirteen Allegorical Interpretations in the Netflix Animated Series Trese*) nina **Axle Christien J. Tugano** at **Joanna Frances Isabelle R. Sajor**, at **Pagtatampok sa Danas ng Kamuwangan sa Cinemalaya: Isang Panimulang Pagtatatangka sa Paglalarawan ng Filipino Coming-of-Age Cinema** (*Featuring the Experience of Understanding in Cinemalaya: A Preliminary Attempt to Define the Filipino*) ni **Christopher Bryan A. Concha** ay mahahalagang ambag naman sa pagsipat sa mga kontemporaryong panooring sariling atin. Samantala, ang artikulong **Mga Aral Mula sa Cuba at United Kingdom: Tungo sa Pagkakaroon ng Libreng Komprehensibong Serbisyong Pangkalusugan sa Pilipinas** (*Learning from Cuba and the United Kingdom: Towards Building a Universal National Health Services/NHS for the Philippines*) ni **David Michael M. San Juan** ay makabuluhang ambag sa paggamit ng Filipino sa mga larangang gaya ng publikong kalusugan na kakaunti pa ang naisusulat na artikulo sa wikang sariling atin.

Ang mga dagling **Krusada** ni **Arnold M. Valledor** at **Tollgate** ni **Joseph Ryann Jalagat** ay pawang mahuhusay na akdang tumatalakay sa mga kontemporaryong danas ng mga Pilipino. Ang mga akdang salin sa isyung ito – **Mga Liham sa Batang Makata** ni **MJ Rafal**, **Ang Pagsagip ng Mga Halimaw: Kwentong Pambata Para sa Mga Nakatatandang Mambabasa** ni **Marlon L. Miguel** at **Sa Mga Susunod na Ipapanganak** ni **Raquel E. Sison-Buban** – ay mga artistikong rendisyon ng mga akdang kinikilala sa antas nasyonal at internasyonal.

Pasasalamat sa mga rebyuwer, sa mga may-akda, at sa mga tagasalin!  
Pasasalamat din sa mga mambabasang tumatangkilik sa **Kawíng!**

- **Aurora E. Batnag**

## **Gandang Pangkalawakan: Pagsisiyasat sa Mga Karanasan ng Mga Kontesera sa Kalakhang Maynila**

### ***(Gandang Pangkalawakan: Examining the Experiences of Konteseras/Gay Pageant Contestants in Metro Manila)***

**Luna C. Salanio**

University of the Philippines Diliman  
lunasalanio@gmail.com

#### **ABSTRAK**

Sa pamamagitan ng mga lapit ng interseksyonalidad at pagsasakapangyarihan, tinatalakay at binibigyang-kahulugan ng papel ang mga karanasan ng mga kontesera mula sa Kalakhang Maynila kaugnay sa kanilang paglahok sa *Ms. Gay Pangkalawakan* – isang pambihirang timpalak para sa mga bakla, bisekswal, *queer*, at trans na indibidwal. Sa partikular, tinututukan nito ang epekto ng timpalak sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay. Gumagamit ang papel ng mga kasong pag-aaral para mailahad ang mga pananaw, saloobin, karanasan, at kalagayan ng tatlong kontesera. Mula sa kanilang mga salaysay, tampok ang mga interseksyon ng kasarian, uri, at pisikal na kaanyuan sa proseso ng pagsasakapangyarihan (o kabaligtaran) sa harap at likod ng entablado. Sa huli, iginigiit ng papel na bagama't may mga positibong epekto ang *Ms. Gay Pangkalawakan* na kinikilala ng mga kalahok na kontesera, hindi pa rin maipapalagay na ito ay ganap na nakapangyayari.

**Mga Susing Salita:** *Ms. Gay Pangkalawakan*, kontesera, interseksyonalidad, pagsasakapangyarihan, LGBTQIA++

~~~

ABSTRACT

Using the approaches of intersectionality and empowerment, the paper discusses and interprets the experiences of konteseras/gay pageant contestants from Metro Manila in relation to their participation in Ms. Gay Pangkalawakan – a unique contest for gay, bisexual, queer, and trans individuals. In particular, it focuses on the impact of the contest on the various aspects of their lives. The paper uses case studies to present the views, feelings, experiences, and situations of three konteseras. From their narratives, the intersections of gender, class, and physical appearance were highlighted in the process of (dis)empowerment on and off stage. In the end, the paper asserts that although Ms.

Gay Pangkalawakan has positive effects recognized by the participating konteseras, it still cannot be deduced that it is entirely empowering.

Keywords: Ms. Gay Pangkalawakan, kontesera, intersectionality, empowerment, LGBTQIA++

~~~

Ang LGBTQIA++ ay akronim para sa *lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, intersex, asexual*, at iba pa. Kinikilala ng mga may-akda na ang wika ay parehong makapangyarihan at may hangganan, kung kaya't maaaring hindi lahat ng kabilang sa populasyong ito ay tinutukoy ang sarili bilang bahagi ng nasabing sektor. Gayunman, gagamitin sa interes ng papel na ito ang naturang termino dahil sa katangian nitong maging inklusibo sa iba't ibang kasarian at sekswalidad, kasabay ng angking pamilyaridad nito sa nakararaming mambabasa (tingnan sina Wagaman et al., 2018).

Ang kalagayan ng mga LGBTQIA++ sa bansa ay nananatiling mapanghamon sa kasalukuyan. Hanggang ngayon, patuloy pa rin silang nakakaranas ng diskriminasyon, istigmatisasyon, at karahasan (Gutierrez, 2017). Ayon nga sa United Nations Development Programme at United States Agency International Development (2014) sa kanilang ulat na *Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report*, ang pang-aapi sa LGBTQIA++ ay palasak sa malawak na hanay ng mga institusyon tulad ng pamilya, pamayanan, paaralan, lugar-paggawa, pagamutan, at marami pang iba. Bagama't walang batas na nagbabawal sa pagiging LGTBQIA++ sa Pilipinas, wala rin namang komprehensibong patakaran na naggagarantiya sa mga karapatan ng sektor (Almendral, 2018; Lim, 2011).

Sa kabila nito, patuloy na naghahanap ang mga LGBTQIA++ ng mga espasyo na kumikilala sa kanilang pagkatao at nagbibigay-laya sa kanilang pagpapahayag ng sarili. Isa na rito ang pagsali sa mga Ms. Gay na timpalak na tanyag sa kulturang Pilipino. Gaya ng mga tradisyonal na *beauty pageant*, binubuo ang mga timpalak na ito ng *production number, casual wear, swimsuit, evening gown*, at *Q & A portion* (Bionat, 2017). Para sa nakararami, ang mga timpalak na ito ay nagsisilbing pook para sa mga LGBTQIA++ upang maipakita ang kanilang “talas ng isip, talento, kasanayan, at kagandahan” (Bionat, 2017). Bukod pa rito, tinitingnan din ito bilang isang plataporma upang maipahayag ang mga suliraning kinakaharap ng sektor sa bansa. Sa kaso ng Ms. Gay Pangkalawakan, gayunman, tila malabo ang ganitong idea.

Ang Ms. Gay Pangkawalakan<sup>1</sup> ay isang tipo ng Ms. Gay na timpalak na madalas idinaraos sa mga pista ng barangay kung saan itinatanghal ang mga kalahok na bakla, bisekswal, queer, o trans bilang mga “*alien*” o mga nilalang mula sa kalawakan (Bionat,

<sup>1</sup>Kilala rin ang Ms. Gay Pangkalawakan sa pangalang “Ms. Gay Chaka.” Tingnan si Bionat (2017)

2017). Taliwas sa nakagawian, itinatampok sa timpalak na ito ang “talento at talas sa pagpapatawa” (GMA News, 2016). Kaya buwis-buhay na nakikipagsapalaran ang mga kalahok nito sa entablado – mula sa pag-tambling nang paulit-ulit, pag-akyat sa mga poste hanggang sa pagpapadausdos ng sarili sa sahig – para lamang makuha ang interes ng madla at ng mga hurado. Ayon nga sa ilang grupo ng LGBTQIA++, mistulang isang “*freak show*” ang Ms. Gay Pangkalawakan sapagkat inilalagay nito sa kahiya-hiyang posisyon ang mga bakla, bisekswal, queer, o trans (binanggit sa GMA News, 2016). Sa batayang ito makikita ang kaduda-dudang tunguhin ng timpalak.

Ang papel na ito ay isang pagtatangkang mapalutang ang mga tinig ng mga kontesera<sup>2</sup> mula sa Kalakhang Maynila kaugnay ng kanilang paglahok sa pambihirang timpalak ng Ms. Gay Pangkalawakan. Isinasalaysay nito sa partikular ang kanilang katayuan, saloobin, pananaw, at kwento bilang mga kalahok na bakla, bisekswal, queer, o trans. Sa huli, hangad ng papel na ito na talakayin at bigyang-kahulugan ang kanilang mga karanasan sa harap at likod ng entablado.

### ***Queer Beauty Pageants***

Ang mga timpalak tulad ng Ms. Gay Pangkalawakan ay kabilang sa mahabang tradisyon ng “*queer beauty pageants*” at mga kultural na pagtatanghal sa Pilipinas (Cannell, 1999; Diaz, 2016; Johnson, 1997; Manalansan, 2003; Peterson, 2011). Kung sisipatin, wala itong pinagkaiba sa mga kinagisnang timpalak-kagandahan yamang nagsisilbi rin itong sityo ng mga tunggalian ng kasarian at uri kung saan matutunghayan ang iba’t ibang latag ng pribilehiyo at kaapihan (tingnan sina Assayag, 1999; Banet-Weiser, 1999; Cohen, Wilk, at Stoeltje, 1996; David at Cruz, 2018a; Durham, 1999; Lavenda, 1988; Russell, 1997; Schulz, 2000; Wilk, 1995; Wu, 2001).

Sa kasalukuyan, may mangilan-ilan nang akda na umuusisa sa mga *queer beauty pageant* at sa mga kaugnay nitong paksa. Sa pag-aaral ni Diaz (2016), halimbawa, naipakita kung paano binibigyang-halaga ng mga Pilipinong diaspora ang mga *gay beauty pageant*<sup>3</sup>. Ipinaliwanag niya rin dito kung sa paanong paraan umiinog ang mga timpalak na ito sa karanasan ng iba’t ibang aktor na kabilang dito – para sa mga organisador na tinitingnan ito bilang pagkukunan ng kita; para sa mga manonood na itinuturing ito bilang pagmumulan ng aliw at kasiyahan dahil sa iba’t ibang pagtatanghal ng “kabaklaan”; at para mismo sa mga kalahok na itinuturing ito bilang oportunidad upang

---

<sup>2</sup>Kontesera ang tawag sa mga kalahok na karaniwang sumasali sa Ms. Gay Pangkalawakan at iba pang mga Ms. Gay na timpalak.

<sup>3</sup>Ipinakita sa pag-aaral kung sa paanong paraan ang pagtatanghal ng “kabaklaan” kahanay ng pagsulong ng multikulturalismo, dibersidad, at bisibilidad ay nagiging sangkap sa pagiging patok nito para sa mga Pilipinong diaspora na yamang nakaugat naman sa ninanais na konsumersimo at pangangalap ng kita. Tingnan si Diaz (2016).

maipakita at maipamalas ang kanilang galing sa pananalita ng Ingles, husay sa pakikisama, at pagiging mayumi at pagkakaroon ng *poise* at hinahon sa kabila ng matinding presyur.

Bukod pa rito, binanggit ni Diaz na ang mga *gay beauty pageant* ay lumilikha ng mga pamantayan ng kagandahan na “nauugat sa at nagtatanghal ng isang partikular na konseptwal na kaayusan ng mundo” (Johnson, 1996, p. 95). Isang patunay ito na tulad ng mga “tradisyonal” na timpalak-kagandahan ay sityo rin ang mga Ms. Gay ng tunggalian ng kapangyarihan. Ayon nga kina David at Cruz (2018a), isa itong “empirikal na lokasyon kung saan ang mga interseksyonal na identidad at institusyonal na pwersa ay bumabangga sa mga makapangyarihang ideolohiya ng kagandahan” (p. 31).

Mula naman sa “*Big, Bakla and Beautiful: Transformations on a Manila Pageant Stage*” nina David at Cruz (2018a), sinuri ang kultural na politika ng kagandahan para sa matatabang “bakla” sa kalungsuran at kung paanong ang laki o sukat ng katawan, kasama ng kasarian at uri, ay nagtutunggali sa entablado ng Ms. Gay na timpalak na tinawag na *Bilbiling Pilipinas Competition*. Ipinakita rin sa pag-aaral na ito kung papaanong ang entablado ng timpalak ay nagsilbing isang kontrapubliko<sup>4</sup> o “*counterpublic*” kung saan ang “mataba, kayumanggi, at *gender nonconforming* na mga katawan ay maaaring ipagdiwang bilang maganda.”

Sa isa pang pag-aaral nina David at Cruz (2018b) na pinamagatang “Deaf Turns, Beki Turns, Transformations: Toward New Forms of Deaf Queer Sociality,” ipinakita naman ang pagtatagpo ng *queerness* at kapansanan sa ilang tanghalan, kabilang ang isa ring espesipikong anyo ng Ms. Gay at ilang *vlogs* na tumatalakay sa kamalayan sa *HIV* at *AIDS*. Tinurol dito ang konsepto ng “*deaf turns*” na matutunghayan sa timpalak para sa mga konteserang may kapansanan at binigyang-diin na ito ay lumilikha ng mga *deaf centered* na espasyo kung saan ang kanilang silbi, halaga, at dignidad bilang mga “*deaf queer*” ay nabibigyang pansin.

Sa kasalukuyan ay wala pang partikular na pag-aaral hinggil sa Ms. Gay Pangkalawakan at kung paano ito nagiging daluyan ng pagsasakapangyarihan (o kabaligtaran) para sa mga bakla, bisekswal, queer, o trans na indibidwal. Kaya naman, sinusubukang palawakin ng papel na ito ang kaalaman ukol sa pagtatagpo ng mga identidad ng mga kontesera sa entablado. Sa katiyakan, ginagalugad nito ang timpalak bilang lunan ng tunggalian sa kapangyarihan, uri, at kasarian.

---

<sup>4</sup>Ang kontrapubliko ay tumutukoy sa mga imahen, teksto, kilos, o balangkas na sumasalungat sa namamayaning ideolohiya sa lipunan at naglalayong palitan ito sa diskursong pampubliko. Tingnan si Warner (2005)

## Pansuring Balangkas

Ginagamit ng papel na ito ang parehong mga lapit ng pagsasakapangyarihan at interseksyonalidad upang suriin ang mga salaysay ng mga kontesera. Sa isang dako, ang pagsasakapangyarihan ay tumutukoy sa kakayahan ng tao upang kumilos tungo sa positibong pagbabago, sa sarili man o sa kapaligiran (Christens, 2012a; Maslang, 2014). Nakapaloob din sa lapit na ito ang pagkakaroon ng kritikal na kamalayan at pag-iisip na susi sa pag-unawa ng mga di makatarungang ugnayan sa lipunan. Samantala, ayon kay Lee-Mendoza (2008), ang pagsasakapangyarihan ay hindi lamang isang estado, kundi isa ring proseso na yumayabong sa personal at kolektibong antas. Aniya, maaari itong malinang sa pamamagitan ng pagpapataas ng kamulatan ng mga tao, grupo, at pamayanan. Para sa papel na ito, ang *multifaceted* na proseso ng pagsasakapangyarihan nina Logie, Lacombe-Duncan, Levermore, at Jones (2017) ang pinagbabatayan sa pagtalakay at pagpapakahulugan ng mga karanasan ng mga kontesera. Sa partikular, ipinapanukala nila ang pagtingin sa pagsasakapangyarihan sa mga sumusunod na aspekto – sikolohikal, relasyonal, pangkomunidad, at estruktural.

1. *Sikolohikal na aspekto* - tumutukoy ito sa “mga prosesong intrapersonal kung saan ang tao ay nagkakaroon ng kamalayan sa kanyang kapaligirang panlipunan at pampolitika; ang kamalayang ito ay maaaring magbigay-daan upang ang tao ay lumahok sa proseso ng pagpapasya na makapagpapatibay ng kanyang kontrol sa buhay” (p. 458).
2. *Relasyonal na aspekto* - kinikilala nito ang “iba’t ibang isigan ng kapangyarihan sa mga interpersonal na ugnayan na maaaring maging daan sa pagkilos, kalayaan, at katarungan” (p. 458). Maaari ring tumutukoy ito sa hanay ng mga kakayahan sa pakikipag-ugnayan, pakikipagtulungan, pakikipagkasundo, at pag-ambag sa pagsasakapangyarihan ng iba.
3. *Pangkomunidad na aspekto* - ito ay tumutukoy sa “proseso ng pagpapaigting sa mga komunidad – mga grupo ng mga tao na hindi man magkakaugnay sa pisikal na espasyo ngunit may pinagsasaluhang karanasan at/o magkakaparehong interes, pagsasaalang-alang, o pagkakakilanlan – upang payabungin ang kontrol sa sariling buhay” (p. 459).
4. *Estruktural na aspekto* - ukol ito sa aktibong paghamon sa mga mapang-aping patakaran, paniniwala, estruktura, at/o institusyon sa buhay ng tao. Ito ay “kinabibilangan ng mga estratehiya ng panlipunang pagkilos na may kinalaman sa pagbaka sa mga mapanupil na pwersa sa pamumuhay ng tao” (p. 459).

Sa kabilang dako, ang interseksyonalidad ay tumutugon sa komplikadong lawak ng karanasang pantao na hinuhulma ng iba't ibang pwersa sa lipunan (Ceperiano *et al.*, 2016; National Association of Social Workers, 2015). Ayon kay Symington (2014), isa itong mabisa na pansuring kasangkapan para sa mga saliksik na dumudulog at umuunawa sa pagsalubong ng kasarian at sekswalidad sa iba pang identidad, at kung papaanong umaambag ang pagtatagpong ito sa kabuuang karanasan ng kaapihan at/o pribilehiyo. Sa isinagawang pag-aaral, naging matingkad ang uri<sup>5</sup> at pisikal na kaanyuan<sup>6</sup> bilang mga kalakip na identidad ng mga bakla, bisekswal, queer, o trans na kontesera. Gamit ang interseksyonal na lapit, sinisipat ng papel kung paanong ang mga identidad na ito ay sumasalubong sa kanilang kasarian at sekswalidad sa interaktibong paraan (Ceperiano *et al.*, 2016).

## Metodolohiya

Ang papel na ito ay ginagabayan ng epistemolohiyang konstruktibista. Ayon kay Charmaz (2000), ito ay isang transaksyonal na pagtinging epistemolohikal na kumikilala sa mahalagang ambag ng parehong mananaliksik at (mga) kalahok sa pag-unawa ng realidad at paglikha ng kaalaman. Sumasandig din ang papel sa “*queer subjectivities*” dahil isinasalaysay nito ang natatanging pagsasapanlipunan ng mga LGBTQIA++ (Ross Mackinnon, 2011). Sa pagbibigay-pokus nito sa tinig ng mga bakla, bisekswal, queer, o trans na kontesera, nabibigyan ng puwang ang kanilang mga “lugod, damdamin, palagay, gawain, at pagnanasang queer” na karaniwang naisasantabi sa pagtalakay ng mga pangyayari o penomenon sa lipunan (Ross Mackinnon, 2011, p. 139).

Sa pagbubuo ng mga kasong pag-aaral, gumamit ang mga may-akda ng *semi-structured* na anyo ng pakikipanayam upang mabigyang-daan ang makabuluhan at malayang palitan kasama ang mga kalahok. Buhat ng mga limitasyon sa rekurso at panahon, tatlong kontesera lamang mula sa Kalakhang Maynila ang naging bahagi ng pag-aaral. Ang naging pamantayan sa pagpili ng mga kakapanayamin ay: 1) tinutukoy ang sarili bilang bakla, bisekswal, queer, o trans; 2) labingwalong taong gulang pataas ang edad; at 3) isa o higit pang taon nang sumasali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Sumangguni ang mga may-akda sa isang organisador ng timpalak para makilala ang mga kalahok. Bago hingin ang kanilang pahintulot, ipinaunawa muna sa kanila ang mga layunin ng pag-aaral, ang kanilang mga papel, ang mga panganib o *risk*, at ang kanilang mga karapatan. Tiniyak din ng mga may-akda ang kanilang *anonymity*, sariling pagpapasya, at pahintulot sa maaaring paglalathala ng kanilang mga kwento.

---

<sup>5</sup>Sa papel na ito, ginamit ang katagang “uri” para tukuyin ang katayuang pang-ekonomiya ng mga kontesera.

<sup>6</sup>Ginamit sa papel na ito ang terminong “pisikal na kaanyuan” upang ipakahulugan ang taglay na hitsura ng mga kontesera kaugnay sa mga naghaharing pamantayan ng kagandahan.

## Mga Kasong Pag-aaral

Sa bahaging ito inilalahad ang mga kasong pag-aaral na nabuo sa pananaliksik ng mga may-akda. Ginamit ang mga *screen name* ng mga kontesera sa paglalahad upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Ang kanilang mga salaysay ay tinipon batay sa profayl, sa mga pananaw sa pagsali, at sa mga nakikitang epekto. Saka ito tinalakay at binigyang-kahulugan ayon sa pansuring balangkas.

### *Ang profayl ng mga kontesera*

Ang unang kalahok sa pag-aaral ay si Jodie, 32 taong gulang, tinutukoy ang sarili bilang isang bakla, at mahigit 12 taon nang sumasali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Itinuturing na siyang *legendary* sa naturang timpalak. Noong nakapanayam, siya ay pirmihang naninirahan sa Tondo, Lungsod ng Maynila at nagtatrabaho bilang isang kagawad sa barangay. Bukod sa pagiging lingkod-bayan, paminsan-minsan ding sumasabak si Jodie bilang *stand-up comedian* sa mga *comedy bar* sa mga lungsod ng Quezon at Maynila. Sa ilang pagkakataon ay nagsisilbi rin siyang *host* sa mga kaganapan sa barangay. Aniya, wala man siyang pamilyang sinusustentuhan sa kasalukuyan, matindi pa rin ang pangangailangan niyang kumita sa buhay.

Sumunod na nakapanayam para sa pag-aaral ay si Princess, 23 taong gulang, tinutukoy ang sarili bilang isang bisekswal, at mahigit limang taon nang sumasali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Pirmihan siyang naninirahan kasama ang kanyang bunsong kapatid at ina sa Lungsod ng Malabon. Siya rin ay nag-aaral sa isang pampublikong kolehiyo sa naturang lungsod. Gayunman, napilitan siyang huminto noong 2018 dahil aniya, hindi sumasapat ang kita ng kanyang ina na isang *utility worker* sa isang paaralan. Kaya naman, sinusubukan niyang magtrabaho bilang *host* o *entertainer* sa mga kaarawan at iba pang mga pagdiriwang sa barangay para makatulong sa mga gastusin sa bahay.

Ang huling kalahok na nakapanayam para sa pag-aaral ay si Bea. Siya ay 36 taong gulang, tinutukoy ang kanyang sarili bilang bakla; ngunit naisasabuhay din ang pagiging *transgender* sa tuwing siya ay sumasalang sa entablado. Apat na taon na siyang sumasali sa Ms. Gay Pangkalawakan at may paunang karanasan na rin sa mga *Pro* o tradisyonal na Ms. Gay. Sa araw ng panayam, si Bea ay nanunuluyan kasama ang kanyang kaibigan sa Cavite, kung saan mahigit dalawampung taon na siyang nagtatrabaho bilang mananahi. Bukod pa rito, tumatanggap din siya ng iba't ibang “raket” gaya ng pagmemeykap, *pagre-rebond* ng buhok, at marami pang iba. Kapag sapat na ang kinita niya sa isang linggo, siya ay umuuwi sa kanilang tirahan sa Bagong Silang, Lungsod ng Kalookan.

*Pananaw sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan*

Tila may pagkakatulad sa mga tugon ng mga kalahok nang matanong kung ano ang nagtutulak sa kanila para sumali sa timpalak ng Ms. Gay Pangkalawakan. Una, tinitingnan nila ito bilang isang kabuhayan o pagmumulan ng kita na kanilang ipinantutustos sa mga sarili nilang pangangailangan at, sa mga kaso nina Princess at Bea, sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya. Nang tanungin nga si Jodie tungkol sa paglahok niya sa timpalak, binanggit niya na: “...*Una diba, money, just to earn money... Siyempre, of course, ang prize. Practicality lang diba? Malaki rin kasi [ang pera] eh.*” Katulad niya, ganito rin ang pananaw nina Princess at Bea:

*“May dahilan din kami, siyempre ‘yong pera na napapanalunan namin ... ‘Di naman kami sumasali na ano eh, para maipakita na babastusin kami ng ibang tao.”*  
– Ikalawang Kaso – Princess

*“Sa ganitong kaso, kaya namin ginagawa, para sa pera. Or para sa premyo. ‘Yong crown kasi ano nalang, pampalubag na lang sa’min ‘yong mga crown, sash, ganyan. Lalo na ‘yong mga consolation. Mostly ‘yong financial ‘yong kinakapitan namin. Main ang pera.”* – Ikatlong Kaso – Bea

Ayon sa mga kalahok, maaaring sumali ang mga kontesera sa dalawang tipo ng timpalak: *f-show* o *invitational*. Sa nauna, kinokontak ang mga kalahok para magtanghal sa entablado na waring “gawa” (o *scripted*) na ang palabas. Binabayaran na lamang sila isa-isa ng organisador mula P200 hanggang P1,000. Para naman sa nahuli, iniimbitahan ang mga kalahok para sa isang tunay na ‘laban’ o kompetisyon kung saan kinakailangan nilang makipagtagisan sa isa’t isa para makuha ang titulo at premyo. Umaabot hanggang P50,000 o higit pa ang premyong maaaring mapanalunan sa isang *invitational*, depende sa lugar na pagtatanghalan at sa dami ng mga isponsor na sumuporta rito. Isang halimbawa na lang ang isang timpalak na sinalihan ni Jodie sa Iriga, Bicol kung saan nanalo siyang *1<sup>st</sup> runner up* at nag-uwi ng P45,000. Bagama’t minsan na ring nanalo sina Princess at Bea sa ilang timpalak, hindi pa umaabot sa ganitong halaga ang premyo na kanilang naiwi.

Maliban pa sa mga dahilang pinansyal, kinikilala rin ng mga kontesera ang Ms. Gay Pangkalawakan bilang isang lugar para higit na matuklasan ang sariling pagkatao at pagkakakilanlan. Para kina Jodie, Princess, at Bea, sa timpalak nila nadidiskubre at naipapahayag ang kanilang totoong sarili o *true self*. Batay nga sa kanilang pagkakasalaysay:

*“Nade-develop ‘yong self-confidence mo sa tao. Kasi ‘diba, bukod sa pagiging bakla namin, and aside from that, physically, I can say naman na we’re not totally beautiful naman talaga sa paningin ng mga tao... Pero we’re confidently enough [para sabihin] na talagang ‘hoy maganda kami,’ and to prove ourselves, mas maganda pa kami sa inaakala mo.” – Unang Kaso – Jodie*

*“Yong parang naku-kumpleto ang sarili mo. Kumbaga parang kapag sa bahay ka lang kasi, parang kalahati lang. Parang di ka masaya eh. Sarili mo lang makakausap mo, gano’n. Pero parang sa ibang tao, parang katulad ng part ng question and answer, doon mo mae-express ‘yong gusto mong sabihin, ‘yong sagot mo ganon.” – Ikalawang Kaso – Princess*

*“Ang ginagawa ko sa sarili ko, since binibigay ko naman ‘yong sa sarili ko na mananahing kontesera at doon lang din umiikot ‘yong mundo ko, ‘yong talent ko kinuha ko na lang sa mismong pagkatao ko... Sa akin, naiiba ako. Para alam ko sa sarili ko na may sarili akong lugar. Hindi man ako aliw, pero hindi ako ganun kalalim na seryosong kandidata.” – Ikatlong Kaso – Bea*

Subalit, naisalaysay din nila na hindi ligtas ang mga kontesera sa pait ng pangungutya at panunukso mula sa mga manonood. Gayong layon ng timpalak ang makapagbigay-“aliw,” anila, hindi malabo para sa mga konteserang tulad nila na makatanggap ng masasakit na salita at bansag mula sa madla. Nang tanungin ang mga kalahok kung ano ang saloobin nila ukol sa mga negatibong pananaw ng mga tao hinggil sa kanilang pagtatanghal, wika nila:

*“You cannot please everybody naman eh. Kahit paliwanagan mo ‘yan, if their minds are closed, and they are all narrow-minded, wala eh... Paligayahin mo man ‘yan, may mga tao pa ring babatuhin ka ng bato... Ano’ng masama sa gusto mong kumita sa maayos na pamamaraan?” – Unang Kaso – Jodie*

*“...Di naman kami sumasali para maipakita na babastusin kami ng ibang tao... hindi naman dapat i-judge ‘yong isang tao dahil lang sa nakikita nila o naririnig nila kasi minsan ‘yong tao din na nasa harap nila may bigat din na pinagdaraan... Malay niyo naman may iba silang dahilan kung bakit sila sumasali sa ganyan.” – Ikalawang Kaso – Princess*

*“Kasi sa beaucon, ‘yong pakiramdam mo sa sarili mo, kagalang-galang ka. Pero sa pangkalawakan, kailangan talaga babasagin ka. O kaya ikaw ‘yong laging tampulan ng mga pag-uusapan ng mga tao para matawa. Pero hindi nila alam, mas kritikal ‘yong nararamdaman ng pangka (Pangkalawakan) kasi ano eh,*

*pagkatao na 'yong nilalaro eh. Kumbaga, kumikita kami para sa pagkatao namin."*  
– Ikatlong Kaso – Bea

Dagdag ni Bea na kahit mahirap tanggapin ang masasakit na salita mula sa madla, kailangang "masanay" at maging "manhid" ang isang kontesera. Sa kabila nito, pinaniniwalaan nilang tatlo na nakakapagbigay pa rin sila ng inspirasyon sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan, lalo na para sa mga taong tinutukso tulad nila dahil sa kanilang pisikal na kaanyuan, kasarian, at katayuan sa buhay. Sa kanilang palagay, marami silang napapalakas ang loob at nahihimok na sumali sa timpalak, gaya na lamang ng kwento nila noong unang beses silang manood ng laban. Para naman kina Jodie at Princess, ang Ms. Gay Pangkalawakan ay isang makahulugang timpalak dahil nagbibigay-daan ito para maipakita ng mga kontesera ang ibang "hitsura ng kagandahan" sa lipunan.

#### *Naidulot ng Ms. Gay Pangkalawakan sa mga Kontesera*

Pangunahing tinutukoy ng mga kalahok ang malaking ambag ng Ms. Gay Pangkalawakan sa kanilang kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili. Anila, isang pangangailangan sa timpalak ang pagkakaroon ng matibay at malakas na loob; gayundin, may mahahalagang kakayahan na dapat taglayin upang maitaguyod ang sarili sa harap ng entablado. Ayon nga kina Bea at Princess, sa pag-aayos lamang ng sarili, mahigit isa hanggang tatlong oras na ang kailangang gugulin ng isang kalahok. Sa kanilang pagkakasalaysay, ilang buwan din ang kinailangan nila bago magamay ang ayos sa hitsura, talentong itatanghal sa entablado, at ang paraan ng "pagdadala" ng pananamit sa timpalak. Binigyang diin nila, gayunman, na noon pa man ay wala na silang "choice" kundi piliting matutuhan ang lahat ng ito. Sa huli ay binanggit nila na kailangan nilang magmukhang "pang-aliw" para makuha ang "kiliti ng tao" at, siyempre, ang inaasam na premyo.

Hindi tulad nina Bea at Princess, si Jodie ay may naaasahang manedyer na mag-aasikaso ng kanyang pananamit at pag-aayos bago umapak sa entablado dahil kabilang siya sa isang "*circle of beauties*" o grupo ng mga konteserang sumasali sa mga Ms. Gay na timpalak. Sa mga grupong ito, pinaghahatian ang kinikitang pera ng mga kontesera. Halimbawa, sa premyong mapapanalunan sa isang laban, 60 porsyento nito ay makukuha ng kontesera habang ang natitirang 40 porsyento naman ay mapupunta sa manedyer. Dahil matindi ang pangangailangang pinansyal nina Bea at Princess, sinisikap na lamang nilang ayusan ang kanilang sarili at asikasuhin ang kanilang kasuotan. Ngunit naisalaysay din nila ang bigat ng paghahanda para sa timpalak. Isa nga sa mga pasan nilang hirap ay ang pagbubuhay ng kanilang mga gamit patungo sa pagdarausan ng timpalak hanggang sa pag-uwi. Paminsan-minsan ay kinakaharap din nila ang isyu ng

pagnanakaw sa likod ng entablado. Sa mga pagkakataong ito madalas nagkakaroon ng matitinding away at gulo sa pagitan ng mga kontesera.

Sa ibang usapin, malinaw naman na lumawak ang relasyon ng mga kontesera kaugnay sa kanilang pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Bukod sa pagkakaroon ng mga tagahanga, ayon kina Jodie at Bea, isa ang *friendship* sa mga mabuting naidulot ng timpalak sa kanilang buhay. Kalaban man ang turing nila sa isa't isa sa harap ng mga hurado, hindi naman maitatanggi ang kanilang pagkakaibigan sa likod ng entablado. Batay nga sa kanilang pagkakasalaysay:

*“Dati, ang turing talaga namin magkakakalaban kami as in. Pagtapos or simula ng contest, magkakalaban tayo. Pero noong nabuo ang Ms. Gay Pangkalawakan, we build friendship – we have true friendship naman talaga.”* – Unang Kaso – Jodie

*“So ginawa ko na rin ‘yong time na mag-enjoy hanggang sa nakabuo kami ng friendship. Sa pangkalawakan kasi nabuo ‘yong friendship eh. Lahat kaming magkalaban, magkakakilala na. ‘Yon lang ‘yong naging masaya.”* – Ikatlong Kaso – Bea

Ang pagsasamahang ito ay matingkad dahil sa pinagbabahaginang karanasan ng mga konteserang gaya nila sa entablado. Wika nga ni Jodie, pare-parehas nilang pinagdaraan ang mga pagsubok sa timpalak kung kaya’t madali silang maka-*relate* sa isa’t isa. Kahit naman si Princess ay nakabuo rin ng pagkakaibigan sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Binanggit niya na kabilang din siya sa isang grupo (hindi *circle of beauties*) na binubuo ng mga kontesera mula sa Malabon at Navotas. Lagi niyang kasama ang grupong ito sa mga f-shows at mga invitational na laban sa iba’t ibang lugar. Ngunit, nabanggit din ni Princess ang pangangailangan na maging “plastik” paminsan-minsan dahil laganap ang “inggit” sa loob ng timpalak at hindi lahat ay bukas sa pagkakaibigan. Dagdag niya, dapat marunong makisama at makiramdam lagi ang isang kontesera para hindi mapagdiskitahan o mapagtuunan ng galit ng ibang mga kontesera. Kwento nga niya, minsan na siyang napaaway dahil sa hindi pagkakaunawaan sa hatian ng kita sa isang *f-show*. Aniya, bukod sa palitan ng masasakit na salita, nagkasakitan din sila ng nakaaway niyang kontesera sa likod ng entablado.

Kahit sina Jodie at Bea ay may kani-kanya ring karanasan ng hidwaan sa loob ng timpalak. Anila, madalas itong lumitaw sa tuwing ginagaya ang kanilang *spiel* o pakulo, o di kaya naman ang kanilang talento kung saan sila kilala ng madla. Wika ni Bea, “nag-aaway [at] nagkakaroon ng bangayan” ng mga kontesera kapag nangyayari ito. Ngunit bilang pag-iwas na rin sa gulo, pinipili na lamang niyang maging totoo dahil aniya, karaniwang ginagawa sa entablado ang “payabangan” tulad ng pagbibida sa sarili bilang

isang “sikat na kagawad,” “*cum laude graduate*,” at iba pa. Dagdag niya na malimit “magsinungaling” ang mga kontesera para lang makapagpakitang-gilas sa madla at mga hurado.

Bilang karagdagan, ayon sa mga kontesera, naging mainam din ang relasyon nila sa kanilang pamilya kaugnay sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Sa kaso ni Jodie, hindi tanggap ng mga magulang niya noon ang kanyang sekswalidad at paglahok sa mga *beauty contest*, lalo na ng kanyang ama na inilarawan niyang “istikto at tigas.” Naalala pa niya noong isang pagkakataon, pinababa siya nito sa entablado at pinauwi sa bahay nang makitang nagtatanghal. Ngunit para kay Jodie, noong “napatunayan” na niya ang kanyang sarili, naniniwala siyang nakuha na rin niya ang respeto ng kanyang ama kahit wala man silang tuwirang komunikasyon sa isa’t isa. Sa kabilang banda, tila naiiba ang mga kaso nina Princess at Bea. Wika nila:

*“Hindi ‘yon [Ms. Gay Pangkalawakan] ‘yong ang dahilan ng pag-aaway. Kasi okay lang naman po sa kanila ‘yong pagsali. Gustung-gusto nila siyempre kasi malaki din ‘yong tulong ng kita ng pera, ‘yon ang iniisip nila.”* – Ikalawang Kaso – Princess

*“Yong mga nandiyan, kaya sila nakasurvive sa ospital [dahil sa] pinapadala ko. ‘Yong sa mga school, ‘yan... ‘yong financial, sa lahat ng korona, lahat ng mga trophy ko, lahat ‘yon sa kanila napupunta... [pero] walang supportive sa akin dito, hanggang ngayon. Never nila akong sinabihan na congratulations.”* – Ikatlong Kaso – Bea

“Okay naman,” ito ang magkaparehong tugon nina Bea at Princess nang tanungin hinggil sa relasyon nila sa kanilang pamilya. Ayon nga kay Bea, hangga’t nakakapagbigay siya ng pera at natutustusan niya ang mga pangangailangan ng kanyang mga kaanak, “dedma” ang lahat sa kani-kanyang mga gawain. Sa kaso naman ni Princess, binanggit niya na minsan lang magkaroon ng hidwaan sa kanilang bahay. Aniya, mas nakatuon ito sa personal na usapin at hindi tungkol sa kanyang sekswalidad o sa pagsali niya sa Ms. Gay Pangkalawakan. Binigyan niya ng diin na labis na nakakatulong ang timpalak sa mga pang-araw-araw nilang gastusin sa bahay kaya hindi rin ito napupuna ng kanyang magulang.

Lumabas din na ang kasarian at sekswalidad ng mga kalahok sa pag-aaral ay tudlaan ng diskriminasyon, kaakibat ang kaapihan sa uri at pisikal na kaanyuan. Para sa kanila, hindi ito mawawala sa pagiging LGBTQIA++ sa lipunan sapagkat palaging inihahanay ang kanilang pagkakakilanlan sa “mali.” Hayag naman ito sa kani-kanyang mga salaysay sa pamilya, trabaho, at maging sa pamayanan. Sa kabila nito, ipinahayag nina Jodie, Princess at Bea na makabuluhan ang Ms. Gay Pangkalawakan sa usaping

ito lalo't nagsisilbi ito bilang isang pook upang maigiit nila ang kanilang lugar sa lipunan. Ayon nga sa kanila:

*“Lagi kong iniwan sa entablado, matalo o manalo ako, lalo na kapag nagta-talent ako na we LGBT naman, we have our rights to live peacefully... Kapag nirespeto ka na ng tao, stepping stone ‘yan, sunud-sunod na ‘yan na mamahalin ka, uunawain ka, tatanggapin ka, at paglilingkuran ka... Sa amin kasing mga bakla, o sa ating lahat even tomboys, mga ganoon, nasa society tayo na nakapalibot ang discrimination, criticism, racial deviation, pero mawawala naman lahat ‘yan if there’s respect.” – Unang Kaso – Jodie*

*“Pinapakita namin na kahit pangit ‘yong tingin sa’min ng tao, about sa LGBT, dapat pinapakita namin na hindi lang dapat pangit ‘yong tingin nila sa’min. Kumbaga, tanggapin din nila kami sa lipunan kasi tao rin naman po kami, ganoon ‘yong sinasabi namin sa kanila. Hindi lang naman about sa sexuality ‘yong usapan dito, kumbaga ‘yong karapatan mo bilang isang tao para maging pantay.” – Ikalawang Kaso – Princess*

*“Ang Ms. Gay Pangkalawakan, ito ‘yong magbibigay sa kanila ng pagkakataon na tanggapin ang mga LGBT, pati na dapat ang beauty ay pangkalahatan. Hindi ‘yong beauty na pang pisikal. Kaya nga tinatawag na pangkalawakan dapat beauty in general. Para matanggap din nila na sa isang maganda, may pangit, hindi lahat ng maganda ay maganda at hindi lahat ng pangit ay pangit.” – Ikatlong Kaso – Bea*

Malinaw ang tindig ng mga kalahok hinggil sa diskriminasyong batay sa kasarian at sekswalidad, at maging sa pamantayan ng kagandahan. Gayunman, malawak pa rin ang espasyo upang malinang ang kanilang pag-unawa sa usaping ito. Nang papiliin ang mga kalahok sa pagitan ng “maayos na trabaho” at pagsali sa timpalak, hindi sila nagdalawang-isip na piliin ang nauna. Para sa kanila, walang sinuman ang gustong “ipahiya ang sarili” nang paulit-ulit sa harap ng madla. Isa pa, “*unstable*” umano ang Ms. Gay Pangkalawakan pagdating sa kita na natatanggap. Subalit, may mga kontesera pa rin naman na tulad ni Jodie na nakakakuha ng ligaya mula sa timpalak. Kung bibigyan nga siya ng “maayos na trabaho,” aniya, maglalaan pa rin siya ng oras sa Ms. Gay Pangkalawakan dahil sa saya na nakukuha niya kapag nakaka-*bonding* niya ang mga kapwa niyang kontesera. Sa papaanuman, hindi maikakaila ang mga pagkakatulad at pagkakasari-sari ng mga salaysay ng mga kalahok, lalo na sa epekto ng timpalak sa kanilang buhay at pagkatao.

## Talakayan at Pagpapakahulugan

Ang mga itinampok na karanasan ng tatlong kontesera sa papel na ito ay hindi iba sa pangkaraniwang kwento ng mga LGBTQIA++ sa lipunang Pilipino. Nariyang hindi nawawala sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ang kaapihan sa iba't ibang porma: pisikal, emosyonal, berbal, at maging sekswal. Kaya naman mahalaga para sa kanila ang mga espasyo tulad ng *Ms. Gay Pangkalawakan* dahil ibinibida nito ang malayang pagpapahayag ng kanilang pagkatao, damdamin, saloobin, at maging ang mga kahilingan at mithiin nila sa buhay. Ang pagtanaw na ito ukol sa Ms. Gay Pangkalawakan ay siyang nagiging sandigan upang kilatisin ang entablado batay sa ibinibandera nitong layon ng pagtatanghal at pagpapalakas ng boses ng LGBTQIA++ tungo sa pangkasariang pagkakapantay-pantay at katarungan. Gayunman, kung uusisain nang maigi ang mga salaysay mula sa tatlong kasong pag-aaral, masisipat na ang mga utopikong ideyal na ito ay tumatagos sa isang tiyak na saklaw lamang. Ito, samakatwid, ang batayan kung bakit importanteng suriin ang saysay ng timpalak sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay.

### *Sikolohikal na aspekto*

Sa sikolohikal na aspekto ng pagsasakapangyarihan, matingkad ang pag-iral ng mga positibong dulot ng *Ms. Gay Pangkalawakan* sa mga konteserang kalahok sa pag-aaral. Hindi maikakailang maraming kakayahan at asal ang siyang nalinang buhat nang sumali ang mga konteserang ito sa timpalak. Iba't ibang kakayahan at realisasyon ang naitampok, umpisa sa paggawa ng mga kasuotan at pagkamalikhain sa pagtatanghal ng sarili hanggang sa paraan ng pag-iisip, pananalita, at pagyakap sa sariling pagkatao. Ngunit mahalagang pansinin na ang mga positibong epektong ito tulad ng pagkakaroon ng kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili at iba pang mga kakayahan ay hindi naisasalin tungo sa pagpapalalim ng kamalayan ukol sa pakikibaka ng mas malawak na hanay ng LGBTQIA++, gayundin sa paglinang ng mga “kakayahan at motibasyon na gumawa ng panlipunan at pampolitikang pagbabago” (Christens, 2012b, p. 543). Marahil, nakakawing ito sa kanilang pangunahing layunin sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan kung saan ang “premyo” o kita na maaaring makuha ang siyang pinakamatingkad.

Mulat din ang mga kontesera sa mga negatibong karanasan na maaaring makaharap sa pagtungtong sa entablado ngunit nalalampasan ang timbang ng pangambang ito dahil nakatuon sila sa pangunahin nilang layunin. Ang mga pagsusumikap na ito sa pakikipagbuno sa timpalak ay kakikitaan ng kalakasan sa bahagi ng mga konteserang kalahok. Subalit, isang malaking balakid para sa pagkamit ng sikolohikal na pagsasakapangyarihan na tinukoy nina Logie *et al.* (2017) ang pag-iral ng isinasaloob (o *internalized*) na istigma na siyang hayag din mula sa mga karanasan ng

mga kontesera. Ayon nga sa isang kalahok, *“respetuhin mo sarili mo. Napakahalaga n'on. Eh ikaw ba naman diba? Bakla ka na nga, tapos hindi mo pa rin alam kung paano gumawa ng tama.”* Dagdag pa ng isa, *“gusto rin naming magpasaya ng maraming tao. ‘Yon ang purpose namin.”*

Litaw mula sa mga salaysay na bagaman marami sa aspektong intrapersonal ang tinutukoy ng mga konteserang kalahok na nalinang buhat ng kanilang pagsali, napapangibabawan naman ang mga ito kung tatalakayin ang kabiguan ng Ms. Gay Pangkalawakan na maging isang espasyo na naglilining ng kritikal na kamalayan at kakayahan na tukuyin ang sarili kahanay ang mas malawak na komunidad ng LGBTQIA++. Malalim na nakapaloob sa pagtanaw ng mga kalahok na kontesera ang mga isinasaloob na istigma kung kaya't masisipat na hindi ganoong ganap para sa kanila ang potensyal ng pagsasakapangyarihan sa aspektong ito. Bukod pa rito, dahil sa mismong pambihirang tema ng timpalak na ito kumpara sa mga tradisyonal na *Queer Beauty Pageant*, nagdudulot din ito ng iba-iba pang mga negatibong karanasan at pagtanaw sa sarili sa panig ng mga konteserang kalahok. Pinatunayan ito nang sabihin ni Bea na kung sa “beaucon” ay “kagalang-galang ka,” sa Ms. Gay Pangkalawakan ay “babasagin ka.”

Mapapansin mula sa kanilang mga karanasan ang posisyon at papel na ginagampanan ng sarili – ang pagkatao ng kontesera bilang isang “hindi kagandahang” bakla, bisekswal, o trans na may mababang antas sosyo-ekonomiko – bilang makahulugang kasangkapan sa pagtatanghal sa isang entablado may tulaling tema kapalit ng kikitain mula rito. Umaalinsunod ang karanasang ito sa naging pagsasalarawan ni Bionat (2017) hinggil sa mga pagtatanghal sa entablado ng Ms. Gay Pangkalawakan bilang panghahamak sa kanilang dignidad at pagkakakilanlan. Ang mga pakikipagbunong ito ng mga konteserang kalahok ay may mga nagtutunggalian at pinapupurihan o komplementaryong mga epekto sa sarili na sa huli ay nakaangkla pa rin sa pangunahing layon ng paglahok sa timpalak na ito.

### *Relasyonal na aspekto*

Para naman sa aspektong relasyonal, lumilitaw na ang Ms. Gay Pangkalawakan ay isang abenida kung saan nalilining ng isang kontesera ang mga kakayahan niya sa pakikipagkapwa-tao lalo na sa kanyang mga kapwa kontesera. Sa kabilang banda, mahalagang sipatin na sa mga kaso ng tatlong konteserang kalahok ay makabuluhang bahagi ang sinasaklaw ng usapin ng pag-iwas sa mga salungatan at banggaan na para sa kanila ay pangkaraniwan lamang na matutunghayan sa timpalak. Ipinapakita na bagama't nagpapasimula ito ng pagkakaibigan at positibong relasyon sa pagitan ng mga

kontesera, hindi tunay na nawawala ang mga hindi pagkakasunduan bunga na rin ng kalikasan ng timpalak bilang isang kumpetisyon na nagpapasimuno ng paangatan.

Sa usaping pamilya naman, hindi magkakatulad ang karanasan ng mga konteserang kalahok dahil dalawa sa kanila ay naniniwalang positibo ang relasyon sa kanilang pamilya. Subalit, ang kabuuang karanasan nila ay hindi naiiba sa kabuuang karanasan ng hanay ng mga LGBTQIA++ sa Pilipinas – lalo na yaong mga may mabababang kita – kung saan ay litaw na mahalaga ang papel na ginagampanan nito sa ekonomiyang pampamilya at pangkomunidad (Thoreson, 2009; 2011). Mula sa kwento ni Bea, na may hindi maayos na relasyon sa pamilya dahil na rin sa hindi nila pagtanggap sa kanyang kasarian at sekswalidad, naiibsan ang ganitong pagtingin magmula nang maging pangunahing tagapaghanapbuhay siya sa pamilya. Hindi rin nalalayo dito ang kwento ni Princess na sinusuportahan ng ina at mga kapatid sa pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan dahil siya ang pangunahing pinagkukunan ng pantustos sa mga pangangailangan ng pamilya. Ang paksang ito ay sumusuporta sa ilan nang mga pag-aaral kung saan ipinakita na ang “suportang pinansyal na ibinibigay ng mga maralitang Pilipinong LGBTQIA++ sa kanilang mga pamilya ay nagmimistulang kurensiya upang makamit nila ang pagtanggap ng kanilang mga pamilya.” (Ceperiano *et al.*, 2016, p. 28).

Sa ganitong paraan din nagtatagpo ang kahirapan at sekswalidad sa tuwing ang mga LGBTQIA++ ay nakararanas ng mas malaking tsansa ng *rejection* mula sa pamilya kapag sila ay hindi nakakaambag sa aspektong pinansyal (Cepriano *et al.*, 2016). Para sa mga konteserang kalahok, isang paraan para maibsan ito ang pagsugal sa Ms. Gay Pangkalawakan at sa iba pang mga mapagkakakitaan. Ito ay maaaring iugnay sa pagsusumikap ng hanay ng mga LGBTQIA++ sa Pilipinas na umaalinsunod sa “estereotipikong reputasyon ng pagiging masipag at matiyaga” (Thoreson, 2009, p. 5). Malinaw na matutunghayan dito ang buntong ipinapataw sa sektor na makaambag sa usaping pinansyal at iba pa dahil sa mga ekspektasyong panlipunan. Dagdag pa nga ni Bea, bagaman maliit ang kinikita sa pabrika ay pinili pa rin niyang manatili rito dahil ayaw niyang “matawag na *jobless*.” Dito nagmumula ang isa sa may pinakamatinding pangamba na nararamdaman ng kalahok na sa katunayan ay hindi naman iba sa nararanasan ng kabuuang hanay ng mga mababang-kitang LGBTQIA++ dahil na rin sa nagiging sagabal ito sa pagmamateryalisa ng kakayahan nilang makapagbigay at makaambag sa pamilya (Thoreson, 2009). Ang paulit-ulit na temang ito ng ugnayan ng trabaho at pamilya sa buhay ng isang mababang-kitang queer na indibidwal sa Pilipinas ay naaalinsunod lamang sa mga pag-aaral na nagpapahiwatig na “para sa [hanay na ito], ang kahalagahan ng trabaho ay lumalampas na sa pragmatikong pangangailangang kumita upang mabuhay, at maigting na napapatawan ito ng mga kultural na ekspektasyon” (Thoreson, 2009, p. 10).

*Pangkomunidad na aspekto*

Sa pangkomunidad na aspekto, kaakibat ng naging paksa sa relasyonal na pagsasakapangyarihan, nakakabuo ng panlipunang kohesyon o pagkakaisa ang timpalak na ito sa ilang paraan tulad ng pagkakaroon ng suporta mula sa mga kapwa kontesera at sa mga *circle of beauties*. Ngunit sa ibang kaparaanan din ay nagdudulot ito ng hidwaan sa pagitan ng mga kontesera batay nga sa mga salaysay ng mga kalahok. Sa pagsusuri, mahalaga ang bahagi ng panlipunang kohesyon para matamo ang pagsasakapangyarihan sa aspektong pangkomunidad (Logie *et al.*, 2017, p. 459). Ngunit kung sisipatin, problematiko ang kalinawan ng katangiang ito kung susuriin ang Ms. Gay Pangkalawakan sa nagtutunggaliang mga karanasan ng mga kalahok na kontesera kasabay ng mga nagtutunggaliang katangian ng timpalak.

Matutunghayan na isang realidad sa Ms. Gay Pangkalawakan ang mga magkasalungat na karanasan at pagtingin, muli, dahil na rin sa kalikasan ng timpalak na ito bilang isang kumpetisyon na maaaring makaapekto sa kabuuang interaksyon ng mga taong sangkot dito. Gayunman, naaalinsunod sa mga pahayag ng mga konteserang kalahok na ang timpalak na ito ay nagsisilbi pa ring pook para magkita-kita at magkaroon ng pagkakataong magsama-sama ang mga kontesera. Kinikilala nila na sa bawat pagsali sa mga timpalak ay mayroon silang pinagsasaluhang mga karanasan bilang mga bahagi ng LGBTQIA++ na may mababang sosyo-ekonomikong estado at “hindi kagandahan” na siyang nagtataguyod at nagpapatibay din ng kanilang samahan at kohesyon sa labas ng entablado.

Bilang karagdagan, matutunghayan din mula sa mga karanasan at pagtingin ng mga konteserang kalahok ang kaugnayan ng Ms. Gay Pangkalawakan sa mas malawak na hanay ng mga bakla at iba pang minorityang sekswal sa Pilipinas. Kung susuriin, hati at magkakaiba ang pagtanaw ng mga konteserang kalahok sa komunidad ng LGBTQIA++. Ayon sa isang kalahok, may mga “...*baklang pangit na nga ang tingin sa kanila, tapos pangit pa ginagawa nila sa image nila.*” Dagdag pa niya na: “*Kumbaga kami iba. Pinapakita namin na kahit pangit 'yong tingin sa 'min ng tao about sa LGBT, dapat pinapakita namin na hindi lang dapat pangit 'yong tingin nila sa 'min.*”

Litaw sa mga pahayag na ito na ang Ms. Gay Pangkalawakan ay nagsisilbi ring espasyo para sa mga konteserang kalahok upang subuking humiwalay sa mga tinutukoy na “iba” pang mga indibidwal sa hanay ng mga LGBTQIA++ sa lipunan. Ang pagsubok sa pagbubukod na ito ay maaari ring maiugat sa buntong nakapataw sa kabuuan ng queer na populasyon na umayon sa mga kultural na ekspektasyon na pumupulis sa kung papaano nga ba dapat kumilos ang isang bakla sa lipunang Pilipino. Ang ganitong pagtanaw ay lumilikha ng malinaw na linya at maging herarkiya sa pagitan nila laban sa

iba pang mga bakla at minoryang sekswal batay sa mga moral na pagpapahalaga sa lipunan at gayon na rin sa mga ekspektasyon na ito. Ang mga “pagsubok na ito na mapalaya ang isang istigmatidadong sekswal na posisyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlipunan at moral na pahayag hinggil sa dignidad at respeto” (David at Cruz, 2018a, p. 39) ay natutunghayan sa entablado ng Ms. Gay Pangkalawakan, kapalit ang halaga at dangal ng mga indibidwal na nakikita at ipinapalagay na hindi umaayon sa moral na pagpapahalaga at kultural na ekspektasyon sa lipunan.

### *Estruktural na aspekto*

Sa estruktural na antas, makikita ang ilang manipestasyon ng pagsasakapangyarihan, o ang kabaligtaran nito, sa pagtanaw sa timpalak ng Ms. Gay Pangkalawakan kaugnay sa mga panlipunang institusyon at estruktura kung saan makikita ang iba’t ibang uri ng tunggalian sa harap at likod ng entablado nito.

Mula rin sa mga kuwento ng karanasan ng mga kalahok ay mapapatunayan na ang *Ms. Gay Pangkalawakan* ay pook ng tunggalian ng kapangyarihan, kasarian at uri na bumabangga sa mga makapangyarihang ideolohiya ng kagandahan. Ang potensyal ng pagsasakapangyarihan sa aspektong ito ay masusukat sa kung papaanong paraan nito sinusubok bakahin ang mga istigma at diskriminasyon sa mga institusyon at pamayanan sa kabuuan, kasabay na rin ng pagsusulong ng katarungang panlipunan sa iba’t ibang antas.

Ayon kay Diaz (2016), ang Ms. Gay ay kalakal ng mga “estereotipo ng kabaklaan” (p. 340) kung saan itinatanghal ang kanilang kahinahunan, kahinhinan, kalambutan, at kagandahan. Sa kabilang banda, ang mga estereotipong ito ay dinadagdagan ng isa pang latag ng mga estereotipong kontekstwalisado sa pagiging baklang may mababang kita at mababang sosyo-ekonomikong estado sa loob naman ng Ms. Gay Pangkalawakan. Ipinapalagay ng mga estereotipong ito na gagawin ng mga kontesera ang lahat sa entablado, makapaghatid lamang ng kaligayahan sa mga hurado at manonood. Ayon nga sa kwento ni Jodie ukol sa mga pagtatanghal kasabay ng mga kasamahan: *“As far as the people are concerned and their own happiness, gagawin talaga namin. May pagtambling, kaya ba ng magaganda ‘yon? Pag-akyat ng covered court, kaya ba nila? ‘Diba hindi naman.”*

Dagdag pa niya, minsan na ring nahulog sa bubong o kaya ay nakoryente sa pag-akyat sa covered court ang ilan sa kanyang mga kasamahan sa kanilang pagtatanghal. Batay sa mismong karanasan ni Bea: *“...nagro-rolling ako noon tapos t-in-ry kong mag-dive. Ang problema kasi nung t-in-ry ko nung mga baguhan pa ako na tumambling,*

*namamaga 'yong spinal column ko. Kumbaga para sa ganoon sinusugal ko 'yong sarili kong buhay para sa ganitong bagay."*

Ang mga pagtatanghal na ito ay tinatawag nilang mga gawain na “buwis-buhay para kumita” dahil ang kagyat na kapalit nito sa tuwing sila ay sasali sa Ms. Gay Pangkalawakan ay ang kanilang kaligtasan. Dagdag pa rito, pinapanatili at pinapaigting din nito ang mga estereotipo at ninormalisa ang karahasan laban sa kanilang hanay sa pamamagitan ng pagbabalot nito bilang mga biro na pundamental na bahagi ng pagtatanghal. Dito lumilitaw ang pagiging problematiko ng Ms. Gay Pangkalawakan sa aspekto ng tunay na pagbaka sa istigma na nararanasan ng malawak na hanay ng mga LGBTQIA++ sa Pilipinas, lalo na yaong mga nasa mababang antas sosyo-ekonomiko. Ang mga kritikal na karanasang ito na maluwag lamang na itinatanghal sa entablado ay hindi na nalalayo sa realidad sa labas ng timpalak. Nariyang hayag pa rin ang mga isinasagawang (o *enacted*) istigma na nararanasan ng mga konteserang kalahok sa kanilang pagsali sa timpalak na ito tulad na lamang ng pambabato sa kanila ng madla ng kung ano-ano habang nagtatanghal sa entablado.

Dagdag pa rito, tumataliwas ang ganitong pagtatanghal ng “kapangitan” ng anyo at presentasyon sa entablado ng Ms. Gay Pangkalawakan sa matagal nang “pagkakaugnay ng bakla sa kagandahan at transpormasyon” (Thoreson, 2011 – binanggit sa David, 2015, p. 174) kung kaya’t maaari nitong “mabutas ang nilinang na pagtatanghal ng pagkababae na inaasahang maisakatuparan ng isang bakla sa loob ng mahabang panahon” (Thoreson, 2009, p. 11). Dahil dito, mahalagang sipatin na alinsunod sa iba ring pag-aaral na ang mga bantang ito ng karahasan na kanilang kinakaharap sa harap at likod ng entablado ay “hindi paratihang hugpungan ng pagkabigo na tuparin ang papel o gampanin na kaakibat ng ari, kundi - para sa mga queer na indibidwal - ay kadalasang bunga ng pagkabigong maging sapat sa pagiging queer at *intelligible* o sa paraang nauunawaan ng lipunan” (Thoreson, 2009, p. 10). Ang ganitong pambihirang tema na itinatampok sa timpalak na ito ay sumasalungat sa panlipunang pagkaunawa ng pagiging bakla sa Pilipinas kung kaya’t ang kabiguang maisakatuparan ang mga ekspektasyong ito ang siyang naglalagay sa hanay ng mga LGBTQIA++ sa isang tulaling posisyon ng bulnerabilidad sa lipunan.

Sa kabilang banda, hindi rin naman maikakaila na ginagamit pa rin ng mga kontesera ang entablado ng Ms. Gay Pangkalawakan upang bakahin ang mga hegemonikong pamantayan ng kagandahan at gayon na rin ang mga espisipikong diskriminasyon na nararanasan ng mga tulad nilang “bakla at hindi kagandahan.” Sa ganitong posisyon makikita ang timpalak na ito, sa pananaw ni Warner (2005), bilang isang kontrapubliko kung saan maaaring ipagdiwang at itaguyod ang isang alternatibong pagtingin sa kagandahan. Kaugnay nito, nagsisilbi rin itong isang kalipunan na

nagbibigay ng ligtas na espasyo sa mga kontesera “upang maging bukas sila sa kanilang mga pagkakakilanlan at bumuo ng tiwala sa isa’t isa” (Mironova, 2017, p. 2). Bilang kontrapubliko, ang entablado ng Ms. Gay Pangkalawakan ay nagiging pook ng patuloy na re-negosasyon ng kahulugan ng “kagandahan” sa pamamagitan ng wika, pagkilos sa entablado, at kahit ng estilo ng pagkilos na ito na nagiging estratehiyang panlipunan ng mga kontesera upang labanan ang naghaharing konsepsyon ng kagandahan na mapang-api para sa mga tulad nila at para na rin sa nakararami. Subalit, kung sisipatin ang mga karanasan ng mga konteserang kalahok kaugnay sa mga tradisyonal na Ms. Gay, malinaw na matutunghayan dito ang tunggalian ng uri, kasarian, at maging pisikal na kaanyuan. Wika nga ni Bea: *“Nag-try ako doon [Mainstream na Ms. Gay]. Kaso hindi kaya... ‘Yong mga may retoke ‘yong nakakalaban mo kaya wala kang laban... Hindi ko siya kaya kasi nga financially ano ako, problemado... Magastos magpaganda.”*

Matutunghayan sa pahayag na ito kung paano pinaigting din lalo ng Ms. Gay Pangkalawakan ang dikotomiya ng pagiging “maganda” at ng hindi kung saan nagkakaroon ng malinaw na linya na pinatitibay ng mga kultural na ekspektasyon sa pagitan nito para sa mga konteserang nagnanais sumali sa mga timpalak. Malinaw para sa mga konteserang kalahok kung aling uri ng Ms. Gay ang lalahukan dahil na rin sa mga nagmimistulang nakakubling batayan ng kapasiyahan o criteria sa pagsali tulad ng pagiging “natural na maganda” at may kakayahang panindigan at sustentuhan ito. Ang usaping ito ay matutunghayang mas pinatitingkad ng usaping pang-uri at pang-pisikal na kaanyuan sapagkat naaalinsunod sa mga naging kwento ng mga konteserang kalahok na ang pagiging maganda ay pagkakaroon din ng kakayahang pinansyal. Ang mga karanasan ding ito “ay kaugnay ng mga panlipunang pagkakaunawa sa pagiging queer, ngunit ang kanilang kakayahan upang maisabuhay at maisakatuparan ang mga pagkakaunawang ito ay pinipigilan ng mga materyal na hadlang ng kahirapan” (Thoreson 2011, p. 505).

Bukod pa rito, dahil sa pagiging patok ng Ms. Gay Pangkalawakan – para sa mga nagnanais lumahok at kumita gayon na rin para sa mga nagnanais makapanood – ay madali na rin itong nagagamit para sa mga personal na ganansya at maisulong ang interes ng iilan. Bagama’t ibinabandera ang timpalak na ito bilang espasyo upang maipahayag ng mga bakla, bisekswal, queer, at trans na kalahok ang kanilang mga usapin kasama ng mas malawak na hanay ng mga LGBTQIA++, hindi pa rin ligtas ang Ms. Gay Pangkalawakan sa napagsasamantalahan upang mapanatili ang kapangyarihang pampolitika. Ayon nga kay Bea, ang mga timpalak ay: *“Mostly lumalakas yan kapag ganitong tipikal na botohan. Sa botohan sila kumukuha ng ano, kasi kapag botohan kasi, chance na ng mga ano na magkaroon ng proyekto... Tapos ayan na may magsasalitang ganyan, ito na ‘yong mga plataporma nila. Sinasabay na rin.”*

Masusulyapan mula dito ang isa pang aspekto ng pagiging problematiko ng timpalak na ito: kung ang pag-oorganisa nga ba ng mga ito ay may pangunahing layon na isulong ang mga karapatan at maipahayag ang mga usaping kinakaharap ng hanay ng LGBTQIA++ sa bansa o nauungusan ba ito ng iba pang dahilan labas sa usaping ito. Sa ganitong paraan makikita kung sa paanong paraan maaaring napagsasamantalahan ang mga kalahok na may mga kani-kanyang motibo ng pagsali at kung papaano rin sila maaaring nagagamit bilang mga kasangkapan para sa mga personal na interes at ganansya ng iilan. Alinsunod sa pag-aaral nina David at Cruz (2018a), ang mga ganitong uri ng timpalak ay “nakalilikha ng konteksto ng mapanalag na re-negosasyon” (p. 41) ng alternatibong pagtatanghal ng kasarian, uri, at pisikal na kaanyuan bilang isang “bakla at hindi kagandahan.” Ngunit mahalaga pa ring kilalanin ang hangganan ng mga ganitong espasyo sa pagsulong ng tunay, sistematiko, at likas-kayang pagbabago sa lipunan (David at Cruz, 2018a).

Gaano man kamalikhain ang mga konteserang kalahok sa pagpapahayag ng kanilang mga sarili sa Ms. Gay Pangkalawakan, hindi pa rin maikakaila na “ang paglikha ng kontrapublikong ito ay sa tiyak na mga kondisyon at kumbensyon lamang” (David at Cruz, 2018a, p. 41). Lalong pinatitibay ito nang banggitin ni Princess na: *“Kapag sa contest, parang nagiging boses na kami ng LGBT, pero kapag sa amin, parang hindi.”* Umaalingawngaw mula sa maikling pahayag na ito ng isang konteserang kalahok kung ang Ms. Gay Pangkalawakan nga ba ay tunay na nagpapalakas sa marhinalisadong hanay ng mga LGBTQIA++ na katulad nilang nasa laylayan ng lipunan.

## Kongklusyon

Itinatampok ng papel na ito ang mga karanasan ng mga kontesera kaugnay sa kanilang pagsali sa Ms. Gay Pangkalawakan. Mula sa kanilang mga salaysay, makikita ang magagandang epekto ng timpalak sa iba’t ibang aspekto ng kanilang buhay. Nariyan nga’t pinagmumulan ito ng kabuhayan upang matustusan nila ang kanilang mga pangangailangan at magampanan ang kanilang mga responsibilidad sa pamilya. Nalilinig din nito ang kanilang mga intrapersonal na kakayahan at interpersonal na ugnayan. Dagdag pa rito, nagsisilbing lugar ang entablado ng timpalak upang maipamalas nila ang kanilang husay at talento, at maipahayag ang kanilang mga natatanging pananaw sa mga usapin ng uri, kasarian, at kagandahan.

Bukod pa rito, mahalaga ring mabigyang-diin na ang Ms. Gay Pangkalawakan ay mistulang isang pook ng pagbalikwas sa mga namamayaning retorika at pamantayan ng kagandahan na lumilikha ng mga espasyong “mahigpit na binabantayan at lubos na pinapatawan ng mga regulasyon hinggil sa pinahihintulutang pag-uugali” (Mironova, 2017, p. 2). Gamit ang entablado ng timpalak, naitatanghal at naitataguyod ng mga

kontesera ang isang alternatibong pagtingin hinggil sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga “bakla at hindi kagandahan” na namumuhay sa laylayan . Sa ganitong paraan nila nalalabanan ang mga mapangmatang pananaw sa paligid na sa huli ay nagbubukod sa kanilang hanay mula sa nakararami sa lipunan.

Samantala, hindi maikakaila na maraming problematikong implikasyon ang Ms. Gay Pangkalawakan sa mga konteserang kalahok. Bagama’t malinaw ang potensyal nito sa paglinang ng kanilang mga kakayahan at ugnayan at ang katangian nito bilang isang kontrapubliko, makikita na nagiging tumpalan pa rin sila ng iba’t ibang isyu tulad ng pag-eestereotipo, istigmatisasyon, at diskriminasyon, sa harap man o sa likod ng entablado (David at Cruz, 2018a). Ipinapa kita lamang nito na sa loob o labas ng timpalak, masalimuot ang karanasan at ugnayan ng pagsasakapangyarihan at kaapihan sa kanilang buhay. Kaya naman, hindi maaaring kagyat na hinuhain na ang Ms. Gay Pangkalawakan ay esensyal na nakapangyayari o nang-aapi. Kailangan pa itong palalimin sa mga susunod na saliksik na magsasangkot ng higit pang bilang ng mga kontesera at iba pang mga sangkot na tauhan.

Sa kabila ng mga limitasyon, maaari pa ring umambag ang papel na ito sa pagpapaibayo ng diskurso at iskolarling pag-aaral ukol sa kasarian at sekswalidad. Magagamit din ang mga aral at kabatirang nahinuha mula rito sa anumang pagtatangka upang maisulong ang mga karapatan ng mga LGBTQIA++ sa bansa. Gayundin, sa pagpapalutang sa boses at pagpapatingkad sa subjektibidad, lunggati, danas, at pagnanasa ng mga kontesera ng Ms. Gay Pangkalawakan, nabibigyang-liwanag ang yaman at lawak ng buhay ng mga LGBTQIA++ sa Pilipinas lampas sa simpleng binaryo ng inaapi/nang-aapi at ipinaparaya/nagpaparaya (Giertsen, 2016; Ros MacKinnon, 2011).

### **Mga Sanggunian:**

- Almendral, A. (2018). A transgender paradox, and platform, in the Philippines. *The New York Times*. <https://www.nytimes.com/2018/04/29/world/asia/transgender-philippines-discrimination.html>
- Assayag, J. (1999). “La “glocalisation” du beau: Miss Monde en Inde.” *Terrain* 32,67–82.
- Balogun, O. M. (2012). “Cultural and cosmopolitan: Idealized femininity and embodied nationalism in Nigerian beauty pageants.” *Gender and Society* 26(3), 357-81.
- Banet-Weiser, S. (1999). *The Most Beautiful Girl in the World: Beauty Pageants and National Identity*. University of California Press.
- Beauboeuf-Lafontant, T. (2003). “Strong and large black women? Exploring relationships between deviant womanhood and weight.” *Gender and Society* 17(1), 111-21.
- Bionat, J. F. (2017, Pebrero 13). ‘Miss Gay’ in focus. *Outrage Magazine*. <https://outragemag.com/a-close-look-at-miss-gay/>

- Brown, H. C. (2008). "Social work and sexuality, working with lesbians and gay men: What remains the same and what is different?" *Practice: Social Work in Action* 20 (4), pp. 151-165.
- Brownell, S. (2001). "Making Dream Bodies in Beijing: Athletes, Fashion Models, and Urban Mystique in China." Mula sa N. Chen, C. Clark, S. Gottschang, at L. Jeffery (mga pat.), *China Urban: Ethnographies of Contemporary Culture*. Duke University Press.
- Burch, S. (2006). "Beautiful, though Deaf": The Deaf American Beauty Pageant." Mula sa J. Brueggemann at S. Burch (mga pat.), *Women and Deafness: Double Visions*, pp. 242–61. Gallaudet University Press.
- Cabral, A. (2017, Enero 26). Inside the world of gay beauty pageants. *CNN Philippines*. <http://nine.cnnphilippines.com/life/culture/2017/01/20/mr-gay-world-and-other-gay-pageants.html>
- Cannell, F. (1999). "Beauty and the Idea of America." Mula sa *Power and Intimacy in the Christian Philippines*, pp. 203-26. Cambridge University Press.
- Calleja, N. (2012). 'Bilbiling Mandaluyong': Fat is beautiful. *Philippine Daily Inquirer*. <http://newsinfo.inquirer.net/151867/bilbiling-mandaluyong-fat-is-beautiful>
- Cepriano, A., E. Santos, D. C. Alonzo, at Ofreneo, M. A. (2016). "Girl, Bi, Bakla, Tomboy": The intersectionality of sexuality, gender, and class in Urban Poor Context." *Philippine Journal of Psychology* 49(2), 5-34.
- Chalkin, V. (2015). "All Hail the Fierce Fat Femmes." Mula sa H. Hester, at C. Walters (mga pat.), *Fat Sex: New Directions in Theory and Activism*, pp. 85–98. Routledge.
- Charmaz, K. (2000) "Grounded theory: Objectivist and constructivist methods." Mula sa N. K. Denzin at Y. S. Lincoln (mga pat.), *Handbook of a Qualitative Research* (Ikalawang ed.) pp. 509-533. Sage.
- Christens, B. D. (2012a). "Toward relational empowerment." *American Journal of Community Psychology* 50, 114–128.
- \_\_\_\_\_ (2012b). "Targeting empowerment in community development: A community psychology approach to enhancing local power and well-being." *Community Development Journal* 47, 538–554.
- Cohen, C., R. Wilk, at Stoeltje, B. (1996). *Beauty queens on the global stage: Gender, contests, and power*. Routledge.
- Collins, P. H. (2012). "Social inequality, power, and politics: Intersectionality and American pragmatism in dialogue." *Journal of Speculative Philosophy* 26(2), 442-457.
- Craig, M. L., (2002). *Ain't a Beauty Queen? Black Women, Beauty and the Politics of Race*. Oxford University Press.
- David, E. (2015). "Purple-collar labor: Transgender workers and queer value at global call Centers in the Philippines." *Gender and Society* 29, 169-194.
- David, E. at Cruz, C. J. (2018a). "Big, bakla, and beautiful: Transformations on a Manila pageant stage." *Women's Studies Quarterly* 46(1), 29-45.
- \_\_\_\_\_ (2018b). "Deaf turns, Beki turns, transformations: Toward new forms of deaf queer sociality." *Feminist Formations* 30(1), 91-116.
- De Casanova, E. M. (2004). "No ugly women': Concepts of race and beauty among adolescent women in Ecuador." *Gender and Society* 18(3), 287-308.

- Denzin, N. K. at Lincoln, Y. S. (2013). "Introduction: The Discipline and Practice of Qualitative Research." Mula sa N. K. Denzin at Y. S. Lincoln (mga pat.), *The Landscape of Qualitative Research*. Sage.
- Diaz, B. (2016). "Queer unsettlements: Diasporic Filipinos in Canada's world pride." *Journal for Asian American Studies* 19(3), 327-50.
- Durham, D. (1999). "The predicament of dress: Polyvalency and the ironies of cultural identity." *American Ethnologist* 26(2), 389-411.
- Giertsen, M. (2016). "Heteronormativity in Norwegian Social Work Journals." *Critical Social Work* 17(2), 43-58.
- GMA News. (2016, Nobyembre 18). Miss Gay Pangkalawakan rarampa sa 'Reel Time.' GMA News. <https://www.gmanetwork.com/news/newstv/reeltime/589376/miss-gay-pangkalawakan-rarampa-sa-reel-time-nbsp/story/>
- Graham, M. (2004). "Empowerment revisited: Social work, resistance and agency in black communities." *European Journal of Social Work* 7, 43-56.
- Gutierrez, N. (2017, Mayo 17). LGBTQ activists: We are tolerated but not accepted in the Philippines. *Rappler*.
- Johnson, M. (1996). "Negotiating style and mediating beauty: Transvestite (Gay/ Bantut) beauty contests in the Southern Philippines." Mula sa C. Cohen, R. Wilk, at B. Stoeltje (mga pat.), *Beauty Queens on the Global Stage: Gender, Contests, and Power*. Routledge.
- \_\_\_\_\_. (1997). *Beauty and Power: Transgendering and Cultural Transformation in the Southern Philippines*. Berg.
- Lavenda, R. H. (1988). "Minnesota queen pageants: Play, fun, and dead seriousness in a festive mode." *Journal of American Folklore* 101(2), 168-175.
- Lee-Mendoza, T. (2008). *Social welfare and social work* (Ikatlong ed.). Central Book Supply Inc.
- Lim, A. (2011). "GALANG: A movement in the making for the rights of poor LBTs in the Philippines." Mula sa S. Batliwala (pat.), *Changing Their World*. Association for Women's Rights in Development.
- Livingston, J. (Direktor). (1990). *Paris Is Burning*. Barry Swimar at Jennie Livingston, prods. Off-White Productions.
- Logie, C. H., A. Lacombe-Duncan, K. Levermore, at Jones, N. (2017). "Conceptualizing empowerment practice with lesbian, gay, bisexual and transgender youth in Jamaica." *Social Work Education* 36(4), 456-465.
- Manalansan IV, M. (2003). *Global divas: Filipino gay men in the diaspora*. Duke University Press.
- Maslang, E. (2014). "Sacada: A look at the hacienda system in the Philippines." *Philippine Journal of Social Development* 6(1), 109-139.
- Mironova, O. (2017, Marso 8). Counterpublic spaces and movement-building. *Metropolitics*. <https://metropolitics.org/IMG/pdf/met-mironova.pdf>
- National Association of Social Workers (2015, Hunyo 18). Incorporating intersectionality in social work practice, research, policy and education. NASW Press. <https://www.naswpress.org/publications/practice/inside/intersectionality-in-social-work-intro.html#>
- Ochoa, M. (2014). *Queen for a day: Transformistas, Beauty Queens, and the Performance of Femininity in Venezuela*. Duke University Press.

- Patterson-Faye, C. J. (2016). "‘I Like the Way You Move’: Theorizing fat, black and sexy." *Sexualities* 19(8), 926-44.
- Peterson, W. (2011). "‘Amazing show’ in Manila: ‘Fantasy-production’ and Filipino labor in a transnational, transcultural, transgendered theatre enterprise." *Theatre Journal*, 63(4).
- Radhakrishnan, E. (2005). "‘Time to show our true colors’: The gendered politics of ‘Indianness’ in post-apartheid South Africa." *Gender and Society* 19(2), 262-81.
- Ross MacKinnon, K. (2011). "Thinking about queer theory in social work education: A pedagogical in(query)." *Canadian Social Work Review* 28(1), 139-144.
- Russell, A. (1997). "Miss World comes to India." *Anthropology Today* 13(4), 12–14.
- Schulz, D. (2000). "Mesmerizing missis, nationalist musings: Beauty pageants and the public controversy over ‘Malian’ Womanhood." *Paideuma* 46, 111–135.
- Symington, A. (2004). "Intersectionality: A tool for gender and economic justice." Mula sa *Women’s Rights and Economic Change*. Association for Women’s Rights in Development.
- Thoreson, R. (2009). The pink streak in a grey market: Queerness and poverty in the urban Philippines. OPHI Occasional Paper. Oxford Poverty and Human Development Initiative - University of Oxford.
- \_\_\_\_\_ (2011). "Capably queer: Exploring the intersections of queerness and poverty in the urban Philippines." *Journal of Human Development and Capabilities* 12(4), 493-510.
- United Nations Development Programme at United States Agency International Development (2014). Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report. Bangkok, Thailand.
- Wagaman, A., J. Shelton, at Carter, R. (2018). "Queering the social work classroom: Strategies for increasing the inclusion of LGBTQ persons and experiences." *Journal of Teaching in Social Work* 38(1), 1-17.
- Warner, M. (2005). *Publics and Counterpublics*. Zone Books.
- Wilk, R. R. (1995). "Learning to be local in Belize: Global systems of common difference." Mula sa D. Miller (pat.), *Worlds Apart: Modernity Through the Prism of the Local*, pp. 110–133. Routledge.
- Wu, J. T. (2000). "‘Loveliest daughter of our ancient Cathay!’: Representations of ethnic and gender identity in the Miss Chinatown U.S.A. beauty pageant." Mula sa P. Scranton (pat.), *Beauty and Business: Commerce, Gender, and Culture in Modern America*, pp. 278–308. Routledge.

**Tungkol sa May-akda:****LUNA C. SALANIO**

Si Luna C. Salanio ay kasalukuyang Project Associate sa Sustained Health Initiatives of the Philippines. partikular sa programa nitong CABLE o HIV Community Based Organization & Civil Service Organization Capacity Building Program. Siya ay nagtapos ng digring B.S. Social Work sa UP College of Social Work and Community Development (CSWCD). Bilang isang babaeng may karanasang *trans*, lumahok siya sa iba't ibang mga gawain kaugnay sa pagsulong ng mga karapatan ng LGBTQIA++ at iba pang sektor sa lipunan habang siya'y nag-aaral.

## **Sertipikasyon ng Mga Tagasalin sa Canada at Australia: Batayan ng Mungkahing Modelo para sa Pilipinas<sup>1</sup>**

***(Certification of Translators in Canada and Australia:  
Basis for a Proposed Model for the Philippines)***

**Ian Mark P. Nibalvos**  
Samar State University  
ianmark.nibalvos@ssu.edu.ph

### **ABSTRAK**

Matagal nang suliranin sa bansa ang usapin ng estandardisasyon at propesyonalisasyon ng pagsasalin. Nakita na noon pa man nina Almario, Miclat at Batnag ang pangangailangan sa proseso ng pagkilala sa mga tagasalin sa bansa o ng sertipikasyon bilang hakbang sa pagsasapormal sa mga gawaing pagsasalin. Ang papel na ito ay paunang pag-aaral sa sertipikasyon ng mga tagasalin bilang pangunahing hakbang sa pagtugon sa suliraning ito. Ito ay isang kalitatibong pag-aaral ng paghahambing sa sistema ng sertipikasyon ng mga bansang Canada at Australia bilang batayan sa propesyonalisasyon ng pagsasalin sa Pilipinas. Tinutugunan nito ang sumusunod na mga layunin: 1) mailahad ang proseso ng sertipikasyon ng mga tagasalin sa mga nabanggit na bansa, 2) mapaghambing ang mahuhusay na praktika sa sertipikasyon sa dalawang bansa na maaaring gamitin sa sertipikasyon ng mga tagasalin sa Pilipinas, at 3) makapagmungkahi ng proseso o mga hakbang sa sertipikasyon ng mga tagasalin sa bansa. Isang mungkahing modelo ang inihahapag ng mananaliksik na maaaring pagmulan ng argumento, pagkakasundo-sundo o ng mas malawig pang usapin sa proseso ng sertipikasyon ng mga tagasalin.

**Mga Susing Salita:** Pagsasalin, Araling Salin, sertipikasyon ng mga tagasalin, propesyonalisasyon ng salin, sertipikadong tagasalin

~~~

ABSTRACT

The issue of standardization and professionalization of translation has long been a problem in the country. Almario, Miclat, and Batnag have always seen the need for the process of certifying translators in the country or certification as a step in formalizing activity related to translation. This paper is a preliminary study on the certification of

¹Ang panimulang bersyon ng pananaliksik na ito (bago ang proseso ng peer review) ay unang ibinahagi sa “Salintasan: Buwanang Talakayan sa Pagsasaling Filipino” na inorganisa ng UST Sentro sa Salin at Araling Salin noong Marso 26, 2021. Maaakses ang panayam sa [YouTube Channel ng Sentro](#).

translators as a key step in addressing this problem. This is a qualitative study comparing the certification system of Canada and Australia as the basis for translation professionalization in the Philippines. It addresses the following objectives: 1) to present the certification process of translators in the above -mentioned countries, 2) to compare the best practices in certification in the two countries that can be used in the certification of translators in the Philippines, and 3) to recommend a process or steps for certifying translators in the country. A suggested model is presented by the researcher that can be the source of argument, consensus, or a broader issue in the certification process of translators.

Keywords: Translation, Translation Studies, certification of translators, professionalization of translation, certified translator

Introduksyon

Matagal nang praktika sa ating bansa ang pagsasalin. Sa katunayan, isa sa mahahalagang dokumentong nailimbag noong 1593, ang *Doctrina Christiana*, ay naisalin mulang Espanyol tungong Tagalog. Sa pang-araw-araw nating mga gawain, sa loob man o labas ng ating mga tahanan, nagagamit natin ang pagsasalin nang hindi natin namamalayan. Halimbawa, minsan natatanong tayo ng ating kapatid o kaibigan sa kahulugan ng isang termino o salita sa Ingles o sa ibang wika. Kung minsan din naman, naitatanong natin sa ating guro ang ibig ipakahulugan ng isang salita na bago sa ating pandinig. Ang mga gawaing ito ay maituturing na pagsasalin, simple man at di natin namamalayan, ngunit isang bagay na bahagi na ng ating buhay. Kung gayon, mahalaga ang pagsasalin upang magkaroon ng pag-unawa sa ilang bagay-bagay at upang maging epektibo ang komunikasyon.

Hindi pa nasisiguro kung kailan naging aktibo ang pagsasalin sa bansa subalit nagkaroon na noon pa man ang Surian ng Wikang Pambansa (SWP)² ng dibisyon sa pagsasalin subalit hindi ito nagkaroon ng estratehikong target upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pagsasalin (Almario, 1996). Napagtutuunan lamang ng pansin ng mga kawani ng dibisyon ang ipinasasaling mga materyal mula sa iba't ibang opisina ng pamahalaan (Almario, 1996). Binanggit ni Almario (2016) sa kanyang artikulong "Sulyap sa Kasaysayan ng Pagsasalin sa Filipinas," na noon pa lang ay may mga balak na sa institusyonalisasyon ng pagsasalin dahil sa pagbubuo ng isang kawanihan sa pagsasalin sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas. Pagdaragdag pa ni Almario (2016), nagkaroon ng mga pagsasanay sa pagsasalin tungo sa ibang mga wika sa [P]ilipinas na makikita sa mga lumabas na salin ng mga awit, tula at iskit mula sa Metro Manila para

² Ito ngayon ang Komisyon sa Wikang Filipino o KWF.

magamit sa pagkilos sa ibang rehiyon ng bansa. Naidaos din ang unang pambansang palihan sa pagsasalin na tinawag na Panday-Salin hanggang sa magkaroon na ng mga kurso sa larang na ito sa Unibersidad ng Pilipinas (UP). Unang napahintulutan ang pagbubukas ng asignatura sa pagsasalin sa UP noong 1970 hanggang sa ito'y gawing BA medyor sa Pagsasalin (Almario, 2016). Lalo pang yumabong ang pag-aaral sa larang na ito nang buksan naman noong 1988 ang kursong doktorado (Almario, 2016). Sa kasalukuyan, napapanatili sa pamantasan ang doktoradong kurso at nagkaroon na rin ng Master of Arts in Filipino – Pagsasalin na parehong nasa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) (University of the Philippines, w.p.).

Sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) naman, binuksan din ang kursong Bachelor of Arts in Translation noong 1978 hanggang 1985. May ilang nakapagtapos sa kursong ito at may nakapagtrabaho pa sa SWP, subalit dahil sa kakaunti lamang ang kumukuha sa kurso ay napagdesisyonan itong tanggalin.³ Muli namang naibalik ang pag-aaral ng pagsasalin sa kasalukuyan bilang *core subject* sa kolehiyo na nakatuon sa pagsasalin ng mga teksto sa larang o disiplinang kinukuha ng mga mag-aaral. Nagkaroon din noon ng asignatura sa pagsasalin ang Pamantasang Normal ng Pilipinas (PNU) at binuksan naman ito bilang kursong *elective* para sa di gradwado at gradwadong antas sa Pamantasang De La Salle (DLSU) (Almario, 2016).

Ngunit, tila sa pag-usad ng panahon, isa ang Pilipinas sa maraming bansang napag-iwanan na sa pagpapaunlad ng larang na ito sa kabila ng napakahaba na nitong kasaysayan sa bansa. Matagal-tagal na rin itong isinusulong ng ilang eksperto upang kilalanin bilang isang propesyon. Natuklasan na noon pa man ni Batnag (2003) sa kaniyang papel na “Isang Programa sa Pagsasalin” ang mga kakulangan sa larang na ito: una, ang kaisahan o sistematikong koordinasyon ng mga gawaing kaugnay ng pagsasalin; pangalawa, ang sistematikong pagtatala ng mga naisalin na at dapat pang isalin; at pangatlo, ang mga patakarang kaugnay ng kapakanan ng mga tagasalin. Sa ikatlo, bilang pagpapahalaga sa mga tagasalin, iminumungkahi ni Batnag ang sumusunod: 1) pagpapasigla sa mga pagsasanay para sa mga tagasalin, 2) pagkakaroon ng akreditasyon ng mga tagasalin, 3) estandardisasyon ng *translators fee*, at 4) pagkilala sa mga karapatan ng tagasalin. Ito rin ang nais isulong noon pa man ni Almario (2003) sa kanyang artikulong “Pagsasalin Bilang Isang Pambansang Palatuntunang Pangkultura,” ang propesyonalisasyon ng mga tagasalin at ang pagbuo ng isang pambansang palatuntunan sa pagsasalin. Isa sa kanyang mahalagang mungkahi ay ang paglalathala ng isang direktoryo ng mga tagasalin. Sinususugan pa ito ni Almario (2016) sa kaniyang papel-pananaliksik na “Pagsasalin ay Di Biro,” dahil sinabi niyang kailangang madaliin ang estandardisasyon ng pagsasalin. Isa sa kanyang mga ipinag-aalala ay ang

³ Ang impormasyon ay ibinahagi ni Dr. Aurora E. Batnag (ang nagsilbing pangunahing rebyuwer ng papel para sa “Palihan: PSLLF-Kawing Journal Writeshop 2021”) bilang komento sa papel na ito.

pagiging delikado na mabigyan ng lisensya ang mga tagasaling nakapag-aalinlangan ang kadalubhasaan sa wikang Filipino.

Matagal-tagal na panahon nang naimungkahi ang pagsusulong sa pagpapaunlad ng pagsasalin sa bansa lalo na ang estandardisasyon at propesyonalisasyon nito, subalit hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring malinaw na polisiya kung paanong pormal na kikilalanin ang pagsasalin bilang isang propesyon at ang mga tagasalin bilang mga propesyonal. Sa katunayan, sa *website* ng KWF, nakalagay sa kanilang Sangay ng Salin (SS)⁴ ang programa nila sa sertipikasyon ng pagsasalin. Ito ang impormasyong nakalagay:

Pambansang pagsasanay hinggil sa pagsasalin para sa mga [P]ilipinong nais magkaroon ng kapasidad na magsalin sa Filipino at sa ibang mga wika sa [P]ilipinas. Mahalagang hakbang ang pagsasanay na ito para sa propesyonalisasyon ng pagsasalin sa [P]ilipinas (Komisyon sa Wikang Filipino, w.p.).

Nakatuon lamang sa mga pagsasanay tulad ng mga kumperensya at mga palihan sa pagsasalin ang programang ito ng ahensya na bahagi lamang kung tutuusin sa proseso ng sertipikasyon ng mga tagasalin. Wala ring nakalagay na *link* kung ano-ano na ang kanilang mga hakbang na ginagawa upang maisapropesyon na ito sa bansa o kaya ang kanilang mga naging tugon sa mga hangarin upang gawin itong estandardisado na naimungkahi na mula sa kanilang mga idinaos na kumperensya. Batay sa naging panayam ng mananaliksik kay G. John Enrico C. Torralba, Puno ng Sangay ng Salin ng KWF, nagsusumikap ang komisyon na hikayatin ang mga tagasalin na bumuo ng network upang pag-usapan ang mga problema sa pagsasalin at upang magamit din ang ugnayang ito sa pagsusulong ng batas sa propesyonalisasyon ng larang na ito. Ayon pa sa kanya, bagama't naisasagawa ng ahensya ang sertipikasyon ng mga tagasalin, wala pa rin itong bigat na tulad ng sertipikasyong ibinibigay ng Professional Regulation Commission (PRC) dahil sa kakulangan ng awtoridad o pagkilala ng pamahalaan na isagawa ito. Pagdidiin ni Fajilan (2020), “Walang kinikilalang awtoridad sa pagsasalin sa bansa di gaya sa ibang panig ng mundo na mayroong tiyak na ahensya ng pamahalaan ng nakatutok sa pagsasalin...” Dagdag pa niya, Dahil walang awtoridad na inaasahan upang magsuri ng proseso at produkto ng salin, hindi matitiyak na ang mga proseso ay dumadaan sa masinsinang ebalwasyon.” Nahihirapan ang mga tao o kliyente sa paghahanap ng tagasalin o serbisyong pagsasalin dahil sa kawalan ng kaalaman kung sino-sino o ano-anong mga ahensya ang kanilang lalapitan na may mga ekspertong nagsasagawa ng serbisyo. Kaya madalas na sa mga kakilalang guro o sa mga kilalang

⁴ Tungkulin ng Sangay ng Salin: Tutulong ang SS sa Kalupunan ng mga Komisioner sa pagbuo ng mga patakaran sa pagsasalin at sa pagbuo ng isang “Kawanihan sa Pagsasalin” (Komisyon sa Wikang Filipino, w.p.).

taong marunong mag-Ingles naipapagawa ito dahil sa maling persepsyon na ang pagsasalin ay para sa mga taong nasa akademiko lamang at sa mga marurunong magsalita ng Ingles. Walang mahanap na database o listahan ng mga tagasalin kung kaya nauuwi ito sa kung sino-sinong taong mapagkakatiwalaan ng gawain na kulang naman sa kaalaman na ang pagsasalin ay dumaraan sa proseso mula sa paghahanda ng pagsasalin hanggang sa ebalwasyon ng isinaling teksto. Ito ay dahil din sa karamihan na mga tekstong isinasalin ay mula Ingles tungo sa ibang wika at ayon kay Fajilan, sa pakikipanayam ng mananaliksik sa kanya, sa mababang pagtingin sa wikang Filipino at sa pagsasalin na rin na nakaaapekto naman sa usaping pangkultura, estandardisasyon, at pagtiyak sa kalidad ng trabaho.

Sa usapin ng pagsiguro ng kalidad ng salin, hindi nabibigyan ng katiyakan ang mga kliyenteng nagpapasalin kung wasto ba ang pagkakasalin o ang pagkakasulat nito sa target na wika. Kung minsan ang dahilan nito ay ang kahusayan lamang ng nagsasalin sa isang wika at hindi sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin. Maling persepsyon na ang pagsasalin ay maaaring gawin ng sino mang bilinggwal (W. Fajilan, personal na komunikasyon, Pebrero 23, 2022). Ito ang dahilan kung bakit kinakailangang isulong ang sertipikasyon sa mga tagasalin upang mabigyan ng garantiya ang mga kliyente na ang tagasalin ay may sapat na kakayahan o kaya naman nasisigurong nagagawa nang tama ang trabaho (J. E. Torralba, personal na komunikasyon, Pebrero 25, 2022). Ito ay proteksiyon sa mga kliyente na ang serbisyong kanilang nakukuha ay siguradong may kalidad sapagkat ang isang tagasalin ay dumaan sa proseso ng sertipikasyon. Subalit malaking suliranin ito sa Pilipinas sapagkat sa mga pagkakataong may pagdududa ang isang kliyente na hindi tama o wasto ang salin ay walang batas na maaaring maging batayan ng pagpaparusa sa mga tagasalin o regulasyon ng pagkakatanggal ng pribilehiyong maging isang tagasalin dahil sa pagkakamaling nagawa. Sa pananalita ni Fajilan (2020), "...walang sistema upang panagutin ang mga tagasalin" kung kaya hindi sineseryoso ng marami ang gawaing ito sa bansa at maraming Pilipino ang hindi nabibigyan ng mahusay na serbisyo sa pagsasalin. Hindi katulad ng ibang mga propesyon tulad ng guro, pulis, nars, midwife, at iba pa na kung sila ay lumalabag sa sinumpaang tungkuling batay sa etika at istandard ng kanilang propesyon ay maaaring suspendihin sila sa pagsasagawa ng kanilang propesyon o mas malala pa ay bawiin sa kanila ang ibinigay na prebilehiyo.

Isa pang malaking suliranin ng mga tagasalin ay ang pagpapahalaga sa kanila at sa kanilang gawain. Hindi kinikilala bilang isang mahalagang gawain ang pagsasalin kung kaya hindi rin nabibigyan ng proteksyon ang mga tagasalin sa bansa. Paglalahad ni Beverly Siy (personal na komunikasyon, Marso 11, 2022, na isa sa mga suliraning kinakaharap ng mga tagasalin ay ang kawalan ng istandard na bayad sa pagsasalin. Hindi nabibigyan ng karapatan ang mga tagasalin na mag-demand ng karampatang

bayad para sa kanilang serbisyo (J. E. Torralba, personal na komunikasyon, Pebrero 25, 2022). Hindi rin nabibigyan ng mga benepisyo ang mga tagasalin katulad ng mga propesyonal o manggagawang nakatatanggap ng buwanang sahod, *allowance*, *insurance*, at iba pa. Kung kaya, marami sa mga tagasalin sa bansa ay ginagawang *parttime* lamang ang gawaing ito.

Ang mga suliraning ito ang nais tugunan ng pag-aaral na ito, ang makabuo ng isang malinaw na proseso sa sertipikasyon ng mga tagasalin sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtukoy sa mahuhusay na praktika sa bansang Canada at Australia. Nakatuon lamang ang pag-aaral na ito sa sertipikasyon partikular sa proseso o mga hakbang sa pagbibigay ng lisensya o sertipiko sa mga nais na maging lisensyadong tagasalin sa bansa at ang mga kalipikasyon o kahingian na dapat taglayin upang makakuha ng pagsusulit at maproseso ang sertipikasyon. Saklaw lamang ng pag-aaral ang dalawang bansang nabanggit dahil kinikilala ng kanilang mga estado o pamahalaan ang pagsasalin bilang isa sa mga mahalagang propesyon. Ang dalawang bansang ito rin ay may malinaw na polisiya sa sertipikasyon ng mga tagasalin na kinikilala ng kanilang batas at may mga ahensyang tukoy ng kanilang pamahalaan na siyang tanging makapagbibigay ng sertipikasyon tulad ng Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council (CTTIC) sa bansang Canada na kinikilala sa pamamagitan ng Supplementary Letters Patent na inilabas ng Secretary of State ng Canada noong Hunyo 29, 1956 (Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council, w.p.) at ang National Accreditation Authority for Translators and Interpreters (NAATI) sa bansang Australia na kinikilala naman sa pamamagitan ng Migration Regulations 1994 (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). May mahusay din namang proseso ng sertipikasyon sa United States subalit hindi napangangasiwaan ng kanilang pamahalaan ang gawaing ito at sa halip ay *non-government* o *volunteer organization* ang nangangasiwa katulad ng American Translators Association (ATA). Napili rin ang dalawang bansang paksa sa papel na ito sapagkat maihahalintulad ang kanilang sitwasyong pangwika sa Pilipinas. Katulad ng Pilipinas na kinikilala ang Ingles at Filipino bilang mga opisyal na wika at may mga sari-sariling wika ring ginagamit ang mga tao sa bawat rehiyon, lalawigan o pangkat-etniko (ito ang tinatawag na unang wika o sinusong wika ng mga tao tulad ng Waray, Hiligaynon, Ilokano, Bicolnon, Bisaya, at iba pa), ang Canada ay kinikilala ang Ingles at Pranses bilang mga opisyal na wika dahil sa pagkakasakop dito ng mga bansang Britanya at Pransya (katulad din ng Pilipinas na dumaan sa mahabang panahon ng kolonisasyon) (Burnaby, 2008). Dahil sa pagiging multikultural nitong bansa, may mga tao sa ibang rehiyon na gumagamit ng wikang German o Italian (Britannica, w.p.). Marami rin ang gumagamit ng wikang Tsino dahil sa paglobo ng bilang ng mga Tsino sa bansang ito (Britannica, w.p.). Samantala, maitutulad din ang Australia sa Pilipinas dahil sa pagkakaroon nito ng maraming pangkat-etniko na may kani-kanyang mga wikang ginagamit. Batay sa National Indigenous Languages

Survey Report 2005, may tinatayang 100 na katutubong wika sa bansang ito subalit marami sa kanila ang nanganganib nang mawala (Australian Human Rights Commission, 2009). Ang suliraning ito sa pagkamatay ng mga wika at sa panganib na mawala ang iba ay dala ng kolonisasyon na nagdulot naman sa pagtangkilik sa paggamit ng wikang Ingles (O'Shannessy at Meakins, 2016).

Ito ay isang kalitatibong pag-aaral ng paghahambing sa sistema ng sertipikasyon ng mga bansang Canada at Australia bilang batayan sa propesyonalisasyon ng pagsasalin sa Pilipinas. Nais nitong matugunan ang sumusunod na layunin: 1) mailahad ang proseso ng sertipikasyon ng mga tagasalin sa mga nabanggit na bansa, 2) mapaghambing ang mahuhusay na praktika sa sertipikasyon sa dalawang bansa na maaaring gamitin sa sertipikasyon ng mga tagasalin sa Pilipinas, at 3) makapagmungkahi ng hakbang o modelo sa sertipikasyon ng mga tagasalin sa Pilipinas na maaaring gamiting batayan ng UST Sentro sa Salin at Araling Salin (UST-SSAS), Sangay ng Salin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ng NCCA o ng iba pang mga institusyong naghahangad ng propesyonalisasyon ng pagsasalin sa bansa.

Nakaangkla rin ang kaisipan sa pagbuo ng mungkahing modelo sa apat na batayan sa propesyonalisasyon ng pagsasalin ni Atty. Rolando A. Bernales: 1) trabaho (may mga kompanya ba sa Pilipinas na kumukuha o nagha-*hire* ng mga tagasalin?), 2) propesyonal na organisasyon (mayroon bang mga nabuong propesyonal na organisasyon para sa mga tagasalin sa bansa?), 3) edukasyon (may mga paaralan ba sa bansa na nag-o-*offer* ng mga kurso sa pagsasalin mula sa di gradwadong antas hanggang sa gradwado?), 4) propesyonal na eksaminasyon (may mga ahensya ba o institusyong nagbibigay ng pagsusulit upang maging isang *Certified Translator*?). Sa ikaapat na batayan nagkukulang ang estado ng pagsasalin sa bansa kaya dito nakatuon ang pag-aaral na ito. Kaya naman, pagsusumikapan sa papel na ito na masagot ang tanong na, “ano ang magiging proseso ng sertipikasyon ng mga tagasalin?”

Pagkilala sa Pagsasalin Bilang Serbisyong Pampubliko

“Isang tiyak na serbisyong pampubliko ang pagsasalin” (Fajilan, 2020). Sa panahon ng krisis tulad ng pandemya nakita ang kahalagahan ng pagsasalin ng mga impormasyon upang mas lalong maunawaan ng mga tao ang sitwasyon at kung paano matutugunan ang kinakaharap na suliranin. Tulad ng mga tekstong kumalat sa social media, sa telebisyon at radyo, at maging sa mga karatula tungkol sa COVID-19 at sa ilang protokol na ipinatutupad ng pamahalaan upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Mahalaga ang pagsasalin dahil isa itong mabisang paraan ng komunikasyon sa ano mang gawain sa pamayanan o sa bansa (Fajilan, 2020). Subalit, hindi ganoon kataas

ang pagkilala sa gawaing ito at maging ang kamalayan ng maraming Pilipino. Hindi rin ito napag-uukulan ng pansin ng mga lider sa bansa kung kaya't hanggang sa kasalukuyan ay wala pang batas na kumikilala sa gawaing ito bilang isang propesyon at sa mga tagasalin bilang mga propesyonal. Kapwa nakikita nina Torralba (personal na komunikasyon, Pebrero 25, 2022) at Fajilan (personal na komunikasyon, Pebrero 23, 2022) ang kahalagahan ng pagkakaroon ng batas na mag-aatas na dumaan sa proseso ng sertipikasyon ang mga taong nais na magsagawa ng serbisyong ito. Upang magkaroon din ng kaisahan sa susunding pamantayan o istandard sa mga kahingian o kalipikasyon ng tagasalin at sa proseso ng sertipikasyon, mahalagang makabuo ng network ng mga tagasalin, mga propesyonal na organisasyon, mga akademikong institusyon, at mga pribadong kompanya upang pag-usapan ito at isulong ang pagkakaroon ng batas. Mahalaga rin na magkaroon ng batas upang matukoy ang ahensyang nararapat na magsagawa ng sertipikasyon. Kung maisasakatuparan ang mga unang hakbang na ito, sunod na maaaring maging priyoridad ang pagbibigay ng karampatang bayad at benepisyo sa mga tagasalin at maitaas ang dangal ng mga tagasalin tulad ng ibang mga propesyonal.

Kamakailan lamang ay narinig mula kay Bernales sa kanyang panayam sa *Hasaan 7: Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin* noong ika-7 ng Agosto 2019 sa UST na dalawang beses na nababanggit sa *Republic Act No. 8293* o ang tinatawag na *Intellectual Property Code of the Philippines* ang salitang “*translation*” o ang pagsasalin. Una, sa *Chapter V, Section 177*. Ito ang isinasaad nito.

SECTION 177. Copyright or Economic Rights. - Subject to the provisions of Chapter VIII, copyright or economic rights shall consist of the exclusive right to carry out, authorize or prevent the following acts:

*177.2. Dramatization, **translation**, adaptation, abridgment, arrangement, or other transformation of the work* (sa mananaliksik ang diin) (Official Gazette of the Republic of the Philippines, w.p.)

Nauukol ito sa mga legal at moral na karapatan ng awtor o may-ari ng karapatang-ari kaugnay ng gawaing pagsasalin (Bernales, w.p.). Sinabi ni Bernales na may ekonomikong karapatan ang may-ari ng karapatang-ari ng isang akda na pahintulutan ang pagsasalin at tutulan kung sa tingin naman niya ay mali ang salin sa puntong isa na iyong distorsyon o mutilasyon ng kanyang akda, o kaya'y ang salin ay isa nang aksyong

derogatoryong maaaring makasira sa kanyang dangal at reputasyon bilang may-akda, may karapatan siyang tumutol lalo na kung ang salin ay isasapubliko.

Ikalawa, tungkol naman ang pagbanggit sa legal at moral na karapatan ng tagasalin sa kanyang isinalin o salin. Ito naman ang isinasaad ng *Chapter 3, Section 173*:

SECTION 173. Derivative Works. - 173.1. The following derivative works shall also be protected by copyright:

(a) *Dramatizations, **translations**, adaptations, abridgments, arrangements, and other alterations of literary or artistic works* (akin ang diin) (Official Gazette of the Republic of the Philippines, w.p.)

Paglililaw ni Bernales na protektado ng batas ang intelektwal na pagmamay-ari ng salin. Ipinaliwanag ito ni Amador (sipi mula kay Bernales):

The translator works on someone else's text but brings his own mind to bear in expressing that others' thoughts in a different language. The translation is a work in itself; without the work translated it could not exist, but it is different from the latter not only in language but expressions, phraseology, grammatical construction, style and often more.

Kinikilala rin ng Department of Trade and Industry (DTI) ang gawaing pagsasalin dahil sa mahigpit nitong pagbabantay sa wastong pagkakasalin ng mga teksto sa mga karatula o mga bagay na may kinalaman sa negosyo o mga produkto (San Juan, 2021). Detalyadong isinasaad sa Seksyon 4 ng Department Administrative Order No. 19-09 Series of 2019 o ang tinatawag na *"Mandating the use of Filipino and/or English languages in signages, billboards, advertisements, brochures, fliers, notices, advisories, labels, price tags/lists, menus, receipts, and other business marketing materials"* na:

Where the translation of foreign language to Filipino or English is required pursuant to the second paragraph of Sec. 2 hereof, the business establishment shall secure a certification, which shall attest to the faithfulness of the Filipino or English translation, from the Embassy of the country whose language is sought to be translated, or its accredited translator or interpreter or any

competent individual or institution duly recognized by DTI
(Department of Trade and Industry, w.p.)).

Samantala, ang mga kurso sa pagsasalin ay naitatala rin sa Philippine Standard Classification of Education 2008 at maging sa bersyon nito noong 2017 ng Pambansang Lupon ng Ugnayang Pang-Estadistika (San Juan, 2021). Layunin nito na magamit sa *“standardizing and facilitating the compilation of quality education statistics for the country as basis for educational planning, manpower training, labor market studies and other related activities”* (Philippine Statistics Authority, 2018)). Kabilang sa mga kursong naisama ay ang Associate in Bible Translation, Bachelor of Arts in Translation Studies, at Bachelor of Secondary Education Major in Translation Studies (Philippine Statistics Authority, 2008) at naidagdag noong 2017 ang Bachelor of Arts in Filipino Culture and Language Translation (Philippine Statistics Authority, 2018).

Malinaw na kinikilala na ang gawaing pagsasalin sa bansa, ngunit wala pa ring espisipikong batas sa Pilipinas na sumasaklaw sa estandardisasyon ng pagsasalin. Kung walang batas ay wala ring polisiya kung paano ito kikilalanin bilang isang propesyon sa bansa. Ito nga ang suliraning nakita noon pa man ni Almario (2009) na “...hanggang ngayon ay walang dibdiban at malawakang hakbang para gumawa ng isang sistematiko at pambansang palatuntunan sa pagsasalin bukod sa walang umiiral na patakaran upang magabayan at maorganisa ang mga tagasalin.” Muli ding inilahad ni Miclat (2009) ang naging paunang ulat ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ng Komisyon para sa Kultura at mga Sining (PKWS-NCCA) na nangangailangan “ng isang programa sa pagsasalin, magmomonitor ng mga naisagawa na, magsusulong ng mga patakaran at pamantayan, at sa pangkalahatan, magsisilbing sanggunian ng mga indibidwal at institusyong nagnanais magsagawa ng salin.” Ganito rin ang iminumungkahi ni Batnag (2003), “...ang pagkakaroon ng akreditasyon ay patunay sa kahusayan at kakayahan; para naman sa isang nagpapasalin, ang akreditasyon ay garantiya na ang nakuha niyang tagasalin ay magsusumite ng mahusay na trabaho.”

Proseso ng Sertipikasyon sa mga Bansang Canada at Australia

Binigyan ng kahulugan ni Hlavac (2013) ang sertipikasyon bilang isang pormal na proseso na dinadaan ng isang taong kukuha ng pagsusulit o mag-a-*apply* ng lisensya o sertipiko. Maraming hakbang ang kanyang pagdaraan tulad ng pormal na pagkuha ng pagsusulit at pagpasa sa ilang mga tiyak na kraytiryang nagpapatunay sa kasanayan sa isang partikular na pamantayan. Pagkatapos nito ay kikilalanin siya ng ahensyang nangangasiwa sa paggawad ng lisensya o sertipiko. Kaya, nakatuon ang papel sa pagsipat at pagsusuri sa proseso ng sertipikasyon sa mga bansang Canada at Australia.

Minarapat na gamitin sa papel na ito ang terminong “sertipikasyon” sapagkat nagagamit sa maraming bansa ang terminong ito kaysa sa terminong “akreditasyon” (Improvements to NAATI Testing Project, 2016)) sa proseso ng pagkilala sa mga tagasalin. Nilinaw ni Stejskal (nasa Pym, 2012) sa kanyang papel na *“Studies on Translation and Multilingualism: The Status of the Translation Profession in the European Union”* ang pagkakaiba ng dalawang termino. Ang “sertipikasyon” ay proseso ng pagkakaloob ng pagkilala sa isang indibidwal na nagkamit ng mga hinihinging kalipikasyon para sa isang partikular na propesyon o gawain. Samantala, ang “akreditasyon” naman ay proseso ng pagkakaloob ng pagkilala sa isang organisasyon (maaaring paaralan, *professional organization*, programa o kaya kompanya) na nakapagtamo ng mga hinihinging kalipikasyon upang makapagsawa ng isang gawain (Stejskal, nasa Pym, 2012). Ganito rin ang depinisyon na ibinigay ng Improvements to NAATI Testing Project (INT)(2016), ang konteksto ng sertipikasyon ay tungkol sa indibidwal sa halip na sa organisasyon. Halimbawa sa Pilipinas, maaaring ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) bilang ahensya ng pamahalaan ang magbigay ng akreditasyon sa mga organisasyon, institusyon, paaralan o programa upang magsagawa ng sertipikasyon sa mga indibidwal na nagnanais na maging *certified translator* sa bansa. Iba ang sertipikasyon sa *licensing* sapagkat ang huli ayon kay Stejskal (nasa Pym, 2012) ay isang mandatoryong prosesong isinasagawa ng isang ahensya ng gobyerno sa pagkakaloob ng permiso sa mga tao na magsagawa ng kanilang okupasyon o propesyon sa pamamagitan ng pagpapatotoo na ang mga nabigyan ng lisensya ay nakakuha ng sapat na antas ng kaalaman at kasanayan. Katulad ito ng board exam na ibinibigay ng Professional Regulations Commission (PRC) upang pagkalooban ng professional license ang mga nakapasa sa pagsusulit o kaya ng pagkuha ng *driver’s license* na ibinibigay ng Land Transportation Office (LTO). Mahalagang isagawa ang sertipikasyon sapagkat ito ay pagsisiguro sa kalidad ng serbisyong ibinibigay sa mga nagpapasalin. Sa pananalita nina Witter-Merithew at Johnson (2004), idinidisenyo ang proseso ng sertipikasyon *“to protect the interests of the public by assuring that practitioners hold an agreed-upon level of knowledge and skill, and by filtering out those with substandard levels of knowledge and skill.”* Nararapat na bantayan ng isang institusyong magsasagawa ng sertipikasyon ang kalidad ng salin, ang wastong pagtutumbas sa mga salita batay sa konteksto o ang maingat na paglilipat ng kahulugan mula sa simulaang wika tungo sa target na wika.

Sa kaso ng Canada at Australia, hindi ang pamahalaan o ahensya ng pamahalaan ang nagbibigay ng sertipikasyon sa pagsasalin o sa mga tagasalin. Mayroon lamang kinikilalang mga pribadong institusyong binibigyan ng tungkuling ito at nagsisiguro na mapananatili ang mataas na pamantayan sa pagbibigay ng serbisyo sa pagsasalin. Sa Canada, kinikilala ang Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council o CTTIC bilang tanging institusyon na magbibigay ng lisensya sa mga *Certified Translators*

sa kanilang bansa. Samantala, sa Australia ito naman ay ang National Accreditation Authority for Translators and Interpreters Limited o NAATI. Ang mga ahensyang ito ay itinalaga rin para magbigay ng sertipikasyon sa mga nagnanais na maging *Interpreter* o *Terminologist*, subalit nakatuon lamang tayo sa proseso ng sertipikasyon para sa mga tagasalin.

Sa Canada, may mga miyembrong organisasyon o asosasyon sa mga probinsya ang CTTIC. Sa kanila lumalapit ang mga nais pumasok sa larang o sa propesyon upang maging miyembro hanggang sa maging isang *Certified Translator* (Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council, w.p.). Ang mga asosasyong ito ay ang Association of Translators and Interpreters of Alberta (ATIA), Association of Translators and Interpreters of Ontario (ATIO), Association of Translators, Terminologists and Interpreters of Manitoba (ATIM), Association of Translators and Interpreters of North Scotia (ATINS), The Association Of Translators And Interpreters Of Saskatchewan (ATIS), The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick (CTINB), at Society of Translators and Interpreters of British Columbia (STIBC) (“Membership”). Mayroon ding asosasyon sa Quebec, *The Ordre des traducteurs, terminologues et interprètes agréés du Québec* (OTTIAQ), ngunit binawi nito ang pagiging miyembro sa CTTIC noong 2012. Ito lang din ang tanging asosasyon na hindi kinakailangang sumailalim ang mga aplikante sa pagsusulit, sa halip ito ay sa pamamagitan ng tinatawag nilang “*Certification by Mentorship*.” Ang mga miyembrong organisasyon ay may tungkuling siguruhin ang proteksyon ng publiko (Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council, w.p.). Hinihikayat ang pagsasaalang-alang sa pinakamataas na pag-iingat at pagsangguni sa isang *Certified Translator* para sa lahat ng kailanganing may kaugnayan sa pagsasalin. Nagtatakda ang bawat asosasyon ng mga pamantayan kung paano mapananatili ang kalidad ng serbisyo sa pagsasalin na batay sa pamantayan o istandard ng CTTIC. Samantala, sa Australia, tanging ang NAATI lamang ang institusyong nagsasagawa ng sertipikasyon sa buong bansa (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). Ang pagkuha ng lisensya o sertipikasyon ay direkta sa ahensya.

Pigura 1

Proseso ng Sertipikasyon sa mga Bansang Canada at Australia



Makikita sa Pigura Blg. 1 ang paghahambing sa proseso ng sertipikasyon sa dalawang bansa. Sa Canada, dumadaan lamang ito sa dalawang mahalagang hakbang, ang pagpapamiyembro sa organisasyon sa bawat probinsiya at ang pagkuha ng pagsusulit na ibinibigay ng CTTIC (Association of Translators and Interpreters of Ontario, w.p.). Apat naman na mahahalagang hakbang ang daraanan ng isang aplikante sa Australia, ang pagkuha ng *training* o pagsasanay at ng *English Proficiency Exam*, pagpapasa ng aplikasyon, ang pagkuha ng mga pagsusulit sa *ethical competency* at *intercultural competency*, at ang pagkuha naman ng pagsusulit sa sertipikasyon (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.).

Tingnan at suriin natin kung paano isinasagawa ang sertipikasyon sa Canada. Simulan natin sa pagpapamiyembro sa iba't ibang asosasyon. Dumaraan ang lahat ng mga nagnanais na maging tagasalin sa pagiging *Associate Member*. Ang mga nasa antas na ito ay ang mga miyembrong kulang pa ang karanasan sa pagsasalin o kaya naman hindi pa handang kumuha ng sertipikasyon sa CTTIC. May iba't ibang paraan ng pagpapamiyembro sa bawat asosasyon. Sa ATIA, kailangang pumasa sa *Code of Ethics Examination*, *Language Proficiency Examination*, at *Associate-Level Translation Examination* ang isang aplikante (Association of Translators and Interpreters of Alberta, w.p.). Katumbas ang mga ito ng *Entrance* o *Admission Examination* na ibinibigay naman ng ATIO at ATIS (Association of Translators and Interpreters of Ontario, w.p.; The Association of Translators and Interpreters of Saskatchewan, w.p.). Ang STIBC ay tumatanggap naman ng mga aplikanteng kumukuha pa lamang ng kursong pagsasalin o ang tinatawag nilang *“Student Member”* (Society of Translators and Interpreters of British Columbia, w.p.), samantala ang mga nagnanais naman na maging *Certified Translator* sa CTINB at ATINS ay dumaraan muna sa pagiging *“Candidate for Certification”* (The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick, w.p.; Association of Translators and Interpreters of North Scotia, w.p.).

Kapag ang isang miyembro ay may sapat nang karanasan sa pagsasalin, o kaya naman ay handa nang kumuha ng sertipikasyon sa CTTIC, maaari na siyang magpasa ng aplikasyon. Ang bawat asosasyon ay nagtatakda kung ilang taon ang paghahanda bago bigyan ng permiso o *endorsement* sa CTTIC depende sa *educational background* o karanasan sa pagsasalin. May 3 paraan ng sertipikasyon sa Canada: ang *Dossier Certification*, ang *Certification by Mentorship*, at ang *Certification Examination* (Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council, w.p.). Ang una ay para sa mga aplikanteng may hawak na kinikilalang diploma at patunay na sila ay may 2 o higit pang karanasan ng pagtatrabaho bilang tagasalin. Dumaraan sa pagsusuri ang mga dokumentong ipapasa ng isang aplikante bago kilalanin ang kanyang kakayahan bilang tagasalin. Katumbas ang paraan na ito ng sertipikasyon ng *Mentorship Period*. Ang pangalawa naman ay isinasagawa sa pamamagitan ng istriktong pagsubaybay ng isang *mentor* sa *performance* ng isang *mentoree*. Ipinaliliwanag ng isang *mentor* ang lahat ng aspektong may kaugnayan sa serbisyo bilang isang propesyonal, nagmumungkahi ng ilang larang na maaaring sanayin, tinataya ang kakayahan ng isang *mentoree* na magsalin, at nagbibigay ng rekomendasyon sa komiteng nangangasiwa ng sertipikasyon. Ang pangatlo naman, ang kinukuha ng karamihang aplikante, ay ang estandardisadong entri sa propesyon. Tinataya sa pamamagitan ng pagsusulit ang antas ng kasanayan ng mga tagasalin at ang kahandaan ng mga *Certified Translator* ng mga miyembro ng mga organisasyong kabilang sa CTTIC.

May mga kahingian naman sa pagkuha ng sertipikasyon o pagsusulit sa CTTIC na itinatakdang mga pagmimiyembruhang asosasyon (The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick, w.p.). Una, kailangang maging miyembro muna ang aplikante ng asosasyon sa kanilang probinsya. Pangalawa, kinakailangan ang karanasan sa pagsasalin. Depende ang hihinging bilang ng salita sa pagsasalin kung nakapagtapos ang isang aplikante ng kurso sa pagsasalin (batsilyer, masterado o doktorado) mula sa isang kilalang institusyon (sinusuri ito ng *World Education Service* o WES⁵ o ng *International Credential Assessment Service of Canada* o ICAS⁶) o nakapagtapos ng kursong walang kaugnayan sa pagsasalin ngunit mayroon namang karanasan sa pagtatrabaho bilang tagasalin. Kinakailangang makapagpakita ng katibayan na nakapagsalin ng 100,000 – 440,000 na salita sa mga opisyal na wika – ang kombinasyong French-English o English-French; 160,000 – 320,000 na salita naman sa mga wikang Spanish, Chinese at Punjabi (sa kaso ng STIBC), at 30,000 – 120,000 na salita para sa mga di opisyal na wika. Pangatlo, hinihingi rin ang kinompletong *word-count log* sa mga *Associate Member*. Ikaapat, kinakailangang magrehistro sa *online* at

⁵ Ang *World Education Services* o WES ay ahensyang nagsusuri sa mga *international educational qualification*, tumutulong sa mga *immigrant* na makapagtrabaho, at nagpopondo ng mga organisasyong nagbibigay-serbisyo sa mga *immigrant* (World Education Service, w.p.).

⁶ Ang *International Credential Assessment System of Canada* o ICAS ay isang ahensya sa Canada na nagtataya o sumusuri sa mga *international credential* (International Credential Assessment Service of Canada, w.p.).

magbayad ng *examination fee*. Ikalima, dapat ding magbayad ng halaga para sa pagpapamiyembro.

Sa *On-Dossier* o *Dossier Certification* naman, katulad din ang hinihinging mga dokumento sa pagsusulit. Ang kaibahan lamang nito ay kinakailangang makapagpasa ang isang aplikante ng mga halimbawang tekstong isinalin na susuriin ng komiteng binuo ng bawat asosasyon (The Association of Translators and Interpreters of Saskatchewan, w.p.). Samantala sa *Certification by Mentorship*, hinihingi rin ang mga dokumentong inisa-isa sa pagkuha ng pagsusulit at susubaybayan ang isang *mentoree* ng itinalagang *mentor* sa kanya upang tingnan ang *performance* hanggang sa makita ang kahandaan at mabigyan ng rekomendasyon para sa sertipikasyon (The Ordre des traducteurs, terminologues et interprètes agréés du Québec, w.p.). Ang paraang ito ay isinasagawa lamang ng dalawang asosasyon sa Canada, ang CTINB at ang OTTIAQ. Tanging ang mga pumapasa lamang sa pagsusulit na ibinibigay ng CTTIC ang nabibigyan ng lisensya bilang *Certified Translator*. Ang *Dossier* at *Mentorship* ay isinasagawa upang kilalanin ang kasanayan ng isang aplikante na maging propesyonal na tagasalin. Kadalasan itong kinukuha ng mga aplikanteng walang pagsusulit na ibinibigay ang CTTIC sa kombinasyon ng wikang kanilang nais pasukan. Sa huli, kapag naging matagumpay ang mga aplikante na maipasa ang sertipikasyon, ibinibigay sa kanila ng mga asosasyon ang titulo bilang *Certified Translator* o kaya idinadagdag sa kanilang mga pangalan ang mga titulong “C. Tran.” [sa kaso ng ATIO, ATIA, at ATINS] (Association of Translators and Interpreters of Ontario, w.p.; Association of Translators and Interpreters of Alberta, w.p.; Association of Translators and Interpreters of North Scotia, w.p.) at “CT” o “C. T.” [sa kaso ng CTINB at STIBC] (The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick, w.p.; Society of Translators and Interpreters of British Columbia, w.p.).

Sa Australia naman, dumadaan muna ang lahat ng aplikante sa pagsasanay bilang unang hakbang sa proseso ng sertipikasyon. Ang kinakailangang pagsasanay ng isang aplikante ay tinutukoy depende sa antas ng pinag-aralan o depende sa kanyang antas sa *Australian Qualification Framework* o AQF⁷ (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). Sa mga nagnanais na maging *Certified Translator*, kinakailangang nasa *AQF Level 6* na ang aplikante o nakakuha ng *Advanced Diploma* sa pagsasalin o mas mataas pa. Katumbas din ito ng *minimum* na 40 oras ng *AQF units* sa teorya o praktika ng pagsasalin na daraan sa pagtataya ng NAATI. Kung ang isang aplikante naman ay nagnanais na maging isang *Certified Advanced Translator*, kinakailangan niyang maabot ang *AQF Level 9* o ang pagkakaroon ng masteradong digri sa pagsasalin o mas mataas pa. Matapos na maipakita ang katibayan ng antas sa AQF,

⁷ Ang AQF at polisiya para sa pagtukoy ng kalipikasyon sa edukasyon sa Australia at sistema ng pagsasanay. Layunin nito na makatulong na bigyan ng direksyon ang *career* ng isang aplikante o propesyonal sa pamamagitan ng pag-abot ng pormal na mga kalipikasyon. (Australian Qualification Framework. w.p.).

kukuha naman ng *English Proficiency Examination* ang isang aplikante. Kinikilala ng NAATI ang sumusunod na mga pagsusulit: *International English Language Testing System* (IELTS), *Occupational English Test* (OET), *Test of English as a Foreign Language* (TOEFL), *Pearson Test of English* (PTE), *Cambridge English Advanced* (CAE), *Cambridge Certificate of Proficiency in English* (CPE), at *International Second Language Proficiency Ratings* (ISLPR) – *English Test*. Maaari ding tanggapin ang isang aplikante kung nanggaling sa isang eskwelahang ang midyum ng pagtuturo ay wikang Ingles o kaya naaabot ang kahusayan sa pagsasalita o paggamit ng wikang Ingles na hinihingi ng NAATI.

Matapos na maipasa ang unang hakbang, aabisuhan ang aplikante na magpasa ng kanyang larawan, dokumentong nagpapakita ng identidad, *academic transcripts*, at mga *reference letter* (mula sa dating *employer* o kaya naman sa mga kliyente nito). Daraan pa muli sa dalawang pagsusulit ang isang aplikante, ang *Ethical Competency* at ang *Intercultural Competency*. Layunin ng una na tayain ang kaalaman at pag-unawa ng isang aplikante sa kaugnay na *Code of Ethics* na susundin ng mga tagasalin na kanilang magagamit sa pagsasagawa ng kanilang propesyon o kaya sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kliyente (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). Para sa mga tagasalin, ginagamit bilang sanggunian sa pagsusulit na ito ang *Australian Institute of Interpreters and Translators* (AUSIT) *Code of Ethics*. Sinusubok din ang kakayahan ng isang tagasalin sa pagtutumbas ng mga salitang may kahulugang kultural mula sa Simulaang Teksto (ST) tungong Tunguhang Teksto (TT) sa pamamagitan ng pagkuha sa *Intercultural Competency* (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). Kinakailangan din ang kasanayang ito sa pagkakaroon ng angkop na kilos o gawi sa pakikisalamuha sa mga kliyente na may ibang kultura. Pagkatapos ng ilang hakbang na ito, maaari nang kumuha ang isang aplikante ng *Certification Test* at kapag naging matagumpay ay magiging isang *Certified Translator*.

Mga Benepisyong Nakukuha ng mga Tagasalin sa Canada at Australia

Sa Canada, ang mga *Associate Member* at mga *Certified Member* ng isang asosasyon ay parehong nakatatanggap ng mga benepisyo. Naiiba lamang ang huli sa kanilang paggamit ng titulo at sa uri ng dokumentong maaaring isalin. Halimbawa, ang maaari lamang magsalin ng mga legal na dokumento tulad ng *birth certificate*, mga titulo ng lupa, TOR, diploma, at iba pa ay ang mga *certified member* o *translator*. Ang pagpapamiyembro sa mga asosasyon ay nakapagbibigay ng oportunidad sa mga miyembro nito na makakuha ng sertipikasyon sa CTTIC at maging miyembro ng CTTIC at International Federation of Translators o FIT⁸ (Association of Translators and

⁸ Isang pandaigdigang pangkat o asosasyon ng mga tagasalin, mga interpreter, at mga terminologist. Kabilang ang CTTIC sa mga miyembrong organisasyon nito (International Federation of Translators, w.p.)

Interpreters of North Scotia, w.p.; Association of Translators and Interpreters of Ontario, w.p.; Association of Translators, Terminologists and Interpreters of Manitoba, w.p.; The Association Of Translators And Interpreters Of Saskatchewan, w.p.; Association of Translators and Interpreters of Alberta, w.p.; Society of Translators and Interpreters of British Columbia, w.p.). Nagkakaroon din ng mas maraming kliyente ang isang miyembro dahil sa pagkakasama ng kanyang pangalan sa direktoryo, *networking*, at mga gawain para sa pagpapaunlad ng kasanayan. Kasama sa mga gawaing maaaring madaluhan ay mga worksyap sa mga paksa tulad ng gramatika, terminolohiya, at estilo ng pagsasalin hanggang sa pagpapatakbo ng negosyo sa pagsasalin. Makaaakses din siya sa mga *update* kaugnay sa industriya ng mga serbisyong pangwika at ilang oportunidad sa pagtatrabaho sa Federal Translation Bureau at United Nations. Magiging bahagi rin siya ng mga pagtitipon ng mga tagasalin na oportunidad upang makapagbagi at mabahaginan ng mga karanasan, mga praktika, mga ideya sa pagsasalin sa ibang mga *language professional*. Subalit, hindi layunin ng mga asosasyon na maghanap ng trabaho para sa mga tagasalin kundi ang tumulong lamang sa pagpapakilala o promosyon ng mga miyembro at ng propesyon sa mga tao o target na kliyente.

Mayroon ding tinatawag na *Pan-Canadian Reciprocity Agreement* sa Canada (The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick, w.p.). Walong asosasyon ang pumirma sa kasunduang ito na nagbibigay ng *grant* sa mga aplikanteng mula sa isang asosasyon na nais lumipat sa ibang asosasyon na hindi na kinakailangan pang kumuha ng pagsusulit o dumaan sa *Dossier Certification*. Dadaan lamang sa ebalwasyon ang kanilang aplikasyon at kailangang makapagpakita ng sertipiko ng pagkilala mula sa pinanggalingang asosasyon, magbayad ng *application fee* o *membership fee*, at iba pang mga kahingiang hinahanap ng lilipatang organisasyon. Ang mga asosasyong kabilang sa kasunduang ito ay ang ATINS, CTINB, OTTIAQ, ATIO, ATIM, ATIS, ATIA, at STIBC.

Sa Australia, binibigyan ng pagkakataon ang mga tagasalin na maipakita ang kanilang husay sa pagsasalin sa mga kliyente o sa mga ahensyang nangangailangan ng serbisyo sa pagsasalin (National Accreditation Authority for Translators and Interpreters, w.p.). Mahigpit ang marami sa mga *employer* o mga *service provider* sa bansang ito sa pagtanggap ng mga tagasalin. Kinakailangang isa kang *Certified Translator*.

Mungkahing Modelo ng Sertipikasyon ng mga Tagasalin sa Pilipinas

Maaaring pagbatisan ang proseso ng sertipikasyon sa mga bansang Canada at Australia. May mga bagay na makukuha sa mga bansang ito sa pagmomodelo ng sertipikasyon sa Pilipinas. Ang mga ito ay ang sumusunod: 1) pagkakaroon ng malinaw na proseso ng sertipikasyon mula sa aplikasyon hanggang sa pagkuha ng pagsusulit; 2)

pagkakaroon ng mahigpit na pagsasala sa mga maaaring magsagawa ng pagsasalin (dumadaan ang isang aplikante o nagnanais na maging isang *Certified Translator* sa maraming pagsusulit); 3) pagkakaroon ng malinaw na polisiya kung kanino o saan kukuha ng mga pagsasanay upang maging tagasalin at kung kanino o saan kukuha ng sertipikasyon o pagsusulit; 4) pagkakaroon ng mga tiyak na kalipikasyon sa iba't ibang antas o posisyon ng tagasalin – *Associate Member* o *Student Member*, *Certified Member* o *Certified Translator*, at *Certified Advanced Translator* o *Honorary Member*; at 5) pagkakaroon ng mga benepisyo sa mga tagasalin.

Pigura 2

Modelo 1: Mungkahing Proseso ng Sertipikasyon para sa mga Opisyal na Wika sa Pilipinas



Ang mga kaisipang nakuha ang naging batayan sa pagbuo ng mungkahing modelo ng sertipikasyon ng mga tagasalin sa bansa. Makikita sa Pigura Blg. 2 ang mungkahing proseso ng sertipikasyon para sa mga opisyal na wika sa Pilipinas, ang Filipino at Ingles o ang kombinasyon ng wika Filipino-Ingles o Ingles-Filipino. Magsisimula ang proseso sa pagiging aplikante sa mga asosasyon sa pagsasalin na mayroon na sa kasalukuyan sa ating bansa tulad ng UST Sentro sa Salin at Araling Salin (UST-SSAS), PUP Sentro sa Pagsasalin, Lexcode Philippines, at The Migration Translators, Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF), Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS), Summer Institute of Linguistics (SIL), Philippine Association of Court Interpreters at iba pang mga institusyong magbubukas na magbibigay ng serbisyong pampagsasalin. Ang mga institusyong ito rin ang magtatakda ng kani-kanyang mga kahingian sa kanilang mga aplikante tulad ng TOR, mga dokumentong naisalin o karanasan sa pagsasalin at iba pa. Maaari din silang magbigay ng mga pagsusulit tulad ng mga ibinibigay ng CTTIC at NAATI upang salain ang mga

magiging miyembro ng kanilang asosasyon tulad ng *Admission Examination*, English o Filipino *Proficiency Examination*, *Ethical Competency Examination*, at *Intercultural Competency Examination*. Maaaring itong huli ay hindi na kailanganin sa Pilipinas sapagkat karamihan sa mga ipinasasaling mga dokumento ay sa kombinasyong Filipino-Ingles o Ingles-Filipino lamang. Ang dalawang mga wikang ito ay nagagamit naman bilang wika ng komunikasyon ng mga Pilipino sa iba't ibang sitwasyon. Kung sakali mang isasalin ang teksto mula Filipino o Ingles tungo sa ibang mga wika sa bansa, marami ring matutukoy na mga eksperto sa pagsasalin o may karanasan na sa pagsasalin sa mga wikang ito na may malalim na pag-unawa sa sariling kultura. Kapag naibigay o naipasa ang mga kahingiang ito ay saka lamang tatanggapin ang aplikante bilang *Associate Member*. Dito lamang din niya maaakses ang ilang benepisyo tulad ng pagdalo sa ilang worksyap o pagsasanay na ibinibigay ng mga asosasyon tulad ng Salintasan, Linangan, Banyuhay, at Hasaan ng UST-SSAS o kaya ng Salinan ng PSLLF at PATAS. Maisasama rin sa direktoryo ang kanyang pangalan at kalipikasyon bilang tagasalin at mailalagay ito sa kanilang *website* o *social media accounts* upang makilala ng publiko at madaling mahanap ng mga kliyenteng nangangailangan ng mga serbisyong pampagsasalin. Magkakaroon din siya ng pagkakataong makasalamuha ang ilang eksperto sa pagsasalin at matuto ng ilang epektibong pamamaraan sa pagsasalin. Maaari pang magbigay ang bawat asosasyon ng ilan pang mga benepisyo para sa kanilang mga miyembro. Mahalagang mailatag din ang tungkulin ng isang *Associate Member* at ang kanyang mga limitasyon bilang tagasalin. Halimbawa, maaaring ang maibigay sa kanyang mga tekstong isasalin ay iyong hindi legal tulad ng mga talatanungan sa tesis, mga anunsyo, at iba pa.

Itatakda rin ng bawat asosasyon kung kailan magiging *Candidate for Certification* ang isang aplikante. Maaaring bigyan siya ng dalawa o tatlong taon upang makaipon ng sapat na karanasan bilang tagasalin at mapaghandaan ang pagsusulit na ibibigay ng mangangasiwang ahensya. Halimbawa, kinakailangan niyang dumalo sa mga webinar o kumperensya tulad ng “Salintasan: Buwanang Talakayan sa Pagsasaling Filipino” na inorganisa ng UST-SSAS mula noong 2020 at ang “Salinan: Espesyal na Kurso sa Pagsasalin” ng PSLLF at PATAS na sinimulan ding idaos noong 2020. Kinakailangan din sigurong tiyakin na sa panahong ibibigay ay dapat matapos ng isang *Associate Member* ang pagkuha ng kurso sa pagsasalin o kaya naman kung hindi sa pagsasalin ang linya ng *career* ay magpapasa ito ng dokumento bilang katibayan sa takdang bilang ng mga salitang naisalin sa loob ng dalawa o tatlong taon. Hindi rin basta-bastang makatutuntong sa kasunod na hakbang kung walang rekomendasyong ibibigay ang pinagmulang asosasyon.

Mahalaga sa bahaging ito ng proseso ng sertipikasyon na matiyak na taglay ng isang aplikante ang ilang pangunahing kasanayan ng isang tagasalin. Ayon kay Torralba

(personal na komunikasyon, Pebrero 25, 2022), dapat na mayroon siyang tatlong kompetensi: 1) transfer competency – ang kakayahan sa pagtutumbas ng mga salita mula simulaang wika tungong target na wika, 2) language competency – ang kahusayan sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin, at 3) cultural competency – may pagsasaalang-alang sa kultura ng dalawang wika o sapat na pag-unawa sa mundo ng tekstong kanyang isinasalin. Saad naman ni Fajilan (personal na komunikasyon, Pebrero 23, 2022), lampas sa usaping pangwika ang kahingian sa isang tagasalin dahil kinakailangan maliban sa kultura ang usapin sa etika at propesyonalisasyon. Para naman kay Siy (personal na komunikasyon, Marso 11, 2022), mahalagang naisasagawa ng isang tagasalin ang sumusunod: 1) matiyagang pag-aaral sa tekstong isasalin, 2) pagsasaalang-alang sa mga target na mambabasa, 3) kahandaan sa pag-i-invest ng panahon, at 4) Pagkakaroon ng sariling diksyonaryo at mga babasahin sa pagsasalin. Mahalagang maunawaan na iba-iba ang antas ng kasanayan ng mga aplikante depende sa kanilang mga naging karanasan. May ibang kumuha talaga ng kursong ito sa antas tersyarya at gradwado, may ibang ang kahusayan ay produkto ng pagdalo sa mga kumperensya at palihan, at may ilan namang nakahiligan lang ang pagsasalin o kaya naman madalas na kinokomisyon na magsalin ng teskto. Kinakailangan ang pag-aantas sa mga tagasalin kung sino ang baguhan at eksperto sa gawain o kung sino ang may sertipiko at wala (F. Fajilan, personal na komunikasyon, Pebrero 23, 2022). Ito ang magiging motibasyon ng ilang nais na maging tagasalin na magsumikap na paghusayan ang trabaho o serbisyo upang makapasa sa sertipikasyon.

Imimungkahi naman sa modelong ito na magtalaga ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng isang pribadong institusyon na mangangasiwa sa pagkuha ng pagsusulit. Ito ang magsisilbing CTTIC (sa kaso ng Canada) at NAATI (sa kaso ng Australia). Ito ay dedepende sa batas na maipapasa na kikilala sa ahensya na magsagawa ng sertipikasyon sa mga tagasalin. Ideyal para kay Torralba (personal na komunikasyon, Pebrero 25, 2022) na isagawa ito ng isang ahensyang pampamahalaan subalit maaari rin namang isang pribadong institusyon na kikilalanin ng gobyerno. Ang tungkulin lamang ng institusyong mapipili ay magbigay ng pagsusulit at sertipikasyon at hindi ang pagsasagawa ng mga pagsasanay, palihan o seminar sa pagsasalin (ito'y isasagawa ng mga *accredited* na organisasyon, institusyon, paaralan, programa o iba pa). Batay ito sa sinasabi ni Hlavac (2013) na, *certification authorities do not generally conduct training, as the nature of their establishment has often been to test and certify rather than train*. Samantala, maaari namang ibigay sa KWF ang tungkulin ng pagbibigay ng akreditasyon sa mga organisasyon, insititusyon, paaralan, programa, at iba pa na nagnanais na magbigay ng sertipikasyon. Sila rin ang magsisilbing tagapagpatupad ng batas o polisiya sa pagsasalin o kaya naman ay tagapamagitan sa mga legal na usapin o isyu sa pagsasalin kung mayroon man.

Maaari ding magsagawa ng sertipikasyon sa bansa sa pamamagitan ng ebalwasyon ng *portfolio* o ang katumbas ng *On-Dossier Certification* sa Canada o kaya naman ng *Certification by Mentorship*. Maaaring isagawa ng mga *accredited* na organisasyon, institusyon, paaralan, programa o iba pa ang Dossier. Mahalaga ito para sa mga tagasaling hindi na kailangan pang kumuha ng pagsusulit sapagkat kinikilala na sila bilang mahusay o eksperto sa larang na ito dahil may mga librong nalathala na tungkol sa araling salin o mismong salin ng mga teksto. Bubuo ang bawat *accredited* na organisasyon, institusyon, paaralan, programa o iba pa ng isang komite na kabilangan ng mga eksperto sa pagsasalin sa bansa at mahigpit na magsusuri sa mga dokumentong ipapasa ng isang aplikante na nagnanais na maging isang *Certified Translator* ngunit walang pagsusulit na ibinibigay ang KWF sa nais pasukang kombinasyon ng wika (halimbawa nito, Filipino-Waray/ Waray-Filipino, Kinaray-a-Filipino/ Filipino-Kinaray-a). Maaari ding isagawa ng mga *accredited* na organisasyon, institusyon, paaralan, programa o iba pa ang *Certification by Mentorship*. Daraan sa proseso ng pagsasanay ang isang aplikante at titingnan ng asosasyon ang kanyang *performance* hanggang sa mabigyan ito ng rekomendasyon na maging *Certified Translator*. Dapat ding pagkasunduan na tanging ang itinalagang pribadong institusyon ng KWF lamang ang magbibigay ng pagsusulit at ang mga paraan ng sertipikasyong binabanggit sa talatang ito ay mga alternatibo lamang sa pagkilala sa kahusayan ng isang tagasalin sakaling hindi ibinibigay ng institusyong ito ang pagsusulit sa kombinasyon ng wikang ninanais niyang pasukan. Dapat ding malinaw sa bawat aplikante na magkakaiba ang sertipikasyon o pagsusulit na ibinibigay sa bawat kombinasyon ng wika. Hindi nangangahulugan na kapag pumasa ang tagasalin sa kombinasyong Filipino-Ingles o Ingles-Filipino ay pagkakalooban na rin siya ng sertipikasyon o pahihintulutang magsalin sa ibang kombinasyon tulad halimbawa ng Ilokano-Ingles o Ingles-Ilokano o kaya naman Waray-Filipino o Filipino-Waray. Kung nais na magsalin sa ibang kombinasyon ng mga wika, kinakailangang kumuha ng ibang sertipikasyon o pagsusulit ang tagasalin.

Kongklusyon

Malaki ang maiiambag ng pag-aaral sa pagpapaangat ng antas ng pagkilala sa pagsasalin bilang isang propesyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga inilatag na ilang estandardisadong hakbang o proseso ng sertipikasyon sa mga tagasalin na batay sa mahuhusay na praktika sa mga bansang Canada at Australia. Makatutulong din ito sa mga tagasalin sa bansa, regular man sa trabahong ito o hindi, na magkaroon ng pagkilala sa kanila batay sa kalipikasyong taglay bilang mga sertipikadong tagasalin (sa pamamagitan ng pagbibigay ng sertipikasyon o batay sa pagkakapasa nila sa pagsusulit na ibibigay ng ahensyang mangangasiwa nito). Sa pamamagitan ng kasunduan sa mga ahensya o institusyong nagbibigay ng serbisyong pagsasalin, magkakaroon din ng istandard na bayad o *rate* para sa serbisyong kanilang ibibigay. Sa ganitong paraan,

masisimulan na rin ang hakbang sa pagkilala ng pamahalaan o ng mangangasiwang ahensya ng pamahalaan (maaari ding ahensyang itinalaga ng pamahalaan) sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay ng katibayan na sila'y mga *Certified Translator* tulad ng lisensya o sertipiko ng pagpasa. Maisasakatuparan na rin ang pagkakaroon ng direktoryo ng mga tagasalin sa Pilipinas na siyang bibigyan lamang ng pahintulot na maisagawa ang propesyon at magamit ang titulo bilang mga propesyonal na tagasalin.

Upang maging makatotohahan ang ganitong mga hangarin sa pagsasalin, kinakailangan ng pagkilos ng lahat ng mga nagnanais ng kauswagan sa larang na ito, mula sa mga nag-aaral pa lamang ng kursong pagsasalin, mga nagsasalin hanggang sa ahensya ng pamahalaang may tungkuling mangasiwa sa gawaing pagsasalin. Mahalaga ang organisadong pagkilos ng bawat isa upang magkaroon ng tinig at madinig ng mga mambabatas ang pangangailangang isapropesyon ang pagsasalin sa bansa. Kinakailangang mag-usap-usap ang lahat kung paano maisasaayos ang proseso ng sertipikasyon, paano isasagawa at kung ano ang magiging tungkulin ng bawat institusyon o ahensiya sa pagsasagawa ng mga hakbang para sa sertipikasyon. Paglalahad ni Dr. David Michael M. San Juan, pangulo ng PSLLF, sa kanyang panayam na may pamagat na "Mga Isyu at Hamon sa Pagsasalin" para sa Salinan 2021 noong Agosto 14, 2021, may mga posibleng direksyon [ng sertipikasyon] ng mga tagasalin sa Pilipinas: una, *status quo* – walang pormal na akreditasyon, kanya-kanyang "kawag" ang mga institusyon at/o indibidwal sa pagpapalakas ng kanilang reputasyon bilang tagasalin; pangalawa, inkremental na pagsulong (NGO-led) – [sertipikasyon] ng mga tagasalin sa pamamagitan ng consortium ng mga unibersidad, mga propesyonal na organisasyon, at/o mga ahensyang pang-edukasyon, pangwika at pangkultura, habang naghihintay o nagsusulong ng ganap na propesyonalisasyon; pangatlo, ganap na propesyonalisasyon ng pagsasalin (Gov't-led) – pagkakaroon ng batas na nagtatakda ng minimum na kahingian para sa board exam [maaaring pagsusulit na ibibigay ng isang organisasyon, institusyon, paaralan, programa o iba pa] ng propesyonal na tagasalin.

Handa na ang ating bansa sa noon pa ma'y hinahangad nina Almario, Miclat, at Batnag na pagsasaproseso sa pagbibigay ng sertipikasyon sa mga tagasalin sa bansa. Marami na ang mga programang nasimulan at naitaguyod ng ilang institusyon na kailangang ipadayon tulad ng mga worksyap, seminar, kumperensya, at iba pa. Tulad ng mga Canadian at Australian at ng ibang mga lahi sa mundo, nararapat ding ibigay ng ating pamahalaan at ng kahit alin mang institusyon ang de-kalidad o mataas na antas na serbisyong pampagsasalin sa mga Pilipino. Magagawa lamang ito sa pamamagitan ng isang malinaw at masusing hakbang ng sertipikasyon.

Mga Sanggunian:

- Almario, V. S. (2016). Pagsasalin ay Di Biro: Ilang Panimulang Haka sa Paksa Tungo sa Estandardisadong Wika sa Pagsasalin. Mula sa V. S. Almario (pat) *Introduksiyon sa Pagsasalin* (pp. 81-89), Komisyon sa Wikang Filipino.
- Almario, V. S.. (2016). Sulyap sa Kasaysayan ng Pagsasalin sa Filipinas. Mula sa V. S. Almario (pat). *Introduksiyon sa Pagsasalin* (pp. 67-80). Komisyon sa Wikang Filipino.
- Almario, V. S. (2009) Tungo sa Nagkakaisang mga Salin at Tagasalin. Mula sa G. S. Zafra (pat). *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa Ng Mga Larangan Ng Pag-Aaral Ng Pagsasalin Sa Filipinas: Ikatlong Sourcebook Ng Sangfil* (pp. 361-363). UP Sentro ng Wikang Filipino – Diliman.
- Almario, V. S. (2003). Pagsasalin Bilang Isang Pambansang Palatuntunang Pangkultura. Mula sa B. S. Santos (pat). *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa* (pp. 273-274). Sanggunian sa Filipino, UP Sentro ng Wikang Filipino – Diliman, at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- Almario, V. S., et al. (1996). Patnubay sa Pagsasalin. Maynila: Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining.
- Association of Translators and Interpreters of Alberta. (w.p.). By Laws. <https://atia.ab.ca/bylaws/>.
- Association of Translators and Interpreters of Alberta. (w.p.). Translators. <https://atia.ab.ca/translators/>.
- Association of Translators and Interpreters of Alberta. (w.p.). Why Join ATIA? <https://atia.ab.ca/why-join-atia/>.
- Association of Translators and Interpreters of Ontario. (w.p.). By-Laws of the Association of Translators and Interpreters of Ontario. <https://atio.on.ca/about/by-laws/>.
- Association of Translators and Interpreters of Ontario. (w.p.). Certification Process. <https://atio.on.ca/membership/certification/>.
- Association of Translators and Interpreters of Ontario. (w.p.). Why Join? <https://atio.on.ca/membership/>.
- Association of Translators and Interpreters of North Scotia. (w.p.). Frequently Asked Questions. <https://www.atins.org/resources/Documents/FAQ%20-%20Membership%20.pdf>.
- Association of Translators and Interpreters of North Scotia. (w.p.). Member Benefits. <https://www.atins.org/Membership-Value>.
- Association of Translators and Interpreters of North Scotia (w.p.). Member Types. <https://www.atins.org/Member-Types>.
- Association of Translators, Terminologists and Interpreters of Manitoba. (w.p.). Become a Member. <http://atim.mb.ca/become-a-member/>.
- Association of Translators, Terminologists and Interpreters of Manitoba. (w.p.). Certification by Examination. <http://atim.mb.ca/become-a-member/certification-by-examination>.
- Australian Human Rights Commission. (2009). Social Justice Report 2009.
- Australian Qualification Framework. (w.p.). What is AQF? <https://www.aqf.edu.au/what-is-the-aqf>.
- Batnag, A. (2003). Isang Pambansang Programa sa Pagsasalin. Mula sa B. S. Santos (pat). *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa* (pp. 32-65). Sanggunian sa Filipino, UP Semtro ng Wikang Filipino – Diliman, at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.

- Bernales, R. (2019, Agosto 7). Mula sa Legal at Praktikal na Perspektiba: Ang Pagsasalin Bilang Propesyon [Lektura] Hasaan 7: Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin, Unibersidad ng Santo Tomas, Maynila.
- Britannica. (w.p.). Languages. <https://www.britannica.com/place/Canada/Indigenous-peoples#ref43285>.
- Burnaby, B. J. (2008). Language Policy and Education in Canada. Sa Encyclopedia of Language and Education. <https://www.researchgate.net/publication/227194713>
- Canadian Translators, Terminologists, and Interpreters Council. (w.p.). About CTTIC. <http://www.cttic.org/mission.asp>.
- Canadian Translators, Terminologists and Interpreters Council. (w.p.). By-Laws. http://www.cttic.org/Bylaws_2008_EN.pdf.
- Department of Trade and Industry. (w.p.). Department Administrative Order No. 19-09 Series of 2019. https://www.dti.gov.ph/sdm_downloads/departament-administrative-order-no-19-90-s-2019/.
- Fajilan, W. F. (2020). Pagsasalin at Krisis, Krisis sa Pagsasalin: Ilang Tala sa Kalagayan ng Pagsasalin sa Pilipinas sa Panahon ng Pandemya. The Antoninus Journal, 6, 1-3.
- Hlavac, J. (2013). A Cross-National Overview of Translator and Interpreter Certification Process. The International Journal for Translation & Interpreting Research, 5 (1), 32-65. DOI: 10.12807/ti.105201.2013.a02.
- Improvements to NAATI Testing Project. (2016). NAATI Interpreter Certification: Knowledge Skills and Attributes. <https://www.naati.com.au/wp-content/uploads/2020/01/Interpreter-KSA-Paper.pdf>.
- International Credential Assessment Service of Canada. (w.p.) About ICAS. <https://www.icascanada.ca/about/default.aspx>.
- International Federation of Translators. (w.p.). What is FIT. <https://www.fit-ift.org/about/>.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (w.p.). Sangay sa Salin (SS). <https://kwf.gov.ph/sangay-ng-salin/>.
- Miclat, M. (2009). Pangkalahatang Sitwasyon ng Pagsasalin sa Pilipinas. Mula sa G. S. Zafra (pat). Salin-suri: Panimulang Pagmamapa Ng Mga Larangan Ng Pag-Aaral Ng Pagsasalin Sa Filipinas: Ikatlong Sourcebook Ng Sangfil (pp. 51-56). UP Sentro ng Wikang Filipino – Diliman.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). About Us. <https://www.naati.com.au/about-us/>.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). Become Certified. <https://www.naati.com.au/become-certified/>.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). Migration Assessments. <https://www.naati.com.au/services/migration-assessments/>.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). Step1A: Training. <https://www.naati.com.au/become-certified/how-do-i-become-certified/training/>.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). Step3A: Ethical Competency. <https://www.naati.com.au/become-certified/how-do-i-become-certified/ethical-competency/>.
- National Accreditation Authority for Translators and Interpreters. (w.p.). Step3B: Intercultural Competency. <https://www.naati.com.au/become-certified/how-do-i-become-certified/intercultural-competency/>.

- Official Gazette of the Republic of the Philippine.(1997). "Republic Act. No. 8293.", <https://www.officialgazette.gov.ph/1997/06/06/republic-act-no-8293/>.
- O'Shannessy, C. at Meakins F. (2016). . Australian language contact in historical and synchronic perspective. Mula sa F. Meakins at C. O'Shannessy (mga pat). Loss and Renewal: Australian Languages Since Colonisation (pp. 3-26). De Gruyter Mouton.
- Philippine Statistics Authority. (2018). Philippine Standard Classification of Education 2017. https://psa.gov.ph/sites/default/files/PSCED%20Publication_13Jul2018.pdf.
- Philippine Statistics Authority. (2008). Philippine Standard Classification of Education 2008. https://psa.gov.ph/sites/default/files/NSCB_PSCEd_2008.pdf.
- Pym, A. (2012). The Status of the Translation Profession in the European Union: (dgt/2011/tst) : Final Report, 24 July 2012. Publications Office of the European Union.
- San Juan, D. M. (2021, Agosto 14).. Mga Isyu at Hamon sa Pagsasalin [Lektura]. Salinan 2021: Espesyal na Kurso sa Pagsasalin, , Pambansang Samahan ng Liguwistika at Literaturang Filipino at Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin.
- Society of Translators and Interpreters of British Columbia. (w.p). Application Requirements for Student Membership. <https://www.stibc.org/page/how%20to%20join%20-%20student%20member.aspx>.
- Society of Translators and Interpreters of British Columbia. (w.p.). Membership Has Many Advantages! <https://www.stibc.org/page/membership%20advantages.aspx#.YGrY8ugzblU>.
- Society of Translators and Interpreters of British Columbia. (w.p.). Professional Title Protection. <https://www.stibc.org/page/title%20protection%20certificate.aspx#.YGrVlugzblU>.
- The Association of Translators and Interpreters of Saskatchewan. (w.p). How Do I Become A Certified Traslator? <https://atisask.ca/faq/how-do-i-become-a-certified-translator>.
- The Association of Translators and Interpreters of Saskatchewan. (w.p.). The Translation Certification Process at a Glance. <https://atisask.ca/pages/certification-process>.
- The Association of Translators and Interpreters of Saskatchewan. (w.p.). What are the advantages of being a member of ATIS?. <https://atisask.ca/faq/-what-are-the-advantages-of-being-a-member-of-atis>.
- The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick. (w.p.). Membership. <https://ctinb.nb.ca/fr/devenir-membre/adhesion>.
- The Corporation of Translators, Terminologists and Interpreters of New Brunswick. (w.p.). Titles. <https://ctinb.nb.ca/en/about-us/titles>.
- The Ordre des traducteurs, terminologues et interprètes agréés du Québec. (w.p.). Support Towards Professional Life!. <https://ottiaq.org/futur-membre/mentorat-2/>.
- University of the Philippines. (w.p.). Graduate and Postgraduate Programs. <https://upd.edu.ph/academics/graduate-and-postgraduate/>.
- Witter-Merithew, A. and Johnson, L. (2004). Market Disorder Within the Field of Sign Language Interpreting: Professionalization Implications. Journal of Interpretation, 1-35.
- World Education Service (w.p.). About WES.<https://www.wes.org/ca/about-wes/>.

Tungkol sa May-akda:**IAN MARK P. NIBALVOS**

Guro ng Filipino sa Departamento ng Filipino ng Samar State University. Nakapagtapos siya ng masteradong kurso sa Filipino sa Pamantasang De La Salle – Dasmariñas at kasalukuyang kumukuha ng kursong Doktor ng Pilosopiya sa Araling Pilipinas sa Tri-College ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siyang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, at wika. Ang ilan sa kaniyang mga papel pananaliksik ay nailathala na sa iba’t ibang journal tulad Malay ng De La Salle University, Hasaan: Ang Opisyal na Refereed Journal sa Filipino ng University of Santo Tomas, Scientia: The International Journal on the Liberal Arts ng San Beda University, Bannag: A Journal of Local Knowledge ng University of Saint Louis – Lungsod Tuguegarao, Dalumat E-Journal ng Networked Learning PH at Social Science Diliman ng Unibersidad ng Pilipinas. Naging bahagi siya ng proyektong “*Wow Filipino*” ng Vibal Publishing, serye ng teksbuk sa Filipino para sa Junior High School. Napabilang din siya bilang research fellow sa *2nd International Writing Fellowship for Social Health Studies* ng Research Center for Social Sciences and Education 2020 ng UST, Nagoya University & Access Health International; PALIHAN: PSLLF-Kawing Journal Writeshop 2021 ng Pambansang Samahan sa Lingguwistika at Literaturang Filipino, Ink (PSLLF); at Linang Kasaysayan 2021: PHA Local History Writing Workshop ng Philippine Historical Association. Nagkamit siya ng karangalan bilang Pinakamahusay na Presentasyon ng Papel Pananaliksik sa Klaster ng Pagsusuri ng Panitikan sa Pambansang Seminar-Worksyap 2021 ng De La Salle University at itinanghal din bilang Best Paper Presenter sa Unang Pambansang Kumperensiya sa Buwan Panitikan 2022 ng Leyte Normal University.

Hanapin Ang Hiwaga: Labintatlong Alegorikal na Interpretasyon sa Netflix *Animated Series* na *Trese*

(Seek The Mystery: Thirteen Allegorical Interpretations in the Netflix Animated Series Trese)

Axle Christien J. Tugano at Joanna Frances Isabelle R. Sajor-Tugano

University of the Philippines Los Baños at University of the Philippines Diliman

ajtugano1@up.edu.ph

jrsajor@up.edu.ph

ABSTRAK

Itinuturing ang *Trese* (2021) bilang kauna-unahang *Netflix anime series* na mula sa Pilipinas, sa buong Timog Silangang Asya, at nasa labas ng Japan. Sa pagrerebyung ito, nilalayong maipamalas ang mataas na inklinasyon ng mga Pilipino sa kanilang mga alamat at mitolohiya. Bagaman hindi pa tapos ang serye, mahalaga pa ring tingnan ang kahalagahan ng *Trese* bilang holistikong paglalarawan sa imahe ng kultura at lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ng labintatlong (13) malikhain at faktuwal na representasyong alegorikal ng *Trese*, nailatag ang saklaw at ispektrum ng pagka-Pilipino. Ang rebyung ito ay nahahati sa apat na sub-kategorya na itinema dulot ng lumabas na interpretasyon – (1) paglalarawan sa pisikal na katangian at pananaw o diskursong ginamit, na nilapatan ng *literary criticism*; (2) paano ipinamalas ng *Trese* ang kaugnayan at pagpapahalaga nito sa Kasaysayang Pilipino; (3) paglalatatag ng ilang aspektong antropolohikal at sosyo-kultural sa anyo ng sektoral na representasyon ng kasarian at pamilya at pagtatampok sa ilang mga kulturang popular ng Pilipinas; at (4) ang *Trese* bilang panimulang daluyan ng diskursong pampolitika-burukratika at isang malinaw na depiksyon ng kasalukuyang klimang pulitikal ng Pilipinas.

Mga Susing Salita: *Trese*, kulturang popular, alegorya, representasyon, *anime*

ABSTRACT

Trese (2021) is hailed as the first *Netflix anime series* from the Philippines, Southeast Asian region, and outside of Japan. This review aims to unfold its massive appeal and trend among avid viewers' fascination with Philippine folklore and mythology. Although the series has not yet ended, it is essential to view the relevance of *Trese* in depicting the holistic image of Philippine culture and society. Using thirteen (*trese*)

creative and factual allegorical representations of Trese, we enumerate the scope and spectrum of Filipinoness. The review is divided into four sub-categories classifying the said interpretations – (1) depicting the physical landscape of the series and discourse in its perspectives using literary criticism; (2) how Trese presents relevance and appreciation to Philippine History; (3) showcasing some anthropological and socio-cultural aspects through its series' sectoral representations on gender and kinship in Philippine Society and empowering Philippine popular culture in a global scale; and (4) Trese as a starting medium for politico-bureaucratic discourse and a clear depiction for the Philippine current political climate.

Keywords: Trese, popular culture, allegory, representation, anime

~~~

### **Alegoryang Pilipino sa Netflix**

Mahalaga ang alegorya sa pormulasyon ng mga kahulugan at esensiyang maaaring ipataw sa isang bagay (Hurley, 2001, p. 92). Ginagamit din ito upang masipat ang isang daluyan ng pag-unawa na kung saan ang maliit ay nagiging malaking usapin (Tolentino, 2011, p. 10). Sa alegorya, kinasasangkapan ang isang piksyunal na bagay, lugar, tao, o pangyayari upang ikubli ang katotohanan. Ang katotohanang tinutukoy rito ay ang lantad o aktuwal na pagkakakilanlan ngunit hindi ang “katotohanan” na nasa anyo ng realidad ng gumagalaw na lipunan. Bukas din ang alegorya sa halinhinang interpretasyon at (re)interpretasyon (sa anyo ng modernisasyon). Posibleng maging magkasingkahulugan o magkatulad ang nililingong nakaraan na may malaking puwang sa kasalukuyan dahil sa magkamukha nilang sitwasyon at kapalaran. Halimbawa sa kasaysayan, ang *conjuncture* ay pag-uugnay sa nakaraan at kasalukuyan at sa kung paano sila nagkakaugnay (Tugano 2019a, pp. 163-164). Ani Morton Bloomfield (1972), *allegory is the method of modernization, that which has made, makes, or keeps modern those literary documents of the past which can bear such a load of continual reinterpretation* (pp. 301-302).

Halimbawa nito, bagaman nasa anyo ng panitikan, ang *Florante at Laura* (1838) ni Francisco Balagtas. Maituturing itong isang alegorya sapagkat ikinubli ang totoong Pilipinas sa anyo ng Kanluraning kaharian (Albanya), ang mga pangalan ng tauhan (sa Konde, Kondesa, Prinsipe, Reyna, at Hari), at pananamit ngunit mababakas sa ilang bahagi ang kalagayan ng mga katutubong Pilipino noong dantaon 19 (Jurilla, 2005, pp. 136 at 146). May dalawang posibleng dahilan kung bakit gumamit ng alegorya si Balagtas. Una, sa ngalan ng malikhaing pagpapahayag. Pangalawa, upang ilihis ang sensura kung sakaling magiging tukoy ang Pilipinas sa kanyang mga akda na posible niyang ikaaresto. Kaya’t walang dudang alegorikal din ang dalawang nobela ni Jose Rizal dahil nabasa niya si Balagtas. Dinakila ni Rizal si Balagtas dahil sa pagiging huwaran

niya sa “Tradisyon” (Almario, 1993, p. xiv). Gayumpaman, ang interpretasyon ni Balagtas sa Albanya ay maaaring alegorikal na (re)interpretasyon ng mga Pilipino sa panahon ng mga mananakop at pwede pa ring gamitin sa kasalukuyang panahon.

Liban sa panitikan, may ilang akda rin ang gumamit ng alegorya sa pagsusuri ng mga pelikulang Pilipino (Campos, 2006; Arriola, 2010). Ngunit hindi na iisa-isahin ang mga pelikulang naipunla halimbawa sa panahon ng Batas Militar (*i.e.* mga pelikula nina Ishmael Bernal at Lino Brocka). Sa Netflix, naglipana rin ang ilang pelikulang Pilipino na kung susuriin ay halimbawa ng alegorya hinggil sa kasalukuyang lipunan. Tampok na rito ang *Buy Bust* (2018) na pinagbibidahan ng isang babaeng PDEA pulis na si Nina Manigan (Anne Curtis). Kasama ang kanyang mga tropa upang tugisin sana ang *drug lord*, ipinain lang pala sila sa isang komunidad (*drug cartel*) na lungga ng mga *drug syndicate*. Lumabas na ang isang *detective* na nagmando sa kanila para sa isang operasyon ay kasangkot din pala sa negosyo ng droga. Ang *set-up* na *buy bust operation* ay nagdala sa kamatayan ng mga pulis. Huling maririnig sa pelikula ang salitang “nanlaban” na tampok ngayon sa *War on Drugs*. Isang taon pagkatapos, naipalabas naman sa Netflix ang *Bagman* (2019) kasama ang piksyunal nitong karakter na si Benjo Malaya (Arjo Atayde), isang simpleng barbero na naging utusan ng mga tiwali at kriminal, at ng Gobernador, at kalauna’y magiging kahalili ng huli, ngunit may humahawak pala sa kanyang leeg – ang mas kilala nating “*King Maker*.” Larawan ito ng umiiral na realidad sa Pilipinas, katulad ng ilang rags to riches na politiko, at mga politikong nagpapapatay.

Liban sa mga ito, sa abot ng aming nalalaman, ang *Trese* (2021) ay unang alegorikal na *anime* na ipinalabas sa Netflix, dito sa Pilipinas. Masyadong maaga ngunit maagap ang pagsusuri sa *Netflix Animated Series* na *Trese* sapagkat hindi pa tapos ang kabuuang serye. Inabangan at ipinalabas ito sa Pilipinas noong Hunyo 11, 2021 kung saan pinag-usapan, trending, at nakakaagaw ng atensyon. Mula sa pagiging komiks noong 2005, sa ilalim ng inisyatiba ng mga *creator* na sina Kajo Baldesimo at Budjette Tan, sino ang mag-aakala ngayon, ika nga ng prodyuser na si Tanya Yuson ang harayang “*good representation for the First Original Anime coming out of Southeast Asia for Netflix, and it’s from the Philippines* (Netflix, 2021).”

Sa aming pagtataya, hindi prayoridad sa ngayon na tapusin ang serye bago simulan ang pagrerebyu. Maaaring hulaan ang katapusan ngunit nabakas na sa unang *Season* na binuo ng anim na *episodes* ang malalim at malawak na pagtatangka nito na itampok ang Pilipinas hindi lamang sa Asya ngunit maging sa buong daigdig. Unang mababasa sa panimulang analisis ni Ana Micaela Chua (2013) ang *Trese* bilang *comic series* na kumawing sa kulturang Maynila. Kaya’t sa pagkakataong ito, sisikapang balasahin at palawigin ang panimulang pagbasa sa *Trese* sa pamamagitan ng labintatlong (13) alegorikal na interpretasyon. Naniniwalang hindi lamang ito nilinang sa pagbubuo ng Manilasentrikong pananaw hinggil sa kulturang Pilipino ngunit sa kaantasan ng nagtatalaban, kumakawing, at pagtatangkang bumuo ng pagkabansa ng Pilipinas.

### Ang Trese bilang *graphic novel* at *anime*

Ang *Trese* ay isang *graphic novel* na itinanghal sa Netflix bilang *anime*. Sa pedagohiya, mahalaga para sa kaguruan ang pagsasagawa ng malikhaing paraan katulad ng pagpapabasa ng *graphic novel* o *graphic narratives*. Ang huli ay tumutukoy sa pagsasama ng komiks at nobelang grapik (Bourelle, 2018, p. 14). Kasama rin ang pagsusulat ng naratibo ng mga mag-aaral kalakip ang mga larawan (Halsall, 2018, p. 87) dahil mas nakakakuha ito sa kanila ng interes. Kung gayon, maaari kayang ituring din ito bilang panitikang pambata? Sa aming pagtataya, maaaring “Oo” o “Medyo.” Ang murang edad ng kabataan ay nahuhumaling sa makukulay na larawan o mga kakaibang tagpo. Gayumpaman, hindi maaasahan na mauunawaan nila ang lalim at lawak ng nilalaman nito dahil mas nakatuon sila sa panlabas na katangian ng *graphic novel*. Sa kabilang banda, kahit makukulay na *graphics*, mas angkop itong ipaunawa sa mga mag-aaral na may sapat na kakayahang unawain ang nilalaman. Ayon sa *The Psychology of the Child* (1972) nina Jean Piaget at Barbel Inhelder, kung gagamitin ang *cognitive development theory*, ang mga mag-aaral katulad ng mga nasa Baitang 9 at Baitang 10 ay nasa bahagi na ng tinatawag na *formal operational stage* – panahon ng kanilang lohikal at teoretikal na pag-iisip. Samakatwid, ang *Trese* ay maaaring kapwa maging pampanitikang pambata at babasahing alegorikal na angkop sa mga nakakatanda.

Gayumpaman, may pagkakaiba ang daloy at tunguhin ng *Trese* bilang isang *graphic novel* at *anime*. May pitong isyu ang *Trese graphic novel* na binubuo ng mga kabanata (sa anyo ng *cases*). Ang *Trese 1: Murder at Balete Drive* ay binubuo ng apat na kabanata (*At the Intersection of Balete and 13th Street*, *The Rules of the Race*, *Our Secret Constellation*, at *The Tragic Case of Dr. Burgos*) (Tan at Baldisimo, 2020); apat din sa *Trese 2: Unreported Murders* (*A Little Known Murder in Studio 4*, *The Outpost in Kalayaan Street*, *Embrace of the Unwanted*, at *The Association Dues of Livewell Village*) (Tan at Baldisimo, 2021); lima sa *Trese 3: Mass Murders* (*A Private Retaliation*, *Patient 414 in Mandaluyong*, *The Fort Bonifacio Massacre*, *The Baptism of Alexandra Trese*, at *An Act of War*) (Tan at Baldisimo, 2022a); apat muli sa *Trese 4: Last Seen After Midnight* (*Cadena De Amor*, *A Private Collection*, *Wanted: Bedspacer*, at *Fight of the Year*) (Tan at Baldisimo, 2022b); apat din sa *Trese 5: Midnight Tribunal* (*Maverick Rider*, *The Judge's Verdict*, *Return of the Madame*, at *The Great Stampede*) (Tan at Baldisimo, 2012); lima sa *Trese 6: High Tide at Midnight* (*The Executioner's Return*, *Casa Lanan*, *The Plan of the Four Clans*, *The Executioner's Squad*, at *Slaughter at Brgy. Pacifica*) (Tan at Baldisimo, 2014); at apat sa *Trese 7: Shadow Witness* (*Thirteen Stations*, *The Exorcism of Linda Blasco*, *Table for Three*, at *The Madrid Gig*) (Tan at Baldisimo, 2019).

Hindi ipinalabas ang lahat ng ito sa Netflix *anime*. Sa labintatlong (13) kaso, 11 lamang mula sa unang tatlong isyu (*Trese 1: Murder at Balete Drive*, *Trese 2: Unreported Murders*, at *Trese 3: Mass Murders*) ang pinaghanguan ng anim na *episodes* sa Netflix. Sa kabuuan, binubuo ito ng 172 minutong pagpapalabas – *Episode 1* (31 minuto),

*Episode 2* (26 minuto), *Episode 3* (27 minuto), *Episode 4* (25 minuto), *Episode 5* (30 minuto), at *Episode 6* (33 minuto). Malinaw naming pinagkasunduan ni Mark Joseph Santos (2021) na may kaibahan ang *graphic novel* at ang *anime* sa Netflix. Matutunghayan sa ibaba (**Talahanayan 1**) ang siniping paghahambing sa dalawang midyum.

#### Talahanayan 1

*Paghahambing sa nilalaman ng Trese bilang graphic novel at netflix anime*

| Trese Komiks     | Graphic Novel                                                                                                                                                                                                                                                                                            | Netflix Anime                                                                                                                                                                                                                |
|------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>VOLUME I</b>  | Hindi ipinapakita ang <i>Manila Metro Rail Transit System</i> (MRT) bilang sasakyan ng mga kaluluwa                                                                                                                                                                                                      | Naging representasyon ang MRT bilang sasakyan ng mga kaluluwa ( <i>Episode 1</i> )                                                                                                                                           |
|                  | Komprehensibong tinalakay ang buong kuwentong buhay nina Nida Vargas ( <i>Case 3: Our Secret Constellation</i> ) at Dr. Karl Burgos ( <i>Case 4: The Tragic Case of Dr. Burgos</i> )                                                                                                                     | Walang makikitang kuwentong buhay nina Nida Vargas at Dr. Karl Burgos sa <i>anime</i>                                                                                                                                        |
|                  | Unang pagkakataong maipapakita si Mayor Santamaria sa <i>Book 3 Case 13: An Act of War</i> . Gayundin, walang relasyon o kaugnayan kay Gina Santos si Santamaria                                                                                                                                         | Isang <i>white lady</i> ng Balete Drive ( <i>Episode 1</i> ) si Gina Santos at kalaguyong ipinapatay ni Mayor Santamaria                                                                                                     |
|                  | Hindi nagbibigay ng Chocnut kay Nuno si Alexandra Trese tuwing siya'y nagtatanong dito ( <i>Book 1 Case 1: At the Intersection of Balete and 13th Street</i> at <i>Book 2 Case 5: A Little Known Murder in Studio 4</i> ). Mga duwende ang kanyang bininibigyan ( <i>Book 3 Case 13: An Act of War</i> ) | Nagbibigay si Alexandra Trese ng Chocnut kay Nuno bago ito magtanong ( <i>Episode 1</i> at <i>Episode 2</i> ). Gayundin si Hank na nagbibigay ng Chocnut kay Nuno ( <i>Episode 4</i> )                                       |
| <b>VOLUME II</b> | Hiwalay ang kuwento ng artistang si Nova Aurora ( <i>Book 2 Case 5: A Little Known Murder in Studio 4</i> ) at si Dr. Petra Gallaga at kanyang engkwentro sa mga tiyanak ( <i>Book 2 Case 7: The Embrace of the Unwanted</i> )                                                                           | Pinag-isa ang kuwento ni Nova Aurora at tiyanak na kanyang mga anak. Samantalang si Dr. Petra Gallaga ay pinatay ng mga tiyanak at siya rin ang tumulong upang ipalaglag ni Aurora ang kanyang mga anak ( <i>Episode 3</i> ) |
|                  | Dalawang indibidwal ang laging nagpapatawag kay Alexandra Trese – sina Captain Guerrero at Sgt. Gregorio Revilla, ang abusadong pinuno ng presinto sa Kalayaan Street, Makati                                                                                                                            | Isang tao na lang ang nagpapatawag kay Alexandra Trese – si Captain Guerrero. Si Guerrero ay mabait bilang pinuno ng presinto ( <i>Episode 4</i> )                                                                           |
|                  | Nanhihingi ng tulong si Alexandra Trese kay Amang Paso nang sa gayo'y mahuli si Bagyon Kulimlim                                                                                                                                                                                                          | Kay Nuno nanhihingi ng tulong si Alexandra Trese upang mahuli si Bagyon Kulimlim ( <i>Episode 2</i> )                                                                                                                        |
|                  | Hindi nagtaksil si Nuno at hindi rin siya kasama sa labang namagitan sa kampo ni Trese at kina Mayor Santamaria at Datu Talagbusao                                                                                                                                                                       | Nagtraydor si Nuno at nakipagsabwatan kay Mayor Santamaria ( <i>Episode 5</i> )                                                                                                                                              |

## VOLUME III

Dumating ang apat na kapatid na lalaki ni Trese upang protektahan siya habang nasa loob ng puno ng balete

Walang kahit anong impormasyon ang ipinakita rito tungkol sa mga kapatid ni Trese

Naisuplong ng kampo ni Trese si Talagbusao nang tulungan sila ni Jobert upang maipadala ang Datu sa isang dimensyon ng *computer games*

Hindi nabanggit kung saang dimensyong ipinadala ni Trese si Talagbusao. Wala ring kinalaman dito si Jobert

Walang ipinakitang monologo si Talagbusao kung saan inilalahad niya ang nakaraan ni Trese. Wala ring indikasyon tungkol sa pagsisinungaling ng kanyang amang si Anton tungkol sa mga anak

Nagkaroon ng mahabang monologo si Talagbusao tungkol sa pagbubunyag sa nakaraan ni Trese lalo na sa pagsisinungaling ng kanyang amang si Anton

Unang lumusob ang grupo ng mga aswang sa puno ng balete at lumaban si Anton upang maipagtanggol ang anak

Ayon kay Talagbusao, si Anton ang nagpasimuno ng paglusob ng mga aswang upang maipagtanggol si Trese

---

*Note.* Inihanda ng mga may-akda batay sa balangkas ni Santos (2021)

Mula sa pagbabalasa ng pagkakaiba at pagkakatulad ng *Trese* bilang *graphic novel* at *Netflix anime*, magkakaroon na ng isang malinaw na pagtatangkang suriin ito sa lente ng alegorya. Isa sa mga litaw na salik kung bakit naging magkaiba ang *graphic novel* at *anime* ay dahil ang alegorya ay bukas sa (re)interpretasyon mula sa orihinal nitong nilayong interpretasyon (Bloomfield, 1972, pp. 301-302). Noong panahong isinulat pa lamang ang *Trese* bilang isang *graphic novel*, malinaw para kina Kajo Baldissimo at Budjette Tan ang kanilang pinagmumulang interpretasyon – *i.e.* ganito ang larawan ng kanilang lipunan, ganito ang kanilang nararanasan, at iba pa. Sa pagdaan ng panahon, may nagbabago sa lipunan, kaya't magbabago rin ang kanilang pananaw. Ito ang magdadala sa kanila tungo sa (re)interpretasyon na taliwas sa kanilang orihinal na interpretasyon. Samakatwid, ang magiging tunguhin ng rebyung ito ay hindi batay sa interpretasyon o (re)interpretasyon ng mga lumikha bagkus batay sa aming sariling (re)interpretasyon – ang interpretasyong disiplinal. Upang lalong maunawaan ang layunin, tatalakayin muna ang lapit ng pagsusuri sa *anime* gamit ang iba't ibang disiplina.

### Ang *anime* sa iba't ibang disiplina

Laganap ang *anime* (*animation* o *animeeshon*) bilang bahagi ng kulturang popular ng mga Hapones. Nagmistulang ahente ang paglikha at paglaganap ng *anime* upang magsilbing larawan ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Isang *brilliant branding* ang paglitaw ng *anime* sa Hapon upang magkaroon sila ng sariling barayti ng *cartoons* na naiiba sa noo'y namamayani sa Kanlurang kulturang popular (Ashcraft, 2021). Ayon kay Jacqueline Berndt (2018), may apat na oryentasyon ang mababakas sa *anime* ng mga Hapones – (1) isang trajektori tungo sa pag-unawa ng kalagayang politikal; (2) pagdiin sa sosyo-antropolohikal na pagpapakahulugan sa kanilang kultura; (3) bilang

bahagi ng sining; at (4) bilang midya na pumapaimbulog sa produksyon at konsumpsyon na salik ng isang industriya (Berndt, 2018, p. 2). Kinalaunan, ipinasok na rin ang *anime* sa akademikong talastasan ngunit hindi lamang ikinahon sa simpleng pagrerebyu – i.e. pagtukoy ng mga tauhan, hitsura ng mga ito, at ang tradisyonal na pagsusuring *mithi-balakid-kapalaran* na isang padron na may tendensiyang maging linyar ang pagbabasa sa konteksto at konsepto. Ito yaong kinasanayang pagdukul sa mga bahagi ng *plot* – *exposition*, *rising action*, *climax*, *falling action*, at *resolution*. Ngunit, may posibilidad palang maging non-linyar o tematiko ang pagbabasa sa mensaheng hatid ng mga *anime*.

Hindi lamang disiplina ng *media studies* ang umaangkin sa epistemolohikong pag-aaral ng *anime*. Lumalapat din ito sa agham pampolitika, kasaysayan, *international studies*, *literary studies*, *area studies*, at iba pa (Berndt, 2018, p. 3; Hernandez-Perez, 2019, p. 4). Halimbawa sa agham pampolitika lalo na sa *international studies*, mauunawaan kung paano nito hinulma ang mga *anime* bilang *intangible power resources* ng kultura, institusyon, o ideolohiya (Nye, 1990 kay Pace-McCarrick, 2021). Kung ilalapat sa lipunang Hapones, ang kultura at institusyon na tinutukoy dito ay ang malinaw na daloy ng kanilang diskurso na may pagtatangi lalo na sa wika. Kaya't tama ang binabanggit ni Priscelina Patajo-Legasto (2004) na *there is no human experience that is not mediated by language, ideology, or discourse* (pp. 40-41). Sa pagsasama ng tatlong mahahalagang salik na ito, kung ilalapat sa pag-aaral ng *anime*, lilitaw mula rito ang disiplinang sosyokultural na lapit (Napier, 2001).

Nagamit ang disiplina ng kasaysayan at antropolohiya sa pag-aaral ng *anime*. Maaaring tingnan lalo na ang historikal na salik at nilalaman nito ngunit hindi palaging maaasahan na mababakas mula rito ang aktwal na pangyayari. Bukod sa imposible ito, ang *anime* ay isa nang *non-canonical* na adaptasyon ng historikal na kaganapan na maaaring hinugot mula sa iba't ibang naratibo (*reticular history*), kaya't napapalamutian na ito ng tinatawag na *fillers* (Hernandez-Perez, 2019, p. 6). Liban sa kasaysayan, may kaugnayan din ang *anime* sa tunguhin ng *literary studies*, na lagpas pa kinasanayang *reader-response criticism*. Bagaman ang *anime* ay isang midyum-biswal, maaari rin itong masuri sa anyo ng estrukturang pampanitikan kung saan maitatampok ang katugunan ng mga mambabasa o manonood. Ayon kina Naskar at Maiti (2016), nasa proseso pa rin ng *transcultural evolution* ang paglalapat ng kritisismong panliteratura sa mga *anime*, dahil hindi katulad ng mga pelikula, musika, at komiks, hindi gaanong ginagawa ito sa mga *anime* (pp. 476, 484). Patuloy pa ring pinag-aaralan ang prosesong ito. Kaya't ang rebyung ito ay posibleng isa sa mga panimulang pagtatangkang basahin ang *Trese* bilang isang *anime*, sapagkat katulad ng nabanggit, nagawa na ito sa komiks ni Chua (2013).

Panghuli, maaaring iugnay ang *area studies* sa pag-aaral ng mga *anime*. Mahalaga ang nasabing disiplina sapagkat eksklusibo nitong pinag-aaralan ang kapookan ng isang partikular na bansa – sampu ng kanyang kasaysayan, kultura, at kalinangan. Halimbawa, masasabing tinatahak ng isang Pilipino ang *area studies* kung

pag-aaralan nito ang *anime* ng lipunang Hapones (na labas sa kanyang sariling lipunan). Matagal nang pinuna ni Atoy Navarro (2015) ang trajektori ng *area studies* at *regionalism studies*. Nakatuon ito madalas sa interes na Kanluran na pag-aralan o suriin ang isang rehiyon batay sa kanilang sariling pananaw (Navarro, 2015, p.139). Kaya't masasabing mahalaga ang paggamit ng maka-Asyano o maka-Pilipinong pananaw na kumakalas sa kinasanayang pragmatika ng *area studies* – i.e. ang *constitutive localization* (Acharya, 2009) at *Araling Kabanwahan* (Navarro, 2012) (kay Elumbre, 2015, p. 263). Higit na masasabing lalapit sa huling disiplina ang rebyung ito, maging ang *Trese* mismo, sapagkat inaangkin natin ito mula sa labas gamit ang pananaw at wikang nauunawaan ng mga Pilipino.

Samakatuwid, ito ang aming dahilan kung bakit kami naghakot ng iba't ibang disiplina sa pagbabasa ng isang *anime*. Lumalabas kung gayon na naghahain ito ng panimula o makabagong dulong sa kung paano pahahalagahan ang isang *anime*. Ang pagtatambal ng mga disiplina, i.e. *anime* at agham pampolitika, *anime* at kasaysayan, *anime* at *international studies*, *anime* at *literary studies*, *anime* at *area studies*, *anime* at antropolohiya, at marami pang iba. Lumalabas sa pagkakataong ito na interdisiplinaryo o transdisiplinaryo ang lapit ng pagsusuri sa *Trese*.

Ang alegorikal na pagsusuri sa *Trese* ay hinati sa apat. Una, ang simpleng *literary criticism*. Pangalawa, ang kahalagahan ng *Trese* sa kaalamang historikal. Ikatlo, pagtatampok ng *Trese* sa kahalagahang sektoral na may tuon sa kababaihan at pamilyang Pilipino at bilang batis ng Kulturang Popular ng lipunang Pilipino. Ito ay maaaring tingnan sa panunuring antropolohikal o sosyo-kultural. Panghuli, ang *Trese* bilang larawan ng Kasaysayang Politikang ng bansa bilang lapit ng agham pampolitika.

### **Alegorikal na interpretasyon (lapit ng literary criticism)**

Hindi lamang mga babasahin ang maikokonsidera bilang literatura. Ang mga pelikula (*motion picture*) ay maituturing na literatura sapagkat binabasa o sinusuri ito katulad sa kung paano basahin at suriin ang isang tradisyonal na literaturang nakasulat. Tinangka nina Kathryn Stout at Richard Stout (2016) na ituring ang pelikula bilang isang sub-bahagi ng literatura. Ngunit, katulad ng nabanggit, pinagyayaman pa rin hanggang sa ngayon ang paglalapat ng *literary criticism* sa mga gumagalaw na larawan na kinabibilangan ng *anime* (Naskar at Maiti, 2016). Kung titingnan halimbawa ang *Trese* bilang literaturang pambata, na siyang lalapitan ng simpleng *reader-response criticism*, magagarantiyang ang una nilang mapapansin ay ang *setting* at wikang ginamit sa *anime*. Ito ang mga litaw na salik na madaling mapansin, arukin, at matunton. Kaya't dalawang interpretasyon ang maaaring madukal mula rito – ang hulagway ng Maynila sa kabuuan at paggamit sa wikang Filipino.

## I. Hulagway ng Maynila

Sa simula pa lamang ng *Trese*, litaw ang imahe ng Maynila bilang isang maliwanag at madilim na lungsod. Inilarawan ni Alexandra Trese, ang babaeng *detective* at bida, ang Maynila sa ganitong pahayag, “*Maynila, babatiin ka ng ngiti, pero kapag gabi, maaari kang maging biktima. Hindi kidnapper kundi mga uhaw sa dugo at kaluluwa.*” Malinaw na katangian ito ng Maynila mula noon hanggang sa ngayon. Sentro ng karahasan, kamunduhan, at kasakiman na mababakas sa iba’t ibang uri ng Aswang – mga halimaw, mapanamantala, at tiwali. Sa ganitong metapora, matutukoy ang Maynila sa iba’t ibang persona at katangian.

Una sa palabas, sekundarya lamang kung maituturing ang pagpokus sa paglusob ng mga Aswang sa MRT Guadalupe Station upang mambiktima. Alegorikal ang bahaging ito sa punto na fantastiko o kuwento ito ng kababalaghan ngunit ang mundong ginagalawan ay batbat ng karahasan. Kaya’t naghahain ang *Trese* ng tila resolusyon sa tagibang ugyanan ng fantasya at realidad – sa kasong ito ang realidad ng Maynila. Mas naging tuon mismo ang tumenggang MRT sapagkat larawan ito ng Maynila kung saan araw-araw na nagkukumpulan at nagsisiksikan ang mga pasaherong manggagawa. Ang pagtengga ng tren sa gitna ng riles ay ehemplo ng mahinang hawak ng pamahalaan sa ganitong aspekto, kung ihahambing ito sa ibang lipunan, partikular sa Timog Silangang Asya (Tugano, 2021, pp. 125-133). Paulit-ulit na karanasan ang pagtigil ng mga tren at mula doo’y maglalakad ang mga tao pabalik sa estasyon. Ang ganitong mga aberya ay hindi na bago sa lipunan ng Maynila. Matatandaang sumabog at nagkasunog noong 2019 (CNNPS, 2019) sa LRT Line 2 sa pagitan ng Katipunan at Anonas, dalawang taon bago manumbalik ang operasyon (Luna, 2021). Ang ganitong mabagal na progreso ay nagpahirap sa napakaraming Pilipino.

Naipamalas din ng *Trese* ang iba’t ibang kaugalian ng mga taga-Maynila. Nariyan ang mga taong laging nakikiusyoso sa mga *crime scene*, tsismoso, at sumbungero (na mula na rin sa bibig ni Nuno), ang pang-aapi sa mahihirap, pagpila sa mga panaderya, pagsakay sa dyip, at usapin ng teritoryo at awayan (*riot*). Higit na tuon ang panghuli. Sa simula pa lamang, ginulat tayo ng *Trese* sa konsepto ng kaguluhan ng Maynila. Nagkaroon ng engkwentro si Alexandra kay Ibwa, lider ng mga Aswang ng Sapa Clan, upang alamin ang kanyang kinalaman sa mga krimeng kinasasangkutan ni Mayor Sancho Santamaria, ang tiwaling lider. Naitampok dito ang pakikipagbasag-ulo, patayan, palitan ng mga malulutong na mura, at pagdiin sa ideya ng sariling teritoryo. Litaw dito ang Ideya ng Siga sa kulturang Maynila. Grupo-grupo, teri-teritoryo, at gantihan ang madalas na ikinakabit sa matao at magulong mga eskinita ng Maynila. Kung minsan, sa bawat *riot* ng dalawang grupo, laging may nasusugatan, napapatay, at namamarkahan. Ang markang iginuhit sa katawan ay tanda ng babala o paghamon. Nakita ito kung paano tinanggal ni Alexandra ang mata ni Ibwa upang bigyan ng babala. Gayundin, kung paano naipakita ng *Trese* ang kulturang Siga at namamayaning lipunan sa loob ng Bilibid Prison.

Naging *branded* ang Maynila sa *Trese* dahil sa ilang establisamyento na bahagyang naipapakita sa bawat senaryo. Nariyan ang Jollibee at Mang Inasal, tampok na mga *Fast Food Chain* para sa mayoryang Pilipino. Sinabayan pa ng maiingay na lansangan dulot ng mga busina at *restaurant bar*. Mga naglalakihang *billboards* ng kilalang artista. Magugunita kung ganoon ang Maynila dahil sa mga binanggit na katangian. Sa Maynila sumentro ang buhay ng mga tauhan.

## II. Sa lente ng Pantayong Pananaw

Ginamit bilang representasyon ng wika ang Pantayong Pananaw. Litaw ang pagka-Pilipino ng *Trese* hindi lamang sa estruktura, tindig, o imahe ng bawat tauhan o kilos ngunit sa mismong talastasan na rin. Ang merito nito bilang kauna-unahang Pilipinong *animated series* sa Netflix ay mababakas sa pag-aangkin. Hindi taal sa Pilipinas ang *anime*, ang kuna nito ay maituturo sa Hapon. Bahagi rin ito ng tinatawag ni Arjun Appadurai na *glocalization* o pagtatalaban ng globalisasyon at lokalisasyon. Ani Appadurai (1996), ang kaantasang global ay ipinapakilala sa aksesibilidad ng mga lokal (p. 55). Katulad ito ng mangilan-ngilang mga *anime* mula sa Hapon gaya ng *Doraemon* (1973), *Dragon Ball Z* (1989), *Sailor Moon* (1992), *One Piece* (1999), *Naruto* (2002), at *Death Note* (2006). Napagtagumpayang isailalim at ilokalisa sa *Filipino-dubbed* ngunit ang *Trese* ay maituturing na orihinal. Wika, kilos, at tindigang Pilipino ang namamayani rito. Maaaring mapanood ang *Trese* sa awdyong Ingles, Filipino, at Nihonggo samantalang aksesibol sa *subtitle* ang iba pang wika katulad ng Koreano at Español.

Higit sa lahat, pumaimbabaw ang *Trese* sa direksiyon ng Pantayong Pananaw, isang perspektibang panloob, hindi dahil nasa Filipino ang wikang primaryang ginamit dito ngunit sa pagtatangka nitong angkinin, itawid, at iindinisa ang kulturang Hapones sa pananaw ng lipunang Pilipino. Ayon kay Zeus Salazar (1974), sa diwa ng Pantayong Pananaw, ang konsepto at kontekstong iba ay maaaring angkinin ng talastasan at kalinangang bayang Pilipino sa pamamagitan ng pagsasalin nito (p. ix-x). Napagtagumpayan ito ng *Trese*. Sa halip na ipakilala at ipangalandakan ang kulturang Hapones, sadya o hindi sadya, may talab o wala, ipinasundayag nito ang natatanging imahe ng pagka-Pilipino na kung saan nagkakasundo at nagkakaunawaan ang lahat. Lalo pa't ang napapanahong usapin sa *social media* ay isang malinaw na pagkaka-ugnay ng lipunan sa isang nagsasariling diskursong pangkalinangan o pangkabihasnan na siyang tunguhin ng Pantayong Pananaw (Salazar, 1991, p. 102).

Ngunit nang ilabas ang *Trese* sa Netflix, unang pinuna ng ilang mga Pilipinong nagpatianod sa pamantayan ng *Japanese anime* – ang deliberasyon ng wikang Filipino. Anila, hindi raw nababagay ang boses ni Liza Soberano (para kay *Trese*) dahil “hindi ito nagtutunog Hapones.” Malinaw ang pagkakapako ng ganitong pahayag sa *colonial mentality* ng mga Pilipino na tila palaging pamantayan ang orihinal. Ang *Trese*, boses, lugar, at tauhan ay hindi na gawang Hapones kundi isa na itong orihinal na gawang

Pilipino. Katulad ng konseptong *simulacra* ni Jean Baudrillard (1981), na nagsasabing hindi kopya ang kinopya, ngunit isa na itong ganap na sarili o orihinal.

Ang pagsalok sa *anime* na kalauna'y iigpaw sa pagpapakilala ng kulturang Pilipino na nakasalalay sa *Trese* sa iba't ibang bansa ay isang ebidensya rin na hindi lamang pasibo o tagatanggap ng naghaharing kultura (cf. kaisipang George Coedes, 1968) ang mga Pilipino. Bagkus, matagal na sa ating mentalidad at kapasidad na tukuyin, angkinin, at balansehin ang hiram at/o ibang kultura na garantisadong sinuri ang kagamitang sosyo-kultural at lapat nito sa sariling lipunan.

### Alegorikal na interpretasyon (lapit na historikal)

Sinasagot at sinasalba ng rebyung ito na mapansin at makapukaw ng interes sa kabataan ang mga historikal na salik, sadya o hindi sadyang itinampok ng *Trese*. Mula nang paunti-unting katayin ng pamahalaan ang kasaysayan sa kurikulum, mas tumindi ang ignoransya ng mga Pilipino sa sariling kasaysayan. Katulad ng nabanggit, ang *anime* ay nagmimistulang *non-canonical* na adaptasyon ng katuturang historikal na maaaring tingnan sa iba't ibang naratibo (Hernandez-Perez, 2019, p. 6). Naging sangkap din ang *Trese* upang maipaalala ang “gunitang” Pilipino sa kasaysayan. Ayon sa *cultural memory* ni Jan Assmann (1995), masusumpungan ang aalala kahit mayroon itong malaking puwang sa nililingong nakaraan lalo't kung nariyan ang mga tsanel na magdurugtong dito. Halimbawa ang mga monumento, imahe, rebulto, infrastruktura, at mga pedagohikal na lunsaran (Nora, 1996 kay Seixas at Clark 2004, pp. 146-147) na magtuturo sa kasalukuyang henerasyon tungkol sa saysay ng nakaraan. Sa kabuuan gamit ang *reticular history*, mababakas mula sa *Trese* ang limang interpretasyong pangkasaysayan – pagtatampok sa mga pamanang bayan, katuturang Austronesyano, saysay ng mga mitolohiya, mga kaalamang pangkasaysayan, at maging kontemporaryong kasaysayan.

### III. Pagtatampok sa mga pamanang bayan

Itinuro tayo ng *Trese* sa pagpapakilala ng mga pamanang yaman ng bansa. Sa pagkakataong ito, ang mismong *anime* ay isang gunita na *manunubli* o *taga-subli* (tagapagpasa ng yamang kultural) kung saan tumatayo itong tagapagpadaloy o tagapag-ugnay sa pagitan ng mga ninuno (nakaraang buhay) at kasalukuyang buhay (Villan 2017, p. 283). Batid ng nakararami na salat sa kaalaman ang kasalukuyang henerasyon hinggil sa ating mga kultural na yaman. Ipinakilala ng *Trese* ang kahalagahan ng baybayin bilang sinaunang panulat ng mga Pilipino. Ibinida sa bawat *episode* ang markadong iskrip ng mga baybayin. Unang naipakita ito nang tinuturuan ni Miranda Trese, inang babaylan ni Alexandra ang anak nito ng iba't ibang ritwal sa kamatayan. Pangalawa, sa sirkulong barikada sa bangkay ng *White Lady* sa Balete Drive. Ikatlo, ang isinagawang himno-ritwal ni Ramona sa pagpapabalik sa asawang si Datu Talagbusao, Diyos ng Digmaan, habang sinasambit ang katagang *Dugo, Digmaan, Bangon*. Panghuli, ang baybaying

nakaukit sa tatlong batong babasagin kinalaunan upang mamatay ang mga *zombie* na lumusob sa *Multi-Purpose Hall*. Ang tatlong batong ito ay natagpuan sa aparador ng klinika, sa katawan ng higanteng *zombie*, at sa iniluwa ng presong si Raul Lazaro.

Malinaw na ang baybayin ay kakambal ng mga ritwal at seremonya na laganap sa pamayanang Pilipino. Ikinabit ito sa mga mahika, asal, buhay, at kamatayan. Naipakita ito halimbawa ng ilang artefact na natagpuan sa bansa katulad ng *Calatagan Pot* ng Batangas, *Batong Monreal* ng Masbate, at iba pa. Sa kaso ng *Trese*, baybayin din ang nakamarka sa *libretto* ni Anton na naglalaman ng iba't ibang ritwal.

Liban sa baybayin, habang nagsasanay si Alexandra sa kanyang tahanan. Makikita sa kanyang *background* ang iba't ibang artefact ng bansa. May isang *bul-ol*, itinuturing na *rice guardian* sa ritwal na *Torchag* ng mga Igorot (Acabado 2013, p. 180); ang katabing pambayo ng bigas; ang dalawang antropomorpikong Bangang Maitum na natagpuan noong 1991 sa Sarangani (Ronquillo, 1995), bangang umikot sa *Black Market* kaya't wala tayong orihinal nito; sandatang ipinapalagay naming *kampilan* na laganap sa mga Meranaw at Magindanawon (Lasco 2011, p. 8); antigong salamin; at mga seramiko at porselanang pinaniniwalaang representasyon ng sinaunang kalakalan ng mga Pilipino sa ibang sibilisasyong Asyano. Samakatwid, naging susi ang *Trese* sa ganitong pagninilay na muling gunitain ang mga pamanang yaman ng bansa.

#### IV. Pag-uugat sa halagahing Austronesyano

Ang *Trese* ay direktang umuugat sa halagahing Austronesyano. Sa unang sipat, posibleng isang fantastikong kuwento ng kababalaghan ngunit kung titingnan, malaki ang hagupit nito sa matandang kapaniwalaan. Sa una pa lamang, makakatagpo natin ang mga babaylan, halimbawa sa katauhan ni Miranda. Palagi siyang nagsasagawa ng mga ritwal at panalangin. Sa mundo ng mga Austronesyano, mahalaga ang papel ng mga babaylan o katumbas nito. Sa larangan ng relihiyon, namamahala sila sa mga ritwal o kaagapay ng mga datu bilang konsultant kung kailan maaaring gawin ang pagsasaka o *pangangayaw* (pamumugot ng ulo) (Salazar, 2010, p. 12). Sa isa pang Austronesyanong mundo ng Indonesia, katumbas ito ng mga *pawang* o *dukun* na kinonsulta rin ng mga sinaunang pinunong Indones hanggang sa kontemporaryong mga pangulo (Tugano, 2019b, p. 119). Mahalaga rin ang mga babaylan upang balansehin ang kosmikong kaayusan ng tatlong lebel ng santinakpang Pilipino – mundo ng kalangitan, mundo sa lupa, at sa kailaliman. Kaya't madalas silang nagiritwal sa mga Diyos ng kalikasan. Itinampok sa *Trese* ang panalangin ni Miranda sa Diwata ng Bundok Makiling. Sa leyenda ng mga Pilipino, kilala ito bilang Mariang Makiling, Mariang Sinukuan, at Maria Cacao (Mojares, 2018, p. 5) na posibleng nasa anyo ng pagiging diyosa, engkantada, o higante.

Yamang naitampok ang mga babaylan, kaya't nabanggit sa *Trese* ang pananaw sa sandaigdigan sampu ng nagsasalungatang aspekto ukol dito: mundo ng tao at

kariktan; liwanag at dilim; at mabuti at masama. Ang tatlong sapin ng rehiyong Austronesyanong nabanggit sa itaas ay bahagi ng kabuuang uniberso na kung tawagin ay sandaigdigang kung saan nakapaloob ang pisikal at espiritwal ng lupa (Ambrosio, 2010, p. 21). Dahil sa pagsasanib na ito, ang sandaigdigang Austronesyano ay isang malawak na teritoryo ng espasyong pisikal at heograpikal (*geographic realm*) at espasyong espiritwal at kosmiko (*cosmic realm*). Kaya't ito ang dahilan kung bakit laganap sa mundong Austronesyano ang animismo (pagsamba sa kalikasan) at anitoismo (*ancestral worship*) (Lasco, 2014, p. 123). Dahil sa magkasangga ang dalawang *realm*, malayang nakakapasok sa mundo ng mga tao ang kariktan. Naipakita ito sa *Trese* halimbawa sa anyo ng mga nilalang o espiritu at ang makailang beses na paglabas ng mensahero ni Ibu, Diyos ng Kamatayan ng mga Manobo (Soriano at Alejandrino, 2021). Dito kinasangkapan ang MRT bilang tulay ng buhay at kariktan.

Naitampok din sa *Trese* ang pagkain ng mga Aswang. Habang lumulusob si Alexandra sa *slaughterhouse* at para harapin si Ibwa, lider ng *Sapa Clan*, makikitang namimili si Ibwa ng kakaining lamang-loob ng tao na inihahain ng kanyang alalay. Mapapansin ang bituka, puso, dila, utak, atay, at bato. Bagaman hindi na naipakita sa *detail* o *extreme close-up shot* ng kamera, nakakasiguro kaming atay ang kanyang pinili, sa posisyon na rin ng kanyang kamay sa pagdampot. Sa paniniwala ng mga Pilipino, mahalaga ang atay. Sa Kabisayaan halimbawa, ang atay (*hati/hate* sa ibang pangkat) ay larawan ng *gamhanan* (kapangyarihan); simbolo ng pagmamahal; at ginagamit upang makahigit sa ibang tao (Villan, 2020). Sa paniniwalang Aswang, kinakain ang atay dahil luklukan ito ng *dungan* kung saan namamahay ang lakas (*kusog*), tapang (*isog*), at talino (*kinaadman*). Kaya't balewala sa pangkat nina Ibwa kung buhay o patay ang kanilang kakainin. Gayundin ang mga atay ng may sakit, malapit nang mamatay o patay na— ang kinakain talaga ng mga aswang (Lynch, 2004, p. 187) dahil nakakuyom sa atay ang ginhawa na hindi kailanman nawawala kahit patay na ang isang tao (Salazar, 1985).

Panghuli, naipakita rin sa *Trese* ang puno ng balete. Mula sa pagtatampok ng kalyeng Balete Drive hanggang sa mismong puno nito kung saan naninirahan si Señor Armanaz, ang dakilang kabalyero at Tikbalang sa loob ng *Armanaz Tower*, at kung saan itinago ni Anton si Alexandra nang limang taon habang nagkakaroon ng digmaan ang iba't ibang nilalang. Ang digmaan dulot ng pagbuwag ng kasunduan ng mortal at kariktan ay naganap mismo sa harap ng balete. Ang puno ng balete ay laganap sa kapaniwalaang Austronesyano. Tinawag din itong *dalakit*, *danakit*, *daragit*, at *baliti* (Kobak, 2002). Itinuturing ito bilang santuwaryo at sagradong lugar ng mga katutubo dahil pinag-uugnay nito ang ibabaw at ilalim ng mundo. Sa balete naninirahan ang mga Diyos at iba pang mga anito kaya't madalas na nag-aalay dito ng ritwal at dasal ang mga sinaunang Austronesyano. Ang punong ito ay nagbigay ng kaginhawahan sa lahat ng karamdaman ng sanlibutan (Demeterio, 1978, p. 43). Ang kasalukuyang takot na iminarka ng ating

panahon sa balete ay dulot ng repormang kapaniwalaang ikinintal lamang ng mga Español sa atin – na ang balete ay lungga ng diyablo at masasamang nilalang.

## V. Pag-igpaw sa kalinangang mitolohikal

Kiniliti ng *Trese* ang ating kamalayan sa samot-saring mitolohikal na nilalang. Naging bahagi ng kuwentong bayan ang mga ito, higit na talamak ay ang *ingkantu* o mga *tawu dili ingun natu* (mga nilalang na hindi katulad ng tao) para sa mga Sebwano (McAndrew, 2001, p. 48). Gayundin ang mga Aswang na ipinakita sa *Trese*, na naghari pa sa lansangan ng Kamaynilaan. Bagaman naisalokalisa ang Aswang sa iba’t ibang pamayanan sa Pilipinas. Ayon kay Francis Lynch, dalawa ang pangunahing uri ng mga Aswang – *asuwang na lakaw* (*asbo* o naglalakad na aswang) at *asuwang na layog* (*anananggal* o manananggal) (Lynch, 2004, pp. 185-186). Sa Malaysia, halimbawa, kilala sa kanila ang *penanggalan* o lumilipad na ulo habang nakasabit ang lalamunan at tiyan. Nanginginain ito ng mga biktima sa ganoong estruktura. Tampok ito sa pelikulang *Penanggal: The Curse of the Malayan Vampire* (2013). Gayundin naman sa Pilipinas, hindi na bago ang kuwentong aswang sa pelikula. Napagbidahan na ito sa mga pelikulang katulad ng *Sa Piling ng Aswang* (1999) at *Tiktik: The Aswang Chronicles* (2012). Bagaman sa *Trese*, naisakonteksto ang Aswang bilang mapagsamantala, magnanakaw, at mga hambog. Mga panibagong Aswang na nangunguha ng lakas at ginhawa ng sambayanan. Nagpapakabusog sa dugo at pawis ng masa – *i.e.* inaswang ang kaban ng bayan.

Liban sa Aswang, nakilala natin ang iba. Sa aklat ni Maximo Ramos na *Creatures of Philippine Lower Mythology* (1971), mala-Carolus Linnaeus niyang klinasipika ang mga nilalang ng Pilipinas na naging laman ng mga kuwentong bayan at kababalaghang Pilipino. Naibahagi rin naman ito sa TV-Series na *Da Adventures of Pedro Penduko* (2006) kung saan nailatag sa bawat *episode* ang iba’t ibang nilalang na kinalaban ng bayaning si Pedro. Bukod sa Aswang, naitanghal ng *Trese* ang katangian ng mga Tikbalang (kalahating tao at kabayo) sa katauhan nina Señor Armanaz at sa alibugha niyang anak na si Maliksi na laging kumakarera sa mga *drag racing*. Iniuwi bilang tropeo ni Maliksi si Coreen, nobya ng natalo niyang kalaban. Ang ganitong katangian ay litaw sa mga Tikbalang. Nakukuha nila ang mga natitipuhang babae at nagagawang manligaw sa direksiyon ngunit mapapaamo sa oras na mabunutan ng gintong buhok sa ulo.

Naibida rin sa *Trese* ang mga nilalang na ginawang panakot sa kabataan noon. Unang lumabas si Nuno sa imburnal at tumutulong kay Alexandra sa mga impormasyon kapalit ng Chocnut. Gayundin ang lamang-lupa at si Amang Paso na katulad ng isang duwende. Sa pamahiing Pilipino, naghari ang mga ito sa *nono* sa *punso* at puno na kinakailangang magpasintabi sa pamamagitan ng katagang *Tabi-tabi po*. Gayundin, ang Tiyanak na pumatay sa artistang si Nova Aurora. Ang Tiyanak ay yaong mga nilalang na ipinalaglag sa sinapupunan at bumalik sa anyong halimaw upang maghiganti. Katulad ng

naipakita sa pelikulang *Tiyanak* (1988) na pinagbibidahan ni Janice de Belen. May pagkakatulad ito sa mitolohiya ng mga Malay at Indones, mayroon din silang *Pontianak* na namatay naman habang pinagbubuntis. Sa katunayan, ang Pontianak ay naging pangalan pa ng kabisera sa West Kalimantan, Indonesia.

Gayumpaman, naipakilala sa atin ang mga nilalang na bago sa ating pandinig, lalo na sa kabataan. Ngunit ang lahat ng kuwentong ito ay mas talamak sa mga probinsya at bibihirang makarating sa Kamaynilaan. Naipakilala si Santelmo, ang espiritu ng dakilang sunog sa Binondo. Sa mitolohiya, kilala ang Santelmo bilang bolang apoy na nanghahabol ng mga tao. Matatalo lamang ito sa pamamagitan ng pagkulong sa baul. Pinaniniwalaang ang mata ng Santelmo ay nakakapagpagaling ng anumang karamdaman. Gayundin, bago rin sa atin ang taong kuryente na sina Bagyon Lektro at Bagyon Kulimlim ng *Maharlika Electric Company* na pumapatay at kumukuryente sa mga biktima. Ayon sa mitolohiya, ang ganitong katangian ay makikita kina Kilat ng mga Kalinga at Ovug ng Ifugao (Soriano at Alejandrino, 2021).

Nabanaag din ang paglusob ng mga *zombie* sa Kamaynilaan. Bumangon sila sa sementeryo ng masa at nanalanta sa presinto. Inangkin ng mga Pilipino ang kuwentong *zombie* ng Kanluran kung saan tipikal ang depiksyon dito bilang bangkay na nangangagat at kapag nangyari ito, magiging katulad ka na rin nila. Sa ibang mga pamayanan sa Pilipinas, naipakilala halimbawa sa *Pedro Penduko* (2006) ang *Amalanhig*. Ito ay isang *zombie* na hindi nagagalaw ang leeg. Matatalo lamang ito kung ang hinahabol ay tatakbong pa-zigzag at kung tatarakan ng krus sa dibdib kasabay ng pagbalik sa pinagmulang kabaong. Hindi ito kinatakutan sa kuwentong bayan ng mga Pilipino. Hindi nito matatalo ang kuwentong Aswang na nagpasalin-salin na sa kasaysayan.

Panghuli, ang isang kulumpol ng mga mitolohikal na nilalang ay ipinakita ng *Trese* noong nagkaroon ng pagpupulong at kasunduan sina Anton (kinatawan ng mga mortal) at mga nilalang ng karikitan. Liban sa mga nabanggit na tikbalang, aswang, manananggal, at duwende, makikita rin dito ang ipinapalagay na *Syokoy* (*Busao* sa ibang lugar, lalaking nilalang ng karagatan, kabaligtaran ng *Sirena* o *Berberoka*); *Kapre* o *Agta* (malalaking taong nananabako at nakikipaglaro sa mga naliligaw); *Engkantada* o *Anggitay* (babaeng bersiyon ng *Tikbalang*); at *Sarangay* (kalahating taong may sungay at kalahating *bull* ngunit kaiba sa *Bungingis* o *Cyclopes* ng Kanluran). Ang lahat ng nabanggit ay dulot ng aming munting kaalaman sa panonood ng kababalaghang Pilipino na itinatayang naipakita rin sa *Trese*. Sumatotal, isa sa mga merito ng *Trese* ay ang tagumpay na buhayin ang mga kuwentong bayan at kababalaghan na nanganganib na ring maglaho sa kamalayang Pilipino.

## VI. Saysay sa kaalamang pangkasaysayan

Itinambal ng *Trese* ang ilang bahagi sa kontekstong historikal. Sa gitna ng mga rebisyonismo sa kasaysayan ng Pilipinas, kinakailangang maisalba at iayon ang lahat batay sa kredibilidad at katuturan. Kung papanoorin ang *Trese* naitampok nitong maitanghal, sadya man o hindi, ang ilang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Matatandaang ipinakilala sina Crispin at Basilio bilang mga alalay at parang kapatid ni Alexandra. Inampon sila ni Anton pagkatapos mamatay ang kanilang inang si Ramona at upang iiwas sa amang si Datu Talagbusao. Mula noon, palaging kasama ni Alexandra ang dalawa sa tuwing nag-iimbestiga sa mga *crime scene*. Lapat na lapat ang pagkatao nina Crispin at Basilio, mga tauhan sa nobela ni Jose Rizal – ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa Crispin at Basilio ng *Trese*. Parehas na ulila sa ina at ama ang dalawang katauhan ng mga Crispin at Basilio. Ayon sa idiniktang tadhana ni Rizal sa kanyang mga piksyonal na karakter, isisilang ang magkapatid sa magulang na sina Sisa at Pedro. Mayamang tao si Pedro ngunit sugarol, hambog, at mapanakit. Dahilan upang mabaon sa utang at maghirap. Samantalang si Sisa ay nagdusa mula nang iwan ng asawa at mag-alaga sa dalawang anak. Ang mapagmalasakit na sina Crispin at Basilio ay naglingkod sa simbahan bilang mga sakristan. Isang beses, napagbintangan silang nagnakaw ng pera at pinagpapapalo ng *Sacristan Mayor* at ni Padre Salvi. Kaagad na nakatakas si Basilio ngunit namatay naman si Crispin. Mula noon, hindi na nagpakita ang dalawa kay Sisa, kaya nabaliw ang ina lalo pa’t nalaman niyang nawawala si Basilio at patay na si Crispin. Samakatwid, lumaking ulila si Basilio. Ang kaibahan nga lang sa *Trese*, nagsama ang dalawa bilang magkasangga. Naging martir din ang inang si Romana upang buhayin si Talagbusao na siya ring papatay sa kanya. Larawan ni Pedro ng *Noli* si Talagbusao bilang amang sakim at pabaya.

Alegorikal na ipinahiwatig ng *Trese* ang Kasaysayan ng Dakilang Sunog sa Binondo, Maynila. Sa pamamagitan ni Santelmo, natutulungan niya si Alexandra sa tuwing tatawagan ang numerong “003231870” gamit ang *Nokia 3210*, isang *brand* ng *cellphone* na naging uso noon sa mga Pilipino. Ang mga numerong iyon ay nangangahulugang Marso 23, 1870, taon kung kailan naganap ang sunog. Naiugnay ang nilalang na si Santelmo sa kaganapang historikal. Noon pang panahon ng mga Español, kilala na ang Binondo bilang sentro ng komersyo, industriya ng mga sigarilyo, at libangan (Bankoff, 2012a, p. 41). Maraming beses na ring nasunog ang Binondo dulot ng mga pag-aalsang Tsino laban sa mga Español (Madrid, 2012, p. 5). Noong panahong iyon, ang Binondo ay isa nang ganap na Parian. Ngunit noong Marso 23, 1870, naganap ang pinakamalaking sunog sa kasaysayan ng Binondo. Nagsimula ang sunog sa *Pasaje de Norzagaray*, sentro ng mga bultuhang produkto kaya’t naglipana rito ang mga bodega. Tag-init noon kaya mabilis na kumalat ang apoy hanggang sa tupukin ang ilan pang mayayamang distrito at sentro ng komersyo ng Kamaynilaan (Bankoff, 2012b, p. 176). Liban sa mga lindol noong 1863 at 1880, ang sunog noong 1870 ay nagtulak sa

pamahalaang kolonyal upang baguhin ang pagpaplanong urban ng Intramuros (Bankoff, 2012b, p. 177). Ang mga dating de-kahoy na prontera ay pinalitan na ng mga sementadong pader. Pinaglaruan tayo ng *Trese* upang magbigay ng hamon sa bawat manonood na maging mapanuri at maalam sa kasaysayan lalo pa't halos sa mayoryang kaganapan ay hindi pa naisusulat at nananatili pa ring kubli.

## VII. Larawan ng mga trahedya sa bansa

Itinago rin sa *Trese* ang ilang malagim na kaganapan sa kontemporaryong kasaysayan ng Pilipinas. Mahalagang mapansin sa *Trese* ang pagkawala ng mga bangkay dahil sa sunog sa Maynila (*Episode 4*) at misteryong paglalaho ng mga labi sa isang pampublikong sementeryo. Ang kamag-anakan ng mga biktima ay sabay-sabay na pumunta sa awtoridad, hinahanap ang labi ng kani-kanilang kamag-anak, nanghihingi ng kasagutan, at itinatanong kung mahahanap pa ba ang inaasahang bangkay (tanging alaala ng kanilang nasirang mahal sa buhay). Samantala, ang mga awtoridad ay pinapakalma ang madla, ipinapangako na “aayusin” at “gagawan ito ng paraan.” Ang mga sakuna (natural o *man-made*) at ang *aftermath* nito ay hindi na bago sa atin. Ayon sa batayang depinisyon, ang sakuna ay nangangahulugang “*lubhang masamang pangyayari ng pagkawala at pagkalungkot*” (NWD, 2000) na makikita sa ilang masalimuot na trahedya katulad ng *M/V Doña Paz* (1987), *Ozone Disco Fire* (1996), *Bagyong Ondoy* (2009), at *Yolanda* (2013). Ang mga trahedyang ito ay ikinasawi ng maraming buhay.

Unang sinipat ang trahedya sa karagatan. Ang paglubog ng *M/V Doña Paz* ay nangyari noong Disyembre 20, 1987. Ang trahedya ay ikinasawi ng mahigit 4,000 katao kasama rito ang mga tauhan ng *MT Vector*, ang itinuturong nakabangga at dahilan ng pagkasunog ng *Doña Paz*. Ang trahedya ng *Doña Paz* ay itinuring na *Asia's Titanic* at *Deadliest Peacetime Maritime Disaster*. Ang *aftermath* nito ay nagdulot ng labis na takot at *trauma* sa ilang nakaligtas (National Geographic, 2009). Ang mga kamag-anak ng mga nasawi ay nagkumpol-kumpol sa opisina ng *Sulpicio Lines*, *operator* na nasangkot sa pampasaherong barko. Mariing itinanggi ng *Sulpicio* ang pananagutan sa mga kamag-anak ng mga biktima na hindi kasama sa *Passenger Manifest* noong nangyari ang insidente. Nagkaroon din ng malawakang welga sa Rizal Park para sa katarungan ng mga biktima hindi nabigyan ng kompensasyon dahil wala sila sa *Manifest*. Sa katunayan, ang kontrobersyal na sakunang ito ay naitanghal sa pelikulang *Aurora* (2018) na pinagbibidahan ni Anne Curtis.

Itinampok din ang trahedya sa lungsod. Ang inaakalang pagbubunyi sa Ozone Disco, Quezon City ay humantong sa malagim na sunog noong Marso 18, 1996. Ang madilim na trahedya ay ikinasawi ng 162 na katao kaya't ang insidenteng ito ay itinuring na isa sa *10 Worst Nightclub Fires in the World* (Philippine Daily Inquirer, 2013). Pinagbayad ang may-ari at *stakeholders* ng Ozone Nightclub ng danyos na 150,000 piso sa bawat namatay at 100,000 sa mga nasugatan. Labingwalo sa mga nasawi ay hindi pa

rin natutukoy dulot ng sobrang pagkasunog. Ang mga kamag-anak ay mariing tumutol sa *mass funeral*. Kalauna'y pumayag din dahil sa pangako ng awtoridad na magkakaroon ang mga *Forensic Experts* ng akses sa mga labi. Isa sa mga magulang ng nasawi na si Jay Manahan ay umaasang matutukoy pa ang labi ng anak at mabigyan ng disenteng libing (Cortes, 1996).

Ganito rin ang kinasapitan ng trahedya dulot ng mga bagyo, higit ang *Ondoy* (*Ketsana*) at *Yolanda* (*Haiyan*). Ang hagupit ng *Ondoy* (cf. Tugano, 2022) ay nakaapekto sa malaking bahagi ng Luzon noong 2009. Tinatayang 600 na katao ang nasawi sa rehiyon ng *Cordillera Administrative Region* (CAR), Central Luzon, CALABARZON, ARMM, at *National Capital Region* (NCR). Samantala, ang *Yolanda* ay isang *Super Typhoon* noong 2013 na humagip sa Rehiyon VII at ikinasawi ng 6,000 katao. Tulad ng ibang sakuna, nahirapan ang mga awtoridad at kamag-anak sa pagtukoy ng mga nasawing biktima. Nariyan ang kalat-kalat na bangkay sa kalsada, nakasabit sa puno, at inanod sa malalayong lugar. Naging suliranin ito dahil sa kawalan ng epektibong *Dead Body Management* dahil walang ahensya ng gobyerno ang eksperto rito (Mayuga, 2019).

Mahalaga sa kulturang Pilipino na makita at mapasakanila ang bangkay ng kanilang nasawing mahal sa buhay. Ang pagkakaroon ng pisikal o aktwal na labi ay pagbibigay ng *closure*, kapanatagan ng loob, at paraan ng pag-move-on sa naiwang kamag-anak (Tantuico & Choa, 2016, p. 165). Hindi maituturing na *fictionalized scene* ang itinampok sa *Trese* sapagkat ito ay malawak na ispektrum ng tipikal na pangyayari sa lipunang Pilipino pagdating sa mga trahedya at sakuna na kung saan naroon ang pagluluksa, usapin ng katarungan o hustisya, katanggapan, at kapanatagan.

### **Alegorikal na interpretasyon (lapit na antropolohikal at sosyo-kultural)**

Naghain ang *Trese* ng ilang alegorikal na interpretasyon gamit ang antropolohikal at sosyo-kultural na lapit. Umuunlad sa nasabing pananaw ang pag-aaral ng *anime*. Sa akdang *A Coming of Age in the Anthropological Study of Anime* (2020) ni Ryotaro Mihara, ang antropolohikal na pagbasa sa *anime* ay nakatuon sa kung paano kumilos ang indibidwal na tauhan bilang salamin ng organisasyonal, institusyonal, o sosyo-kultural na imahe ng lipunan (p. 91), lalo pa't kung ang tumatangkilik sa *anime* ay nagmula sa laylayang sektor na kadalasang nirerepresenta nito. Bagaman nasa ilalim ng antropolohiya ang perspektibang sosyo-kultural, eksklusibo muna itong ihihiwalay panandalian at bibigyan ng natatanging pansin. Dahil ito ang unang pananaw na pinagyaman sa ilang pag-aaral. Ang *anime* ay magdadala sa isang malawak na ispektrum tungo sa pag-apuhap ng sariling pananaw ng mga manonood o mambabasa (Napier, 2001). Katulad ni Napier (2001) ang naunang si Antonia Levi. Ayon sa akda ng huli, *Samurai from Outer Space* (1996), minsan nang dumaan sa sosyo-kultural na pagbasa bilang isang penomeno ng kulturang popular ang *anime* at ngayo'y maaari nang ihiwalay na nagsasariling pananaw at lapit (Levi, 1996).

Gayumpaman, malawak at maraming sub-salik ang disiplinal na pag-aaral ng antropolohiya at sosyo-kultural, kaya't minabuti naming pumitas ng mga partikular na salik. Binasa namin ang alegorikal na interpretasyong antropolohikal ng *Trese* sa kaso ng pagpapahalagang sektoral – lalo na sa kababaihan at pamilyang Pilipino. Umuunlad na rin sa antropolohiya ang pag-aaral sa kababaihan hindi lamang bilang palamuti o *fillers* (Hernandez-Perez, 2019, p. 6) halimbawa sa mga *anime*, ngunit isang nagsasariling anyo na may kakayahang magbigay ng kontribusyon at makabuo ng relasyon sa pagitan ng mga kasarian (Shapiro 1981, p. 447). Gayundin sa usapin ng pamilya. Noong una, ang *family studies* ay palaging tinatrabaho ng mga sosyolohista kumpara sa mga antropologo. Laging nasa antas ng *applied research* ang pagtingin sa pamilya at limitadong binubuksan sa mas malawak na kasaklawan. Ngunit, kinalaunan, yumayakap ang kapwa disiplina sa sektoral na pag-aaral na tingnan ang pamilya sa iba't ibang konteksto at pagpapahalaga (Lewis, 1950, p. 468, 470), na hindi lamang ito natatapos sa pagkuha o pag-analisa ng mga numero o datos. Para naman sa sosyo-kultural na pagbasa sa *Trese*, itinuo namin ang alegorikal na representasyon sa kulturang popular at *urban legend*. Sinamantala ng *Trese* ang mobilisasyon ng kulturang popular sa anyo ng *showbiz* dito sa Pilipinas. Gayundin ang *urban legend*, bagaman isang uri ng kasaysayang oral, idinikit na lang ito sa saklaw ng kulturang popular. Ayon nga kay Gail de Vos (2012), *popular culture continues to be infused with references to urban legends*.

### VIII. Pag-angat sa imahe ng kababaihan

Ang inspirasyon sa katauhan ni Alexandra ay mula sa pagkahilig ni Budjette Tan sa mga *comic superhero* katulad nina Batman at John Constantine at sa mga *detective character* katulad nina Fox Mulder at Gil Grissom (Netflix, 2021). Sa una, ang pagbuo sa katauhan ni Alexandra ay isang lalaking *detective* na lumulutas ng mga krimeng hindi pangkaraniwan. Ngunit mula sa kanyang realisasyon, napalitan ito ng isang babae sapagkat marami na sa mga nalikhang *superheroes* ay pawang mga lalaki. Isa pa, bibihira sa mga *comic creator* na maibida ang kababaihan bilang protagonista lalo na sa mga *detective role*.

May ilang mga *animated film* at *television series* mula sa ibang parte ng mundo ang nagtampok sa matapang at *independent* na babae. Ilan dito ay ang *Mulan* (1998), *Totally Spies* (2001), *Kim Possible* (2002), at *The Legend of Korra* (2012). Samantala, ang *Urduja* (2008) at *Amaya* (2011) ay nagtanghal ng kapookang pambabae sa Pilipinas. Ngunit ang *Trese* ay isa lamang sa mga natatanging orihinal na palabas na gawang Pilipino at itinanghal sa *global scale* katulad ng Netflix bilang *mainstream platform*. Mula sa opinyon ng mga *voice actress* na sina Liza Soberano (Tagalog) at Shay Mitchell (Ingles), si Alexandra ay maituturing na *independent*, *innovative*, at *fiery*. Mababakas din ang tema sa pagkakaroon ng babaeng lider katulad nina Korra, Urduja, at Alexandra, piksyonal man o hindi, bilang tagapagbalanse ng sangkatauhan at kariktan. Ang konsepto kay Alexandra bilang *Lakan* o lider (*Apo* ng Luzon) o katumbas ng *Sultan/Rajah* ng

Palawan at Mindanao ay maiuugat sa katungkulan prekolonyal na kung saan maituturing na makapangyarihan ang babae sa egalitaryadong uri ng lipunang Pilipino. Mapapatunayan ito sa isang *pivotal scene* na iginawad ni Anton kay Alexandra ang sandatang si Sinag kung saan itinanghal ng ama ang anak bilang babaylan-mandirigma (*healer and warrior*).

Maituturing ding panabla ang *Trese* sa mga misogynistang pananaw ni Pangulong Duterte na naniniwalang walang kakayahang magpatakbo ng bansa ang isang babae. Katunayan, inulit niya muli ito sa naging payo sa anak na si Sara na pinagbawalang tumakbo sa pagkapangulo sapagkat hindi ito gawaing pambabae (Ranada, 2021). Ngunit, tingnan na lamang ngayon na tumatakbo bilang Pangalawang Pangulo ng bansa. Maaaring ikumpara ang magkaibang kaisipan nina Duterte at Anton bilang mga ama sa kani-kanilang mga anak. Ang *Trese* bilang isang *horror fiction* ay naging kasangkapan ng pagbabagong imahe ng kababaihan bilang inferyor tungo sa mapagpalaya at matapang na tauhan, piksyonal man o hindi (Subero, 2016 p. 5). Kung saan, nirepresenta ng mga naunang pelikulang *horror* ang babae at pagkababae (*femininity*) bilang mga mahina, biktima, kawawa, at subjek ng karahasan. Gayundin, sa pamamagitan ng mga pelikula o *anime* katulad ng *Trese*, naipapamalas na may kakayahang umangkop, gumawa ng pangalan at identidad, at makipaglaban ang mga babae.

## IX. Imahe ng pamilyang Pilipino

Liban sa sektor ng kababaihan, itinampok din ng *Trese* ang kahalagahan ng isang pamilyang Pilipino. Sa simula pa lamang, ipinamalas na ng pamilya Trese – Anton (ama), Miranda (ina), Alexandra (bunso), at iba pang mga kapatid ang ideyal ng isang pamilyang Pilipino. Ang pamilya, kung gayon, ay isang unibersal na angkanan (*kinship*) na binubuo ng ama (tao), ina (maybahay), kapatid, anak, at iba pa na may karampatang tungkulin at pananagutan (Jocano, 1989, p. 4; Gallego, 2015, p. 480, 486). Ngunit ang ganitong pagtingin sa konsepto ng pamilya ay heteronormativ na madalas tingnan ang ideyal na pamilya na nasa relasyon lamang ng babae at lalaki, mangyari pa, ang lehitimong ugnayan ng totoong magulang at totoong anak. Makikita ang ganitong limitadong pagpapakahulugan maging sa ating *Family Code of the Philippines* (*Executive Order No. 209, s. 1987*) na mahigpit na nagbigay panuntunan sa isang tipikal na pamilyang Pilipino. May napag-iiwanan o nagiging marhinalisado dahil sa nasabing batas.

Malayang itinampok ng *Trese* na ang pamilyang Pilipino ay hindi tradisyonal. Lumagpas ang pagtingin sa pamilya na nalimitahan sa pagiging magkadugo lamang. Matatandaang sina Crispin at Basilio ay inampon ni Anton mula sa masamang amang si Datu Talagbusao. Labag ito sa loob ni Alexandra at ilang kasapi ng kariktan sapagkat kadugo ang mga ito ng Diyos ng Digmaan. Kung para sa iba, hindi inosente sina Crispin at Basilio ngunit para kay Anton, sila ay mga batang naligaw ang landas at hindi maaaring maging “*kasalanan ng anak ang kasalanan ng ama*.” Ang ganitong pananaw ay pagbasag

na kaya sa mahigpit nating kapaniwalaang Pilipino na kung ano ang puno ay siya ring bunga? Sa ganitong pagmamalabis, maaari kaya itong sakyan ng ilang apolohista ng kasalukuyang panahon na nagsasabing hindi magkakatulad sina Senador Bongbong at Pangulong Marcos o Sara Duterte at Pangulong Duterte? Magdadala kaya ang ganitong kasabihan sa lehitimasyon ng *political dynasty* o nepotismo na matagal nang pinupuna ng mga progresibong kritiko? Kumalas sa ganitong pananaw si Alexandra. Noong nagkaroon siya ng pakikipaglaban kay Talagbusao, sinabing hindi niya katulad ang amang si Anton na pinaratangang nagkanulo sa mundo ng mga tao at kariktan.

Iginawad din ni Anton kina Crispin at Basilio ang pagmamahal ng isang pamilya. Sa paglipas ng panahon, naging bahagi ng pamilya Trese ang kambal. Kung gayon, pag-igpaw na ito ng pagtingin sa pamilyang Pilipino na hindi lamang dugo ang maaaring mag-ugnay sa bawat isa kundi sa pamamagitan na rin ng katanggapan at pagmamahal (kapangyarihan). Inako ni Anton ang kambal bilang mga sariling anak. Malinaw ito halimbawa sa konsepto ng pamilya sa pamayanang Austronesyano na mas mahalaga ang ugnayan ng magulang at mga anak kumpara sa ugnayan ng mag-asawa (Gallego, 2015, p. 486). Ang ganitong saliwaan ay muling mababakas sa naging pahayag nina Datu Talagbusao at Alexandra. Ayon sa una, ibinuklod nila ang kambal sa kapangyarihan ngunit higit na mas “*malakas pa rin ang lukso ng dugo.*” Samantala, ang huli’y naniniwalang mas “*malakas nga ang lukso ng dugo ngunit hindi matitinag ang pamilya.*”

Idiniin din ng Trese ang pagpapahalaga sa kambal. Kambal sina Crispin at Basilio, magkasundo, nagmamahalan, at laging nagdadamay. Pagkalas ang ganitong representasyon sa tipikal na pelikulang Pilipino na kadalasang magkaaway at nagtatalo ang kambal, halimbawa sa mga pelikulang *Kimmy Dora* (2009) at teleseryeng *Kambal sa Uma* (2009) at *Kambal, Karibal* (2017). Sa paniniwalang Austronesyano, magkasangga ang katawan at kaluluwa ng kambal mula pagkasilang hanggang sa kamatayan. Malinaw itong hinalimbawa sa katauhan ng kambal na sina Magda (balat-ahas) at Melda ng pelikulang *horror* na *Ouija* (2007).

## X. Bilang batis pang-showbiz

Sinakyan ng Trese ang usaping *showbiz* ng kulturang Pilipino. Nagkaroon dito ng isang *episode* kung saan ipinakilala ang artistang si Nova Aurora o Maria Villarosa, kilala bilang *Shining Star*. Makailang ulit nakikita ang *billboard* nito sa bawat serye. Bago sumikat si Nova, lumaki ito sa pangangalaga ng sariling lola pagkatapos mamatay ang kanyang ina. Maipapakita rin dito ang kanyang kababatang kaibigan na si Dr. Petra Gallaga, ang kilalang *dermatologist* na noo’y pupuntahan sana si Nova upang ibigay ang kinakailangang gamot. Ngunit, pinatay ng Tiyanak si Gallaga sa *parking area* ng Magna Mall. Si Gallaga rin ang inutusan noon ni Nova na iwan ang ipinagbuntis niyang sanggol sa kabundukan. Gayumpaman, kung lalaruing mabuti ang imahinasyon, si Dr. Gallaga ay alegorikal na representasyon ni Vicki Belo, ang kilalang *dermatologist* na may-ari ng *Belo*

*Medical Group*. Naglipana ang mga produkto sa iba't ibang *mall* sa Pilipinas. Kaiba lang, sa *Trese*, si Dr. Gallaga ay kaibigan ni Nova at nagsilbi ring Pangulo ng kanyang *Fansclub* na tinawag na *Novanians*.

Mahirap tukuyin ang simbolismo ng *Trese* bilang batis pang-*showbiz*, sadya o hindi, kung limitado ang naging kaalaman tungkol dito. Sa ganitong palaisipan, lumikha tayo ng samot-saring hinuha, batay sa nailabas nang mga alegasyon, isyu, at usap-usapan. Naniniwala kami na si Nova ay larawan ng ilang artistang Pilipino. Ipinatapon niya ang ipinagbuntis na bata sapagkat matatapos ang kanyang *career* kung malalaman ng lahat na siya'y buntis ngunit walang asawa. Ang nasabing pahayag ay ayon kay Amang Paso, ang Puno ng Tribo ng Pulang Lupa at nagsisilbing tagapangalaga ni Nova. Ang kasaysayan ng buhay ni Nova bilang piksyonal na karakter ay nagturo upang mahinahong isiping alegorikal na representasyon ito ng batikang Pilipinong aktres na si Angel Locsin. Binubuo ito ng tatlong dahilan. Una, isang artista ng istasyong ABC-ZNN si Nova na malinaw na representasyon din ng ABS-CBN. Makailang ulit na pinapakitaan si Nova ng Tiyanak sa mga *taping*. Ayon dito, ang takot ni Nova ay dulot ng pangungulam sa kanya ng ibang nagalit at nainggit na artista noong nakuha niya ang *role* ng isang palabas. Kung si Locsin nga si Nova, posibleng ang teleseryeng *Darna* (2005) ang tinutukoy dito, isang *role* na pinapangarap makuha ng mga papasikat palang na artista.

Pangalawa, naidugtong din kay Locsin ang isyu ng “aborsyon.” Noong 2007, ibininunyag ni Lolit Solis ang alegasyong nagpalaglag diumano ng sanggol si Locsin (PEP, 2007) ngunit mariin itong itinanggi ng kanyang *manager*. Isa pa, nabanggit sa *Trese* na tumutuon si Nova sa kanyang karera at mga *charity work*. Hindi ba't sa ganoon ding marka nakilala si Locsin? Ang mapagkalinga at bayaning artista ay makailang ulit na nagpaabot ng tulong sa mga nasasalanta ng bagyo at pandemya. Ito ang dahilan kung bakit kinilala siya ng *Philippine Red Cross* at tumanggap ng ilang parangal katulad ng *Heroes of Philanthropy* noong 2019 (ABS-CBN News, 2021).

Pangatlo, kung papansinin ang ibang serye, may dalawang ulit din ang pagpopokus sa larawan ni Nova sa ABC-ZNN – isa sa labas at isa sa loob ng kwarto. Ang nasabing *portrait* ay ang magkayakap na lalaki at si Nova, hulmahan at kawangis ni Locsin ang piksyonal na artista ng *Trese*. Tingnan ang nasabing *portrait* na humahalintulad sa pelikulang *In the Name of Love* (2011) na kanyang pinagbibidahan kasama sina Aga Muhlach at Jake Cuenca.

Gayumpaman, nagwakas ang buhay ni Nova sa *Trese* nang patayin siya ng isang tropa ng mga Tiyanak. Nangyari ito pagkatapos niya ring kitilin ang buhay ng Tiyanak na sumapi sa katawan ng ipinatapon niyang sanggol sa kagubatan. Si Nova ng *Trese* at posibleng si Locsin sa totoong buhay ay mga larawan ng artistang may melodramatikong buhay, pagsikat, at pakikibaka.

## XI. Elaborasyon sa *urban legend*

Naipasok ng *Trese* ang depiksyong mitolohikal sa kaisipang urban. Isang patunay na hindi lamang nakasentro sa kagubatan, probinsya, at kasukalan ang kuwentong kababalaghan bagkus minsan na itong naging usap-usapan sa Maynila. Sa unang serye, ipinakita na ang imbestigasyon ni Captain Guerrero at Alexandra sa pagpaslang sa *White Lady* ng Balete Drive na nagngangalang Gina Santos. Kasintahan siya diumano ni Mayor Santamaria. Nilinlang siya ni Santamaria na gagawing reyna kung tutulungan niya itong makipag-usap sa mga Aswang. Nanghingi ng alay ang mga Aswang kaya't pinatay ni Santamaria ang *White Lady*. Sa pamamagitan ng dinurog na buto ng sirena, magiging posible sa mundo ng mga tao na patayin ang isang multo.

Matagal namang laganap sa Maynila ang ganitong mga *urban lore*. Naipaliwanag na ni Rolando Tolentino (2011) ang kahalagahan ng *White Lady* ng Balete Drive sa kuwentong kababalaghan. Aniya, madalas babae ang biktima dahil sa pangkasariang sosyalisasyon nito bilang babae. Ngunit kahit tinatakot ang babae sa aktwal na lipunan, nakapagdulot din siya ng takot (p. 52). Nariyan ang nakakatakot na aparisyon sa mga nag-iisang drayber sa Balete Drive na akmang aangkag o magpapakita sa mga *side mirror*. Gayumpaman, alegorikal na representasyon ang *White Lady* ng mga biktimgang naghahangad ng katarungan at kalakasan. Higit sa lahat, ang pagtingin sa kanila ng ilan bilang mahina. Litaw ang ganitong mito ng kababaihan sa pelikula. Kadalasan, ang babae sa pelikula ay isang ligaw na nilalang (Tolentino, 2000, p. 23), laging palamuti, kapares, at katandem ng bidang lalaki. Kaya't sa representasyon ng *White Lady*, naging bida ito, kinatakutan, at naging sentro ng kuwentong urban – isang superyor.

Ngunit hindi lamang *White Lady* ang naging sentro ng kababalaghang urban. Laganap noong dekada 1980 ang kuwento ng malaking sawa sa mga *dressing room* sa *Robinsons Department Store*. Ang kalahating sawa at tao ay kakambal diumano ni Robina Gokongwei. Kumakain ng mga despatsadora at ilang nawawalang *sales lady*. Ang ganitong mito ay naisapelikula pa noon sa *Shake, Rattle, and Roll XV* (2014) na kung saan ang may-ari ng Alegria Mall ay nagpakasasa sa biyaya at swerteng hatid ng kanyang anak. Usapin ito ng pagmamahal ng ama sa anak kaya't muling mauulit sa isa pang episode ng *Shake, Rattle, and Roll VIII* (2006) na pinamagatang *LRT* ang ganitong tema. Dito, sa huling biyahe ng tren papuntang Santolan, dadalhin ang mga natitirang pasahero sa bodega ng LRT. Doon papakawalan ang halimaw na anak ng may-ari at malayang dudukutin at kakainin ang puso ng mga pasahero. Mula noon, ang ganitong kuwento ay naging panibagong ambag sa *urban legend* ng Maynila.

Naitampok sa *Trese* ang *White Lady* sapagkat nasa kamalayan na rin ito mismo ng mga lumikha. Sa isang panayam sa *Trese After Dark*, sinabi nilang ang manananggal na pinaniniwalaang sumalanta sa Sampaloc ang naging inspirasyon ng pagsentro sa Maynila ng kuwentong kababalaghan (Netflix, 2021). Noong 1992, kumalat ang kuwento

ng pananalanta diumano ng isang manananggal sa Tondo na na-*stranded* sa Maynila na babalik sanang Siquijor (Ilogon, 2010). Sa parehong taon, sinakyan ng *Shake, Rattle, and Roll IV* (1992) ang kuwentong ito. Nilikha si Aiko Melendez bilang manananggal na nagtago sa katauhan ng isang madre at umaatake sa lugar ng mga iskwat. Ngunit ang ganitong uri ng *urban legend* ay matagal nang hindi pinalalampas ng mga pelikula. Laganap din sa kuwentong Maynila ang pagkidnap sa kabataan upang paduguin at ihalo sa semento ng mga ginagawang tulay at gusali upang mas lalong tumibay (Limos, 2019). Itinanghal ito sa *Shake, Rattle, and Roll VI* (1997) na pinamagatang *Ang Tulay* na kung saan dinakip ang isang batang (si Uro) inialay sa ginagawang tulay at mula noon, naghahanap na siya ng makakasamang biktima – mga batang nalunod sa ilog.

Nagtagumpay ang *Trese* na muling pagnilayan ang mga natatanging *urban legend* ng Maynila. Kung tutuusin, ang nagaganap na materyalisasyon at pananangkapan sa mga kuwentong ito ay lalong nagpayaman sa imahe at kasaysayan ng isang lugar.

### **Alegorikal na interpretasyon (lapit na agham pampolitika)**

Sa abot ng aming nalalaman, wala pa sa ngayon ang nagsuri sa mga Pilipinong *anime*, gamit ang lente ng agham pampolitika. Dahil bukod sa unang Pilipinong *anime* ang *Trese*, hindi gaanong napapansin ang dulong na ito. Gayumpaman, pinagyayaman na ito sa labas ng Pilipinas. Nabanggit sa itaas na nilalapatan nila ng agham pampolitika at *international studies* ang pagbasa sa *anime* bilang lunsaran ng *intangible power resources* ng lipunan (Nye, 1990 kay Pace-McCarrick, 2021).

Sa aming palagay, upang maging posible ang paglalapat ng agham pampolitika sa *Trese*, maaaring gawing batayan ang pagtatangkang Pilipinisasyon ni Remigio Agpalo sa agham pampolitika. Isang halimbawa ng alegorikal na representasyon ang kanyang pagkakagamit sa metapora ng *pandanggo sa ilaw* upang maunawaan ang kalagayang politikal ng Pilipinas. Ayon sa kanyang *Adventures in Political Science* (1992), ang *pandanggo sa ilaw* ay isang sayaw na ang mga kalahok ay may hawak na basong may kandila– isa sa ulo at tig-isa sa magkabilang kamay. Inihahambing ito sa kandidatong may matibay na ideolohiyang politikal samantalang ang mga botante ay nakakaboto ayon sa mga ideolohiyang ito. Ang mga sumasayaw ay katulad ng mga politiko. Sumasayaw sila sa entablado na representasyon naman ng *political arena* habang hawak ang kandilang simbolo ng politikal na kapangyarihan.

Maging ang lokomosyon ng sayaw ay naihambing sa politika. Ani Agpalo, ang pagkilos ng bawat mananayaw ay representasyon ng pagpapalipat-lipat ng mga partido na senyales ng isang marupok na batayang ideolohikal. Gayumpaman, kahit palipat-lipat sila ng partido, napapanatili pa rin nila ang kanilang mga reputasyong politikal (Agpalo, 1992, pp. 107-139). Nauna na niya itong naipaliwanag sa *The Organic-Hierarchical Paradigm and Politics in the Philippines* (1973), na ayon sa kanya, organiko ang pagtingin

ng mga politiko sa realidad ng politika sa Pilipinas. Mababakas ito sa kung paano namayani ang konsepto ng lider bilang ulo, galamay para sa mga sumusuporta, kinatawan para sa mga Kongresista, at kanang kamay para sa mga malapit na tagasunod. Malinaw din dito ang paglitaw ng politika ng patronahe (*political patronage*) na katulad ng rasyonal-legal ng Kanluran. Korelatibo ang pananaw ng ulo sa kanang kamay at galamay dahil sila ang bumoboto sa ulo samantalang ginagantimpalaan naman ng ulo ang kanang kamay at galamay ng mga tulong (Agpalo, 1973). Kaya't gamit ang balangkas at halimbawa ni Agpalo, mailalapat na ito sa kung papaano tingnan ang *Trese* sa lente ng agham pampolitika. Dalawa ang lumitaw sa alegorikal na representasyon – ang simbolo ng mga pinuno at tagasunod.

## XII. Retorika ng *Big Boss*

Ilang ulit na maririnig sa *Trese* ang katawagang *Boss* na nagpapakilala sa maykapangyarihan. Halimbawa ang tiwaling si Mayor Santamaria na nakipagsabwatan sa mga Aswang upang magkaroon siya ng kapangyarihan (sa pamamagitan ng buto ng sirena na ibinigay ni Ibwa). Upang tugunan ang pangangailangan ng mga Aswang, habitwal na nagpapasunog ng kabahayang iskwater sa Guadalupe at nagpapadukot ng mga pasahero sa MRT si Santamaria. Ang mga bihag ay nagsilbing pagkain ng mga Aswang. Masasaksihan ito kung saan ang mga tao ay pinangakuan ni Santamaria ng ginhawa, *condominium* at magandang buhay ngunit ang katotohanan ay isasakripisyo at dadalhin lamang pala sila sa *Chinese Restaurant and Hotel* na pagmamay-ari ni Xa Mul, ang lider ng mga Aswang. Posibleng larawan ng mga pangulo si Santamaria na kinuha ang loob ng bayan samantalang ang Aswang ay mga banyagang bansa – i.e. Tsina o Estados Unidos na nag-aalok ng mapagkunwaring *financial aid*, globalisasyon, at modernisasyon kapalit ng kaliwa't kanang eksploytasyon sa mga manggagawa. Marami sa ating mga pangulo ay kinasangkapan at sinakyan ang Pilipinong kulturang pampolitika habang binabatikos ang Kanluraning kulturang pampolitika (sa anyo ng kunwaring anti-Tsina/anti-Amerikanong mga kaisipan). Ano naman kaya ang alegorikal na kahulugan ng mga ipinapakaing tao sa Aswang kapalit ng tulong? Ito kaya ang pagbibigay ng maluwag na karapatan sa mga dayuhan upang panghimasukan ang sariling ekonomiya o produksyon ng Pilipinas? Ang pagpapahintulot ng okupasyon sa mga isla at karagatang sakop ng Pilipinas? Ganito ang ginawa ni Santamaria kung paano niya nilinlang ang taumbayan upang ipakain lamang sila sa Aswang. Hindi nakasuhan sa mortal na paglilitis si Santamaria dahil sa pakikipagsabwatan niya sa mga Aswang, sa halip, mga kasong *human trafficking*, pagpatay sa *White Lady*, at arson ang inihabla laban sa kanya.

Higit na litaw ang pagiging Boss ni Santamaria sa Bilibid Prison. Idiniin niya na sa kanyang panahon, nagkaroon ng pagbabago ang lipunan. Ngunit ang kapangyarihang ito ay kanyang nakuha sa mahabang panahon– mula sa pinagsama-samang sangkap katulad ng buhok ng tikbalang (Maliksi); abo ng Diyos (Bagyong Kulimlim); buto ng inosente (Tiyanak); at luha ng makasalanan (preso). Ginamit ni Santamaria ang lahat ng

koneksyon. Kinuha niya ang tiwala ng mga kapwa-presyo (na naging *suicide bomber*) at militar (sundalo at pulis) na pinakain ng hiniwang laman mula sa kanyang sariling katawan. Sa pagsambit ng ritwal na *Sic Itur Ad Astra (to the stars)*, nagagawa niyang kontrolin ang tao. Sa huling *episode*, larawan na ni Santamaria ang manakot, laging may pagbabanta, at pagtatampok sa pagbabago (*Change is Coming*) at aniya, marami pang buhay ang kailangang magbuwis para sa nasabing pagbabago.

Gayumpaman, ibubulgar ni Santamaria sa huli kung sino ang nasa likod ng kanyang paghahasik ng lagim. Doo'y magpapakita si Datu Talagbusao na nagkubli sa katawan ni General Villar. Ayon sa kanya, digmaan ang susi sa lahat ng kaayusan at pagbabago. Doo'y malalaman na ginamit lamang ni Talagbusao si Santamaria, mga preso, ang Nuno sa imburnal, at Heneral para sa mas malaki niyang misyon at layunin. Liban kay Santamaria, maaaring ihanay ang mga pangulo kay Talagbusao. Kaya't tama ang naging obserbasyon ni Agpalo (1973), na gumagana ang simbayotikong ugnayan ng ulo, galamay, at kanang kamay.

Tangan ni Talagbusao ang titulong datu, bilang isa sa mga haligi ng sinaunang pamayanang Pilipino na responsable sa pamamahalaang politikal, militar, at kontrol sa ekonomiya (Salazar, 1976). Sa sinaunang panahon, matitiyak ng datu ang katapatan ng kanyang barangay sa pagbibigay ng ginhawang nasa anyo ng mga ani at karangyaan dulot ng *pangangayaw*. Sa mahabang kasaysayan ng Pilipinas, mula sa hanay ng mga *principalia*, *inquilino*, at *cacique* (Anderson, 1988), makukulmina ang datu sa kontemporaryong *Boss-Mayor*. Dito maglilipana ang ideya ng *patron-client relationship* (*clientelismo* o *quid-pro-quo*). Hango ang ideya ng *Bossism* (2002) kay John Sidel, na kinakasangkapan ang kahirapan upang makuha ang loob ng bayan (p. 19). Ang pamumudmod ng ginhawa ay namamayani sa *Central Government* na *independent* at limitado ang kapangyarihang makuha ang loob ng bayan kaya't magbibigay ito ng ginhawa sa mga lider ng lokal na pamahalaan sa anyo ng sistemang *padrino* o pakikipagtambal sa mga naghaharing dinastiya sa bawat lalawigan. Kaya't dito naging popular si Talagbusao. Kinuha niya ang loob ng iba't ibang grupo – halimbawa si Heneral Villar (sa panig ng militar); nuno (bilang tagapagsalita o espiya = maiwawangis sa *midya*); at si Santamaria (pamoso sa lokal na pamahalaan). Gayundin naipasa kay Santamaria ang isa pang mukha ng kapangyarihan. Naging matagumpay siya sa pagbubuo ng isa pang panibagong sirkulo at lebel ng *patron-client relationship* sa anyo naman ng trikotomiyang ugnayan ng *Mayor-mga Aswang-mga preso*.

### XIII. Pagreretoke ng reputasyon

May mga pagkakataong tiningnan ang *Trese* bilang kasangkapan sa pagreretoke ng imahe at reputasyon ng mga parak (pulis). Napanatili halimbawa ni Pangulong Duterte ang kanyang ilaw habang nagpapandanggo dahil sa kanyang retorika. Isa sa mga umalingangaw na isyu ng administrasyong Duterte ay ang operasyong kontra-droga

(Tokhang) at ang tinuran niyang *War on Drugs* kung saan maraming sibilyan ang namatay, sadya man o bahagi ng tinatawag na “*collateral damage*.” Ginarantiyahan ni Pangulong Duterte ang katapatan ng ilang pulis sa kanyang administrasyon. Mula sa dagdag pasahod at pagbibigay timbre sa kataga niyang *Shoot to Kill*. Maraming nasaksihang *police brutality* ang mga Pilipino na posibleng umalab mula sa mga kumpas at pagbibigay-basbas ng pangulo. Tampok ang kaso ni Kian delos Santos noong Agosto 2017 na itinuturong sangkot sa droga (Aljazeera, 2017). Ang ganitong alegasyon kontra sa kapulisan ay nasusugan pa ng mga sumunod na *non-drug related cases*. Panahon ng pandemya, nasawi si Winston Ragos noong Abril 21, 2020 na inakusahang bumunot ng baril (Talabong, 2020); ang mag-inang Sonia at Frank Gregorio ng Tarlac na binaril sa ulo ni Jonel Nuezca noong Disyembre 20, 2020 (Cabato, 2020); at ang pagbaril ni Hensie Zinampan kay Lilibeth Valdez ng Quezon City noong Mayo 31, 2021 (Bolledo, 2021). Ito ang naging marka ng brutalidad ng ilang mga pulis sa pananaw ng ilang mga Pilipino.

Hindi malinaw kung ano ang pananaw ng mga lumikha ng *Trese* hinggil sa kasalukuyang sitwasyon ng Pilipinas. Niretoke ng *Trese* ang negatibong imaheng ito. Nakilala natin si Captain Guerrero. Palagi siyang kasama ni Tapia (kanyang *assistant*) sa mga kaso. Higit sa lahat, kasangga nina Anton at Alexandra sa mga paranormal na kaso. Malinaw na nasa kasalukuyang panahon ang *fictional character* ni Guerrero dahil sa tatlong senaryo. Una, ang isyu ng mga *vigilante group* sa Pedro Lungsod Slum Area na pinaghihinalaang *drug lab*. Pangalawa, ang pagmamalasakit niyang ipinakita sa nagagalit na preso sa Bilibid na inaakusahan ang kapulisan na pumapatay lamang sa ngalan ng numero, *quota*, at estadistika kaya’t hindi nila kinikilala ang pangalan ng mga bilanggo. Kaugnay ito sa *War on Drugs*. Upang patunayan ni Guerrero kay Raul Lazaro ang pagmamalasakit, isa-isa niyang binanggit ang pangalan ng mga nasawing preso. Pangatlo, ang pagtuligsa ni Guerrero kay Santamaria na nagiging hadlang sa kanya, upang lutasin ang kaso sapagkat pagpapabida at pamomolitika lamang ang alam nito. Naniniwala si Santamaria na kaya niyang lutasin ang kaso kahit walang *due process*.

Galit si Guerrero sa mga tiwaling parak. Madalas niyang inaawat ang ilang kapulisan na nambubugbog ng mga inarestong *drug user*. Ipinangalandakan niyang iba siya sa lahat ng kapulisan. Ang melodramatikong buhay ni Guerrero ay nagwakas nang kanyang lusubin si Talagbusao upang patayin ngunit siya’y nabigo at nasawi. Sa huli, namatay si Guerrero bilang bayani at higit sa lahat, literal na namatay sa ilalim ng bandila ng Pilipinas. Paraan kaya ito ng *Trese* upang ibangon ang negatibong imahe ng kapulisan? Dito magiging malinaw kung bakit alegorikal ang *Trese*, alegorikal ito sa punto na fantastiko o kuwentong kababalaghan ngunit ang “*tunay*” na mundong ginagalawan ay batbat ng karahasan.

## Kongklusyon

Sa panimulang pagbasa at pagbalangkas ng alegorikal na interpretasyon sa *Trese* gamit ang apat na sub-kategorikal na lapit, nailapat ang *animated series* sa tipikal at tunay na imahe ng lipunang Pilipino. Sa unang sipat, posibleng tingnan bilang isang simpleng *animated series* na kumakatawan sa mala-fantasyang mundo ng mga Pilipino. Induktibo ang naging pag-aral sapagkat lumitaw ang tema pagkatapos suriin ang kabuuang nilalaman ng *Trese*. Nang mailatag ang hagupit ng *Trese* sa interpretasyong *literary criticism*, historikal, antropolohikal/sosyo-kultural, at politikal, napatunayan ding patungo ito sa kaunawaang Pilipino na tayo'y pumapalaot sa isang nagkakasundong estado (*sense of belongingness*). Gayumpaman, hindi lamang nakapako sa apat na sub-kategorikal na lapit maaaring basahin ang anumang *anime*.

Kung tutuusin maaari pa itong gamitin sa interdisiplinaryo o multidisiplinaryong perspektiba – na nakabatay sa pinagkakadalubhasaang disiplina at interes. Ang mga batayang babasahin, teorya, at pananaw na aming sinangguni ay nakatulong upang suriin ang iba't ibang anggulong mababakas sa *Trese*. Sinang-ayunan o sinalungat man ang tunay na tunguhin o objektib ng *Trese*, hindi pa rin maiiwasan ang nabuong interpretasyon o (re)interpretasyon mula sa sariling pananaw. Sa kabila ito ng tipikal na pagtatatwa ng mga teleserye na “*anumang pagkakatulad sa tunay na buhay o pangyayari ay hindi sinadya o nagkataon lamang.*” Kung minsan, ang ganitong pagtatatwa ay isang palamuti lamang. Ngunit ang totoo, layunin nitong ipamalas ang realidad ng lipunan at panahong ating kinabibilangan, dahil ang anumang *platform* na hindi naglalayong ipakita ang realidad ng isang lipunan, *para que* pa na ginawa ito? Gayumpaman, sa pananaw ng taga-labas, hindi nila kaagad mauunawaan ang kabuuang tema ng *Trese* dahil tuon at/o tungkol ito sa lipunang Pilipino ngunit sa kabilang banda, maitatanghal din natin ang Pilipinas sa labas (*global scale*). Isang indikasyon na ang Pilipinong *anime* ay may kakayahang pumasok sa pandaigdigang sirkulasyon. Maaaring maipasundayag na hindi lamang pasibo at tagatanggap ng kultura ang Pilipinas ngunit sumasalok pa ito at may kakayahang umangkop at kalauna'y gumawa ng sariling likha. Sa huli, maipagmamalaki natin ang *Trese* sapagkat nilikha ito ng mga Pilipino ayon sa ating suliranin, karanasan, pakikibaka, at estetikong panlasa sa sining.

## Mga Sanggunian:

- ABS-CBN News. (2021, January 18). Angel Locsin receives Spirit of Philanthropy award from Philippine Red Cross. *ABS-CBN News*. <https://news.abs-cbn.com/entertainment/01/18/21/angel-locsin-receives-spirit-of-philanthropy-award-from-philippine-red-cross>.
- Acabado, S. (2013). Defining Ifugao social organization: House, field, and self-organizing principles in the northern Philippines. *Asian Perspectives* 52(2): 161-189.
- Acharya, A. (2009). *Whose ideas matter? Agency and power in Asian regionalism*. Ithaca & London: Cornell University Press.

- Agpalo, R. (1992). *Adventures in political science*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- \_\_\_\_\_. (1973). *The organic-hierarchical paradigm and politics in the Philippines*. Monograph No. 1. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Aljazeera. (2017, August 18). Kian Loyd delos Santos, 17, killed in drug crackdown. *Aljazeera*. <https://www.aljazeera.com/news/2017/8/18/kian-loyd-delos-santos-17-killed-in-drug-crackdown>.
- Almario, V. (1993). *Panitikan ng rebolusyong 1896: Isang paglingon at Katipunan ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- Ambrosio, D. (2010). *Balatik: Etnoastronomiya, kalangitan sa kabihasnang Pilipino*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Anderson, B. (1988). *The spectre of comparisons: Nationalism, Southeast Asia and the world*. Verso Books.
- Appadurai, A. (1996). *Modernity at large: Cultural dimensions of globalization*. Minneapolis: University of Minnesota Press.
- Arriola, J. (2010). A third way to film the story: A Filipino film adaptation of a work of literary journalism. *South East Asia Research* 18(2): 271-300.
- Ashcraft, B. (2021, May 18). What "Anime" Means. *Kotaku*. <https://kotaku.com/what-anime-means-1689582070>.
- Assmann, J. (1995). Collective memory and cultural identity. *New German Critique* 65: 125-133.
- Azuma, I., Arisako, T., & Yada, K. (producer), & Sato, J., Ikuhara, K., & Igarashi, T. (director). (1992). *Sailor Moon* [Motion Picture]. TV Asahi.
- Bankoff, G. (2012a). *Crime, society, and the state in the nineteenth century Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1995.
- \_\_\_\_\_. (2012b). A tale of two cities: The pyro-seismic morphology of nineteenth-century Manila. Nasa G. Bankoff, U. Lubken, & Sand, J., *Flammable cities: Urban conflagration and the making of the modern world* (pp. 170-189). University of Wisconsin Press.
- Baudrillard, J. (1981). *Simulacra and simulation*, S. Glaser (tsln.). Michigan: Michigan University Press.
- Berndt, J. (2018). Anime in academia: Representative object, media form, and Japanese studies. *Arts* 7(4): 1-13.
- Berry, S., Chalvon-Demersay, V., Lamoreaux, M., Lamoreaux, R., & Viau, S. (producer), & Berry, S. & Jadin, P. (director). (2001). *Totally Spies* [Motion Picture]. Marathon Media.
- Bloomfield, M. (1972). Allegory as interpretation. *New Literary History*, 3(2): 301-317.
- Bollejo, J. (2021, June 3). Cop who killed 52-year-old woman in QC faces murder complaint, admin case. *Rappler*. <https://www.rappler.com/nation/cop-zinampan-faces-murder-complaint-administrative-case-death-woman-quezon-city>.
- Borja, M. & Gomba-Montano, C. (producer), & Alejandre, M. (director). (2011). *Amaya* [Motion Picture]. GMA Entertainment TV.
- Bourelle, A. (2018). Not just novels: The pedagogical possibilities of the graphic narrative. Nasa A. Burger (ed.), *Teaching graphic novels in the English classroom* (pp. 11-28). Palgrave Macmillan.

- Cabato, R. (2020, December 21). Philippine police officer fatally shoots mother and son on camera, reigniting nation's debate over police impunity. *The Washington Post*. [https://www.washingtonpost.com/world/asia\\_pacific/philippines-police-brutality-mother-shot/2020/12/21/0a5f9762-4358-11eb-ac2a-3ac0f2b8ceeb\\_story.html](https://www.washingtonpost.com/world/asia_pacific/philippines-police-brutality-mother-shot/2020/12/21/0a5f9762-4358-11eb-ac2a-3ac0f2b8ceeb_story.html).
- Campos, P. (2006). Looming over the nation, uneasy with the folks: Locating Mike de Leon in Philippine cinema. Paper Presentation, University of the Philippines Faculty Colloquium, Agosto 16.
- Castrence, A. & Tallada, E. (producer), & Zapata, D. & Quizon, E. (director). (2005). *Darna* [Motion Picture]. GMA Entertainment TV.
- Chua, A.M. (2013). Enabling mythologies: Specificity and myth-making in TRESE. Nasa J. Evans & Giddens, T (eds.), *Cultural excavation and formal expression in the graphic novel* (pp. 21-31). Inter-Disciplinary Press.
- CNN Philippines Staff (CNNPS) (2019, October 3). Electrical fire forces LRT-2 to suspend operations. *CNN Philippines*. <https://www.cnnphilippines.com/news/2019/10/3/LRT2-fire-operations-suspended.html>
- Coats, P. (producer), & Cook, B. & Bancroft, T. (director). (1998). *Mulan* [Motion Picture]. Walt Disney Pictures.
- Coching, F. (writer), & Dayrit, T., Deramas, W., & Pobocan, J. (director). (2006). *Da Adventures of Pedro Penduko* [Motion Picture]. ABS-CBN.
- Coedes, G. (1968). *The Indianized states of Southeast Asia*, W. Vella (ed.) & S. Brown Cowing (tsln.). Canberra: Australian National University Press.
- Cortes, C. (1996, April 3). 18 Unidentified Victims of Disco Fire Buried in Mass Grave. *Associated Press*. <https://apnews.com/article/c1c0ba8160ec1d843a19ca2a52fdf42f>.
- Demeterio, F. (1978). *Myths and symbols, Philippines*. Metro Manila: National Book Store, Inc.
- Di Martino, M., Konietzko, B., & Dos Santos, J. (producer), & Dos Santos, J. (director). (2012). *The Legend of Korra* [Motion Picture]. Nickelodeon Animation Studio and Ginormous Madman.
- Elumbre, A. (2015). Lokalisasyon at kabanwahan bilang mga lapit sa rehiyonalismo ng Timog Silangang Asya. Nasa A. Navarro, M.J. Rodriguez-Tatel & V. Villan (eds.), *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan* (pp. 262-284). Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- Executive Order No. 209. (1987). The amily Code of the Philippines. *Official Gazette*. <https://www.officialgazette.gov.ph/1987/07/06/executive-order-no-209-s-1987/>.
- Fujio, F. (writer), & Shimozaki, H. (producer). (1973). *Doraemon* [Motion Picture]. Nippon TV.
- Gallaga, P., Reyes, L., & Daza, P. (writer), & Gallaga, P. & Reyes, L. (director). (1999). *Sa Piling ng Aswang* [Motion Picture]. Regal Films.
- Gallego, M.K. (2015). Philippine kinship and social organization from the perspective of historical linguistics. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 63(4): 477-506.
- Guzman, C., King, P., Oyong, A. & Cayetano, L. (producer), & Praico, S. (director). (2019). *Bag Man* [Motion Picture]. Rein Entertainment Philippines.

- Halsall, A. (2018). What is the use of a book...without pictures or conversations? Incorporating the graphic novel into the university curriculum. Nasa A. Burger (ed.), *Teaching graphic novels in the English classroom* (pp. 87-102). Palgrave Macmillan.
- Hernandez-Perez, M. (2019). Looking into the “anime global popular” and the “manga media”: Reflections on the scholarship of a transnational and transmedia industry. Nasa M. Hernandez-Perez (ed.), *Japanese media cultures in Japan and abroad: Transnational consumption of manga, anime, and media-mixes* (pp. 1-14). Palgrave Macmillan. Basel: MDPI.
- Hurley, J. (2001). Titanic allegories: The blockbuster as art film. *Strategies: Journal of Theory, Culture & Politics* 14(1): 91-120.
- Ilogon, F. (2010, April 16). 10 Urban Legends That Drove Pinoys Crazy. *Spot* [https://www.spot.ph/newsfeatures/41192/urban-legends-that-drove-pinoys-crazy?fbclid=IwAR2eAPy78m9Jh\\_8Hz1utS2jmHwNsmv7qvZ0t3930fqT2J4ZU11126PHYOOo](https://www.spot.ph/newsfeatures/41192/urban-legends-that-drove-pinoys-crazy?fbclid=IwAR2eAPy78m9Jh_8Hz1utS2jmHwNsmv7qvZ0t3930fqT2J4ZU11126PHYOOo).
- Jocano, F. (1989). Elements of Filipino social organization. Nasa Y. Kikuchi (ed.), *Philippine kinship and society* (pp. 1-26). Quezon City: New Day Publishers.
- Jurilla, P. (2005). Florante at Laura and the history of the Filipino book. *Book History* 8, pp. 131-197. Johns Hopkins University Press.
- Kobak, C. (2002). Ancient pre-hispanic concept of divinity, the spirit-world sacrifices, rites, and rituals among the Bisayans in the Philippines. *Philippiniana Sacra* 37(111): 411-478.
- Lasco, L. (2011). Ang kosmolohiya at simbolismo ng mga sandatang Pilipino: Isang panimulang pag-aaral. *Dalumat E-Journal* 2(1): 1-15.
- Lasco, L. (2014). Mga kadahilanan kung bakit wala tayong malalaking gusali o templo noong dating panahon. *Saliksik E-Journal* 3(1): 119-172.
- Lewis, O. (1950). An anthropological approach to family studies. *American Journal of Sociology* 55(5): 468-475.
- Levi, A. (1996). *Samurai from outer space: Understanding Japanese animation*. Michigan: Michigan University Press.
- Limos, M. (2019, November 30). The Wildest Philippine Urban Legends of the '90s. *Esquire*. [https://www.esquiremag.ph/long-reads/features/philippine-urban-legends-a00293-20191129?fbclid=IwAR095Nbx0H3xDCBrhfJZdo7tFbATFIoIXRzEwHq3\\_WJjN\\_-JGUobg\\_aCdkY](https://www.esquiremag.ph/long-reads/features/philippine-urban-legends-a00293-20191129?fbclid=IwAR095Nbx0H3xDCBrhfJZdo7tFbATFIoIXRzEwHq3_WJjN_-JGUobg_aCdkY).
- Luber, J. (producer), & Gallaga, P. & Reyes, L. (director). (1988). *Tiyanak* [Motion Picture]. Regal Films.
- Lumboy-Pili, J. (producer), & Perez, D. (director). (2017). *Kambal, Karibal* [Motion Picture]. GMA Entertainment and Content Group.
- Luna, F. (2020, November 26). January 2021 return set for LRT-2 stations shut by fire. *Phil Star Global*. <https://www.philstar.com/business/2020/11/26/2059582/january-2021-return-set-lrt-2-stations-shut-fire>.
- Lynch, F. (2004) An mga asuwang: A Bicol belief. Nasa A. Yengoyan & P. Makil, *Philippine society and the individual: Selected essays of Frank Lynch* (pp. 184-206). Quezon City: Institute of Philippine Culture.
- Madrid, R. (2012). A history of disastrous fires in Philippine chinatown. *Philippine Social Sciences Review* 64(2): 1-14.

- Mayuga, J. (2019, September 28). The dead and missing persons protocol. *Business Mirror*. <https://businessmirror.com.ph/2019/09/28/the-dead-and-missing-persons-protocol/>.
- McAndrew, J. (2001). *People of power: A Philippine worldview of spirit encounters*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Merced, C. dela & Prince, S. (producer), & Palo, M. & del Carmen, R. (director). (2009). *Kambal sa Uma* [Motion Picture]. Dreamscape, Entertainment Television, and Star Creatives.
- Mihara, R. (2020). A coming of age in the anthropological study of anime? Introductory thoughts envisioning the business anthropology of Japanese animation. *Journal of Business Anthropology* 9(1): 88-110.
- Mojares, R. (2018). *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine cultural history*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002.
- Monteverde, L. (producer), & Gallaga, P. & Reyes, L. (director). (1992). *Shake, Rattle, and Roll IV* [Motion Picture]. Regal Films.
- Monteverde, M., Teo, R., Gosiengfiao, J., & de Guzman, C. (producer), & Carvajal, M., Juan, A., & Rivera, F. (director). (1997). *Shake, Rattle, and Roll VI* [Motion Picture]. MAQ Productions.
- Monteverde, L. (producer), & Carlos, R., Lee, T., & Tuviera, M. (director). (2006). *Shake, Rattle, and Roll VIII* [Motion Picture]. Regal Films.
- Monteverde, R. Dantes, J. & Gozon-Abrogar, A. (producer), & Matti, E. (director). (2012). *Tiktik: The Aswang Chronicles* [Motion Picture]. GMA Films.
- Monteverde, L. & Monteverde, R. (producer), & Santos, D., Tarog, J. & Intalan, P. (director). (2014). *Shake, Rattle, and Roll XV* [Motion Picture]. Regal Entertainment Inc. & Regal Multimedia Inc.
- Nakatani, T., Tamura, M., & Maruyama, M. (producer), & Araki, T. (director). (2006). *Death Note* [Motion Picture]. Nippon TV.
- Napier, S. (2001). *ANIME from Akira to Princess Mononoke: Experiencing contemporary Japanese animation*. New York: Palgrave Macmillan.
- Naskar, D. & A. Maiti. (2016). Japanese anime and its transcultural literary significance: The development and evolution of isolated escapist fiction and its relation with mainstream canonised literature. *International Journal of English Language, Literature, and Translation Studies* 3(4): 475-485.
- National Geographic. (2009). Asia's Titanic. *National Geographic TV*. <https://www.natgeotv.com/asia/asias-titanic/about>.
- Navarro, A. (2012). Araling kabanwahan, kasaysayang kabanwahan, at araling Timog Silangang Asya. *Saliksik E-Journal* 1(2): 1-31.
- \_\_\_\_\_. (2015). Kasalimuotan ng mga pagkakakilanlan sa Timog Silangang Asya: Tungo sa pagtatampok sa Taumbayan sa araling Timog Silangang Asya at araling ASEAN sa diwa ng araling kabanwahan. *Saliksik E-Journal* 4(2): 139-146.
- New World Dictionary (NWD) (2000). Disaster. New World Dictionary.
- Nora, P. (1996). *Realms of memory: The construction of the French past*, A. Goldhammer (tsln.). New York: Columbia University Press.
- Nye, J. (1990). Soft power. *Foreign Policy* 80: 153-171.
- Omar, E. & Waisar, Y. (writer), & Omar, E. (director). (2013). *Penanggal: The Curse of the Malayan Vampire* [Motion Picture]. Astro Shaw.

- Pace-McCarrick, S. (2021, December 11). How Far Does Anime Challenge Joseph Nye's 'Soft Power' and Its Approach to Culture? *E-International Relations*. <https://www.e-ir.info/2021/12/11/how-far-does-anime-challenge-joseph-nyes-soft-power-and-its-approach-to-culture/>.
- Pascual, P., Bernal, J., Raymundo, E., & Sarte, S. (producer), & Bernal, J. (director). (2009). *Kimmy Dora* [Motion Picture]. Spring Films & MJM Productions.
- Patajo-Legasto, P. (2004). Literatures from the margins: Reterritorializing Philippine literary studies. Nasa C. Pantoja-Hidalgo & P. Patajo-Legasto (eds), *Philippine postcolonial studies: Essays on language and literature* (pp. 40-55). Quezon City: The University of the Philippines Press, 2007.
- PEP. (2007, July 27). Lolit Solis unleashes shocking rumors about Angel Locsin. *Philippine Entertainment Portal*. <https://www.pep.ph/lifestyle/13291/lolit-solis-unleashes-shocking-rumors-about-angel-locsin>.
- Philippine Daily Inquirer. (2013, January 29). WHAT WENT BEFORE: Ozone Disco is No. 6 in world's deadliest nightclub fires. *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/348777/what-went-before-ozone-disco-is-no-6-in-worlds-deadliest-nightclub-fires>.
- Piaget, J. & B. Inhelder. (1972). *The psychology of the child*, H. Weaver (tsln.). Basic Books.
- Ramos, M. (1971). *Creatures of Philippine lower mythology*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Ranada, P. (2021, January 14). Sexist Duterte says Philippine presidency not a job for women. *Rappler*. <https://www.rappler.com/nation/sexist-duterte-says-philippine-presidency-not-a-job-for-women>.
- Ronquillo, W. (1995). Anthropological and cultural values of caves. *Philippine Quarterly of Culture & Society* 23(2): 138-150.
- Rosario, V. del & Matti, E. (producer), & Matti, E. (director). (2018). *BuyBust* [Motion Picture]. Viva Films and Reality Entertainment.
- Rosario, V. del & Fernandez, V. (producer), & Laranas, Y. (director). (2018). *Aurora* [Motion Picture]. Viva Films and Aliud Entertainment.
- Rosario, V. del & Gozon-Abrogar, A. (producer), & Lee, T. (director). (2007). *Ouija* [Motion Picture]. GMA Films and Viva Films.
- Salazar, Z. (1974). Mula sa patnugot. Nasa Z. Salazar (ed.), *Ang kasaysayan: Diwa at lawak*, (pp. ix-x). Quezon City: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_. (1976). The barangay in present perspective. *Philippine Management* 2(3): 17-21.
- \_\_\_\_\_. (1985). Four filiations in Philippine psychological thought. Nasa A. Aganon & M. David, *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, pananaw, at kaalaman* (pp. 194-214). Manila: National Book Store.
- \_\_\_\_\_. (1991). Ang Pantayong Pananaw bilang diskursong pangkabihasnan. Nasa A. Navarro & F. Lagbao-Bolante (eds.), *Mga babasahin sa agham panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw* (pp. 102-130). Quezon City: C & E Publishing House, Inc., 2007.
- \_\_\_\_\_. (2010). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. Nasa A. Navarro & M.D. Jose (eds.), *Kababaihan sa kalinangan at kasaysayang Pilipino* (pp. 7-37). Quezon City: C & E Publishing House, Inc.

- Santos, M.J. (2021, July 22). Rebyu #87- Trese 3: Mass Murders nina Budjette Tan at Kajo Baldisimo. *PAPI REVIEW: Serye ng mga Panunuring-aklat*. <https://papireview.blogspot.com/2021/07/rebyu-87-trese-3-mass-murders-nina.html>.
- Santos-Concio, C, Santos, M., & Samson-Martinez, M. (producer), & Lamasan, O. (director). (2011). *In the Name of Love* [Motion Picture]. ABS-CBN Film Productions and Star Cinema.
- Schooley, B. & McCorkle, M. (producer). (2002). *Kim Possible* [Motion Picture]. Walt Disney Television Animation.
- Seixas, P. & P. Clark. (2004). Murals as monuments: Students' ideas about depictions of civilization in British Columbia. *American Journal of Education* 110: 146-171.
- Shapiro, J. (1981). Anthropology and the study of gender. *Soundings: An Interdisciplinary Journal* 64(4): 446-465.
- Shimizu, K. & Kaneda, K. (producer), & Nishio, D & Yamauchi, S. (director). (1989). *Dragon Ball Z* [Motion Picture]. Fuji TV.
- Sidel, J. (2002). *Capital, coercion, and crime: Bossism in the Philippines*. Stanford: Stanford University Press, 1999.
- Soriano, A. & Alejandrino, P. (2021, June 18). Meet the supernatural characters of 'Trese'. *Rappler*. <https://www.rappler.com/entertainment/series/mythological-creatures-netflix-trese-series>.
- Stout, K. & R. Stout. (2016). *Movies as literature*. Design-A-Study.
- Subero, G. (2016). *Gender and sexuality in Latin American horror cinema: Embodiments of evil*. United Kingdom: Palgrave Macmillan.
- Sumisawa, K. & Takegami, J. (writer), & Date, H. (director). (2002). *Naruto* [Motion Picture]. Studio Pierrot & TV Tokyo.
- Takegami, J., Kamisaka, H., & Yonemura, S. (writer), & Uda, K., Shimizu, J., Sakai, M., Miyamoto, H., Fukazawa, T., Nagamine, T., Kureta, K., Komaki, A., & Ito, S. (director). (1999). *One Piece* [Motion Picture]. Fuji TV.
- Talabong, R. (2020, April 23). Who in Winston Ragos, the former military man killed by police? *Rappler*. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/things-to-know-winston-ragos-former-soldier-killed-by-police>.
- Tan, B. (awt.) & Baldisimo, K. (art.). (2012). *Midnight tribunal*. Visprint, Inc.
- \_\_\_\_\_. (2014). *High tide at midnight*. Visprint, Inc.
- \_\_\_\_\_. (2019). *Shadow witness*. Visprint, Inc.
- \_\_\_\_\_. (2020). *Trese vol. 1: Murder on Balete Drive*. Ablaze.
- \_\_\_\_\_. (2021). *Trese vol. 2: Unreported murders (Trese, 2)*. Ablaze.
- \_\_\_\_\_. (2022a). *Trese vol. 3: Mass murders (Trese, 3)*. Ablaze.
- \_\_\_\_\_. (2022b). *Trese vol. 4: Last seen after midnight (Trese, 4)*. Ablaze.
- Tantuico, K. & Choa, O. (2016). Death, grief, and memorial: A review of the boy scout tragedy of 1963. Nasa G. Baretto-Tesoro (ed.), *Himlayan, pantiyon, kampo santo, Sementeryo: Exploring Philippine cemeteries* (pp. 155-168). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Tolentino, R. (2000). *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake, Sharon Cuneta at ang perpetwal na birhen at iba pang sanaysay ukol sa bida sa pelikula bilang kultural na texto*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- \_\_\_\_\_. (2011). *Sipat kultura: Tungo sa mapagpalayang pagbabasa, pag-aaral at pagtuturo ng panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

- Tugano, A.C. (2019a). Pagsasara ng tabing: Konklusyon sa makabuluhang mentoring ni Dr. Zeus A. Salazar. Nasa M.J. Santos at A.C. Tugano (eds.), *Martes sa Escaler: Klase sa historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (pp. 161-165). Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- \_\_\_\_\_. (2019b). Hermano Puli at Imam Bondjol at ang kanilang mga kilusang mapagpalaya sa Timog Silangang Asya: Mga tala sa tungkulin ng bayan sa pagyabong ng kasaysayang panlipunan. Nasa R. Palad & E. Valdeavella-Llanita (eds.), *Independencia 1843: Ang rehimentong Tayabas sa daloy ng kasaysayan ng mga kilusang mapagpalaya* (pp. 107-145). Tayabas City, Quezon: Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawang Nasaliksik (ATAGAN) Inc. at Tayabas Studies and Creative Writing Center.
- \_\_\_\_\_. (2021). Ang Manila Boy sa lansangan ng Asya: Naratibong ulat tungkol sa pampublikong transportasyon sa Timog Silangang Asya. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 15(1): 120-161.
- \_\_\_\_\_. (2022). Isang dekada ng pagkatakot, panaghoy, at pagkamatatag: Pananaw at naratibo ng mga biktima ng bahang idinulot ng bagyong *Ondoy* (2009) sa lungsod ng Marikina. Di-limbag na manuskrito.
- Tuviera, A. (producer), & Entienza, R. (director). (2008). *Urduja* [Motion Picture]. APT Entertainment and Seventoon Imaginary Friends.
- Villan, V. (2017). Kahulugan, larangan, at kabuluhan: Ang panubliong bahandi ng pangkat-etnikong Bisaya sa pag-aaral ng mga pamanang bayan sa kanlurang Kabisayaan. *Saliksik E-Journal* 6(1): 272-299.
- \_\_\_\_\_. (2020, September 3). Mga Dahilan at Paliwanag Kung Bakit Mahilig sa Atay ang mga Bisaya ng Panay. *Facebook*. [https://m.facebook.com/story.php?story\\_fbid=739993456849627&id=100025169378809](https://m.facebook.com/story.php?story_fbid=739993456849627&id=100025169378809).
- Vos, G. de. (2012). *What happens next? Contemporary urban legends and popular culture*. Libraries Unlimited.
- Yuson, T. (producer), & Oliva, J. (director). (2021). *Trese After Dark* [Motion Picture]. Netflix.

**Tungkol sa Mga May-akda:****AXLE CHRISTIEN J. TUGANO**

Kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa Division of History, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng BA History sa Polytechnic University of the Philippines (*Batch Valedictorian, magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa *Diliman Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, at *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng University of the Philippines Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal* ng De La Salle University; *Tala Kasaysayan Journal* at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Mabini Review* at *Bisig Journal* ng Polytechnic University of the Philippines; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan, *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, at ilang mga pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas at ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts at marami pang iba. Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang “*Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala*” na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

**JOANNA FRANCES ISABELLE R. SAJOR-TUGANO**

Nagtapos sa kursong Associate in Arts sa University of the Philippines Open University, Los Baños, Laguna at BA Anthropology sa University of the Philippines Diliman (*cum laude*). Kasalukuyang kumukuha ng Diploma in Archaeology sa Archaeological Studies Program ng U.P. Diliman. Nakapagsagawa ng ilang pananaliksik (*ethnoarchaeology*, *environmental*, at *gender anthropology*) tungkol sa kultura ng mga Ivatan sa Batanes Naging mananaliksik (*Social and Environment Specialist*) sa ilang mga proyekto sa pribado at pampublikong sektor katulad ng *PNR East-West Railway Project*, *Libingan ng mga Bayani-Redevelopment Project*, at *Asian Development Bank Sector Projects*.

**Pagtatampok sa Danas ng Kamuwangan sa Cinemalaya:  
Isang Panimulang Pagtatangka sa Paglalarawan ng Filipino  
Coming-of-Age Cinema**

***(Featuring the Experience of Understanding in Cinemalaya:  
A Preliminary Attempt to Define the Filipino  
Coming-of-Age Cinema)***

**Christopher Bryan A. Concha**  
De La Salle University  
christopher.concha@dlsu.edu.ph

**ABSTRAK**

Pagpapatuloy ang papel na ito sa naunang pag-aaral ng mananaliksik na pinamagatang "RoadToAdulthood: Isang Pagsipat sa Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikulang Milenyal na #Y," na tumukoy sa limang danas ng pagsapit sa pelikula na: (a) pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad; (b) pagharap sa mas mabibigat na suliranin; (c) paghahanap ng halaga at papel sa buhay; (d) pagkakaroon ng bukas na isipan; at (e) paglalim ng ugnayan sa kapwa. Gamit ang mga danas na ito, sinuri ng papel ang mga piling pelikula mula sa Cinemalaya Philippine Independent Film Festival sa layuning higit na pag-unawa sa tema ng kamuwangan sa pelikula. Sa huli, bumuo ng tseklis ang pananaliksik na nagpapakita sa mga danas na sinasalamang bawat pelikula, gayundin ang mahahalagang punto na natuklasan mula sa pagsusuri. Magagamit ang resulta ng pag-aaral tungo sa panimulang pagtatangka na mailarawan ang Filipino coming-of-age cinema.

**Mga Susing Salita:** coming of age, Cinemalaya, kamuwangan, pelikula, Sikolohiyang Pilipino

---

**ABSTRACT**

*This paper is a continuation of the researcher's previous study entitled "RoadToAdulthood: A Look at the Experience of Advent in #YMillennial Film," which identified five experiences of coming of age in films that are: (a) self-recognition and identity building; (b) dealing with more severe problems; (c) finding value and role in life; (d) having an open mind; and (e) deepening interpersonal relationships. Using these experiences, the paper examined selected films from the Cinemalaya Philippine*

*Independent Film Festival to realize the theme of understanding in the film better. In the end, the research developed a checklist that shows the experiences reflected by each film, as well as the critical points discovered from the review. The result of the study can be used for the preliminary attempt of defining the Filipino coming-of-age cinema.*

**Keywords:** coming of age, Cinemalaya, understanding, film, Filipino Psychology

---

## Introduksyon

Sa tekstong *Literature for children: a short introduction*, inilahad ni David Russel (1985) na ang mga istoryang may temang *coming of age* ay kalimitang tungkol sa transpormasyon ng isang tauhan, mula sa pagiging walang pakialam patungo sa pagiging responsable at sa pagkakaroon ng tinatawag na *maturity*. Hindi na lamang ang sarili ang kanyang iniisip kundi maging ang kapakanan ng mga taong nasa paligid niya. Kalimitang natatamo ng isang karakter ang ganitong estado sa pamamagitan ng pagdanas ng sakit, paghihirap, at/o pagdurusa.

Sa mga kuwentong pambata, maaaring makita ito sa tuwing namumulat sa pait ng buhay ang inosenteng pag-iisip ng isang tauhan. Gayon man, hindi katulad sa coming of age, isang antas lamang ng *maturity* ang kanyang naabot at hindi pa ang pagsapit sa ganap na kamuwangan. Isang halimbawang ibinigay ni Russel (1985) para sa ganitong genre ay ang nobelang *The Secret Garden* (1909) ni Frances Hodgson Burnett. Kung pag-uusapan naman ang mga pelikulang coming-of-age, karaniwang ipinakikita rito ang pagtatapos sa kabanata ng pagkabata ng pangunahing tauhan. Nagsisimula nang mabago ang pagtingin nila sa mundo bilang isang paraiso. Nasa estado na sila ng pagtayo sa sariling mga paa (Hauge, 2015).

Sa artikulo ni Hestand (2018) na *The Beginner's Guide: Coming-of-age*, tinalakay ang pagkakaugnay ng coming of age sa ikalimang bahagi ng Stages of Psychosocial Development ni Erik Erikson na tinatawag ding identity vs. confusion. Karaniwang nararanasan ang yugtong ito mula edad labindalawa (12) hanggang labingwalo (18). Dito kalimitang kinukwestyon ng isang indibidwal ang sariling identidad at papel sa buhay. Bukod sa konsepto ni Erikson, isa pa sa teoryang pansikolohiya na maiuugnay sa tema ng coming of age film ang Emerging Adulthood ni Jeffrey Arnett. Ayon kay Arnett (2000), Emerging Adulthood ang yugtong naghihiwalay sa pagitan ng *adolescence* at *adulthood*. Kinakarakterisa ang yugtong ito ng limang pangunahing katangian: ang (1) *Age of identity exploration*; (2) *Age of instability*; (3) *Age of self-focus*; (4) *Age of feeling in between*; at (5) *Age of possibilities*.

Kung ihahambing naman sa Sikolohiyang Pilipino, ang konsepto ng paglalabintaunin ni Virgilio Enriquez ang nalalapit sa yugtong inilatag ni Arnett. Ito ang

panahong sumasaklaw sa mga indibidwal na nasa edad labing-isa hanggang labinsiyam (Javier, 2007). Nabuo ito bilang pagtatangka na matumbasan ang Kanluraning salita na adolescent na tumutukoy sa kapansin-pansing pag-unlad sa buhay ng mga indibidwal na nasa yugto ng *teenhood*, lalo na sa usaping pisikal at sekswal. Sa paliwanag ni Javier (2007), maaari namang makarakterisa ang paglalabintaunin sa mga sumusunod na karanasan: (1) pagtuklas sa kakayahan; (2) pagbubuo ng sariling identidad; (3) pakikipagrelasyong romantiko; at (4) pagdanas ng samot-saring emosyong bunga hindi lamang ng pagbabagong pisyolohiko kundi ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

Samantala, isa ang artikulong *RoadToAdulthood: Isang Pagsipat sa Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikulang Milenyal na #Y* nina Concha & Autor (2019) sa mga unang pagtatangka na sipatin ang Filipino coming-of-age film. Sa kanilang pag-aaral, partikular nilang sinuri ang pelikulang *#Y* (2014) na idinirehe ni Gino M. Santos at naging kalahok sa 10<sup>th</sup> Cinemalaya Philippine Independent Film Festival. Tinatalakay nito ang mga isyu at hamong nararanasan ng mga kabataang kabilang sa Henerasyong Milenyal o Generation Y din kung tawagin. Sinuri nila rito ang danas ng pagsapit ng kamuwangan [salin ni Concha (2019) para sa coming of age] ng mga tampok na tauhan sa pelikula. Natukoy nila sa kanilang naging pagsusuri ang limang karanasan na nabigyang-diin sa pelikula kaugnay sa pagsapit ng kamuwangan. Ito ay ang: (a) pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad; (b) pagharap sa mas mabibigat na suliranin; (c) paghahanap ng halaga at papel sa buhay; (d) pagkakaroon ng bukas na isipan; at (e) paglalim ng ugnayan sa kapuwa. Gayonman, limitado lamang ang kanilang naging pagsusuri sa iisang pelikula. Nilinaw rin nila sa kanilang paglalagom na sinasaklaw lamang ng mga natukoy nilang karanasan ang danas ng mga karakter sa pelikula na nagmula sa upper-middle class at bahagi ng henerasyong Milenyal.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Patunay ang mga natalakay na ilang lokal at dayuhang literatura sa malaking potensyal ng pag-aaral sa Filipino coming-of-age, hindi lamang bilang film genre kundi maging isang sikolohikal na danas. Sa ganitong diwa, nais makapagdagdag ng diskurso ng papel na ito sa mga kasalukuyang pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa nasimulang pananaliksik nina Concha & Autor (2020) tungkol sa pelikulang *#Y* (2014). Nais gamitin ng papel na ito ang resulta ng kanilang pag-aaral sa higit na pag-unawa sa pagtatampok sa danas n kamuwangan sa pelikulang Pilipino. Gamit bilang gabay ang limang danas na tinukoy nila sa kanilang pananaliksik, sinipat ng papel ang mga piling coming-of-age film mula sa Cinemalaya Philippine Independent Film Festival. Mula rito, tiningnan ng pag-aaral kung paanong sinasalamain ng mga pelikulang ito ang limang karanasan at tinangkang makapag-ambag ng mga panibagong danas at/o mahahalagang punto batay sa naging pagsusuri sa mga piniling teksto.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalagang palalimin pa ang diskurso kaugnay sa coming-of-age film sa Pilipinas. Makapag-aambag ang pag-aaral na ito sa Araling Filipino partikular na sa panunuring pampelikula. Makapagdaragdag din ito sa disiplina ng Sikolohiyang Pilipino na nakatuon sa usapin ng pagdanas sa paglalabintaunin at pagsapit ng kamuwangan. Higit sa lahat, magagamit ang resulta ng pag-aaral sa higit na pag-unawa sa Filipino coming-of-age cinema. Bahagi ang papel na ito sa mas malaking proyektong nagtatangkang suriin ang coming-of-age bilang film genre at sa pagsasakonteksto nito sa kulturang Pilipino.

## Metodolohiya

### *Pangangalap ng Datos*

Bilang tugon sa layunin na magkaroon ng panimulang pagtatangka na mailarawan ang coming-of-age cinema, pinili itong simulan ng mananaliksik sa pagsipat sa mga piling pelikula ng Cinemalaya Philippine Independent Film Festival, ang nagluwal sa isa mga klasikong Filipino coming of age film na *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005). Ang Cinemalaya Philippine Independent Film Festival ay ang pangunahing proyekto ng Cinemalaya Foundation Inc. Ginanap ang kauna-unahang Cinemalaya noong 2005, sa pakikipagtulungan ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP). Sa tekstong *Digital Cinema in the Philippines, 1999-2009* ni Eloisa May Hernandez (2014), sinasabing bunga ang Cinemalaya ng unti-unting pag-usbong ng digital cinema sa Pilipinas nang pumasok ang 2000s. Isa ang pelikulang *Motel* (2000) nina Ed Lejano, Nonoy Dadivas, at Chuck Escasa, sa mga humawi sa pagsisimula ng digital cinema sa bansa. Sa naging pakikipanayam ni Hernandez sa mga filmmaker, ibinahagi ni Escasa na Sony VX1000 ang ginamit nilang pangkuha sa pelikula. Isa ito sa mga patok na aparato sa mga nagsisimulang filmmaker noon. Kaiba sa nakagisnang celluloid film, mas mura ang paglikha ng digital film.

Sa artikulo namang *The Best of Times, The Worst of Times: The Filipino Cinema in 1990-1999* ni Nicanor Tiongson (2010), iginiit niyang ang digital filmmaking ang maituturing na nagsalba sa industriya sa pagpasok ng bagong milenyo. Bunsod ng pangingibabaw sa takilya ng mga pelikulang Hollywood at laganap na pamimirata noong 1990s, bumagsak ang produksyon ng mga pelikula sa bansa. Sa tulong ng digital filmmaking, muling sumigla ang pamemelikula. Isa sa mga naunang indikasyon nito ang inilahad ni Carballo (2010) sa kanyang libro na pagkakatatag ng CineManila International Film Festival, sa pangunguna ng direktor na si Amable “Tikoy” Aguiluz noong 1999. Ito ang humalili sa proyekto ni dating First Lady Imelda Marcos na Manila International Film Festival. Layunin ng CineManila na maipagpatuloy ang adbokasiya ng naunang film festival na mabigyan ng oportunidad ang mga nagsisimulang filmmaker. Gayundin,

hangad ng CineManila na muling buhayin ang pagiging *center of independent cinema* ng Pilipinas sa buong Timog-Silangang Asya.

Sumunod din sa yapak ng CineManila ang Cinemalaya Philippine Independent Film Festival at Cinema One Independent Film Festival, kapwa naitatag noong 2005. Ayon kay Nestor Jardin (2013), binuo niya ang Cinemalaya upang isulong ang malayang sine sa bansa. Naganap ang unang edisyon nito noong July 2005, sa pakikipagtulungan ng Dream Network, FDCP, at ng UP Film Institute (UPFI). Sa loob lamang ng pitong taon nitong paglalayag, nakapagpalabas na ang Cinemalaya ng mahigit 900 na pelikula. Kaya naman, itinuturing ang Cinemalaya bilang isa sa mga marker ng sinasabing Third Golden Age ng pelikulang Pilipino. Sa pamamagitan nito, nabigyan ang maraming filmmaker ng alternatibong espasyo kung saan nila maaaring ihapag ang mga ideyang hindi nakatali sa pormula ng mainstream film. Bukod pa, dito rin sila nagkaroon ng pagkakataong talakayin ang iba't ibang paksang malayo sa palasak na tema ng mainstream film tulad ng drama, katatawanan, at katatakutan. Kabilang dito ang genre ng coming of age, sa pangunguna ng Cinemalaya award-winning film na *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005).

Mula nang magsimulang lumayag ang Cinemalaya noong 2005, umabot na sa 130 ang kabuoang bilang ng mga kalahok na full-length film sa New Breed category (2005-2014) at Main Competition (2016-2019). Para sa papel na ito, partikular na sisipatin ang mga kalahok sa Cinemalaya 15 na ginanap mula ika-2 hanggang ika-13 ng Agosto noong 2019. Ang Cinemalaya 15 ang piniling maging pokus ng teksto ng pag-aaral sapagkat ito ang huling edisyon na nagtampok ng full-length films bago tumama ang COVID-19 pandemic sa bansa. Gayundin, ito ang tanging edisyon ng Cinemalaya na nagtampok ng apat na coming-of-age film bilang kalahok, ang pinakamarami sa kasaysayan ng film festival.

#### Talahanayan 1: Mga Pelikulang Kalahok sa Cinemalaya 15

| Pamagat                          | Direktor                            | Cast                                                               |
|----------------------------------|-------------------------------------|--------------------------------------------------------------------|
| Ani (The Harvest)                | Kim Zuniga at Sandro Del Rosario    | Zyren de la Cruz, Ricky Davao, Miguel Valdez                       |
| Belle Douleur (A Beautiful Pain) | Joji Alfonso                        | Mylene Dizon, Kit Thompson                                         |
| Children of the River            | Maricel Cariaga                     | Noel Comia Jr., Ricky Oriate, Dave Justin Francis, Junyka Santarin |
| Edward                           | Thop Nazareno                       | Louise Abuel, Dido dela Paz                                        |
| Fuccbois                         | Eduardo Roy Jr.                     | Royce Cabrera, Kokoy de Santos, Ricky Davao                        |
| Iska                             | Theodor Boborol                     | Ruby Ruiz, Soliman Cruz, Ricky Rivero                              |
| John Denver Trending             | Arden Rod Condez                    | Jansen Magpusao, Meryll Soriano, Glenn Mas                         |
| Malamaya                         | Danica Sta. Lucia at Leilani Chavez | Sunshine Cruz, Enzo Pineda, Raymond Bagatsing                      |
| Pandanggo sa Hukay               | Sheryl Rose Andes                   | Iza Calzado, Ybes Bagadiong, Acey Aguilar                          |

|       |                               |                                               |
|-------|-------------------------------|-----------------------------------------------|
| Tabon | Alexander Xian Cruz<br>Lim Uy | Christopher Roxas, Ynna Asistio, Dexter Doria |
|-------|-------------------------------|-----------------------------------------------|

Mula sa sampung pelikulang kalahok sa Cinemalaya 15, apat ang kakikitaan ng temang may kaugnayan sa pagsapit ng kamuwangan o coming-of-age: ang *Ani (The Harvest)* nina Kim Zuniga at Sandro del Rosario, *Children of the River* ni Maricel Cariaga, *Edward* ni Thop Nazareno, at *John Denver Trending* ni Arden Rod Condez.

**Ani (The Harvest).** Handog ng kauna-unahang Sci-Fi film sa Cinemalaya na *Ani (The Harvest)* ang istorya ng batang si Mithi (Zyren Dela Cruz) at ang karanasan niya sa probinsya kasama ang kanyang lolo matapos mamatay ang kanyang mga magulang. Doon niya makikilala ang warbot na inayos at pinangalanan niyang Ani. Ang kanilang namuong pagsasamahan ang magtutulak kay Mithi upang harapin ang kanyang mga kinatatakutan.

**Children of the River.** Binibigyang-diin naman sa pelikulang *Children of the River* ang kwento ng mga anak ng sundalong nakipagbambakan sa Marawi na sina: Elias (Noel Comia, Jr.), Pepsy (Junyka Santarin), Agol (Ricky Oriarte), at Robin (Dave Justin Francis). Bukod sa maagang pagkamulat sa realidad ng giyera bunsod ng trabaho ng kanilang mga ama, ipinakita rin ng pelikula ang kanilang sekswal na pamumukadkad, partikular na si Elias na nahulog sa binatang bisita ng pamilya ni Robin.

**Edward.** Nakatuon naman ang pelikulang *Edward* sa kung paanong naging saksi ang isang pampublikong ospital sa pagsapit ng kamuwangan ng tinedyer na si Edward (Louise Abuel). Nang iwan siya ng kaniyang nakatatandang kapatid upang maghanap ng pera, napilitan si Edward na alagaan ang ama nang mag-isa. Bagaman ipinakita ng kanyang karakter ang pagiging pasaway at iresponsable noong una, unti-unti niyang yayakapin ang tungkulin sa ama matapos ang ilang pangyayaring nakapagbago ng tingin niya sa mundo.

**John Denver Trending.** Isang naratibo sa pagsapit ng kamuwangan sa panahong nakakahon na ang halos lahat sa impluwensyang dulot ng social media ang ipinakikita ng pelikulang *John Denver Trending*. Umiikot ang istorya nito sa isang viral video kung saan binubugbog ni Denver (Jansen Magpusao) ang kanyang kaklase matapos siyang akusahan na nagnakaw ng iPad nito. Bunsod nito, kaliwa't kanang panghuhusga at panlalait ang natamo ni Denver na nagtulak sa kanya upang magpasiyang huwag nang pumasok sa eskwela. Gayon man, sa tulong ng kanyang ina (Meryll Soriano), hinarap nila ang pambibintang at nagkaroon ng pagtatangkang linisin ang kanyang pangalan.

### ***Proseso ng Pagsusuri***

Sinuri ng papel ang apat na coming-of-age film mula sa Cinemalaya 15 at tinangkang bakasin ang limang karanasan ng pagsapit ng kamuwangan na tinukoy nina

Concha & Autor (2020) na: (a) pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad; (b) pagharap sa mas mabibigat na suliranin; (c) paghahanap ng halaga at papel sa buhay; (d) pagkakaroon ng bukas na isipan; at (e) paglalim ng ugnayan sa kapuwa.

**Pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad.** Isa sa mga pangunahing salik na bumubuo sa naratibo ng isang coming-of-age film ay ang pagkilala at pagbuo ng tauhan sa kanyang sariling identidad. Sa naging talakay nina Concha & Autor (2020), maiuugnay ang danas na ito sa konsepto ng paglalabintaunin na ipinaliwanag ni Javier (2007) at sa Emerging Adulthood na binuo ni Arnett (2000). Sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan higit na lumalalim ang pag-unawa ng indibidwal sa sarili partikular na sa mga paniniwala at pananaw sa buhay. Kabilang dito ang usapin sa relihiyon, sekswalidad, politika, at karerang nais tahakin sa hinaharap.

**Pagharap sa mas mabibigat na suliranin.** Kaugnay sa unang danas, integral na bahagi ng isang coming-of-age film o ng kahit ano mang kuwento ang tunggaliang kinahaharap ng pangunahing tauhan. Sa pagharap at pagresolba sa mga problemang ito karaniwang umiikot ang naratibo ng isang pelikula. Gayon man, partikular na nakaugnay ang tunggalian ng mga karakter sa isang coming-of-age film tungo sa sikolohikal na pag-unlad. Ayon kina Concha & Autor (2020), maaaring uminog ang mga suliraning ito sa tampok na tauhan laban sa kanyang sarili at/o sa kanyang kapwa. Para sa pelikulang #Y (2014) na kanilang sinuri, ang internal na tunggaliang kinaharap ng karakter ni Miles ay ang kanyang suliranin sa kalusugang pangkaisipan (mental health), samantalang ang pagpapaunawa sa kanyang mga pinagdaraanang sumasaklaw sa eksternal. Ito rin ang nagiging indikasyon na binabagtas na ng isang indibidwal ang pagsasaganap na gulang (adulthood) sapagkat bumibigat na rin ang mga hamon na kinahaharap niya (Arnett, 2000).

**Paghahanap ng halaga at papel sa buhay.** Sa paliwanag nina Concha & Autor (2020), sinasalamain nito ang ikalimang yugto sa *Stages of Psychological Development* ni Erik Erikson (1982) na *Identity vs. Confusion*. Sa yugtong ito higit na nakararanas ng pagkalito ang isang indibidwal ukol sa sariling identidad at kagustuhan sa buhay. Dito nagsisimulang kwestiyunin ng indibidwal ang halaga ng kanyang buhay at kung ano ba ang papel niya sa mundo. Nasalamain ang danas na ito sa makailang ulit na pagtatangka ng karakter ni Miles sa pelikulang #Y na kitilin ang sariling buhay dahil sa paniniwalang ito lamang ang makapagbibigay ng kahulugan dito.

**Pagkakaroon ng bukas na isipan.** Kalakip ng pagtanda at paglawak ng karanasan ng isang indibidwal ang paglalim ng kanyang pang-unawa (Javier, 2020). Kabilang dito ang pagkatuto na kilalanin ang sariling pagkakamali at/o pagkukulang at kakayahang magkaroon ng pagtataya sa kung alin ang nararapat sa hindi (Concha & Autor, 2020). Sa madaling sabi, nagsisimula nang matutuhan ng indibidwal ang pagkakaroon ng pananagutan sa mga desisyon at kilos na ginagawa niya.

**Paglalim ng ugnayan sa kapwa.** Nakaugat ang danas na ito sa pagsasakahulugan ng Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez sa kapwa bilang kabahagi ng identidad ng isang Pilipino. Ito ang maituturing nina Concha & Autor (2020) na isa sa mga natatanging katangian ng Filipino coming-of-age film, ang pagkakaroon ng malawak at matibay na ugnayan ng karakter sa kapwa. Malaki ang papel ng ginagampanan ng kanyang paligid sa pag-usbong niya bilang isang lalabintauning humaharap sa ganap na gulang. Nasipat nila sa pelikulang #Y ang tatlong lebel ng ugnayang pangkapwa. Una, ang ugnayan ng sarili sa kanyang pamilya. Ikalawa, ang ugnayan ng sarili sa mga kaibigan at kakilala. Ikatlo, ang ugnayan ng sarili sa kanyang lipunang ginagalawan.

Gamit ang nabanggit na limang danas, sinipat ng papel kung nasasalamín ang mga ito sa apat na piling pelikula mula sa Cinemalaya 15. Partikular na sinuri ng pag-aaral ang paraan ng pagtatampok sa danas ng pagsapit ng kamuwangan at ang mga naratibong nakapaloob dito. Sa huli, bumuo ng tseklist ang pananaliksik na nagpapakita sa mga danas na sinasalamín ng bawat pelikula, gayundin ang mga karagdagang mahahalagang punto na natuklasan mula sa pagsusuri.

## **Resulta at Diskusyon**

### **A. Pagkilala sa Sarili at Pagbuo ng Identidad**

Sa apat na coming-of-age film na kalahok sa Cinemalaya 15, tanging ang pelikulang *John Denver Trending* lamang ang hindi kinakitaan ng pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad na binabanggit nina Concha & Autor (2020) bilang isa sa mga danas ng pagsapit ng kamuwangan. Para sa pelikulang *Ani (The Harvest)*, nasalamín ng tampok na tauhan na si Mithi ang danas na ito nang mamatay ang kanyang mga magulang. Ipinadala siya sa isang kanayunan sa Bicol kasama ang may sakit niyang lolo. Dahil mahina na ang katawan ng kanyang lolo at napunta siya sa isang bagong kapaligiran, napilitan si Mithi na ilaan ang buong maghapon nang mag-isa. Sa paglilibot niya sa bagong komunidad ay doon niya makikilala ang dispalyado ngunit gumagana pa ring warbot na pinangalanan niyang Ani. Sa tulong ni Ani, hinarap ni Mithi ang mga bagay na kinatatakutan niya kagaya ng pag-angkop sa bagong buhay kasama ang kanyang lolo, maging ang mga halimaw na madalas na dumadalaw sa kanyang panaginip.

Kung susuriin ang pelikula, isa sa mga maituturing na kahinaan nito ang estruktura ng kwento sapagkat hindi malinaw kung alin sa mga paksang tampok ang nais nitong pagtuunan. Bagaman malinaw na isa itong coming-of-age film, pumapasok din ang mga isyung panteknolohiya dahil sa kalikasan nito bilang science fiction (sci-fi) film. Sa madaling sabi, umiinog ang kwento sa pagharap ni Mithi bilang ulila ngunit nakapaloob din ito sa mas malaking naratibo ng paglaban sa mga sakim na korporasyon at labanan sa lupain. Sa kabila nito, nagawa pa ring mailakip ng pelikula ang danas ng pagkilala sa

sarili ni Mithi bilang isang lalabintaunin. Kasabay ng paghilom niya mula sa pagkawala ng mga magulang ay ang higit niya ring pagkilala sa sarili dahil sa naging paglalakbay niya sa istorya kasama si Ani.

**Talahanayan 2: Tseklist Para sa Unang Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan**

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad |
|-------------------------------|--------------------------------------------|
| Ani (The Harvest)             | NASALAMIN<br>(Pagkilala sa sarili)         |
| Children of the River         | NASALAMIN<br>(Pagkilala sa seksuwalidad)   |
| Edward                        | NASALAMIN<br>(Pagbuo sa identidad)         |
| John Denver Trending          | HINDI NASALAMIN                            |

Sa kabilang banda, nasalamin din ng pelikulang *Edward* ang danas na ito dahil sa nabuong identidad ng tampok na tauhan mula sa naging karanasan habang namamalagi sa isang pampublikong ospital. Dahil sa kakulangan ng pera, napilitan siyang bantayan ang amang may sakit habang naghahanap ng mapagkakakitaan ang nakatatanda niyang kapatid. Dito siya higit na mamumulat sa realidad ng buhay. Matutunghayan niya ang mga pasyenteng nakapwesto na lamang sa pasilyo dahil punuan na ang mga kwarto, ang hagulgol ng mga kaanak na namatayan ng mahal sa buhay, at ang pakikibaka ng iilang doktor at nars na tugunan ang pangangailangan ng ilang daang pasyente sa ospital. Bukod sa mga bagay na natuklasan ni Edward habang nasa ospital, ang higit na nakapagpabago sa kanyang karakter ay ang babaeng pasyente na si Agnes. Agad na nahulog ang loob ng binatang tauhan sa dalaga at naging malapit ang loob nila sa isa't isa. Kaya nang mamatay si Agnes, dito lalong lumalim at tumatag ang kanyang pagkatao. Unti-unting nabasa ang kanyang imahen ng pagiging pasaway at iresponsableng anak at napalitan ng mas malinaw na pagtanaw sa buhay.

Sinasalamin naman ng pelikulang *Children of the River* ang danas na ito sa katauhan ng karakter ni Elias. Bagaman ipinapalagay na naratibo ito ng apat na magkababatang mga kapwa anak ng sundalo, higit na naging pokus ng pelikula ang kwento ni Elias at ang kaniyang pamumukadkad bilang lalabintaunin. Nagsimula ito nang makilala niya ang dayong binata na si Ted (Juancho Trivino). Dahil sa ilang linggong pamamalagi ni Ted sa kanilang lugar kasama ang magkakaibigan, lumalim ang pagtingin ni Elias sa binata. Hindi niya namamalayan na tuluyan nang nahuhulog ang loob niya dito. Sa simula ay balot pa ng pag-aalinlangan si Elias sa kanyang tunay na nararamdaman dahil mababaw pa ang pagkilala niya sa kanyang seksuwal na oryentasyon. Gayon man, hindi na niya ito nagawang pigilan kalaunan. Kahit hindi

nasuklian ni Ted ang kanyang pagtingin, nagsilbing tulay ang kanilang interaksyon upang tuluyang mabuo at matanggap ni Elias ang kanyang pagkatao.

Hindi naman nagawang masalamin ng pelikulang *John Denver Trending* ang danas na ito sapagkat hindi nagkaroon ng pagkakataong makilala ng tampok na tauhan ang sarili. Sa halip, uminog ang naratibo nito sa paggigiit ni John Denver na hindi siya ang nagnakaw ng nawawalang iPad ng kanyang kamag-aral.

## B. Pagharap sa Mas Mabibigat na Suliranin

Para sa danas ng pagharap sa mas mabibigat na suliranin na tinukoy nina Concha & Autor (2020), tanging ang pelikulang *Children of the River* lamang ang nabigong masalamin ito. Naging sentral na danas ito sa pelikulang *Ani (The Harvest)* nang maulila ang tampok na tauhan at maipadala sa kanyang may sakit na lolo. Sa murang edad ni Mithi, kinailangan niyang tanggapin ang pagkawala ng mga magulang at matutong harapin ang buhay nang hindi sila kasama. Katulad ng karaniwang pinagdaraan ng mga namatayan, naging malaking hamon para sa kanya na magpatuloy sa buhay at labanan ang pangungulila. Sa madaling sabi, lubhang pinabigat ng pagiging ulila ni Mithi ang kaiyang pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan sapagkat kalimitan itong pinagdaraan ng mga lalabintaunin nang may gabay ng mga magulang. Isang halimbawa nito ang naranasan niyang pambubuska ng mga kamag-aral sa bagong eskwelang pinapasukan. Bagaman nangyayari rin ito sa iba pang mga lalabintaunin, doble ang naging pasakit nito kay Mithi dahil wala ang presensya ng ama o ina na makakatulong sana sa kanya.

### Talahanayan 3: Tseklist Para sa Ikalawang Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Pagharap sa mas mabibigat na suliranin                |
|-------------------------------|-------------------------------------------------------|
| <b>Ani (The Harvest)</b>      | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagkawala ng mga magulang)       |
| <b>Children of the River</b>  | <b>HINDI NASALAMIN</b>                                |
| <b>Edward</b>                 | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagbabantay sa may sakit na ama) |
| <b>John Denver Trending</b>   | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagdanas ng cyberbullying)       |

Naipakita naman ang danas na ito sa pelikulang *Edward* nang maatasan ang tampok na tauhan na magbantay sa kanilang may sakit na ama sa isang pampublikong ospital. Bagaman inilarawan si Edward sa simula bilang matigas ang ulo at pasaway na anak, unti-unti itong nagbago dahil sa mga naranasan niya habang nasa ospital. Kabilang

dito ang mga panlipunang realidad na natunghayan niya, gayundin ang naging relasyon niya sa dalagang pasyente na si Agnes. Mula sa karaniwan niyang gawain na pakikipaglaro at pakikipagkulitan kasama ang kaibigang si Renz (Elijah Canlas), natutuhan niyang harapin ang mas mabibigat na tungkulin kabilang na ang pag-aalaga sa may sakit na ama. Nagawa rin niya ang mga bagay na hindi niya akalaing magagawa niya katulad ng pagsagip sa bangkay ni Agnes sa tangkang panggagahasa rito ng embalsamador. Ang mga suliranin at hamong ito ang higit na nagpatatag at nagpalawak sa pang-unawa ni Edward sa wakas ng pelikula.

Sa lahat ng mga tauhang tampok sa apat na sinuring pelikula, ang karakter sa pelikulang *John Denver Trending* ang masasabing humarap sa pinakamabigat na suliranin. Sa katunayan, sa pangunahing tunggalian ng tampok na tauhan uminog ang malaking bulto ng pelikula. Nagsimula ang dagok sa buhay ni John Denver nang akusahan siya ng kamag-aral niya na nagnakaw ng iPad nito habang nag-eensayo sila ng sayaw para sa parating na programa. Sa halip na ipaubaya sa mga opsiyal ng paaralan, ang isyu ay pinalaki pang lalo ng kamag-aral niyang nag-akusa kasama ang mga kaibigan nito. Ipinaskil nila sa social media ang video ng pakikipagsuntukan ni John Denver sa mga kaklase at ipinalabas na palaaway at magnanakaw ito. Mabilis na kumalat sa buong probinsya ang video at binago nito ang tingin ng mga tao kay John Denver. Naapektuhan din nito maging ang normal na buhay ng kanyang ina at mga kapatid.

Katulad sa pelikulang *Ani (The Harvest)*, natatangi ang tunggaliang kinaharap ni John Denver para sa isang coming-of-age film. Hindi ito ang mga tipikal na problemang pinagdaraan ng mga tauhan sa genre na ito gaya ng problema sa pamilya, kabiguan sa pag-ibig o pagpapasya para sa karera. Partikular na binigyang diin sa pelikula ang mas malawak na suliraning panlipunan na mayroon pa ring malaking epekto sa pagsapit ng kamuwangan ng isang naglalabintaunin katulad ni John Denver. Itinatampok ng naratibo nito ang kahalintulad na estilo sa pelikulang *#Y (2014)* na sumasaklaw sa ispesipikong henerasyon. Para sa pelikulang ito, kinakatawan ni John Denver at ng kanyang mga kamag-aral ang kulturang nangingibabaw ngayon sa henerasyong Z. Ipinakikita sa pelikula kung gaano kadaling ipakete ang kasinungalingan bilang katotohanan lalo na sa social media. Litaw na litaw ang iresponsable at mapangwasak na paggamit ng mga lalabintauning tauhan sa social media dahil sa normalisadong cyber bullying.

Hindi naman nasalamin ang danas na ito sa pelikulang *Children of the River* dahil naging magaan ang atake ng naratibo nito sa kabuuan. May iniinugang tunggalian ang kwento gaya ng pag-amin o pagtanggì ni Elias sa nararamdaman niya para kay Ted, ngunit hindi ito kasimbigat ng mga hamong kinaharap ng mga tauhan mula sa iba pang mga pelikulang sinuri.

### C. Paghahanap ng Halaga at Papel sa Buhay

Kapwa binabakas ng mga pelikulang *Edward* at *John Denver Trending* ang danas na tinutukoy nina Concha & Autor (2020) hinggil sa paghahanap ng halaga at papel sa buhay. Para sa karakter ni Edward, natutuhan niyang pahalagahan ang buhay nang mamatay ang dalagang pasyente na nakilala at nagustuhan niya sa ospital. Mula sa pagkakaroon ng mababaw na pagtanaw sa buhay, unti-unting lumalim ang karakter ni Edward sa wakas ng pelikula. Masasalamín ito sa huling eksena kung saan umiiyak siyang humingi ng tawad sa nakaratay na ama. Nasalamín naman ang danas na ito sa katauhan ni John Denver nang kwestiyunin niya ang halaga ng kanyang buhay dahil sa dinanas na cyber bullying mula sa mga tao sa kanilang bayan. Lubhang naapektuhan ang kanyang kalusugang pangkaisipan dahil sa masasakit na salitang natanggap niya, gayundin ang ginawang panggigipit sa kanya ng mismong paaralan na pumanig sa kamag-aral niyang nag-akusa. Sa wakas ng pelikula, nilamon si John Denver ng labis ng emosyon at piniling kitilin ang sariling buhay.

#### Talahanayan 4: Tseklist Para sa Ikatlong Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Paghahanap ng halaga at papel sa buhay     |
|-------------------------------|--------------------------------------------|
| Ani (The Harvest)             | HINDI NASALAMIN                            |
| Children of the River         | HINDI NASALAMIN                            |
| Edward                        | NASALAMIN<br>(Pagiging responsableng anak) |
| John Denver Trending          | NASALAMIN<br>(Pagkitil sa sariling buhay)  |

Sa kabilang banda, kapwa naman hindi nasalamín ang danas na ito sa mga pelikulang *Ani (The Harvest)* at *Children of the River* sapagkat mas tumuon ang naratibo ng mga ito sa pagtuklas sa sariling identidad ng mga tampok na tauhan.

### D. Pagkakaroon ng Bukas na Isipan

Isa sa mga pangunahing katangian ng isang tipikal na coming-of-age story ay ang pagtatamo ng tampok na tauhan ng bukas na isipan at *maturity* sa wakas ng naratibo. Karaniwan sa ganitong klaseng mga kuwento ang paglalarawan sa mga karakter bilang insensitibo, pasaway, o mababaw sa simula. Sa pagharap nila sa kani-kanilang tunggalian, magkakaroon sila ng realisasyon mula rito na magpapalalim ng kanilang pagtanaw sa buhay. Sa pelikulang *Ani (The Harvest)*, higit na lumawak ang pang-unawa niya nang magtransisyon sa buhay nang hindi kapiling ang mga magulang. Nakatulong

din sa pagkamulat ng isipan niya ang mga pinagdaanan nila ng kanyang kaibigang warbot na si Ani.

**Talahanayan 5: Tseklist Para sa Ikaapat na Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan**

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Pagkakaroon ng bukas na isipan                       |
|-------------------------------|------------------------------------------------------|
| Ani (The Harvest)             | <b>NASALAMIN</b><br>(Paglalim ng pag-unawa sa buhay) |
| Children of the River         | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtanggap sa sekswalidad)      |
| Edward                        | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtanggap sa mga kamalian)     |
| John Denver Trending          | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtindig sa katotohanan)       |

Sinasalamin din ng pelikulang *Children of the River* ang danas na ito sa katauhan naman ng mga kaibigan ni Elias. Tinangkang basagin ng naratibo nito ang stigma pagdating sa paglalarawan ng pag-amin ng sekswalidad ng isang batang karakter sa pelikula. Bagaman nagkaroon ng pag-aalinlangan sa simula na maituturing na normal sapagkat sa kanilang murang edad ay hindi pa malinaw ang ganitong mga usapin, nagawa pa rin nilang tanggapin at suportahan si Elias sa dulo.

Naipakita naman ang danas na ito sa pelikulang *Edward* nang akuin at tanggapin ng tampok na tauhan ang kanyang mga kakulangan bilang anak. Naging tulay ang mga naranasan niya sa loob ng ospital upang mapagtanto na kinakailangan na niyang seryosohin ang buhay at kumilos bilang isang naglalabintauning bumabagtas sa pagsasaganap na gulang. Para naman sa pelikulang *John Denver Trending*, nabakas ang danas na ito sa pagtindig ng tampok na tauhan sa katotohanan. Ilang ulit man siyang pinilit na paamining siya ang kumuha ng iPad, hindi niya ito ginawa dahil nanindigan siyang inosente siya at hindi isang magnanakaw gaya ng inaakusa sa kanya.

### **E. Paglalim ng Ugnayan sa Kapwa**

Kagaya ng naunang danas, sinasalamin din ng apat na sinuring pelikula ang paglalim ng ugnayan sa kapwa na tinukoy nina Concha & Autor (2020). Sa pelikulang *Ani (The Harvest)*, nabakas ito sa ugnayan ni Mithi sa kanyang kaibigang warbot na si Ani. Hindi man tunay na tao, naiparamdam pa rin ni Ani ang esensya ng pagkakaibigan kay Mithi. Naging integral na bahagi ang kanilang ugnayan sa higit na pagkilala ng tampok na tauhan sa kanyang sarili, gayundin ang paglawak ng kanyang pang-unawa sa buhay.

**Talahanayan 6: Tseklist Para sa Ikalimang Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan**

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Paglalim ng ugnayan sa kapuwa                                  |
|-------------------------------|----------------------------------------------------------------|
| Ani (The Harvest)             | <b>NASALAMIN</b><br>(Si Mithi at ang kaibigang robot)          |
| Children of the River         | <b>NASALAMIN</b><br>(Komunidad ng mga anak ng sundalo)         |
| Edward                        | <b>NASALAMIN</b><br>(Si Edward at ang tamis ng unang pag-ibig) |
| John Denver Trending          | <b>NASALAMIN</b><br>(Ang mapanghusgang mundo ni John Denver)   |

Kaugnay sa naunang talakay, naging malaking bahagi ang mga kaibigan ni Elias sa pagtanggap niya sa kanyang sekswal na oryentasyon. Bagaman napuno siya ng pag-aalinlangan sa simula dahil sa pangamba sa magiging reaksiyon ng mga ito, nagawa niya itong tanggapin kalaunan dahil na rin sa suportang ibinigay ng mga kaibigan. Gayundin, hindi tuluyang mamumukadkad ang kaiyang pagkatao kung wala ang ugnayan niya kay Ted na higit na nagpalinaw sa pagkilala niya sa sarili. Maiuugnay ito sa karakter ni Edward sapagkat ang ugnayan din niya sa karakter ni Agnes ang nagpalalim ng kanyang pananaw sa buhay. Dahil sa kanilang maikling pagsasama sa ospital, nagkaroon si Edward ng maraming realisasyon na nakapagpabago sa kanyang katauhan sa wakas ng kwento.

Sa madaling sabi, nakatagpo ang mga tampok na tauhan sa nabanggit na tatlong pelikula ng mga taong nakatulong upang higit nilang makilala ang kani-kanilang sarili. Ang kanilang ugnayan sa mga ito, sa mahaba o maikli mang panahon, ang lalong nakapagpatingkad at nakapagpalabas ng kanilang tunay na pagkatao sa positibong pamamaraan. Sa kabilang banda, kabaligtaran ang sinapit ng tampok na tauhan sa pelikulang *John Denver Trending*. Dahil sa maling akusasyon, nilayuan siya ng mga kamag-aral at kakilala sa kanilang bayan. Unti-unting sumikip ang mundo ni Denver na sinasalamang ng makailang ulit na eksenang nagpapakita ng kanyang pag-iisa. Sa ganitong mga pagkakataon, ang kanyang ina ang naging sandalan at lakas niya sa pagharap sa pinagdaraanang cyber bullying. Gayon man, nang mapanghinaan na rin ng loob ang ina, tuluyan nang nawalan ng pag-asa si Denver at piniling wakasan ang buhay sa dulo.

## Kongklusyon

Bilang paglalagom, makikita sa ibaba (**Talahanyan 7**) ang buod ng tseklist sa mga karanasang sinasalamín ng apat na pelikulang sinuri. Masisipat dito na tanging ang mga pelikulang *Ani (The Harvest)* at *Edward* lamang ang sumaklaw sa limang danas ng pagsapit ng kamuwangan na tinukoy nina Concha & Autor (2020). Mababakas naman ang apat na danas sa pelikulang *John Denver Trending*, samantalang tatlo ang makikita sa pelikulang *Children of the River*.

**Talahanayan 7: Tseklist Para sa Karanasan ng Pagsapit ng Kamuwangan**

| Mga Pelikula sa Cinemalaya 15 | Pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad     | Pagharap sa mas mabibigat na suliranin                | Paghahanap ng halaga at papel sa buhay              | Pagkakaroon ng bukas na isipan                       | Paglalim ng ugnayan sa kapwa                                   |
|-------------------------------|------------------------------------------------|-------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------|
| <b>Ani (The Harvest)</b>      | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagkilala sa sarili)      | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagkawala ng mga magulang)       | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagsagip sa may sakit na lolo) | <b>NASALAMIN</b><br>(Paglalim ng pag-unawa sa buhay) | <b>NASALAMIN</b><br>(Si Mithi at ang kaibigang robot)          |
| <b>Children of the River</b>  | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagkilala sa sekswalidad) | <b>HINDI NASALAMIN</b>                                | <b>HINDI NASALAMIN</b>                              | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtanggap sa sekswalidad)      | <b>NASALAMIN</b><br>(Komunidad ng mga anak ng sundalo)         |
| <b>Edward</b>                 | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagbuo sa identidad)      | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagbabantay sa may sakit na ama) | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagiging responsableng anak)   | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtanggap sa mga kamalian)     | <b>NASALAMIN</b><br>(Si Edward at ang tamis ng unang pag-ibig) |
| <b>John Denver Trending</b>   | <b>HINDI NASALAMIN</b>                         | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagdanas ng cyberbullying)       | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagkitil sa sariling buhay)    | <b>NASALAMIN</b><br>(Pagtindig sa katotohanan)       | <b>NASALAMIN</b><br>(Ang mapanghusgang mundo ni John Denver)   |

Tinugunan ng pag-aaral na ito ang pangunahing layunin na higit na pag-unawa sa pagtatampok sa danas ng pagsapit ng kamuwangan sa piling coming-of-age films sa Cinemalaya at natuklasan ang limang mahahalagang punto.

**Una**, pinagtitiyay ng isinagawang pagsusuri sa apat na piling kalahok mula sa Cinemalaya 15 ang naunang pag-aaral nina Concha & Autor (2020) hinggil sa Filipino coming-of-age films. Binanggit nilang kahinaan sa kanilang papel ang limitasyon ng pelikulang sinuri nila kagaya ng mga tauhang nagmula lamang sa upper-middle class na pamilya at nakapaloob sa partikular na henerasyon (Generation Y). Sa kabila nito, nasalamín pa rin ng mga pelikulang *Ani (The Harvest)* at *Edward* ang lahat ng mga natukoy nilang danas kahit pa nagmula sa magkakaibang estado sa buhay ang mga tauhan at nakapaloob sa magkaibang *milieu* ang mga naratibo nito.

**Ikalawa**, maaaring hindi umangkop o masalamin ang lahat ng mga tinukoy na danas ng pagsapit ng kamuwangan dahil sa pokus ng naratibo ng pelikula. Halimbawa, naging tuon ng pelikulang *Children of the River* ang magaanang pag-atake sa pagkilala ni Elias sa kaniyang sekswal na oryentasyon kung kaya hindi nito nasaling ang danas ng paghahanap ng halaga at papel sa buhay. Gayundin, maituturing na kapareho nito ang tema ng pelikulang *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005). Gayonman, hindi gaya ni Elias, ipinaloob ang naratibo ni Maximo sa mas mabigat at sensitibong tagpuan. Sa madaling sabi, may potensyal na masaklaw ang lahat ng mga danas ng pagsapit ng kamuwangan ngunit nagkaroon ng ispesipikong tuon ang pelikula na humihiwalay nang bahagya sa karaniwang danas ng protagonista.

**Ikatlo**, kaugnay sa naging pagsusuri sa pelikulang *John Denver Trending*, naipakita rito na hindi sa lahat ng pagkakataon ay may positibong epekto ang pakikipag-ugnayan ng tauhan sa kapwa. Masisipat na nakatulong ang naging ugnayan sa kapwa ng mga tampok na tauhan upang higit nilang makilala ang kanilang sarili at mailabas ang kanilang pagkatao sa positibong pamamaraan. Taliwas ito sa naging epekto ng kapwa kay Denver na sa halip na matulungan siyang buoin ang identidad bilang isang lalabintaunin ay naging sanhi pa ng pagkitil niya sa sariling buhay. Samakatwid, mahalaga ang ginagampanan ng mga taong nakapalibot, pamilya o kaibigan man, para sa isang lalabintauning bumabagtas sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan.

**Ikaapat**, nasipat sa isinagawang pagsusuri na walang partikular na edad ang sumasaklaw sa pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan. Kung babakasin ang naging pagsusuri nina Concha & Autor (2020), nakatuon ito sa kwento ng mga tauhang nasa antas kolehiyo na. Sa kabilang banda, ang mga tampok na karakter mula sa apat na pelikulang sinuri ay pawang nasa antas lamang ng elementarya at hayskul. Sa kabila nito, nasalamin at nagtutugma pa rin ang kani-kanilang mga danas, ano mang antas ang kanilang kinabibilangan. Tumutugon ang obserbasyong ito sa naunang pagsisiyasat ni Fox (2017) sa coming-of-age cinema ng New Zealand kung saan inilahad niya na nahahati sa tatlong categorya ang mga itinatampok na tauhan sa genre na ito. Una ay ang pre-teen na nasa labing-dalawang (12) taong gulang o mas bata pa. Ikalawa ay ang teenadolescent na pumapagitna sa labing-tatlo (13) hanggang labing-siyam (19) na taong gulang. Ikatlo ay ang post-adolscence na nasa dalawampung taong gulang o mas matanda pa. Samakatuwid, hindi limitado sa isang ispesipikong edad ang mga protagonista sa isang coming-of-age film gaya ng lumutang sa mga sinuring pelikula.

**Ikalima**, maiuugnay ito sa ikaapat na punto tungkol sa kawalan ng malinaw na saklaw sa pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan. Natuklasan sa isinagawang pagsusuri ang marahil ikaanim na danas na maaaring idagdag sa naunang limang natalakay nina Concha & Autor (2020), ang **maagang pagkamulat sa panlipunang realidad**. Dahil bahagi ang Pilipinas ng mga bansang itinuturing na *third world*, dagdag na antas sa mga suliraning ito ang kalagayang panlipunang mayroon tayo. Sa aspektong ito naiiba ang

dalumat ni Arnett (2000) hinggil sa Emerging Adulthood at sa mga kabataan mula sa third world na kalimitang makikita sa ibang Filipino coming-of-age films. Bunsod na rin ng katotohanang bunga ang konseptwalisasyong ito ng kanyang paggamit bilang materyal ng pag-aaral ang mga kabataan mula sa mga industriyalisadong bansa gaya ng Canada at Amerika, masasabing mas nakatuon sa pansariling mga tunggalian ang mga binabanggit niyang suliranin ng mga Emerging Adult. Hindi kagaya ng mga tauhan sa mga sinuring pelikula na naapektuhan din ng mga kalagayang panlipunan gaya ng ipinakikita sa pelikulang *Edward* (2019). Natamo ng pangunahing tauhan na si Edward ang kamuwangan bunsod ng naging personal niyang karanasan sa isang pampublikong ospital kung saan pasyente ang kanyang ama. Sa murang edad, maaga siyang namulat sa iba't ibang panlipunang realidad gaya ng bulok na sistema sa ating mga pampublikong ospital, korapsyon, at kahirapan sa kabuuan.

### Mga Sanggunian:

- Arnett, J. J. (2000). Emerging Adulthood: A Theory of Development From the Late Teens Through the Twenties. *American Psychologist* 55, pp. 469-480.
- Carballo, B. M. (2010). *Filipino Directors Up Close: The Golden Ages of Philippine Cinema 1950-2010*. Pasig City: Anvil Publishing.
- Concha, C. B. (2019, June 19-21). Ang Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikula: Pagbakas sa Konsepto ng Coming of Age sa Pelikulang Bagets (1984) [paper presentation]. DLSU Research Congress 2019 Conference Proceedings, Philippines.
- Concha, C.B. & Autor, M.S. (2020). #RoadtoAdulthood: Isang Pagsipat sa Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikulang Milenyal na #Y. *Hasaan: Opisyal na Taunang Refereed Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas* Vol. 5 (1), pp. 84-105.
- Erikson, E. (1982). *The Life Cycle Completed*. W.W. Norton Company.
- Hestand, Z. (2019, March 5). The Beginner's Guide: Coming-of-age. *Film Inquiry*. Retrieved from <https://www.filminquiry.com/beginners-guide-coming-age/>.
- Fox, A. (2017). *COMING-OF-AGE CINEMA IN NEW ZEALAND: Genre, Gender, and Adaptation*. Edinburgh University Press.
- Jardin, N. O. (2013). Cinemalaya Independent Film Festival. *A Reader in Philippine Film*, Ed. Rolando B. Tolentino. Quezon City: University of the Philippines Press, 149-150.
- Javier, R. E. (2020). Unawa – Mula Pag-iisa Tungo sa Pakikiisa sa Kapwa: Ang Pag-iisip sa Panahon, Pag-asa, at Pagtanda. *KAACUHAN: Sourcebook sa Araling Pilipinas (Wika, Kultura, Midya)*, Ed. Rowell Madula.
- Javier, R. E. (2007). Kaasalang Sekswal at Kaalaman sa HIV/AIDS ng mga Lalabintaunin. *Malay Journal* 19 (3), pp. 95-105.
- Russel, D. L. (1985). *Literature for Children: A short introduction*. Pearson.
- Tiongson, N. G. (2010). The Best of Times, The Worst of Times: The Filipino Cinema in 1990-1999. *The Urian Anthology, 1990-1999: Articles, Reviews, and Interviews by the Manunuri ng Pelikulang Pilipino on the Filipino Cinema 1990-1999*. Ed. Nicanor G. Tiongson. Quezon City: University of the Philippines, pp. 2-41.

**Tungkol sa May-akda:****CHRISTOPHER BRYAN A. CONCHA**

Nagtapos ng AB Philippine Studies major in Filipino in Mass Media (Magna Cum Laude), Master of Arts in Philippine Studies (Outstanding MA Thesis), at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies mula sa Pamantasang De La Salle. Nailathala na ang kaniyang mga sanaysay, dagli, at maikling kuwento sa iba't ibang antolohiya at dyornal kabilang ang pinakahuli na lumabas sa *Tomás: The Journal of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies* (UST CCWLS, 2021). Gayundin, nailathala na ang kaniyang mga papel-pananaliksik sa iba't ibang pambansa at internasyonal na dyornal kabilang ang pinakahuli na lumabas sa SCOPUS-indexed journal na *Computers in the Schools: Interdisciplinary Journal of Practice, Theory, and Applied Research*. Naging writing fellow rin siya sa 2019 UST National Writers' Workshop (Sanaysay), Palihang Rogelio Sicat 14 (Dagli), at 10th KRITIKA La Salle National Workshop on Art and Cultural Criticism (Film Criticism). Siya ang kasalukuyang Pangalawang Pangulo ng Pampelikulang Samahan ng mga Dalubguro (PASADO) at tumatayo bilang isa sa mga Tagapangasiwang Patnugot ng LUNTIAN: Online Journal para sa Malikhaing Akda ng mga Guro at Gradwadong Mag-aaral. Nagtuturo siya sa Department of Filipino ng Pamantasang De La Salle at sa Literature Department ng Unibersidad ng Santo Tomas.

## Mga Aral Mula sa Cuba at United Kingdom: Tungo sa Pagkakaroon ng Libreng Komprehensibong Serbisyong Pangkalusugan sa Pilipinas

### *(Learning from Cuba and the United Kingdom: Towards Building a Universal National Health Services/NHS for the Philippines)*

**David Michael M. San Juan**

De La Salle University-Manila

david.sanjuan@dlsu.edu.ph

#### **ABSTRAK**

Layunin ng sipat-polisiyang ito na: ilarawan kung bakit bigo ang kasalukuyang publikong sistemang pangkalusugan sa Pilipinas sa pagpapababa ng bayaring hinuhugot sa sariling bulsa (*out-of-pocket payments/OOPPs*) ng maraming mamamayan; ilahad ang datos sa sitwasyong pinansyal ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) na naglilimita sa kapasidad ng publikong sistema ng insurance na pondohan ang libreng serbisyong pangkalusugan; at magbalangkas ng praktikal na planong inspirado ng sistema ng Cuba at United Kingdom (UK) tungo sa pagbubuo ng National Health Services (NHS) o libreng komprehensibong serbisyong pangkalusugan sa Pilipinas. Inirerekomenda ng papel na ito ang pagkakaroon ng 100% libreng serbisyong pangkalusugan para sa lahat ng mga mamamayan sa pamamagitan ng tatlong magkakaugnay na mungkahi: pagpapataas sa pondo ng pambansang gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan; pagpapataas sa kakayahan ng PhilHealth na kolektahin ang mga aktwal na bayarin, at paghadlang sa korapsyon; at pagtransisyon tungo sa ganap na publikong serbisyong pangkalusugan. Ang mga mungkahing hakbang ay maglilipat ng lahat ng koleksyon sa publikong sistemang pangkalusugan kung saan mas nasusulit at mas napapakinabangan ang pondo ng PhilHealth, at magpapababa sa OOPPs tungo sa pagkakaroon ng isang unibersal at aksesibol na publikong sistemang pangkalusugan.

**Mga Susing Salita:** serbisyong pangkalusugan, National Health Services (NHS), Pilipinas, Cuba, United Kingdom

~~~

ABSTRACT

This policy brief intends to do the following: describe how the current public health care system in the Philippines failed to reduce healthcare-related out-of-pocket payments (OOPPs) for many citizens; present data on PhilHealth's unstable financial situation which

limits the public insurance system's capacity to finance free health care; and outline a Cuban- & UK-inspired practical plan to build a Philippine National Health Services (NHS). The proposed recommendations seek to provide 100% free health care to all citizens through a three-pronged approach: increasing national government expenditure on health care; optimizing PhilHealth's collection efficiency and corruption prevention and transitioning toward a fully public health care system. The proposed policy action will re-channel all premium payments to the public health care system where PhilHealth's support value is demonstrably more maximized and beneficial. The prescriptions aim to reduce co-payments or huge OOPPs which would enable a universal, accessible, and inclusive public health system.

Keywords: *healthcare services, National Health Services (NHS), Philippines, Cuba, United Kingdom*

~~~

## **Kakulangan ng Kasalukuyang Sistema ng Pagpopondo sa Serbisyong Pangkalusugan**

### **Mabigat na Pasaning Gastos para sa Serbisyong Pangkalusugan**


Karamihan ng mga Pilipino ay nagigipit sa ilalim ng kasalukuyang sistema ng publikong serbisyong pangkalusugan dahil sa malaking out-of-pocket payments (OOPPs) kaugnay ng mga bayaring medikal (Ulep & De La Cruz, 2013). Pinalala ng kasalukuyang pandemya ng COVID-19 ang sitwasyon at lumaki rin ang posibilidad na maraming Pilipino ang maghirap dahil sa mga bayarin sa serbisyong pangkalusugan. Isang bagong pag-aaral hinggil sa mga *hospital bill* sa University of the Philippines-Philippine General Hospital (UP-PGH) ang nagbigay-diin na ang OOPPs ay “12% ng kabuuang bayarin sa ospital, para sa mga mas bata sa 60 taong gulang, na pumapatak sa 25,899 piso hanggang 44,428.63 piso ang hinugot sa sariling bulsa...” (Tabuñar & Dominado, 2021). Sa mga pribadong ospital, ang OOPPs ay maaaring umabot pa nga ng halos 29% hanggang halos 80% (tingnan ang **Apendiks A**) kung ang coverage ng PhilHealth ay ililimita sa pinakamataas na case rate (maximum na halaga na pwedeng sagutin/bayaran ng PhilHealth para sa bawat sakit) na aplikable mula Abril 15, 2021 hanggang sa kasalukuyan. Batay sa Annual Family Income and Expenditure Survey/FIES (PSA, 2012 & 2018) at datos mula sa Philippine National Health Accounts (PSA, 2014 & 2020), noong 2012, 6.53% (269.419 bilyong piso) ng kabuuang gastusin ng mga sambahayan (total household expenditure) ay napunta sa OOPPs, at noong 2018 naman, 6.99% (414 bilyong piso) ang kinain ng OOPPs. Batay sa datos ng World Bank (2019), mas malaki rin ang porsyento ng populasyon ng Pilipinas na gumagastos ng higit sa 10% ng kanilang kita para sa OOPPs sa serbisyong pangkalusugan – mula sa pinakamababang tala na 4.39% noong 2006 hanggang sa 6.31% noong 2015 (latest na

available) – kompara sa Thailand (2.22% noong 2017); Indonesia (2.71% noong 2018); at Malaysia (0.74% noong 2004). Ang mga mas naunang saliksik hinggil sa OOPPs ay nagpapatunay rin na malaking pabigat at dahilan ng paghihirap ng maraming pamilyang Pilipino ang malaking OOPPs sa serbisyong pangkalusugan (Bredenkamp & Buisman, 2016; Ulep & De La Cruz, 2013).

Bagama't nagbunsod ng pagkakaroon ng libreng serbisyong pangkalusugan para sa pinakamahihirap na Pilipino ang Republic Act No. 11223 o Universal Health Care Act of 2019, ang balangkas nito ay nagbibigay-pahintulot pa rin sa pagkolekta ng bayarin, lagpas sa maximum na halaga sa bawat sakit (case rate) na pwedeng sagutin/bayaran ng pambansang publikong sistema ng insurance sa kalusugan, na pinatatakbo ng PhilHealth. Samakatwid, patuloy na nabibigatan at naghihirap ang ating mga mamamayan dahil sa malalaking OOPPs sa konsultasyong medikal, niresetang gamot, mga medikal na operasyon at rehabilitasyon. Ayon sa World Bank (2021), noong 2018, ang OOPPs sa Pilipinas ay halos 54% ng kabuuang paggastos ng bansa sa kalusugan, porsiyentong di hamak na mas mataas sa global average na bahagyang lagpas ng 18% lamang. Sa mga bansa sa Timog Silangang Asya, Pilipinas ang pangatlo sa may pinakamalalaking porsyento ng OOPPs (**Figura 1**).

**Figura 1**

**OOPPs bilang % ng Kasalukuyang Paggastos sa Kalusugan (Current Health Expenditure) sa Mga Bansa sa Timog Silangang Asya, sa Cuba, at sa UK (2000-2016)**



Pinagkunan: Datos ng World Bank (2020) mula sa Google Public Data Explorer.

Ang porsyento ng OOPPs sa Pilipinas ay mas malaki rin kaysa sa porsyento ng OOPPs sa Cuba at sa UK (**Figura 1**). Sa kabila ng magkaibang politiko-ekonomikong sistema, kapwa matagumpay ang dalawang bansang ito sa pagpapanatili ng serbisyong pangkalusugang pinangingibabawan ng publikong sektor, na nagbibigay ng de-kalidad,


de-kalibre, at 100% libreng serbisyong pangkalusugan na wala o kaya'y maliit lamang ang OOPPs (Keck, 2021 at Pineo, 2020; Gulland, 2017; at Cylus et al., 2015; tingnan ang **Apendiks B**).

### **Sitwasyong Pinansyal ng PhilHealth**


Sa unang tingin, ang problema ng malalaking OOPPs ay maaaring lutasin sa pamamagitan ng agarang pagpapalawak sa maximum na saklaw ng PhilHealth sa bawat sakit at serbisyo (case rate). Gayunman, hindi ito praktikal kung walang repormang isasagawa para maisaayos ang sitwasyong pinansyal ng PhilHealth. Ang sitwasyong pinansyal ng PhilHealth ay nasa alanganin na dahil na rin sa napakalaking bayarin nito sa mga pribadong ospital (**Figura 2 at 3**), bukod pa sa patuloy na lumolobong gastusing kaugnay ng pandemya. Mayorya ng mga ospital na akredited ng PhilHealth ay pribado (60% noong 2019). Kung gayon, ang malaking porsyento – 58% o 55,157,742,619 piso sa 97,390,600,293 pisong bayarin ng PhilHealth – ay napunta sa mga pribadong ospital (PhilHealth, 2019a).

**Figura 2**

**Bayarin ng PhilHealth sa Bawat Sektor, Mula 2010 Hanggang 2019 (sa bilyong piso)**




Pinagkunan: PhilHealth Annual Reports (2010-2018), PhilHealth Stats and Charts (2019), at FOI Request #PH-777581533378.

**Figura 3****Bayarin ng PhilHealth sa Bawat Ispesipikong Uri ng Pribadong Entidad (2010 to 2020) sa bilyong piso**

Pinagkunan: FOI Request #PH-777581533378.

Ang malalaking bayarin ng PhilHealth sa mga pribadong ospital ay magpapatuloy batay na rin sa trend ng dami ng hospital bed sa mga pribado at publikong ospital sa mga nakaraang taon (**Figura 4**). Ayon sa isang publikasyon ng Department of Health/DOH (2018), ang mga kama sa publikong ospital ay 47% ng kabuuan, at 53% naman ng total na kama ang nasa pribadong ospital.

**Figura 4****Kama sa Mga Publiko at Pribadong Ospital, 2001–2016**

Pinagkunan: Department of Health-HFSRB, 2016 (sinipi kay Dayrit et al., 2018)


Ang malaking pondong ibinabayad ng PhilHealth sa mga pribadong ospital ay pag-aaksaya/pagsasayang ng resorses na mas mabuti at mas sulit kung sa publikong sistemang pangkalusugan gagamitin. Hindi gaanong sulit ang pondong napupunta sa pribadong ospital, gaya ng ipinakikita sa datos hinggil sa “support value” ng PhilHealth o

“ang proporsyon ng kabuuang bayarin sa pagpapaospital na sinasagot/binabayaran ng NHIP<sup>1</sup>” (Dayrit et al., 2018). Ang support value ng PhilHealth ay mas mataas sa halos lahat ng uri ng publikong pasilidad pangkalusugan kompara sa mga pribado (**Apendiks C at D**). Sa simpleng salita, mas malaki ang OOPPs ng mga pasyente sa pribadong ospital kaysa sa mga nasa publikong ospital.

Sa isang performance audit report ng gobyerno, (COA, 2017) binigyang-diin na “sa nakalipas na apat na taon, ang net operating income ng PhilHealth ay nananatiling nasa negatibong lebel, kung hindi ito kumita mula sa interes sa mga pamumuhunan (investment), bayarin sa akreditasyon at multa, mula sa iba pang pinagkukunan ng kita” (Seksyon 9.6; p.59). Ibig sabihin, hindi kayang tustusan ng PhilHealth ang lahat ng gastos nito sa operasyon, mula lamang sa perang nakokolekta ng ahensya bawat taon mula sa mga empleyado at employer. Gayundin, tila nasa peligrosong sitwasyon na ang pinansyal na sitwasyon ng ahensya kundi lamang dahil sa pagtataas ng premium (halagang kinakaltas ng PhilHealth sa kita ng bawat manggagawa/empleyado, na may katapat ding bayarin ng mga employer sa PhilHealth) na nagresulta sa maganda-gandang sitwasyong pinansyal nito noong 2018 at 2019. Ang panimulang datos para sa 2020 ay nagpapakita ng net operating loss (mas malaki ang kabuuang gastos sa operasyon kaysa sa kabuuang kita) na nasa 1.5 bilyong piso (**Figura 5**). Dagdag pa, ang pansamantalang pagpapatigil sa pagtaas ng premium ngayong 2021<sup>2</sup> ay nagbubunsod ng agam-agam sa kung gaano katagal na lamang bago maubos ang 132 bilyong pisong reserbang pondo ng PhilHealth (Jalea, 2021).

**Figura 5**

**Taunang Net Operating Income/Loss ng PhilHealth (2013-2017), sa Bilyong Piso**



Pinagkunan: COA Report, 2017; PhilHealth Financial Statements 2015-2020.


<sup>1</sup>Ang National Health Insurance Program na pinatatakbo ng PhilHealth.

<sup>2</sup>Pansamantalang ipinahinto ng gobyerno ang awtomatikong pagtataas ng premium para sa 2021, pero maaaring muli itong itaas agad-agad anumang araw na magdesisyon ang gobyerno na magtaas na, dahil nakaiskedyul sa Chapter III, Section 10 ng Republic Act No. 11223 o Universal Health Care Act of 2019 na pinirmahan ni Presidente Duterte, ang taunang pagtataas ng premium ng PhilHealth mula 2019 hanggang 2025.

Habang tumatagal ang pandemya, mas maraming Pilipino ang maoobligang mag-avail ng benepisyong sa PhilHealth, lalo na at kumalat na rin sa bansa ang mas nakakahawang Delta variant (Calderon, 2021). Sa unang taon pa lamang ng pandemya, inamin na ng PhilHealth na banat na banat na ang resorses ng publikong insurance dahil sa mga bayaring kaugnay ng COVID-19. Sa isang pahayag sa midya, sinabi ng PhilHealth (2021) na “nangangako itong babayaran ang benepisyong para sa lahat ng pasyente ng COVID-19 anuman ang petsa ng pagpapaospital,” at nilinaw na babayaran nang buo ang bill hanggang Abril 14, at mula April 15 naman ay hanggang sa maximum na case rate na lamang ang sasagutin ng PhilHealth. Ibig sabihin, mula Abril 15, 2020, kapag ang hospital bill ng isang pasyente ng COVID-19 ay lumagpas sa 786,384 piso – ang maximum na case rate ng PhilHealth para sa critical pneumonia – ang halagang lagpas sa case rate ay babayaran na ng pamilya ng pasyente, maliban kung mayroon silang pribadong insurance na maaaring tumulong sa pagbabayad ng bill. Samakatwid, ang negatibong prediksyon sa gastusin at reserbang pondo ng PhilHealth (**Pigura 6**) na nasa “PhilHealth Actuarial Valuation Report” noong 2014 (Benipayo & Estrada, 2016), ay maaaring magkatotoo mula 2020 at lagpas pa, kapag isinapubliko na ang pinal na pigura sa bayarin at nakolektang premium para sa 2020. Sa ngayon ay hindi pa inilalabas ang opisyal na taunang PhilHealth report para sa 2020, ngunit sa isang pagdinig sa Kongreso, sinabi ng isang opisyal ng PhilHealth na ang pondo ng PhilHealth ay maaaring umabot na lamang hanggang 2027 (Cahiles, 2021).

**Pigura 6**

**Inaasahang Kita, Gastos, at Reserbang Pondo ng PhilHealth (2017-2024) sa Bilyong Piso**



Pinagkunan: Datos mula sa “PhilHealth Actuarial Valuation Report” (2014) [sa Benipayo & Estrada, 2016].


## Mga Rekomendasyon: Pagbubuo ng National Health Services (NHS) sa Pamamagitan ng Tatlong Hakbang

Tatlong partikular na mungkahi ang maaaring isabalikat para mabawasan kundi man mawala na ang OOPPs sa pamamagitan ng pagbubuo ng NHS ng Pilipinas, kung saan ang mga serbisyo ay magiging libre na, gaya sa Cuba at UK: **1) magbuhos ng mas malaking pondo ang gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan; 2) itaas ang antas ng kakayahan ng PhilHealth sa episyenteng pagkolekta ng premium at sugpuin ang upcasing<sup>3</sup> at korapsyon; at 3) magtransisyon tungo sa ganap na publikong sistemang pangkalusugan.**

Sa pagpapataas ng pondo ng gobyerno para sa publikong sistemang pangkalusugan, maaaring ilapat ng Pilipinas ang mga aral mula sa Cuba at sa UK, dalawang bansang kapwa naglalaan ng malaking badyet sa serbisyong pangkalusugan na nangangalaga sa kalusugan bilang karapatang pantaong protektado ng gobyerno sa halip na negosyong pagkakakitaan ng mga pribadong korporasyon. Ang mga mamamayan ng Cuba at ng UK, at gayundin sa karamihan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya ay protektado sa OOPPs dahil malaking resorses ang ginugugol ng kani-kanilang mga gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan (**Pigura 7**), na halos lahat ay mas malaki kaysa sa badyet na inilalaan ng Pilipinas para rito.

**Pigura 7**

**Kabuuang Paggastos ng Gobyerno para sa Kalusugan (% ng kasalukuyang paggastos para sa kalusugan), 2000-2016**



Pinagkunan: World Bank data mula sa Google Public Data Explorer (2021).


Sa kabila ng magkaibang laki ng GDP ng Cuba at UK (**Pigura 8**) kapwa sila maituturing na modelo para sa serbisyong pangkalusugan ng Pilipinas (**Pigura 9 at 10**),

<sup>3</sup>Korap na gawain ng ilang pribadong ospital na ang isang mas simpleng sakit ay ikakategorya o palalabasin sa papel bilang mas malalang sakit para makakolekta/makakubra sila ng mas malaking halaga sa PhilHealth.

sapagkat ang kanilang libreng sistemang pangkalusugan na pinangingibabawan ng publikong sektor ay mabuti para sa kalusugan ng kanilang mga mamamayan (**Pigura 11 hanggang 14**), at napakaliit lamang ng OOPPs sa kanila, kompara sa karaniwang OOPPs sa Pilipinas.

**Pigura 8**


**Gross Domestic Product (GDP) ng Cuba, Pilipinas, at UK, sa Trilyong Dolyar (1960-2018)**




Pinagkunan: World Bank data mula sa Google Public Data Explorer (2020).

**Pigura 9**


**Bilang ng Kama sa Ospital (Kada 1,000 Tao) sa Cuba, Pilipinas, at UK (1960-2014)**



Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2020). Hanggang 2011 lang ang available na datos sa Pilipinas; sa UK, hanggang 2013; at sa Cuba, hanggang 2014.

**Figura 10*****Bilang ng Mga Doktor (Kada 1,000 Tao) sa Cuba, Pilipinas, at UK (1960-2017)***


Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2020). Ang available na datos sa Pilipinas ay hanggang 2010 lang.

**Figura 11*****Average na Inaasahang Haba ng Buhay (Life Expectancy) sa Cuba, Pilipinas, at UK (1960-2017)***

Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2020).

**Figura 12**


**Bilang ng Mga Bagong Kaso ng Tuberculosis (Kada 100,000 Tao) Bawat Taon, sa Cuba, Pilipinas, at UK (2000-2018)**



Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2020).

**Figura 13**


**% ng Bagong Panganak na Kulang sa Timbang (Low-birthweight babies) sa Cuba, Pilipinas, at UK (1993-2012)**



Pinagkunan: Datos ng World Bank data mula sa Google Public Data Explorer (2020).

**Figura 14**

**Populasyong Kulang sa Nutrisyon (Undernourished Population), % ng Kabuuan, sa Cuba, Pilipinas, at UK (2000-2017)**



Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2020).


Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng garantisado at palaki nang palaking pondo ng gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan, unti-unting makapagtatransisyon ang bansa tungo sa isang sistema na wala nang babayaran ang pasyente – 100% libreng serbisyong pangkalusugan. Para makamit ang layuning ito, isinasaad sa Panukalang Batas Bilang 9515 (“Batas na Lumilikha ng Isang Libre, Komprehensibo, at Progresibong Pambansang Publikong Sistemang Pangkalusugan<sup>4</sup>”) na “ang pangunahing paraan ng pagpapatakbo ng sistemang pangkalusugan ay ang badyet ng gobyerno para sa publikong serbisyong pangkalusugan na bahagi ng pondo ng DOH at ng taunang General Appropriations/Pambansang Badyet.” Pinapaboran din ng nasabing panukalang batas ang abolisyon ng PhilHealth at ng mga mandatoring kontribusyong premium (ikinakaltas ng PhilHealth sa sweldo ng manggagawa/empleyado at may katapat na halagang binabayaran sa PhilHealth ang employer), at pagtatayo ng isang sistemang pangkalusugang ganap na popondohan sa pamamagitan ng mga umiiral na buwis (malapit-lapit sa modelo ng Cuba). Nagtala rin ang nasabing panukalang batas ng mahaba-haba ngunit maaaring kulang pa rin na listahan ng mga buwis na pagkukunan ng badyet. Samantala, ang NHS ng UK ay pinopondohan ng gobyerno mula sa buwis, at sa pamamagitan din ng maliit na halaga mula sa National Insurance Contributions (NICs) (Cylus et al., 2015) na mandatori para sa mga edad 16 pataas na ang sitwasyon ay alinman sa sumusunod: empleyadong kumikita nang lagpas sa £184 kada linggo na katumbas ng 12,415 piso, o may sariling negosyo at may tubo na £6,515 o higit pa kada taon (UK Government, n.d.), na katumbas ng 439,569 piso o higit pa. Bilang pagsasaalang-alang sa malaking populasyon ng Pilipinas (humigit-kumulang 111 milyon as of 2021, kompara sa 11 milyon ng Cuba at 68 milyon ng UK), mas praktikal na panatilihin ang mandatoring publikong insurance (ang PhilHealth premium contributions). Gayundin, dapat pataasin ang kakayahan ng PhilHealth na mas maging episyente sa pagkolekta ng mga bayarin. Sa kasalukuyan, hindi pa naaabot ng PhilHealth ang 100% collection efficiency rate: 86% sa pribadong sektor at 91% sa publikong sektor (**Apendiks E**). Walang dahilan para manatiling mas mababa sa 100% ang collection efficiency rate, dahil awtomatiko ang pagkakaltas ng mga publiko at pribadong employer sa buwanang premium contributions ng mga empleyado. Dapat ding tiyakin ng gobyerno na masasawata na ang pagpapalobo ng reimbursement claims (PhilHealth, 2019b), mahahadlangan ang korapsyon (Senate Committee of the Whole, 2020), at mapapaliit ang burukrasyang tila masyadong maraming matataas na opisyal (Jimenez, 2020).

---


<sup>4</sup>Inakda ng mga kongresistang kinatawan ng mga partylist sa ilalim ng Makabayan Bloc (Bayan Muna, Anakpawis, Gabriela Women’s Party, ACT Teachers, at Kabataan). Nasa [https://www.congress.gov.ph/legisdocs/basic\\_18/HB09515.pdf](https://www.congress.gov.ph/legisdocs/basic_18/HB09515.pdf) ang sipi nito.

Dapat ding buwagin na ang mga pribadong health and maintenance organizations o HMOs, at ang mga premium na dati-rati'y ibinabayad sa kanila ay ilipat sa publikong sistema ng insurance, na gaya ng naipaliwanag na ay higit na mapakikinabangan at masusulit sa publikong sistemang pangkalusugan. Kapalit ng sistemang halos wala nang babayaran ang pasyente para sa lahat ng serbisyong pangkalusugan, ang abolisyon ng pribadong HMOs at paglilipat ng resorses tungo sa publikong sistema ng insurance ay kapwa kinakailangan at maituturing na mga episyenteng hakbang. Nagkakamal ng malalaking premium ang mga utak-tubong pribadong HMOs na ito habang hindi naman nila sinasagot/binabayaran nang buo ang lahat ng serbisyong pangkalusugan ng kanilang mga kliyente. Halimbawa, isang HMO ang may polisiya na huwag bayaran ang COVID-19 swab tests para sa mga pasyenteng walang sintomas (Intellicare, 2021), at 150,000 piso lang ang sinagot/binayaran sa higit isang milyong pisong COVID-19 hospital bill (Magsambol, 2020). Kung gayon, ang papel na ito ay hindi sumasang-ayon sa probisyon ng Panukalang Batas Bilang 9515 na nagpapahintulot sa patuloy na operasyon ng pribadong HMOs. Ang patuloy na pag-iral ng pribadong HMOs ay magiging malaking hadlang sa pangkalahatang pagbabagong-isip (paradigm shift) tungo sa dekomodipikasyon ng serbisyong pangkalusugan (proseso ng pagpapahinto sa ideya na tinatrato ang kalusugan bilang komoditi o produktong pagkakakitaan).

Pinatunayan ng saliksik nina Cai et al. (2020) sa Estados Unidos na mas mababa ang magiging pangkalahatang gastusin ng mga mamamayan kapag pinalitan ang mga pribadong insurance ng isang sistema ng publikong insurance. Kaugnay ng ganitong konteksto, ang malaking pribadong paggastos (gastos na hinuhugot sa sariling bulsa ng mga pamilya) sa serbisyong pangkalusugan sa Pilipinas (**Pigura 15**) na pinakamalaki sa buong Timog Silangang Asya – at malaking bahagi nito ang napupunta lamang sa pribadong HMOs gaya ng ipinakikita sa kita ng HMOs na 24 bilyong piso (Insurance Commission, 2019) – ay mas mainam kung ililipat at gagamitin sa publikong sistemang pangkalusugan kung saan bawat sentimo ay mas mapapakinabangan at mas masusulit para sa serbisyong pangkalusugan sa halip na mapunta lamang sa tubo ng mga pribadong korporasyon. Ang malaking bahagi ng pribadong insurance sa kabuuang paggastos sa kalusugan sa Pilipinas (80 bilyong piso o 10.1% ng kabuuang paggastos) ay ibinuod at ikinompara sa publikong paggastos (pondo mula sa gobyerno) at sa OOPPs sa **Pigura 16**.

**Pigura 15*****Pribadong Paggastos sa Kalusugan (% ng kabuuang paggastos), 2000-2016***

Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2021).

**Pigura 16*****Kasalukuyang Paggastos sa Kalusugan, Batay sa Pinagmumulan: 2019***

Source: Philippine Statistics Authority

Pinagkunan: Datos mula sa Philippine Statistics Authority, 2020. Sa nasabing ulat din, binanggit na ang paggastos para sa “providers of health care system administration and financing (7.4%)” ay umabot sa 58.9 bilyong piso. Ito ay jargon o euphemism lamang, at sa simpleng salita ay pera itong nasayang lamang sa burokrasya sa isang puta-putaki, watak-watak na sistema ng pribatisadong serbisyong pangkalusugan, na maaari sanang palitan kung magtatransisyon ang sistema tungo sa isang ganap na publikong sistema na pinatatakbo at pinopondohan ng gobyerno.


Kapwa may aral na matututuhan mula sa Cuba at sa UK tungo sa transisyon sa sistemang pangkalusugang pinangingibabawan ng publikong sektor na may kapasidad na bawasan kundi man alisin ang OOPPs. Nag-aalok ng panggitnang solusyon ang UK dahil pinapayagan pa rin nila ang pag-iral ng mga pribadong entidad sa kalusugan. Gayunman, dapat maging maingat sa pagpapatupad ng gayong polisiya ng pagpapanatili ng mga pribadong institusyon kung walang regulasyon o limitasyon (kundi man pagbabawal) sa pagkakamal ng tubo sa serbisyong pangkalusugan, dahil sa maraming

reklamo at kritikal na pagsusuri sa unti-unting pribatisasyon ng NHS ng UK (Givan & Bach, 2007; Calovski & Calnan, 2020; Hall et al., 2020; at Davies, 2020). Cuba ang nag-aalok ng pinakamainam na opsyon dahil saklaw ng kanilang sistema ang halos lahat ng serbisyo at pinakamaliit din ang gastos ng pasyente, bunsod ng pangangasiwa ng gobyerno sa buong sistemang pangkalusugan (Keck, 2021; Pineo, 2020).

Maaari pa ngang maabot ng Pilipinas ang mas magandang sitwasyon kaysa sa Cuba kung ipapatupad ang mga makabuluhang reporma – sa minimum, pagtulad sa malaking paggastos ng Cuba sa serbisyong pangkalusugan (**Pigura 17**) – dahil mas malaki pa ang kakayahang pinansyal ng ating bansa (sapagkat hindi gaya ng Cuba, wala tayong kinakaharap na economic blockade, at ang ating GDP ay mas malaki rin, gaya ng ipinakikita sa **Pigura 8**), at ang kasalukuyang pribadong paggastos sa kalusugan ay nagpapatunay na may resorses din na maaaring ilipat at idagdag sa publikong insurance at sa publikong sistemang pangkalusugan. Maaari ring mabawasan pa ng Pilipinas ang pila o paghihintay (waiting times) sa pamamagitan ng pagtatakda ng ideyal na ratio ng pasyente sa mga manggagawa sa sektor ng kalusugan (patient to medical personnel ratios), na kayang-kayang gawin ng bansa kung isasaalang-alang ang rekord ng Pilipinas bilang bansang matagal nang nag-eeksport ng manggagawa sa sektor ng kalusugan (International Labour Organization, 2006; **Pigura 18**), habang tinutularan din ang Cuba sa lubusang paggamit ng kaban ng bayan para sa publikong sistema ng kalusugan na sulit na sulit: pinangangalagaan ang kanilang mga mamamayan, nakapaglalaan din ng resorses at personnel para sa internasyonal na serbisyong pangkalusugan (Huish, 2014 & 2020; Birn & Muntaner, 2018; Escobedo et al., 2021), at nangunguna pa sa rehiyon sa haba ng buhay (life expectancy) at iba pang pamantayang pangkalusugan, sa kabila ng mas maliit na resorses at kawalan ng pribadong insurance.

**Pigura 17**

***Paggastos sa Kalusugan ng Gobyerno ng Cuba at ng Pilipinas, sa Bawat Mamamayan (government health expenditure per capita) (current US\$), 2000-2016***



Pinagkunan: Datos ng World Bank mula sa Google Public Data Explorer (2021c).

Figura 18

**Deployment ng Bagong Landbased Overseas Filipino Workers (New Hires) sa 10 Propesyon na May Pinakamaraming OFWs**

| Major Occupational Group                           | 2016           | 2015           | %<br>CHANGE  |
|----------------------------------------------------|----------------|----------------|--------------|
| Household Service Workers                          | 275,073        | 194,835        | 41.18        |
| Manufacturing Labourers                            | 43,538         | 41,038         | 6.09         |
| Nursing Professionals                              | 19,551         | 22,175         | -11.83       |
| Waiters                                            | 18,812         | 18,352         | 2.51         |
| Cleaners and helpers in offices, hotels and others | 17,006         | 14,116         | 20.47        |
| Home-based personal care workers                   | 8,095          | 10,181         | -20.49       |
| Civil engineering labourers                        | 7,718          | 7,286          | 5.93         |
| Welders and flamecutters                           | 7,437          | 8,156          | -8.82        |
| Plumbers and pipe fitters                          | 6,696          | 6,629          | 1.01         |
| Building construction labourers                    | 5,906          | 5,870          | 0.61         |
| Other Skills                                       | 172,984        | 186,579        | -7.29        |
| <b>Total-New Hires</b>                             | <b>582,816</b> | <b>515,217</b> | <b>13.12</b> |

*Note.* Datos mula sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA), 2016. Nasa top 10 pa rin ng new hires ang nursing professionals. Pinatutunayan nito na may sapat tayong mga propesyonal para sa lokal na pangangailangan kung mahihikayat ang marami sa kanila na manatili sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng sapat na sweldo at mga benepisyo.

## Kongklusyon

Napatunayan ng papel na ito na ang kasalukuyang sistema ng insurance sa Pilipinas ay di sapat sapagkat maraming mamamayan pa rin ang naghihirap dahil sa mabibigat na pasaning OOPPs na maaari namang mabawasan o mawala kung irereporma ang sistema. Naipakita at tinalakay rin ang peligrosong sitwasyong pinansyal ng PhilHealth. Gayundin, nakapagbalangkas ang papel ng praktikal na plano sa pagbubuo ng NHS sa Pilipinas na magbibigay ng 100% libreng serbisyong pangkalusugan na wala nang babayaran ang pasyente, sa pamamagitan ng pagpapataas ng badyet ng gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan, pagpapataas sa antas ng kakayahan ng PhilHealth sa pagkolekta ng nakatakandang premium, at paglilipat ng insurance payment na dating ibinabayad sa pribadong korporasyon tungo sa publikong insurance.

## Mga Sanggunian:

- ABS-CBN News. (2013). SEC goes after hospitals offering unregistered securities. <https://news.abs-cbn.com/business/07/19/13/sec-goes-after-hospitals-offering-unregistered-securities>
- Benipayo, D. & Estrada, M.A. (2016). Financial Sustainability of the National Health Insurance Program: A Review of the Actuarial Valuation Report 2014 of PhilHealth. CPBRD Policy Brief No. 2016 – 09. <https://cpbrd.congress.gov.ph/2012-06-30-13-06-51/2012-06-30-13-36-45/676-pb2016-09-financial-sustainability-of-the-national-health-insurance-program-a-review-of-the-actuarial-valuation-report-2014-of-PhilHealth>

- BBC. (2011). Prescription charges abolished in Scotland. <https://www.bbc.com/news/uk-12928485>
- Birn, A. & Muntaner, C. (2018). Latin American social medicine across borders: South–South cooperation and the making of health solidarity. *Global Public Health*, 14 (6-7), 817-834. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/17441692.2018.1439517>
- Bredenkamp, C. & L. R. Buisman (2016). Financial protection from health spending in the Philippines: policies and progress. *Health Policy and Planning* 31 (7), 919–927. <https://doi.org/10.1093/heapol/czw011>
- Cahiles, G. (2021). “PhilHealth says actuarial life only until 2027.” CNN Philippines. <https://cnnphilippines.com/news/2021/9/3/PhilHealth-actuarial-life-2027.html>
- Cahya, G.H. & Ratcliffe, R. (2020). “Fears for Indonesia provinces as Delta variant spreads out of Java.” *The Guardian*. <https://www.theguardian.com/global-development/2021/jul/23/fears-for-indonesia-provinces-delta-variant-java-covid>
- Cai, C. et al. (2020). Projected costs of single-payer healthcare financing in the United States: A systematic review of economic analyses. *PLoS Med* 17(1): e1003013. <https://journals.plos.org/plosmedicine/article?id=10.1371/journal.pmed.1003013>
- Callahan, M.P. (2021). “‘Everyone is dying’: Myanmar on the brink of decimation.” *Asia Times*. <https://asiatimes.com/2021/07/everyone-is-dying-myanmar-on-the-brink-of-decimation/>
- Calderon, L. (2021). “OCTA warns of COVID-19 resurgence if Delta variant spreads in NCR.” CNN Philippines. <https://www.cnnphilippines.com/news/2021/7/18/OCTA-resurgence-COVID-19-cases-Delta-variant-.html>
- Calovski, V. a& Calnan, M. (2020). Creeping Privatisation? Examining Procurement Choices in the ‘New’ NHS in England. In *Navigating Private and Public Healthcare Experiences of Patients, Doctors and Policy-Makers*. F. Collyer & K. Willis (eds.). Palgrave Mcmillan.
- Capitol Medical Center. (2020). Notice of Annual Stockholders Meeting. <https://www.capitolmedical.com.ph/event-sannouncement/notice-of-annual-stockholders-meeting/>
- Capuno, J. et al. (2018). Health financing and budgeting practices for health in the Philippines. *OECD Journal of Budgeting*: 93-149. <https://doi.org/10.1787/16812336>
- Commission on Audit. 2017. “Audit Observations and Recommendations.” In *Annual Audit Report for PhilHealth*. (Second File in the zipped folder). <https://www.coa.gov.ph/index.php/gov-t-owned-and-or-controlled-corp-goccs/2017/category/7061-philippine-health-insurance-corporation>
- Cylus, J. et al. (2015). United Kingdom: health system review 2015. *Health Systems in Transition* 17 (5). <https://eurohealthobservatory.who.int/publications/i/united-kingdom-health-system-review-2015>
- Davies, G. (2020). The government’s approach to test and trace in England – interim report. National Audit Office. <https://www.nao.org.uk/wp-content/uploads/2020/12/The-governments-approach-to-test-and-trace-in-England-interim-report.pdf>
- Dayrit, M. et al. (2018). The Philippines Health System Review. *Health Systems in Transition*, 8 (2). <https://apps.who.int/iris/handle/10665/274579>
- Department of Health. (n.d.) P100 Program. <https://doh.gov.ph/book/export/html/1307>

- Domingo, K. (2020). P249.7M worth of claims to remove 'ingrown nails'? Senate panel flags PhilHealth overpayments. <https://news.abs-cbn.com/news/08/25/20/p2497m-worth-of-claims-to-remove-ingrown-nails-senate-panel-flags-PhilHealth-overpayments>
- Dumlao, D. (2013). "SEC warns public against 'preselling' of stocks." <https://business.inquirer.net/133767/sec-warns-public-against-preselling-of-stocks>
- Escobedo, A. et al. (2021). Cuba: Solidarity, Ebola and COVID-19. *BMJ Paediatrics Open*, 5(1), e001089. <https://doi.org/10.1136/bmjpo-2021-001089>
- Garcia, M.A. (2020). COVID-19 patient's hospital bill reaches P3M. GMA News Online. <https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/734202/covid-19-patient-s-hospital-bill-reaches-p3m/story/>
- Givan, R., & Bach, S. (2007). Workforce Responses to the Creeping Privatization of the UK National Health Service. *International Labor and Working-Class History*, 71(1), 133-153. 10.1017/S0147547907000373
- Graham-Harrison, E. (2020). Island nations have the edge in keeping Covid away – or most do. *The Guardian*. <https://www.theguardian.com/world/2020/aug/16/island-nations-have-the-edge-in-keeping-covid-away-or-most-do>
- Gulland, A. (2017). UK has best health system in developed world, US analysis concludes. *BMJ* 358:j3442. <https://www.bmj.com/content/358/bmj.j3442.full>
- Hall, D. et al. (2020). "Privatised and Unprepared: The NHS Supply Chain." [Working Paper]. University of Greenwich. <https://gala.gre.ac.uk/id/eprint/28230/>
- Huish, R. (2020). Solidarity Trumps Fear: Cuba is a Model for Global Health in the 21st Century. *Journal of Latin American Geography* 19(3), 296-301. <https://muse.jhu.edu/article/760912>
- \_\_\_\_\_. (2014). Why Does Cuba 'Care' So Much? Understanding the Epistemology of Solidarity in Global Health Outreach. *Public Health Ethics* 7 (3), 261–276. <https://doi.org/10.1093/phe/phu033>
- Intellicare. (2021). ADVISORY On Coverage for COVID-19 Related Availments (as of April 23, 2021). De La Salle University. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/hso/announcements/covid-19-advisory.pdf>
- International Labor Organization. (2006). Migration of health workers: Country case study Philippines. [https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---ed\\_dialogue/---sector/documents/publication/wcms\\_161163.pdf](https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---ed_dialogue/---sector/documents/publication/wcms_161163.pdf)
- Jalea, G. (2021). PhilHealth chief claims 'enough' funds for the year, 92% of missing ₱15B already liquidated. *CNN Philippines*. <https://www.cnn.ph/news/2021/1/26/PhilHealth-missing-P15-billion-funds-liquidated.html>
- Jimenez, J.B. (2020). The huge unforgivable blunders of PhilHealth. *The Freeman*. <https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2020/09/12/2041840/huge-unforgivable-blunders-philhealth>
- Keck, C. William. (2021). Health Equity, Cuban Style. *AMA Journal of Ethics* 23 (3):E258-264. <https://journalofethics.ama-assn.org/article/health-equity-cuban-style/2021-03>
- Magsambol, B. (2020). Getting treated for coronavirus comes with a hefty price tag. *Rappler*. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/getting-treated-coronavirus-price-tag>
- NHS Business Services Authority (n.d.). Help with NHS prescription costs. <https://www.nhsbsa.nhs.uk/help-nhs-prescription-costs>

- Paterno, R.P. & Bermejo, M.M. (2013). PhilHealth's Financial Position: a Descriptive Study based on Commission on Audit (COA) Annual Audit Reports from 1999 – 2010. *Acta Medica Philippina*, 47 (3), 15-21. <https://actamedicaphilippina.upm.edu.ph/index.php/acta/article/download/1282/1156>
- PhilHealth. (2019a). Stats and Charts 2019. [https://www.PhilHealth.gov.ph/about\\_us/statsncharts/snc2019\\_r1.pdf](https://www.PhilHealth.gov.ph/about_us/statsncharts/snc2019_r1.pdf)
- \_\_\_\_\_. (2019b). PhilHealth declares: No overpayment in payments; scores one-sided story. [https://www.PhilHealth.gov.ph/news/2019/no\\_overpayment.php#gsc.tab=0](https://www.PhilHealth.gov.ph/news/2019/no_overpayment.php#gsc.tab=0)
- PhilHealth. (2014). PhilHealth Announces Rates for Selected Orthopedic Implants. [https://www.PhilHealth.gov.ph/news/2014/implant\\_rates.html](https://www.PhilHealth.gov.ph/news/2014/implant_rates.html)
- PhilHealth. (2020). "PhilHealth guarantees continuing coverage for Covid-19 patients." [https://www.philhealth.gov.ph/news/2020/cont\\_coverage.php](https://www.philhealth.gov.ph/news/2020/cont_coverage.php)
- Philippine Overseas Employment Administration. (2016). Compendium of OFW Statistics. <https://www.poea.gov.ph/ofwstat/compendium/2015-2016%20OES%201.pdf>
- Philippine Statistics Authority. (2020, October 15). Health Spending Grew by 10.9 Percent in 2019. <https://psa.gov.ph/pnha-press-release/node/163258>
- \_\_\_\_\_. (2014, August 11). Social Insurance registers highest growth at 32.3 percent; Private Sources still largest source of funds on health. <https://psa.gov.ph/pnha-press-release/node/52982>
- \_\_\_\_\_. (2018). Family Income and Expenditure Survey. <https://psa.gov.ph/sites/default/files/FIES%202018%20Final%20Report.pdf>
- \_\_\_\_\_. (2012). Family Income and Expenditure Survey. <https://psa.gov.ph/sites/default/files/2012%20FIES%20%28Final%20Report%29.pdf>
- Pineo, R. (2020). Cuban Public Healthcare: A Model of Success for Developing Nations. *Journal of Developing Societies* (25), 1, 16–61. <https://doi.org/10.1177/0169796X19826731>
- Picazo, O. F. (2012). Review of the Cheaper Medicines Program of the Philippines: Botikang Barangay, Botikang Bayan, P100 Treatment Pack, and the Role of PITC Pharma, Inc. in Government Drug Procurement. Discussion Papers DP 2012-13. Philippine Institute for Development Studies. [https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/OPCCB/fpb/b\\_DOH-CheaperMedicines/i-Cheaper%20Medicines%20Program%20Review.pdf](https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/OPCCB/fpb/b_DOH-CheaperMedicines/i-Cheaper%20Medicines%20Program%20Review.pdf)
- Riera, L. (2006). Cuba generalizes hip replacement implant. [https://www.cubaheadlines.com/cuba\\_generalizes\\_hip\\_replacement\\_implant.html](https://www.cubaheadlines.com/cuba_generalizes_hip_replacement_implant.html)
- Ryall, J. (2020). Zero cases: How Pacific islands kept coronavirus at bay. DW. <https://www.dw.com/en/zero-cases-how-pacific-islands-kept-coronavirus-at-bay/a-53495263>
- Sarmiento, P. & Jegho, Leonardus. (2021). "Malaysia, Indonesia under the hammer of Delta variant." *China Daily*. <https://global.chinadaily.com.cn/a/202107/26/WS60fdb58a310efa1bd664392.html>
- Securities and Exchange Commission. (2018). ENFORCEMENT AND INVESTOR PROTECTION DEPARTMENT SEC Advisory. [https://www.sec.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/2018Advisory\\_Hospitals.pdf](https://www.sec.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/2018Advisory_Hospitals.pdf)
- Senate Committee of the Whole. 2020. "Committee Report No. 107." <http://legacy.senate.gov.ph/lisdata/3341130212!.pdf>

- Spiegel, J.M. & Yassi, A. (2004). Lessons from the margins of globalization: appreciating the Cuban health paradox. *Journal of Public Health Policy* 25 (1): 85–110. <https://link.springer.com/article/10.1057/palgrave.jphp.3190007>
- Tabuñar, S.M. & Dominado, T.M. (2021). “Hospitalization Expenditure of COVID-19 Patients at the University of the Philippines-Philippine General Hospital (UP-PGH) with PhilHealth Coverage.” *Acta Medica Philippina* 55 (2): 216-223. <https://actamedicaphilippina.upm.edu.ph/index.php/acta/article/view/2809/2287>.
- teleSUR (2020). Cuba To Keep Subsidies for 162 Basic Drugs Amid US Blockade. <https://www.telesurenglish.net/news/Cuba-To-Keep-Subsidies-for-162-Basic-Drugs-Amid-US-Blockade-20201231-0010.html>
- Torregoza, H. (2020). PhilHealth could lose about P147B in 2021; actuarial life good only for one more year, says official. *Manila Bulletin*. <https://mb.com.ph/2020/08/04/PhilHealth-could-lose-about-p147b-in-2021-actuarial-life-good-only-for-one-more-year-says-official/>
- UK Government (n.d.). National Insurance. <https://www.gov.uk/national-insurance>
- Ulep, V.G. & De La Cruz, N.A. (2013). Analysis of Out-of-Pocket Expenditures in the Philippines. *Philippine Journal of Development* 72 (1 & 2). <https://dirp3.pids.gov.ph/webportal/CDN/PUBLICATIONS/pidspjd13-oop%20expenditures.pdf>
- World Bank. (2021). Out-of-pocket expenditure (% of current health expenditure) – Philippines. <https://data.worldbank.org/indicator/SH.XPD.OOPC.CH.ZS?locations=PH>
- World Bank. (2019). Proportion of population spending more than 10% of household consumption or income on out-of-pocket health care expenditure (%) - Philippines, Thailand, Indonesia, Malaysia. <https://data.worldbank.org/indicator/SH.UHC.OOPC.10.ZS?locations=PH-TH-ID-MY>

#### Apendiks A

##### *Sampling of Actual and Projected OOPPs for COVID-19 Hospitalization in Private Hospitals (Amount in Philippine Pesos)*

| Total COVID-19 Hospitalization Bill | HMO Discount (HMOD) and/or PhilHealth Coverage (PC) | Actual OOPPs | OOPPs if Maximum Case Rate for Critical Pneumonia is Applied |
|-------------------------------------|-----------------------------------------------------|--------------|--------------------------------------------------------------|
| 1,312,781.05                        | 150,000 (HMOD) 100% PC                              | 0            | 28.67%                                                       |
| 3,838,909.93                        | 100% PC                                             | 0            | 79.52%                                                       |

Note. Data on hospitalization bill from Magsambol, 2020; Garcia, 2020

#### Apendiks B

##### *Illustrative Comparison of the Health Care Systems of the Philippines, UK, & Cuba*

| Country     | Government Expenditure on Health | Out-of-pocket payments (OOPPs) | Medicines (Prescription Drugs) | Total Replacement Hip              |
|-------------|----------------------------------|--------------------------------|--------------------------------|------------------------------------|
| Philippines | Low                              | Big                            | Not free;                      | Free for “indigent, sponsored, and |

|      |      |       |                                                                                                                                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                                                                                                                                                                         |
|------|------|-------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|      |      |       | Free essential medicines available thru some LGUs;<br><br>Subsidized medicines (30 drugs) also available to certain sectors<br>48.5% of OOPPs spent for "drugs, neutraceuticals and medical products"<br><br>Drug prices historically high (especially when compared with India & Pakistan) | kasambahay members";<br><br>With "negotiated fixed co-pay" (OOPPs) "for all other eligible members and their qualified dependents," for expenses beyond 103,400.00 pesos (for members who are 66 years old & above); and beyond 160,400 pesos (for members who are 65 years and 364 days old and below) |
| UK   | High | Small | Free/no charge in Scotland, Wales, & Northern Ireland;<br><br>Minimal charge in England (£9.35 or 632 pesos per item) but 90% of items are still free of charge                                                                                                                             | Free                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |
| Cuba | High | Small | Focus is on preventive health care;<br><br>Prescription drugs for hospitalized patients, free;<br><br>Shortage of medicines documented in recent years<br><br>List of subsidized drugs (162 items) retained                                                                                 | Free                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |

Note. Data from: DOH (n.d.); Picazo, 2012; Dayrit et al., 2018; BBC, 2011; teleSUR, 2020; Ulep & De La Cruz, 2013; PhilHealth, 2014; Cylus et al., 2015; Spiegel & Yassi (2004); Riera (2006); NHS Business Services Authority (n.d.).

## Apendiks C

### PhilHealth's National Average Support Value in Various Private Health Care Facilities (2017)

| Private Facility Type |            |                       |                      |            |                       |                      |            |                       |                      |                                      |                       |                      |                      |                       |                      |
|-----------------------|------------|-----------------------|----------------------|------------|-----------------------|----------------------|------------|-----------------------|----------------------|--------------------------------------|-----------------------|----------------------|----------------------|-----------------------|----------------------|
| Member Category       | Level 1    |                       |                      | Level 2    |                       |                      | Level 3    |                       |                      | MCP (Maternal Care Package) Provider |                       |                      | Infirmary/Dispensary |                       |                      |
|                       | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV                                  | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV                  | ASV w/o other support | ASV w/ other support |
| <b>National</b>       | <b>63%</b> | <b>52%</b>            | <b>53%</b>           | <b>48%</b> | <b>41%</b>            | <b>42%</b>           | <b>40%</b> | <b>35%</b>            | <b>36%</b>           | <b>99%</b>                           | <b>72%</b>            | <b>73%</b>           | <b>71%</b>           | <b>57%</b>            | <b>58%</b>           |

Legend: USV – Unadjusted Support Value; ASV – Adjusted Support Value

Note. Data from author's FOI request #PH-435443369785. Figures were rounded off.

## Apendiks D

**PhilHealth's National Average Support Value in Various Government/Public Health Care Facilities (2017)**

| Government Facility Type |            |                       |                      |            |                       |                      |            |                       |                      |                                      |                       |                      |                      |                       |                      |
|--------------------------|------------|-----------------------|----------------------|------------|-----------------------|----------------------|------------|-----------------------|----------------------|--------------------------------------|-----------------------|----------------------|----------------------|-----------------------|----------------------|
| Member Category          | Level 1    |                       |                      | Level 2    |                       |                      | Level 3    |                       |                      | MCP (Maternal Care Package) Provider |                       |                      | Infirmary/Dispensary |                       |                      |
|                          | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV        | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV                                  | ASV w/o other support | ASV w/ other support | USV                  | ASV w/o other support | ASV w/ other support |
| <b>National</b>          | <b>84%</b> | <b>66%</b>            | <b>67%</b>           | <b>74%</b> | <b>59%</b>            | <b>60%</b>           | <b>71%</b> | <b>56%</b>            | <b>57%</b>           | <b>99%</b>                           | <b>72%</b>            | <b>73%</b>           | <b>85%</b>           | <b>67%</b>            | <b>68%</b>           |

Legend: USV – Unadjusted Support Value; ASV – Adjusted Support Value

Data from author's FOI request #PH-435443369785. Figures were rounded off.

## Apendiks E

**PhilHealth's Collection Efficiency (As of December 2020); Efficiency Baseline: 85%**

|                  | Formal Economy |            |           | Informal Economy |                 |           |
|------------------|----------------|------------|-----------|------------------|-----------------|-----------|
|                  | Private        | Government | Sub-Total | Informal Sector  | Migrant Workers | Sub-Total |
| S-Total NCR      | 88%            | 91%        | 89%       | 79%              | 10%             | 66%       |
| TOTAL (National) | 86%            | 91%        | 88%       | 82%              | 10%             | 65%       |

Source: FOI request #PH-443101075857

**Tungkol sa May-akda:****DAVID MICHAEL M. SAN JUAN**

Full Professor sa Departamento ng Filipino, De La Salle University-Manila (DLSU-Manila), fellow sa DLSU Southeast Asia Research Center & Hub (SEARCH), at pangulo ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF). Itinanghal na Makata ng Taon 2010 at Mananaysay ng Taon 2009 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Nagsilbing Vice Head ng Pambansang Komite sa Wika at Salin (National Committee on Language and Translation) sa ilalim ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Kasalukuyang Associate Member ng Division 1 (Governmental, Educational and International Policies) ng National Research Council of the Philippines (NRCF). Isa sa mga lead convener ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA).

**Pasasalamat:**

Ang orihinal na policy brief na pinagbatayan ng saling ito sa Filipino, na pinamagatang **"Learning from Cuba and the United Kingdom: Towards Building a Universal National Health Services (NHS) for the Philippines,"** ay inilathala ng De La Salle University Jesse M. Robredo Institute of Governance sa Policy Brief Volume 2, Issue 3 (2021). Madownload ang nasabing orihinal na policy brief sa <https://www.dlsu-irig.org/s/JRIGPolicyBriefVolume2Issue3.pdf>; [https://serp.pids.gov.ph/publication\\_detail?id=7504](https://serp.pids.gov.ph/publication_detail?id=7504); at [https://www.researchgate.net/publication/355792373\\_Learning\\_from\\_Cuba\\_and\\_the\\_United\\_Kingdom\\_Towards\\_Building\\_a\\_Universal\\_National\\_Health\\_Services\\_NHS\\_for\\_the\\_Philippines](https://www.researchgate.net/publication/355792373_Learning_from_Cuba_and_the_United_Kingdom_Towards_Building_a_Universal_National_Health_Services_NHS_for_the_Philippines)

Ang policy brief na ito ay mula sa mga datos at pagsusuri na mula sa tatlong magkakaugnay na papel (dalawang borador at isang nalathala na). Isang panimulang bersyon ng unang borador (pagsusuri sa sitwasyong pinansyal ng PhilHealth) ang nagbenipisyo sa mga komento ni Dr. Edsel Sajor, ang propesor ng awtor sa ilang coursework para sa PhD in Development Studies (Research Track) program sa Department of Political Science and Development Studies ng De La Salle University-Manila, kung saan kasalukuyang nakaenroll ang awtor. Ang nirebisang bersyon ng nasabing borador at ang nabanggit na pangalawang borador (sistematikong rebyu sa mekanismo sa pagpopondo ng sistemang pangkalusugan ng Cuba, UK at iba pang bansa), ay nagbenepisyo rin sa mga komento ni Dr. Ador Torneo, mentor ng awtor sa Directed Research requirements. Ang ikatlong papel (*Panimulang Pagsipat sa Mga Modelong Tugon sa Krisis na Dulot ng COVID-19: Perspektibang Sosyalista sa Mass Testing at Nasyonalisasyon/Preliminary Analysis of Model Responses to the Crisis Brought by COVID-19: Socialist Perspective on Mass Testing and Nationalization*) ay

nalathala sa Tomo 4 Bilang 2 (Disyembre 2020) ng *Kawing*. Ang nasabing artikulo ay available online: <https://psllf.org/kawing-4-2/>

Pinasasalamatan din ng awtor ang apat na reaktor sa maikling publikong presentasyon sa pamamagitan ng Facebook page ng Professionals for a Progressive Economy noong 08 Hunyo 2021, na nagsilbing panimulang paglulunsad ng isang bersyon ng papel na ito: G. Mon Karlo Mangaran (Faculty Member, De La Salle University-Manila; Barangay Official; f. Campaign Officer, BAYAN-Bulacan); Bb. Katrina Stuart Santiago (Writer; Convener, PAG-ASA/People for Accountable Governance and Sustainable Action); Dr. Jonathan Vergara Geronimo (Secretary-General, ACT-Private Schools; Faculty Member, University of Santo Tomas); at G. Jose del Rosario III (Media Sector Worker & COVID-19 Survivor). Ang nasabing presentasyon ay mapapanood sa: [https://web.facebook.com/watch/live/?ref=watch\\_permalink&v=1600715946792623](https://web.facebook.com/watch/live/?ref=watch_permalink&v=1600715946792623)

## **Krusada**

**Arnold M. Valledor**

Department of Education  
arnold.valledor@deped.gov.ph

---

HULING gabi bago mag-eleksiyon.

Walang buwan na hahawi sa dilim na ikinumot ng pagpalya ng koryente sa lugar nila. At kung meron mang ilang bituin na nais sumilip upang magpunit kahit kapisasong kulimlim ay tinatakpan ang mga ito ng kumakapal na kumpol-kumpol na mga ulap.

Ayaw nilang magkakaibigan na ganito lagi ang senaryo sa huling gabi bago mag-eleksyon dahil nangyayari ang hindi dapat na mangyari. Kaya ngayon, susubukin nilang isakatuparan ang kanilang naisip. Kung lumilinaw sa gitna ng dilim ang paningin ng mga taong nagmimisyon sa ganitong mga sandali, hindi maiiba ang sa kanila.

Bago pa man sila humakbang mula sa kinatatayuang kanto ng sangandaang iyon ay nabanaagan nila ang papalapit na grupo ng mga lalaki sa isang kalye na sa biyas ay mga tao ng incumbent mayor at sa kabila namang kalye ay sa kalaban nito. Sa kilos, nagmamatiyagan ang magkabilang panig, kasabay ng pagsuyod sa mga botanteng inaasahan ng mga ito na boboto sa ikinakampanyang kandidato. At gaya nang mga nakaraang eleksyon, posibleng dinadagdagan na naman ng magkabilang panig ang naunang ibinigay na pera sa bawat inaasahang botante, lalo na't nabalitaan nang nakaraang mga araw na binigyan ng kalaban ng halagang lampas o doble sa kanilang ibinigay. Kaya kailangang higitan nila iyon upang masigurong kandidato nila ang iboboto ng mga ito.

Ayaw nilang mapagitna sa dalawang grupo ng mga supporter na iyon lalo na't mag-uumpisa pa lamang sila, kaya ang bahay na uunahin sana nilang puntahan ay ipinagpaliban nila.

Humakbang sila papunta sa kabilang barangay na sa tingin nila ay napuntahan na ng magkabilang panig dahil wala na ni isang aninong nababanaag sa kalsada o sa gilid man nito, o sa mismong bakuran ng magkakahilerang magkakaibang uri ng bahay, at kahit sagitsit ng balat na tsinelas sa sementadong kalsada ay walang naririnig, kaya, isang pares ng paa silang lakad-takbo papunta sa bahay na iyon.

Pumuwesto sila gaya ng kanilang napagkasunduan.

Kumatok si Mike sa pintong kahoy na hindi na lapat na lapat sa hamba at pabulong na tinawag ang may-ari ng bahay sa siwang nito.

“Nang Tiring... Nang Tiring....”

Hinintay nilang may tumugon. Pero ni kaluskos ay wala silang narinig.

Idinikit ni Mike ang tainga sa pinto.

"Nakatulog na siguro," si Mike.

"Lakas-lakasan mo ang pagtawag... medyo bingi siguro," si Matt.

"Baka tulog na. Mag-aalas dose na, e. At nasuyod na siguro sila," si JP.

"Kahit na. Di pa 'yan matutulog. Magbabakasakali pa rin 'yan na may kumatok uli. Kaya, katukin mo uli," si Bill.

Kumatok uli si Mike. Nilakas-lakasan pati ang pagtawag. Hindi nagtagal, nakarinig sila ng kaluskos at mahinang usapan.

"Ising, may kumakatok na naman...."

"Ikaw na ang magbukas... basta mabuksan lang...basta makapasok lang ang kamay sa siwang... mahirap na, baka mabisto tayo ni Karla," bilin ni Tang Ising.

Narinig nila ang mga yabag papunta sa pinto.

At umik-ik ang bahagi ng pintong sumisiksik sa hamba at umangil ang bisagra. Umawang nang kaunti ang pinto.

"Nang Tiring, may ipinabibigay si Mayor Lucas... higit sa ipinamigay ng kalaban niyang si Karla...doblado, kaya s'ya ang dapat mong iboto bukas," si Mike, pabulong pa rin.

"Oy, s'yempre naman...," si Nang Tiring, pabulong din.

"Nasa'n ang kamay n'yo, Nang Tiring?" tanong ni Matt.

"Ito," tugon ni Nang Tiring na ginalaw-galaw ang palad.

Inabutan ni Matt si Nang Tiring ng dalawang piraso.

"Bakit dalawa lang?" angal ni Nang Tiring.

"Di ba, dalawa lang kayo?" si Matt.

"Lima kami. Krusada. Darating ang tatlo naming anak bukas. Nagbibiyahe ngayon galing Maynila."

"Lima daw sila," sabi ni Matt kay JP.

"Lima daw sila," ipinasa ni JP kay Bill.

May pinitas sa malapit si Bill. Iniabot kay JP na iniabot naman kay Matt na iniabot naman kay Nang Tiring.

"Nang Tiring, inaasahan namin bukas ang limang boto ng pamilya n'yo kay Mayor Lucas," si Mike.

"Kami pa ba ang makakalimot? Basta ba doblado ang halaga nito sa ibinigay ni Karla, sigurado 'yan," pangako ni Nang Tiring na hindi nagtagal, sa kasasalat sa hawak niya, kahit makalyo na ang palad at mga daliri niya, nakumpirma niyang hindi pera ang iniabot sa kanya. "Teka, ano ba 'tong ibinigay n'yo sa 'kin?" medyo napalakas ang boses ni Nang Tiring.

Hindi nila namalayan, naroon na pala sa likod ni Nang Tiring si Tang Ising na agad binuhay ang tangang flashlight.

Kumaripas silang natatawa habang dinig na dinig nila ang malulutong na mura ng mag-asawa.

Limang malulutong na dahon ng langka ang hawak-hawak ni Nang Tiring.

**Tungkol sa May-akda:****ARNOLD M. VALLEDOR**

Principal II, OIC, Public Schools District Supervisor ng Bagamanoc South District ng Sangay ng Catanduanes. Naging fellow ng 10<sup>th</sup> Ateneo National Writers Workshop taong 2010. Nagsalin sa Bikol Norteng Catandungan ng ilang tweets ni Dr. Rolando B. Tolentino sa aklat na #Pag-ibig (2014) at ng ilang tula ni Dr. Allan Popa sa aklat na Hunos (2016). Napabilang ang tatlong tula sa aklat na An Satuyang Kakanon sa Aroaldaw na tinipon at isinalin sa Filipino ni Kristian Sendon Cordero taong 2015. Nalathala ang mga akda (maikling kuwento, maikling-maikling kuwento, dagli, maikling kuwentong pambata, tula, artikulo at tapusang komiks) sa Liwayway Magasin. Nanalo ng Unang Gantimpala sa Gawad Obrero Literaturang Bikolnon noong nakaraang Mayo 31, 2020 sa Categoryang Pinakamatanos na Parausipon (Pinakamahasay na Manunulat [ng Maikling Kuwento]), at Ikalawang Gantimpala sa Categoryang Pinakamatanos na Pararawitdawit (Pinakamahasay na Makata) na pinangunahan ng Kaboronyogan kan mga Artistang Bikolano, at isa sa sampung nagwagi sa pagsulat ng Tanaga sa Tula Tayo 2021 ng KWF sa piyesang Titser na si Nanay.

## ***Tollgate***

**Joseph Ryann Jalagat**

Philippine Science High School - CALABARZONRC

jjalagat@cbzrc.pshs.edu.ph

~~~

Liwanag lamang mula sa iba't ibang klase ng sasakyan ang natatanaw ni Joy mula sa kanyang puwesto. Kompara sa iba, hindi na bago sa kanya ang pagpantay ng mga paa ng mga taong lulan ng kanilang mga sasakyan.

Marami-rami na rin ang nasaksihan niyang mga pasahero, na karaniwa'y mga kalalakihan, na naghahabol ng hininga matapos ang banggaan. Kung noong una ay alanganin pa siya, ngayo'y sanayan na lamang. "Tumatakbo lang ang buhay. Ganun talaga," ang pinanghahawakan na lamang niya. "Walang mangyayari kung sa multo ay matatakot ka," dagdag pa niya.

Kilala ni Joy ang multo. Bagamat batid ni Joy ang ang pagdalaw nito, hindi niya naiwasan na magkunwaring hindi ito naramdaman lalo na noong magtanong ang kanyang anak ukol dito pagkakauwi niya galing trabaho kinaumagahan.

Tuwing gabi kasi ang shift ni Joy sa trabaho at madalas ay madaling-araw na kung makauwi. Alas singko pa lamang ng hapon ay mapapansing abala na siya. Inihabilin na niya ang dalawang anak na babae sa kanilang lola. Wala na kasi silang naabutang tatay. Aminado rin naman si Joy na mapait ang tadhana para sa kanya. Malas sa lalaki, 'ika nga nila. Wala rin siyang magawa kundi tanggapin na lamang ang sitwasyon dahil una hindi niya alam kung saan hahagilapin ang mga ito. Sa dalawang beses niyang pagbubuntis, katulad ng mga sasakyang napapanood mula sa kanyang estasyon, ay mabilis din siyang tinakbuhan.

Nagprepara na si Joy. Dali-dali siyang naligo at nag-ayos. Suot ang asul na uniporme, samahan pa ng konting guhit ng lipstick sa pisngi para sa blush on, at matingkad na pula naman sa labi ay handa na siya para muling pagmasdan at abangan ang paghinto ng mga sasakyan sa kanyang maliit na puwesto.

Akala ng karamihan ay madali ang ginagawa ni Joy. "Posturang-postura pa e pagtambay lang naman ang trabaho niyan do'n," naririnig niyang sambit ng mga tsismosa niyang kapitbahay kapag siya'y dumadaan. Keber na lamang si Joy sa ganitong paratang ng mga tao. "Hindi naman para sa kanila ako nagbabanat ng buto," ang parati niyang pampalakas ng loob.

Lumipas ang isa, dalawa, at tatlong oras ay patuloy pa din sa pag-aabang sa kanyang puwesto si Joy. "Wag naman sanang ma-zero ngayon," ang hiling niya.

Dumaraan ang mga sasakyan mula sa kabilang lane at ganoon din ang oras para kay Joy. Matumal ang paghinto ng mga sasakyan ngayon.

Pagod na sa pagkakaupo, nagsalamin siya panandalian. Napansin niyang nahuhunas na ang kanyang blush on. Kinuha niya ang kanyang pouch at inilabas ang gagamiting pang-retouch. Konting dampi ay mukhang fresh na ulit si Joy.

Alas onse na ng gabi at tanging ilaw na lamang mula sa kanyang munting puwesto at dumaraang sasakyan mula sa kabilang linya ang nagbibigay-liwanag sa paligid. Ilang saglit pa ay may bumusina. Mabilis pa sa batang sabik sa kendi na nilapitan ito ni Joy. Malas nga lamang ay hindi sila nagkasundo.

Lumipas ang ilang minuto ay mayroon na ulit na sasakyan lulan ang isang bigotilyo. Bakas ang panunumbalik ng lakas at sigla ni Joy. Magiliw niya itong kinausap at matapos magkasundo ay sigurado na ang pagkain ng mga anak niya sa hapag. Mula sa itaas, labinlimang minuto kung susumahin, pinagmasdan ni Joy ang pagpapantay ng mga paa ng bigotilyo.

“Galing mo naman, Joy. Bagay na bagay sa ‘yo ang pangalan mo,” turan ng bigotilyong di masidlan ang tuwa.

Napangiti na lamang si Joy at agad na umalis sa kanyang puwesto na para bang walang nangyari. Di niya mawari ang nangyaring banggaan. Blangko ang utak niya. Ang sigurado ay may kakainin na silang mag-anak.

Alas singko na ng umaga nang makauwi si Joy. Nag-abang pa kasi siya ulit ng mga hihintong sasakyan. Bitbit ang lutong agahan na binili niya kay Aling Ibeng, dumeretso siya sa mga anak. Gising si Grace, panganay niya na ngayo’y nasa ikalimang baitang, at kinuha ang dala-dala ng ina.

“Ma, nalimutan ko itanong kahapon, ano nga po ulit ang work mo? Kailangan po kasi namin sa assignment, e.”

Inaasahan na niyang mangyayari ang ganitong sitwasyon. Napaisip siya sandali at bumalik ang mga multo ng nakaraan. Hindi nagtagal ang pagmumulto, yumuko si Joy at niyakap ang anak.

“Kailangan ba talaga, ‘nak?”

Tungkol sa May-akda:**JOSEPH RYANN JALAGAT**

Nakapagtapos ng masterado sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños ng Komunikasyon at Artes. Nailathala ang kaniyang dalawang artikulo sa Plaridel Journal ng UP CMC at personal na sanaysay sa Luntian: Online Journal para sa Malikhaing Akda ng mga Guro at Gradwadong Mag-aaral. Siya rin ay kontribyutor sa ililimbag pa lamang na antolohiya ng Lampara Books at Kasingkasing Press. Sa kasalukuyan, si Joseph ay isang guro sa Philippine Science High School-CALABARZON.

.

Mga Liham sa Batang Makata (Unang Kabanata)¹

Rainer Maria Rilke (orihinal)
Stephen Mitchell (salin sa Ingles)

MJ Rafal
Polytechnic University of the Philippines
mjnrafal@pup.edu.ph

Paris
Ika-17 ng Pebrero, 1903

Mahal na Ginoo,

Dumating ang iyong liham ilang araw pa lamang ang nakararaan. Gusto kitang pasalamatan dahil sa napakalaking tiwala na iyong ibinigay sa akin. Iyon lamang ang tangi kong magagawa. Hindi ko matatalakay ang iyong mga tula; pagkat anumang pagtatangka sa kritisismo ay banyaga sa akin. Walang anuman ang makahahawak sa isang likhang-sining na kaydahop gaya ng wika ng kritisismo: lagi itong nagreresulta, humigit-kumulang, sa hindi pagkakaunawaan. Hindi ganoong nasasalat at naiuusal ang mga bagay-bagay katulad ng madalas na sinasabi ng mga tao; kalakhan ng mga karanasan ay hindi naiuusal, nangyayari ang mga ito sa isang espasyo na hindi kailanman mapapasok ng salita, at higit na hindi nauusal sa lahat ng mga bagay ang mga likhang-sining, yaong mahiwagang mga pag-iral, na tinitii ang buhay kapiling ang munti, panandali nating buhay.

Kasama ang talang ito bilang panimula, maaari kong sabihin sa iyo na ang iyong mga tula ay walang sariling estilo, bagaman mayroon ang mga ito ng tahimik at lingid na simulaing personal. Malinaw kong nadama ito sa huling tula, "Ang Aking Kaluluwa." Dito, mayroong mula sa iyong sarili na nagtatangkang maging salita at himig. At sa marikit na tulang "Kay Leopardi," isang uri ng pakikipag-ugnayan sa dakila at solitaryong pigura ang marahil ay lumitaw. Gayunman, ang mga tula ay hindi pa kilala ang kanilang sarili, hindi pa malaya, maging ang huli at ang isa na para kay Leopardi. Ang iyong liham, na kalakip ng iyong mga tula, ay nagawang linawin sa akin ang iba't ibang pagkakamaling aking

¹Ang librong *Letters to a Young Poet* (Vintage Books, 1984; isinalin mula German patungong Ingles ni Stephen Mitchell) na may orihinal na titulong *Briefe an einen jungen Dichter* ay koleksyon ng sampung liham na isinulat ni Rainer Maria Rilke (1875-1926) para kay Franz Xaver Kappus (1883-1966), isang labinsiyam na taong gulang na cadet officer ng Theresian Military Academy sa siyudad ng Wiener Neustadt. Si Rilke, na anak ng isang sundalong Austrian, ay nag-aral sa mababang paaralan ng nabanggit na akademya sa siyudad naman ng Sankt Polten noong dekada 1890. Nakipagsulatan si Kappus sa kilalang makata at awtor mula 1902 hanggang 1908 upang humingi ng payo ukol sa kalidad ng kanyang pagtula, at sa pagdedesisyon sa pagpili sa pagitan ng karera sa panitikan o karera bilang sundalo ng Austro-Hungarian Army. Tinipon at inilathala ni Kappus ang mga liham noong 1929, tatlong taon makaraang mamatay ni Rilke dahil sa leukemia.

naramdaman sa pagbabasa ng iyong mga tula, bagaman hindi ko matiyak kung ano ang mga ito.

Itinatanong mo kung may maibubuga ang iyong mga tula. Tinatanong mo ako. Itinanong mo na ito sa iba bago pa sa akin. Ipinadala mo ang mga ito sa mga magasin. Ikinumpara sa iba pang mga tula, at sumamâ ang iyong loob nang ilang patnugot ang hindi tinanggap ang iyong mga akda. Ngayon (yamang hinihingi mo ang aking payo) nakikiusap ako sa iyo na itigil mo na ang ganoong mga bagay. Tumatanaw ka sa labas, at iyan ang dapat mong pinakaiiwasan ngayon. Walang sinuman ang makapagpapayo o makatutulong sa iyo—wala. May isang bagay ka lamang na marapat gawin. Pumaloob ka sa iyong sarili. Hanapin mo ang dahilan na nagtutulak sa iyo na magsulat; tingnan mo kung sumaboy na sa kaibuturan ng iyong puso ang mga ugat nito; mangumpisal ka sa sarili kung kailangan mong mamatay sakaling pagbabawalan kang magsulat. Ito higit sa lahat: sa pinakatahimik na oras ng iyong gabi, tanungin mo ang iyong sarili: dapat ba akong magsulat? Hukayin mo ang iyong sarili para sa malalim na kasagutan. At kung ang sagot na ito ay sumang-ayon, kung sasalubungin mo ang taimtim na katanungang ito ng matibay, payak na “Dapat,” kung gayon ay buuin mo ang iyong buhay nang naaayon sa ganitong pangangailangan; ang iyong buong buhay, maging sa pinakahamak at nakasasawang mga sandali, ay kailangang maging tanda at saksi sa ganitong udyok. Pagkatapos ay lapitan mo ang Likas. At, sa paraang parang wala pang sumusubok, subukin mong sabihin ang iyong nakikita at nadarama at ninanais at kasawian. Huwag kang magsusulat ng mga tula ng pag-ibig; iwasan mo ang ganoong mga anyo na labis na madali at karaniwan: ang mga ito ang pinakamahirap pakibagayan, at nangangailangan ito ng higit, hinog na hinog na lakas upang lumikha ng isang nilalang kung saan masaganang umiiral ang mabuti, maging ang maringal, na mga tradisyon. Kaya nga’t iligtas mo ang iyong sarili sa ganitong karaniwang mga tema at sumulat tungkol sa pang-araw-araw na inihahain sa iyo ng buhay; ilarawan mo ang iyong mga lumbay at nasa, ang mga saloobing dumaraan sa iyong isip at ang iyong paniniwala sa mga uri ng kagandahan—ilarawan mo ang mga ito nang tahimik, mapagkumbaba, at nang may buong-pusong katapatan at, kung inilalahad mo ang iyong sarili, gamitin mo ang mga Bagay sa iyong paligid, ang mga imahen mula sa iyong mga panaginip, at ang mga bagay na iyong naaalaala. Kung ang pang-araw-araw mong buhay ay waring dukha, huwag mo itong sisihin; sisihin mo ang iyong sarili; tanggapin mo na hindi ka sapat bilang makata upang isulong ang yaman nito; pagkat walang karukhaan at dukhang lugar sa isang manlilikha. At kahit matagpuan mo ang iyong sarili sa isang kulungan, na ang mga pader ay walang pinapapasok na mga himig ng daigdig—hindi ba’t nasa iyo pa ang iyong pagkabata, ang walang katumbas na hiyas, ang mayamang tahanan ng iyong mga alaala? Ibaling mo rito ang iyong atensyon. Subukin mong iangat ang mga nakalubog na damdamin nitong napakabigat na lumipas; lalong lalago ang iyong pagkatao, ang iyong panglaw ay lalawak at magiging lugar kung saan ka mamumuhay sa takipsilim, kung saan ang ingay ng mga tao ay magdaraan lamang, malayong-malayo.—At kung sa labas nitong pagbaling, sa labas nitong paglubog sa iyong sariling mundo, darating ang mga tula, gayon nga’y hindi mo maisip na tanungin ang sinuman kung ang mga ito ay maganda o hindi. O di kaya’y susubukin mo pang ipasa ang iyong mga akda sa mga magasin: dahil titingnan mo sila bilang likas na itinatangi mong pag-aari, isang piraso ng iyong buhay, ang tinig mula rito. Maganda ang isang likhang-sining kung sumibol ito dahil

sa pangangailangan. Iyon lamang ang tanging paraan para husgahan ito. Kung gayon, mahal na Ginoo, hindi kita mabibigyan ng anumang payo kundi ito: na pasukin mo ang iyong sarili at tingnan kung gaano kalalim ang lunan kung saan dumadaloy ang iyong buhay; at makikita mo sa pinagmumulan nito ang sagot sa tanong kung dapat kang lumikha. Tanggapin mo ang sagot, lamang na ibinigay ito sa iyo, nang walang pagtatangkang bigyan ito ng paliwanag. Marahil ay matutuklasan mong tinatawag ka bilang isang artista. Gayon nga'y tanggapin mo ang kapalarang iyan sa iyong sarili, at tiisin mo, ang bigat at kadakilaan nito, nang walang hinihinging anumang kapalit na magmumula sa labas. Dahil ang isang manlilikha ay marapat nang mundo sa kanyang sarili at kailangang hanapin ang lahat sa kanyang sarili at sa Likas, kung kanino niya iniaalay ang kanyang buong buhay.

Ngunit matapos ang paglusong na ito sa iyong sarili at sa iyong pag-iisa, marahil ay kailangan mong itakwil ang pagiging makata (kung, tulad ng akin nang nabanggit, nararamdaman ng makata na kaya niyang mabuhay nang hindi nagsusulat, gayon nga'y hindi na siya marapat pang magsulat). Gayunman, itong paghahanap-sa-sarili na aking binabanggit sa iyo ay hindi para sa wala lamang. Mula rito'y patuloy na hahanapin ng iyong buhay ang kanyang sariling landas, at ang mga ito ay maaaring mabuti, sagana, at malawak, ito ang hiling ko para sa iyo, higit pa sa aking mga masasabi.

Ano pa ang sasabihin ko sa iyo? Pakiwari ko'y natukoy na ang dapat matukoy; at sa huli ay nais kong magdagdag ng kaunti pang payo: manatili sa paglago, tahimik at masigasig, sa kabuuan ng iyong pagsulong; hindi mo ito basta-basta marahas na magagambala kundi sa pamamagitan ng pagtanaw sa labas at sa paghihintay sa labas na sagutin ang mga tanong na tanging kaibuturan ng iyong damdamin lamang, sa pinakatahimik mong sandali, ang marahil ay makasasagot.

Isang kasiyahan sa akin na matagpuan sa iyong liham ang pangalan ni Propesor Horacek; mayroon akong malaking paggalang sa tulad niyang mabuti, dalubhasang tao, at isang utang na loob iyon na nagtagal sa maraming taon. Maaari mo bang banggitin sa kanya ang aking nadarama; isang kabutihang-loob niya na matandaan pa ako, at ikinalulugod ko iyon.

Ibinabalik ko sa iyo ang mga tula na ipinagkatiwala mo sa akin. At muli akong nagpapasalamat sa iyong mga tanong at dalisay na pagtitiwala, kung saan, sa pinakamatapat na kaya kong sagutin, sinubok kong gawing karapat-dapat, bilang estranghero, ang munti kong sarili.

Lubos na sumasaiyo,
Rainer Maria Rilke

Tungkol sa Tagasalin:**MJ RAFAL**

Nagtapos ng AB History at MA Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas kung saan din siya nagtuturo ng mga asignaturang Filipino, Panitikan at Malikhaing Pagsulat. Siya rin ang kasalukuyang punong patnugot ng Entrada, ang pampanitikang dyornal ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng PUP. Nailathala na sa iba't ibang mga antolohiya at publikasyon ang kanyang mga tula, kuwento, sanaysay at pananaliksik. Binubuno niya ngayon ang programang PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

Ang Pagsagip ng Mga Halimaw: Kwentong Pambata Para sa Mga Nakatatandang Mambabasa¹

Raymond G. Falgui (orihinal)

Marlon Lopez Miguel

Don Honorio Ventura State University

mlmiguell@dhvsu.edu.ph

~~~

Kung pumapasok ang ibang bata upang matuto, ibahin mo si Pedrito, dahil siya ay nandoon para matulog.

Pumasok si Pedrito sa klase na may makapal na eyebag. Hindi pa man nga nakapagsisimula ng aralin ang guro ay natutulog na si Pedrito na mga libro niya ang ipinang-uunan.

Hindi kasalanan ni Pedrito kung hirap siyang manatiling gising. Kagagawan iyon ng mga halimaw na nananakot sa kanya tuwing gabi- ang asongitim, ang manananggal, at ang tikbalang.

Tuwing hatinggabi kung dumalaw kay Pedrito ang tatlong halimaw na ito. Nagpapakita sila mula sa bintana, nakakunot ang noo, umaalulong at sumasayaw sa liwanag ng bilog na buwan hanggang magbukang-liwayway.

Iyon ang dahilan kung bakit parating pumapasok si Pedrito na may makapal na eyebag at kung bakit madalas pa siyang matulog kaysa makinig sa mga aralin.

Hindi maikwento ni Pedrito kaninuman ang tungkol sa asongitim, manananggal at tikbalang, ngunit siya'y naniniwalang totoo ang mga ito. Wiling-wili noon si Pedrito sa mga kwento ng kanyang tatay. Bagaman may hatid na kilabot ay hindi siya kailanman natakot.

Nagsimula lamang matakot si Pedrito noong umalis ang tatay niya para magtrabahong seaman sa isang oil tanker. Noon na siya sinimulang dalawin ng mga halimaw gabi-gabi. Ngunit ang kwentong ito ay hindi tungkol sa kung paanong nagsimulang matakot si Pedrito.

Ito ang kwento kung paano nawala ang takot niya at kung paanong nailigtas ng katapangan ni Pedrito ang buhay ng kanyang tatay.

---

<sup>1</sup>Salin ng *Monster Rescue: A Children's Story for Adult Readers*. Mababasa sa [www.palancaawards.com.ph/index.php/winning-works](http://www.palancaawards.com.ph/index.php/winning-works)

Hatinggabi noon at papunta ang asongitim, manananggal at tikbalang sa bahay nina Pedrito. Noon pa man kasi ito na ang isa sa mga paboritong puntahan ng mga halimaw. Walang ideya si Pedrito tungkol dito ngunit ang mga kwento ng papa niya ay iyon ding mga kwentong nagsimula pa raw sa kanilang kanuno-nunuan.

Hilig ng mga halimaw na ito na puntahan ang pamilya ni Pedrito at manakot ng mga bata. Ginagawa nila ito dahil sila ay mga halimaw, ito ang kanilang tanging paraan upang maramdamang sila ay mahalaga.

Subalit, laking gulat nila nang naroon na sila sa bintana ni Pedrito.

“Tama ba ang naririnig ko, may batang umiiyak?” tanong ng tikbalang. “Paano nangyari iyon e hindi pa tayo nagpapakita?”

Sumilip ang tatlong halimaw sa bintana. Tama sila, nakahiga sa kama si Pedrito, tumatangis.

Nalito ang mga halimaw. “Aalis na ba tayo?” tanong ng asongitim. “Buksan kaya natin ang bintana at pumasok sa silid” sabi naman ng manananggal. “Hindi pa natin iyan nagagawa.”

“Baka tumahan siya at matakot uli sa atin,” dagdag naman ng asongitim.

Tumango ang tikbalang bilang pagsang-ayon at buong lakas niyang binuksan ang bintana.

Unang pumasok ang manananggal at ibinuka ang kanyang pakpak paniki kaya natakpan ang liwanag sa silid na nagmumula sa buwan.

Mula naman sa kadiliman ay tumalon ang asongitim at umalulong. Sumanib ang itim nitong balahibo sa dilim ng paligid kaya hindi makita ang buong anyo ng halimaw; tanging mapupulang mata at alulong nito ang nagpahiwatig kay Pedrito na ito ay naroon.

Sumunod ang tikbalang, niyanig ng napakabigat nitong hakbang ang buong silid.

Nang ibaba na ng manananggal ang kanyang pakpak ay muling sumilip sa silid ni Pedrito ang liwanag na nagmumula sa bilog na buwan. Nakita ni Pedrito ang higanteng tikbalang, na sa sobrang laki ay hanggang kisame ang likod at leeg. Kung dederetso ito ng tindig ay tiyak na masisira ang bubong ng bahay.

Ipinakita ng mga halimaw kay Pedrito ang buo nilang nakahihindik na anyo.

Subalit, nagpatuloy lamang si Pedrito ng pag-iyak.

“Hindi tayo ang dahilan ng pag-iyak niya,” wika ng asongitim. Bumaba ito at umupo sa paboritong upuan ni Pedrito. Iniunat niya ang mga binti, ipinatong ang paa sa upuan at iginalaw-galaw ang mga daliri sa paa. Ikinainis ito ang manananggal na iniwan ang kalahating katawan sa bahay.

“Alam ng mga halimaw kung nagawa nilang takutin ang isang tao,” dagdag ng asongitim. “At ang batang ito ay hindi natatakot sa atin.”

“Pedrito, bakit ba hindi ka natatakot sa amin?” may pagdaramdam na tanong ng manananggal.

“Paumanhin,” sabi ni Pedrito, habang pinapahid ang mga luha at nag-iisip kung bakit ba siya nagsosori dahil hindi siya takot sa mga ito.

“May nangyari kasi sa tatay ko.”

“Ang kanilang sinasakyang barko ay na-hijack ng mga piratang Somali, siya at ang iba pang mga Pilipinong seaman ay hawak ngayon ng mga ito. Kung hindi raw makapagbabayad ng pantubos ang gobyerno, ipakakain sila sa mga pating!”

Napatango ang mga halimaw; nauunawaan na nila ngayon kung bakit hindi natatakot sa kanila si Pedrito, ngunit dahil sila ay mga halimaw, gusto pa rin nila itong matakot sa kanila.

Yumuko ang tikbalang at may ibinulong sa manananggal na lumipad pababa at ipinasa ito sa asongitim.

“Magkaroon tayo ng kasunduan, Pedrito” sabi ng manananggal.

“Ililigtas namin ang iyong ama,” saad ng tikbalang, “pero, may kapalit.”

“Kailangan mong ipangako sa amin ito,” dagdag ng asongitim.

“Ano iyon?” Tanong ni Pedrito. “Kailangan mong mangako.” Sabi ng halimaw, “na manunumbalik ang takot mo sa amin.” Ayaw mang matakot ni Pedrito sa mga halimaw ngunit gusto niyang iligtas ang buhay ng kanyang tatay.

“Pangako,” ang sabi ni Pedrito. “Gagawin ko ang lahat mailigtas lamang ninyo ang aking tatay sa mga pirata!”

“Kung gayon, kunin mo ang iyong kumot at itali sa aking leeg,” utos ng tikbalang.

“Tumalon ka ngayon sa aking likuran. At tiyakin mong hindi ka bibitaw sa pagkakahawak sa kumot!”

Humawak ang tikbalang sa buntot ng asongitim, samantalang ang asongitim ay kumapit sa buhok ng manananggal at lumipad sila palabas ng bintana.

“Paano ninyo maililigtas ang aking tatay,” tanong ni Pedrito. “Ang kinalalagyan ng kanilang barko ay malapit sa Somalia na nasa Africa, napakalayo nito sa Pilipinas.”

“Ako’ng bahala,” nagmamalaki niyang tugon, “dahil tiningnan ko na ito sa mapa sa paaralan.”

“Huwag kang mag-alala,” sabi ng manananggal. “Lilipad tayo sa tuktok ng buwan at makararating tayo sa kabilang panig ng mundo.”

“Ito ang pinakamainam na paraan ng paglalakbay,” sigaw ng manananggal habang nangungunyapit ang mga kasama niya. Pataas nang pataas at pabilis nang pabilis ang kanilang paglipad.

Humahagalpang ng tawa si Pedrito habang sumisigaw sa tainga niya ang hangin, datapwat ang asongitim at tikbalang ay napalunok na lamang at nanatiling nakapikit.

“Pababa na tayo,” sabi ng manananggal. “Mula sa taas na ito ay makikita natin ang lahat sa lupa at karagatan.”

“Iyon ang barko ni Papa!” ang sabi ni Pedrito habang lumilipad sila papunta sa isang barkong nasa gitna ng karagatan. “Nasabi niya sa akin ang pangalan ng kanilang barko: ang MV Philippine Star.”

“Lusubin natin ang mga piratang iyon,” sabi ng manananggal. Lumipad siya papunta sa porthole sa gilid ng barko para masilip ng mga kasama niya ang loob ng nasabing barko.

Nasa isang kwarto ang kapitan ng mga pirata at mga tauhan niya. May hawak na video-phone ang kapitan at may kausap.

“Sino kaya’ng kausap niya,” tanong ng asongitim. “Baka isang tiyanak,” sabi ng manananggal. “Pansinin mo ang malaking ulong panot.”

“Hindi iyon tiyanak,” sagot ni Pedrito. “Iyan ang Pangulo ng Pilipinas.”

“Akala ko’y duwende ang pangulo ng Pilipinas,” sabi ng asongitim.

“Iyon ang dating pangulo,” sabi ni Pedrito. “At mukha lang siyang duwende.”

“Hindi ko maintindihan kung bakit ang mga Pilipino, mga halimaw ang ibinobotong mga opisyal,” saad ng manananggal.

“Sana hindi iyon magbago,” wika ng asongitim, “Plano ko kasing tumakbo sa kongreso balang araw.”

“Tumahimik kayo!” utos ng tikbalang. Lagi siyang naiirita sa mga usapang politikal. “Gusto kong marinig kung ano ang pinag-uusapan ng mga pirata.”

“Bibigyan namin kayo ng isang milyong piso basta’t palayain ninyo ang mga bihag,” sabi ng pangulo.

“Ayaw ko ng isang milyong piso. Ano’ng mabibili ko diyan? Ang gusto ko ay isang milyong dolyares!” sigaw ng kapitan ng mga pirata. “Kapag hindi ninyo naibigay ang perang hinihingi namin, ipapakain namin sa mga pating ang mga Pilipinong seaman!”

Pinatay ng kapitan ang video-phone at pasigaw na inutusan ang mga tauhan: “Maghanda nang itapon ang mga Pilipino sa dagat!”

“Hindi maaari,” sabi ni Pedrito, ngunit ang kanyang mga kaibigan ay kumilos na.

Tumalon ang tikbalang sa barko at nagdadamba, kaya nayanig ang buong barko.

“Inaatake tayo!” ang sabi ng kapitan. “Pumunta ang lahat sa kubyerta! Maghandang itaboy ang mga sumasalakay!”

Dali-daling sumugod ang mga pirata sa kubyerta ngunit nag-aabang pala roon ang tikbalang sa kanila. Sa tuwing may susulpot na pirata, agad itong sinisipa ng tikbalang palabas ng barko sa naghihintay na mga bisig ng manananggal.

Nang hawak na ng manananggal ang lahat ng pirata, lumipad ito sa tuktok ng buwan at iniwan ang mga ito doon.

Habang naiwan sa tuktok ng buwan ang mga pirata, ang kanilang kapitan ay nakikipaglabanan. May hawak itong machine gun, akmang babarilin ang tikbalang nang biglang dumating ang asongitim at kinagat nito ang kamay ng kapitan kaya’t nabitawan niya ang hawak na baril.

Tila nanalo na ang mga halimaw, ngunit mula sa himpapawid ay biglang lumipad pababa ang manananggal.

“Pasikat na ang araw!” sigaw niya. Hinawakan niya ang asongitim na humawak naman sa tikbalang at ang tikbalang ang humawak kay Pedrito. Sabay-sabay silang lumipad paalis ng barko.

“Subalit hindi pa nailigtas ang aking tatay,” sabi ni Pedrito habang nagpupumiglas. “Kailangan nating bumalik! Hawak pa rin ng kapitan ang mga bihag!”

“Kailangan na nating umalis,” mapagpakumbabang sabi ng tikbalang.

“Maglalaho kami sa liwanag ng araw,” paliwanag ng manananggal.

“Huwag kang mag-alala tungkol sa kapitan ng mga pirata,” nakangiting sabi ng asongitim habang nakalabas ang matatalim na pangil.

Pabukang liwayway na nang maihatid ng mga halimaw si Pedrito sa silid niya. Kaaalis lamang ng mga ito nang pumasok ang nanay ni Pedrito.

“Magandang balita, anak!” saad ng ina.

“Nailigtas na ang iyong tatay!”

Natunton ang barkong sinasakyan ng kanyang tatay, ngunit pagpasok ng mga rescuer ay wala silang nakitang mga pirata.

“Ang tanging nakita nila sa barko bukod sa tatay mo at mga marino ay isang malaking itim na aso na may nginangatngat na machine gun.”

“Saan kaya nanggaling ang asong iyon,” tanong ng nanay ni Pedrito.

Walang sinabi si Pedrito sapagkat natatandaan niya ang kwento ng kanyang ama tungkol sa asongitim. “Kapag kinagat ka ng asong itim,” kwento nito, “magiging isa kang malaking itim na aso at hindi na makababalik pa sa dati!”

Ngunit sa kabila ng magandang hangarin ni Pedrito ay may mga bagay na hindi na niya kayang maibalik pa sa dati.

Nagpapasalamat si Pedrito sa asongitim, manananggal at tikbalang sa pagliligtas nila sa kanyang tatay na dahilan din upang mawala ang takot niya sa mga ito. Sa tuwing nagpapakita ang tatlong halimaw sa kanyang bintana ay ginagawa niya ang lahat para magkunwaring natatakot ngunit alam ng mga halimaw ang totoong takot sa hindi, at hindi sila maaaring mabuhay sa awa lamang.

Nakalulungkot man ngunit tuluyan nang hindi nagpakita ang mga ito sa bintana ni Pedrito.

Tuwing gabi, dumudungaw si Pedrito upang makita ang kanyang tatlong kaibigan. Ang tikbalang ay naging buto’t balat, ang manananggal ay nalalagasan na ng buhok samantalang ang asongitim ay nawalan na ng sapat na lakas upang umalulong tuwing kabilugan ng buwan. Malapit nang maglaho ang mga kaibigan niya.

Biglang may naisip si Pedrito.

Sa paaralan ay sinimulan niyang isalaysay sa mga kamag-aral ang nakatatakot na kwentong madalas ibahagi sa kanya noon ng tatay niya. Kapag naman nauubusan na siya ng kwento ay nagtatahi na lamang siya ng mga bago.

“Kukunin ka ng manananggal at iiwan ka sa tuktok ng buwan,” salaysay niya sa mga kamag-aral, “Kapag sinipa ng tikbalang ang inyong bahay, mawawasak ito! Sa oras na kagatin ka naman ng asongitim, magiging isa kang malaking aso at gagawing pulutan ng mga lasenggo sa kanto.”

Gumana ang kanyang plano. Ang kanyang mga kamag-aral ay pumapasok na ring may makapal na eyebag. Mas pinipili na ng mga ito na matulog sa klase kaysa makinig sa talakayan. Kapag sila ay nahuhuli at kinakagalitan ng guro, lagi nilang sinasabi na hindi sila makatulog tuwing gabi dahil nagpapakita sa kanilang bintana ang asongitim, manananggal at tikbalang.

Ngunit hindi sila pinaniniwalaan ng guro.

Sa pagtatapos ng klase, labis ang saya ni Pedrito dahil makatatanggap siya ng medalya, ngunit higit pa siyang masaya dahil sa dalawang dahilan.

Una, malapit na raw umuwi ang tatay niya, ayon sa kanyang nanay. Pangalawa, sa tuwing binubuksan niya ang kanyang bintana sa gabi ay namamasdan niya ang tatlong kaibigan na malusog, maganda ang kalagayan at masayang sumasayaw sa liwanag ng buwan.

Wakas

**Tungkol sa Tagasalin:****MARLON LOPEZ MIGUEL**

Nakapagtapos sa ilalim ng programang Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya Medyor sa Filipino sa Don Honorio Ventura Technological State University (DHVTSU) na ngayon ay Don Honorio Ventura State University (DHVSU). Lumalahok din siya sa mga patimpalak sa pagsulat. Sa naturang unibersidad din niya kasalukuyan tinatapos ang kanyang tesis para sa pagtatamo ng Master ng Sining sa Edukasyon-nagpapakapaham sa Filipino. Nagtuturo ng mga elektib at specialized na kurso sa Filipino katulad ng KomFil, DalFil, SosLit, Panunuring Pampanitikan, Pamamahayag, at iba pa. Guro sa ilalim ng Kolehiyo ng Sining at Agham sa DHVSU. Miyembro ng iba't ibang samahang nagtataguyod sa wika at disiplinang Filipino katulad ng Pambansang Samahan sa Lingguwistika at Literaturang Filipino Inc. (PSLLF), Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino, at Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS).

## Sa Mga Susunod na Ipapanganak<sup>1</sup>

**Bertolt Brecht (orihinal)**

**John Willett, Ralph Manheim, at Erich Fried (salin sa Ingles)**

**Raquel E. Sison-Buban**

De La Salle University-Manila

raquel.sison-buban@dlsu.edu.ph

~~~

I

Tunay ngang nabubuhay ako sa panahon ng kadiliman!
Mas may katapatan kung gagamitin ang salitang kalokohan.
Ipinahihiwatig ng makinis na noo ang pagiging manhid. Ang humalakhak,
Hindi pa niya niya alam
Ang napakasamang balita.

Anong klase nga ba ng sitwasyon, kung
Ang simpleng pag-uusap tungkol sa mga puno ay
halos ituring nang krimen
Dahil ang katahimikan ay pagbabadya ng

¹Bagamat higit na kilala bilang manunulat ng dula at direktor ng teatro, kilala rin si Bertolt Brecht (Eugen Berthold Friedrich Brecht) bilang isang pangunahing makatang Aleman. Isinilang si Brecht noong ika-10 ng Pebrero, 1898 sa Augsburg, Germany at namayapa noong ika-14 ng Agosto, 1952, sa East Berlin. Isa siyang Marxista at itinuturing na isa sa pinakamaimpluwensiyang praktisyoner ng teatro noong ika-20 dantaon. Nang maluklok sa kapangyarihan ang mga Nazi, tumakas ng Germany si Brecht, at sa panahong iyon, pormal na tinanggal ng mga Nazi ang kanyang pagiging isang Aleman kaya't nagpalipat-lipat siya ng mga bansa habang nagsusulat ng mga dulang anti-pasismo. Bilang isang alagad ng sining, malawak ang naging impluwensiya kay Brecht ng iba't ibang manunulat at praktisyoner ng teatro, lalo na ni Karl Marx. Liban pa sa kanyang mga naiambag sa larang ng panitikan, itinuturing din ng ilang iskolar na makabuluhan at kritikal ang kanyang mga akda sa larang ng politika at panlipunang pilosopiya.

Isinulat ni Brecht ang tulang ito, ang *An die Nachgeborenen* o *To Those Born Later* habang nakadestiyero siya sa Scandinavia (1933-1941). Sa kanyang mga pagmumuni kung paanong mabuhay sa panahon ng kaguluhan at kadiliman habang nasa isang panahong bukod-tanging tungkol sa trahedya na lamang ang paksang maaring isipin, isinulat niya ang tulang ito. Paano nga ba inuunawa ng tao ang kanyang sarili kung dinadaluhong siya ng mga puwersang halos hindi niya kayang labanan? Paano niya pangangatwiranang manatili pa ring mabuti sa gitna ng kasamaan? Paano niya sisikaping mabuhay nang marangal kung ang kanyang kapwa ay binubusabos ng kahirapan at karahasang dulot ng digmaan? Sa mahigit 2,500 tulang isinulat ni Brecht, itinuturing ng marami ang tulang ito bilang siyang pinakamahasag niyang naisulat na tula dahil na rin sa talas na mga kaisipang nangingibabaw tungkol sa pagdarahap ng katauhan.

Sa panahon ng panganib, hinihingi sa ating lahat na halukayin ang ubod ng ating pagkatao upang katagpuin ang lahat ng mga bagay na totoo sa ating sangkatauhan. Kinakailangan nating bumuo ng mga tulay na mag-uugnay at lalampas sa mga itinakdang hangganan ng kakaibahan gamit ang isang paraang makatao, mapayapa, at lihis sa karahasan. Sa kabuuan, maituturing ang tulang ito na isang paglalarawan sa mga tunggalian ng realidad; isang kontra-gahum at paggigiit ng sarili sa kanyang pagkapit sa pag-asa habang tumututol sa kapalaluan ng namamayaning puwersa.

kayraming katatakutan?

Ang taong iyon na kalmadong tumatawid ng lansangan

Malamang hindi na siya malalapitan pa ng kanyang mga kaibigang labis na nangangailangan?

Totoong nakapaglahanapbuhay pa ako

Subalit, maniwala kayo, isang aksidente lamang ito.

Walang akong anumang magagawa na magbibigay sa akin ng karapatang magpakabusog.

Nagkataon lamang na naligtas ako. (Sa sandaling maubos ito, paano na ako?)

Ang sabi nila sa akin: Kumain at uminom! Magsaya ka at mayroon ka pa!

Subalit paano ako kakain at iinom kung inagaw ko lamang ang aking pagkain sa mga nagugutom,

at ang baso ng tubig ay pag-aari ng naghihingalo sa uhaw?

Subalit kumakain pa rin ako at umiinom.

Ibig ko ring maging marunong.

Sa mga lumang aklat nakasaad kung ano ang karunungan:

Ang iwasan ang sigalot sa mundo at gugulin

ang buhay nang walang takot pagkat maikli lamang ang panahon.

Ang makisama nang walang karahasan,

Ang gantihan ng kabutihan ang anumang kasamaan

Kalimutan ang mga nasa at sariling kagustuhan

Ang tamang kabuluhan ng pagtutuos.

Ang lahat ng ito, hindi ko magawa:

Tunay ngang nabubuhay ako sa panahon ng kadiliman!

II

Dumayo ako sa mga lungsod sa panahon ng kaguluhan

Sa panahong gutom ang siyang nangingibabaw.

Dumating akong kaanib ng karamihan sa panahon ng himagsikan at nagrebeldeng kasama nila.

At lumipas ang panahong

ipinagkaloob sa akin ng mundo.

Kumain ako sa pagitan ng mga digmaan

Humiga at natulog na kapiling ang mga kriminal

Umibig ako nang walang pananagutan

Ni hindi pinagmasdan ang rikit ng kalikasan.

At lumipas ang panahong

ipinagkaloob sa akin ng mundo.

Sa lusak humantong ang lahat ng landas ng aking panahon.

Nagtaksil maging ang sariling dila at kumampi sa mangangatay.

Wala akong magawa. Subalit ang mga nasa kapangyarihan,

nakaluklok at ligtas higit sa akin: iyon ang aking pag-asa.
At lumipas ang panahong
ipinagkaloob sa akin ng mundo.

Kaunti lamang ang aming puwersa. Ang aming layunin
naroroon sa malayong hangganan
Malinaw ko itong natatanaw, bagamat kahit man ako
Hinding-hindi ito maaabot.
At lumipas ang panahong
ipinagkaloob sa akin ng mundo.

III

Kayong aahon mula sa baha
Kung saan kami pawang nangagsilubog
Alalahaning nawa
sa pagbanggit ng aming mga kabiguan
ang kadilimang
inyong napagtagumpayang takasan.
Sapagkat nanggaling kami roon, at mas madalas pang nagpapalipat-lipat ng mga bansa
kaysa pagpapalit ng aming mga sapatos.
Sa mga digmaan ng mga uri, nangawalan kami ng pag-asa
Nang pawang kawalang-katarungan lamang ang naroon, ni walang rebelyon.

Subalit alam namin:
Ang pagkamuhi, maging ang kasakiman
Nagpapabaluktot nitong mga katangian.
Ang galit, maging para sa kawalang-katarungan ay
nagpapamalat ng boses. Ay, kaming nagnanais na maglatag ng daang tungo sa
pagkakaibigan
ni hindi man lang naging palakaibigan.

Subalit kayo, sa pagsapit ng tamang panahong
ang bawat tao'y magiging katuwang ng kanyang kapwa
Isipin ninyo nawa kami
Nang may pagtitimpi.

Tungkol sa Tagasalin:**RAQUEL E. SISON-BUBAN**

Associate Professor sa Departamento ng Filipino; nagtapos ng digring Ph.D. Ladderized Program sa Filipino (with high distinction), medyor sa Pagsasalin sa De La Salle University, 2003. Tinapos naman niya ang kanyang digring Bachelor of Science in Education medyor sa Filipino (cum laude) sa Philippine Normal University, taong 1989. Tumanggap siya ng gantimpala sa pagsulat ng tula at sanaysay mula sa Komisyon sa Wikang Filipino nang taong 2004 at Miguel Febres De Cordero Award for Outstanding Published Scholarly Article in Filipino para sa taong 2017 para sa kanyang sanaysay na “Ang Papel ng Pagsasalin sa ASEAN Integration: Ilang Pagninilay at Mungkahing Gawain.” May mahigit na 20 taong karanasan na rin siya sa pagsulat ng mga batayan at sanayang aklat sa Filipino sa antas elementarya at sekondarya. Kabilang sa kanyang mga gawain ay bilang textbook evaluator ng IMCS DepED, tagasalin, konsultant, at evaluator ng mga proyektong pagsasalin. Sa kasalukuyan, nanunungkulang siyang pangulo ng PATAS, Inc. (Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin, Inc.), Vice Head ng Komiteng Tagapagpaganap ng NCLT (National Commission for Language and Translation) ng NCCA (National Commission for Culture and the Arts, at Direktor ng bagong tatag na Sentro sa Pagsasalin, Intelektuwalisasyon, at Adbokasiya (DLSU SALITA).